# Pangkalahatang Halalan sa California



## Martes
## Nobyembre 6, 2018

**Bukas Ang Mga Lugar ng Botohan Mula 7:00 a.m. hanggang 8:00 p.m. sa Araw ng Halalan!**

★ ★ ★ ★ ★ **Opisyal na Patnubay na Impormasyon Para sa Botante** ★ ★ ★ ★ ★

**Sertipiko ng Pagiging Tama**

Ako, si Alex Padilla, Kalihim ng Estado ng Estado ng California, ay pinatutunayan sa pamamagitan nito na ang mga panukalang isasama rito ay ihaharap sa mga manghahalal ng Estado ng California sa Pangkalahatang Halalan na gaganapin sa buong Estado sa Nobyembre 6, 2018, at na ang patnubay na ito ay wastong inihanda alinsunod sa batas. Saksihan ang aking kamay at ang Dakilang Selyo ng Estado sa Sacramento, California, ngayong ika-13 araw ng Agosto, 2018.

**Alex Padilla, Kalihim ng Estado**

BATAS NG MGA KARAPATAN NG

# BOTANTE

## KARAPATAN NINYO ANG MGA SUMUSUNOD:

1. **Ang karapatang bumoto kung kayo ay rehistradong botante.** Kayo ay kuwalipikadong bumoto kung:
   - isa kayong mamamayan ng U.S. na nakatira sa California
   - 18 taong gulang na kayo o higit pa
   - kayo ay rehistrado sa kung saan kayo kasalukuyang nakatira
   - sa kasalukuyan, hindi kayo nakapiit sa isang pang-estado o pederal na bilangguan o malaya sa bisa ng parol para sa pagkakahatol sa isang mabigat na kasalanan
   - hindi natukoy ng hukuman bilang walang kakayahan ang pag-iisip para sa pagboto sa kasalukuyan

2. **Ang karapatang bumoto kung isa kayong rehistradong botante kahit na wala ang pangalan ninyo sa listahan.** Boboto kayo gamit ang isang pansamantalang balota. Bibilangin ang inyong boto kung natukoy ng mga opisyal ng mga halalan na kwalipikado kayong bumoto.

3. **Ang karapatang bumoto kahit na nasa pila pa lang kayo noong nagsara ang mga botohan.**

4. **Ang karapatang magpatala ng lihim na balota** nang walang bumabagabag sa inyo o nagsasabi sa inyo kung paano bumoto.

5. **Ang karapatang makakuha ng bagong balota kung nagkamali kayo,** kung hindi pa ninyo naipapatala ang inyong balota. Maaari ninyong gawin ang sumusunod:

   **Humiling ng** bagong balota **sa isang opisyal ng mga halalan sa isang lugar na botohan,**
   **Papalitan ng bago ang inyong balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo** sa isang opisyal ng halalan o sa inyong lugar na botohan, o
   **Bumoto sa pamamagitan ng pansamantalang balota**.

6. **Ang karapatang kumuha ng tulong sa pagpapatala ng inyong balota** mula sa sinumang taong gusto ninyo, maliban sa inyong employer o kinatawan ng unyon.

7. **Ang karapatang ihulog ang inyong nasagutang balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo sa anumang lugar na botohan** sa California.

8. **Ang karapatang kumuha ng mga materyal ng halalan sa ibang wika maliban sa Ingles** kung may sapat na bilang ng mga tao sa inyong pagbobotohang presinto na gumagamit ng parehong wikang ginagamit ninyo.

9. **Ang karapatang magtanong sa mga opisyal ng mga halalan tungkol sa mga pamamaraan ng halalan** at panoorin ang proseso ng halalan. Kung hindi masagot ng taong pinagtanungan ninyo ang inyong mga tanong, dapat niyang iharap sa inyo ang tamang taong makakasagot sa tanong ninyo. Kung kayo ay nakakaantala, maaari silang huminto sa pagsagot sa inyo.

10. **Ang karapatang mag-ulat ng anumang ilegal o mapanlinlang na aktibidad sa halalan** sa isang opisyal ng mga halalan o sa opisina ng Kalihim ng Estado.
    - Sa web sa **www.sos.ca.gov**
    - Sa pamamagitan ng telepono sa **(800) 339-2957**
    - Sa pamamagitan ng email sa **elections@sos.ca.gov**

**KUNG NANINIWALA KAYONG HINDI SA INYO IBINIGAY ANG MGA KARAPATAN NINYONG ITO,** TUMAWAG SA KUMPIDENSYAL NA LIBRENG HOTLINE PARA SA BOTANTE NG KALIHIM NG ESTADO SA **(800) 339-2957.**

# TALAAN NG MGA NILALAMAN

PAHINA


MADALING MASASANGGUNING PATNUBAY ... 5

MGA PROPOSISYON

1 Nagpapahintulot ng mga Bono Upang Pondohan ang Tinukoy na mga Programang Tulong sa Pabahay. Batas ng Lehislatura. ... 12

2 Nagpapahintulot ng mga Bono Upang Pondohan ang Kasalukuyang Programang Pabahay para sa mga Indibidwal na May Sakit sa Isip. Batas ng Lehislatura. ... 18

3 Nagpapahintulot ng mga Bono Upang Pondohan ang mga Proyekto para sa Suplay at Kalidad ng Tubig, Himpilan ng Tubig, Isda, Ligaw na Buhay, Paghahatid ng Tubig, at Kakayahan sa Pagpapatuloy at Pag-iimbak ng Tubig sa Lupa. Inisyatibong Batas. ... 22

4 Nagpapahintulot ng mga Bonong Nagpopondo ng Konstruksiyon sa mga Ospital na Nagkakaloob ng Pangangalagang Pangkalusugan ng mga Bata. Inisyatibong Batas. ... 28

5 Binabago ang mga Iniaatas para sa Partikular na mga May-Ari ng Ari-Arian Upang Ilipat ang Batayan sa Buwis ng Kanilang Ari-Arian Patungo sa Pamalit na Ari-Arian. Inisyatibong Susog sa Saligang-Batas at Batas. ... 34

6 Inaalis ang Partikular na Pagpopondo sa Pagkukumpuni ng Daan at Transportasyon. Nag-aatas na ang Partikular na mga Buwis sa Gatong at mga Singil sa Sasakyan ay Aprubahan ng mga Manghahalal. Inisyatibong Susog sa Saligang-Batas. ... 40

7 Pinasusunod sa Pederal na Batas ang Oras ng Mas Mahusay na Paggamit ng Liwanag ng Araw ng California. Nagpapahintulot sa Lehislatura na Palitan ang Panahon ng Oras ng Mas Mahusay na Paggamit ng Liwanag ng Araw. Batas ng Lehislatura. ... 44

8 Isinasailalim sa Pagkontrol ang mga Halagang Sinisingil ng mga Klinika ng Diyalisis ng Bato ng Panlabas na Pasyente para sa Paggamot sa Pamamagitan ng Diyalisis Inisyatibong Batas. ... 48

9 Noong Hulyo 18, 2018, inalis ang Proposisyon 9 sa balota ayon sa utos ng Korte Suprema ng California. ... 56

10 Nagpapalawak ng Awtoridad ng mga Lokal na Pamahalaan upang Magsabatas ng Pagkontrol ng Renta sa Ari-Ariang Pantahanan. Inisyatibong Batas. ... 58

11 Nag-aatas sa mga Empleyado ng Pribadong Sektor na Ambulansiyang Pang-Emerhensiya na Manatiling Matatawagan sa mga Oras ng Pahinga sa Trabaho. Nag-aalis ng Partikular na Pananagutan ng Tagapag-empleyo. Inisyatibong Batas. ... 62

12 Nagtatatag ng mga Bagong Pamantayan para sa Pagkulong ng mga Tinukoy na Pambukid na Hayop, Ipinagbabawal ang Pagbebenta ng mga Di-Sumusunod na Produkto. Inisyatibong Batas. ... 68

PANGKALAHATANG-TANAW SA UTANG SA BONO NG ESTADO ... 72

MGA PAHAYAG NG KANDIDATO ... 75

MGA MAHISTRADO NG KORTE SUPREMA ... 89

IMPORMASYON NG BOTANTE

Batas sa mga Karapatan ng Botante ... 2
Sulat mula sa Kalihim ng Estado ... 4
Tingnan ang Inyong Katayuan Bilang Botante Online ... 11
Impormasyon Ukol sa Araw ng Halalan ... 11
Mga Nangungunang Taga-ambag sa mga Pambuong-estadong Kandidato at Panukala sa Balota ... 11
Impormasyon Tungkol sa mga Pahayag ng Kandidato ... 74
Mga Halalan sa California ... 90
Mga Opisina ng Halalan sa County ... 91
Pagpaparehistro ng Botante ... 92
May-kundisyong Pagpaparehistro ng Botante ... 92
Impormasyon Ukol sa Pagiging Pribado ng Pagpaparehistro ng Botante ... 92
Batas sa Pagpili ng Botante ... 93
Mahalagang Paunawa Tungkol sa Teksto ng mga Iminumungkahing Batas ... 94
Tulong para sa mga Botanteng May mga Kapansanan ... 94
Website ng mga Resulta ng Halalan ng Estado ... 94
Mga Petsang Dapat Tandaan ... 95


## Bisitahin ang Website ng Kalihim ng Estado upang:

- Magsaliksik kaugnay ng mga ambag sa kampanya at aktibidad ng paglolobi *cal-access.sos.ca.gov* O *powersearch.sos.ca.gov*
- Tingnan ang patnubay na ito para sa botante sa iba pang wika *www.voterguide.sos.ca.gov*
- Tingnan ang inyong katayuan sa pagpaparehistro at impormasyon sa pagpaparehistro *VoterStatus.sos.ca.gov*
- Hanapin ang inyong lugar ng botohan o maghanap ng sentro ng pagboto sa Araw ng Halalan *www.sos.ca.gov/elections/polling-place* O *VoterStatus.sos.ca.gov*
- Kumuha ng impormasyon ukol sa balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo *www.sos.ca.gov/elections/voter-registration/vote-mail/*
- Magbasa ng makakatulong na impormasyon para sa mga bagong botante *www.sos.ca.gov/elections/voting-california*

# Kalihim ng Estado

Minamahal na mga Kapwa Mamamayan ng California,

Wala nang hihigit pa sa karapatang bumoto. Umuunlad ang demokrasiya ng America kapag nakikilahok ang bawat kwalipikadong botante. Sa pamamagitan ng pagboto, mapipili ninyo ang inyong mga lokal, pang-estado at pambansang pinuno, at matitiyak na maririnig ang inyong boses. Ang Pangkalahatang Halalan ay sa Martes, Nobyembre 6. Papalapit na ng papalapit ang halalan. Hinihikayat ko kayong lumahok sa inyong pinakamahalagang karapatan bilang mamamayan ng United States of America.

"Nakasaad dito ang lahat ng impormasyon bilang inyong sanggunian. Matutulungan kayo ng Patnubay na ito para sa Botante na gumawa ng may-kabatirang pagpapasya. Kabilang dito ang walang pinapanigang pagsusuri, mga pangangatuwirang panig at laban sa maraming panukala sa balota, mga deklarasyon ng mga kandidato, ang Batas ng mga Karapatan ng Botante, at iba pang mahalagang impormasyon. Makikita rin ang patnubay na ito online sa website ng Kalihim ng Estado ng California: *www.VoterGuide.sos.ca.gov*.

Matitingnan ninyo ang inyong katayuan sa pagpaparehistro bilang botante anumang oras sa pamamagitan ng pagbisita sa *VoterStatus.sos.ca.gov*. Maaari ninyong i-download ang aming app na VOTE CALIFORNIA sa inyong smartphone o tablet at tingnan ang mahalagang impormasyon tungkol sa halalan at hanapin ang lokasyon ng pagboto na pinakamalapit sa inyo. At, maaari kayong bumisita sa *PowerSearch.sos.ca.gov* kung gusto ninyong matuto pa tungkol sa kung sino ang nagpopondo sa bawat isa sa mga kandidato o proposisyon sa balota.

Kung mayroon kayong anumang tanong tungkol sa kung paano bumoto, o kung paano magparehistro upang bumoto, maaari ninyong tawagan nang walang bayad ang tanggapan ng Kalihim ng Estado sa (800) 339-2957. Upang makakuha ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan ng inyong mga lokal na opisyal ng halalan ng county, bisitahin ang website ng Kalihim ng Estado sa: *www.sos.ca.gov/county-elections-offices*.

Salamat sa inyong paninindigan para sa kinabukasan ng ating estado at bansa. Ang Pangkalahatang Halalan ay sa Martes, Nobyembre 6. Mahalaga ang inyong boto. Ang inyong boto ay ang inyong boses. Mapakinggan. BUMOTO!

# MAIKLING SANGGUNIANG PATNUBAY

## PROP 1 — NAGPAPAHINTULOT NG MGA BONO UPANG PONDOHAN ANG TINUKOY NA MGA PROGRAMANG TULONG SA PABAHAY. BATAS NG LEHISLATURA.

### BUOD

*Inilagay sa Balota ng Lehislatura*

Nagpapahintulot ng $4 na bilyon na mga pangkalahatang obligasyong bono para sa mga kasalukuyang abot-kayang programang pabahay para sa mga residenteng maliit ang kita, beterano, manggagawa sa bukid, mga bahay na manupakturado at naililipat, infill, at pabahay na nagpapahalaga sa pampublikong sasakyan. Epekto sa Pananalapi: Tumaas na mga gastusin ng estado sa pagbabayad sa mga bono na may average na humigit-kumulang na $170 milyon taun-taon sa loob ng susunod na 35 taon.

### ANG KAHULUGAN NG INYONG BOTO

**OO** Ang botong OO sa panukalang ito ay nangangahulugang: Maaaring magbenta ang estado ng $4 na bilyon na mga pangkalahatang obligasyong bono upang pondohan ang mga beterano at abot-kayang pabahay.

**HINDI** Ang botong HINDI sa panukalang ito ay nangangahulugang: Hindi maaaring magbenta ang estado ng $4 na bilyon na mga pangkalahatang obligasyong bono upang pondohan ang mga beterano at abot-kayang pabahay.

### MGA PANGANGATWIRAN

**PABOR** Ang pagpili ng OO sa Prop. 1 ay nangangahulugan ng abot-kayang pabahay para sa mga beterano, nagtatrabahong pamilya, nakatatanda, taong may mga kapansanan, at mamamayan ng California na nakakaranas ng kawalan ng tirahan mula sa matinding krisis sa pabahay sa California. Hindi mapapataas ng Prop. 1 ang mga buwis! Sang-ayon ang mga beterano, Habitat for Humanity, Kongreso ng Mga Nakatatanda ng CA, Koalisyon para sa Pagwawakas ng Karahasan sa Tahanan at higit pa: Oo sa Prop. 1.

**KONTRA** Papahintulutan ng Proposisyon 1 ang Estado na humiram ng $4 na bilyon (sa pamamagitan ng pagbebenta ng mga bono) para sa mga programa sa pabahay. Higit na mas malalaking solusyon ang kinakailangan para sa kakulangan ng pabahay na dulot ng pagpasok ng milyon-milyon sa California. Malamang na masisira ng isang hindi magandang solusyong ipinanukala sa unang bahagi ng taong ito (Panukalang-Batas ng Senado 827) ang mga kasalukuyang kapitbahayan. May mga MAS MAHUSAY NA DISKARTE.

### PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON

**PANIG**
David Koenig
(916) 974-9411
info@vetsandaffordablehousingact.org
Vetsandaffordablehousingact.org

**LABAN**
Gary Wesley
Mountain View, CA

## PROP 2 — NAGPAPAHINTULOT NG MGA BONO UPANG PONDOHAN ANG KASALUKUYANG PROGRAMANG PABAHAY PARA SA MGA TAONG MAY SAKIT SA ISIP (PROGRAM FOR INDIVIDUALS WITH MENTAL ILLNESS). BATAS NG LEHISLATURA.

### BUOD

*Inilagay sa Balota ng Lehislatura*

Sinususugan ang Batas sa mga Serbisyo sa Kalusugan ng Isip (Mental Health Services Act) upang pondohan ang Programang Walang Lugar na Tulad ng Tahanan (No Place Like Home Program), na tumutustos sa pabahay para sa mga taong may sakit sa isip. Niraratipikahan ang kasalukuyang batas na nagtatatag ng Programang Walang Lugar na Tulad ng Tahanan (No Place Like Home Program). Epekto sa pananalapi: Nagpapahintulot sa estado na gumamit ng hanggang $140 milyon kada taon ng mga pondo ng county sa kalusugan ng isip upang bayaran ang hanggang $2 bilyon na mga bono. Ang mga bonong ito ay magpopondo sa pabahay para sa mga may sakit sa isip na walang bahay.

### ANG KAHULUGAN NG INYONG BOTO

**OO** Ang botong OO sa panukalang ito ay nangangahulugang: Maaaring gamitin ng estado ang kasalukuyang mga pondo para sa kalusugan ng isip ng county upang bayaran ang pabahay para sa mga taong may sakit sa isip na walang bahay.

**HINDI** Ang botong HINDI sa panukalang ito ay nangangahulugang: Dedepende sa mga desisyon ng hukuman sa hinaharap ang kakayahan ng estado na gamitin ang kasalukuyang mga pondo para sa kalusugan ng isip ng county upang bayaran ang pabahay para sa mga taong may sakit sa isip na walang bahay.

### MGA PANGANGATWIRAN

**PABOR** OO sa Prop. 2: Sumusuportang pabahay at pagtrato sa mga taong walang tirahan na namumuhay nang may malubhang sakit sa isip. Hindi mapapataas ng Prop. 2 ang mga buwis. Matutulungan nito ang mga tao na makaalis sa lansangan at makatanggap ng mga komprehensibong serbisyo sa kalusugan ng isip at paggamot sa adiksyon. Sang-ayon ang mga tagapagtaguyod para sa mga walang tirahan, manggagawang panlipunan, doktor, at tagatugon sa emerhensiya: Oo sa Prop. 2.

**KONTRA** Mas marami pang mawawalan ng tirahan kung magtatanggal ng *hanggang* $5.6 BILYON sa mga taong may malubhang sakit sa isip upang pondohan ang mga bono at magpatayo lang ng pabahay para sa kanila nang hindi *kinakailangan* ang paggamot. Hindi ito kinakailangan, dahil noong nakaraang taon, pinahintulutan ng Lehislatura ang paggamit ng county sa mga pondo ng MHSA para sa pabahay nang hindi kinakailangang humiram ng pera.

### PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON

**PANIG**
David Koenig
(916) 974-9411
info@CAyesonprop2.org
CAyesonprop2.org

**LABAN**
Gigi R. Crowder
NAMI Contra Costa
550 Patterson Blvd.
Pleasant Hill, CA
(510) 990-2670
gigi@namicontracosta.org
www.namicontracosta.org

# MAIKLING SANGGUNIANG PATNUBAY

## PROP 3

**NAGPAPAHINTULOT NG MGA BONO UPANG PONDOHAN ANG MGA PROYEKTO PARA SA SUPLAY AT KALIDAD NG TUBIG, HIMPILAN NG TUBIG, ISDA, LIGAW NA BUHAY, PAGHAHATID NG TUBIG, AT KAKAYAHAN SA PAGPAPATULOY AT PAG-IIMBAK NG TUBIG SA LUPA. INISYATIBONG BATAS.**

### BUOD

*Inilagay sa Balota ng Mga Lagda sa Petisyon*

Nagpapahintulot ng $8.877 bilyon na mga pangkalahatang obligasyong bono ng estado para sa iba't ibang proyektong impra-istruktura. Epekto sa Pananalapi: Tumaas na mga gastusin ng estado upang bayaran ang mga bono na may average na $430 milyon kada taon sa loob ng 40 taon. Mga ipon ng lokal na pamahalaan para sa mga proyektong may kaugnayan sa tubig, na malamang na may average na dalawang daang milyong dolyar taun-taon sa loob ng susunod na ilang dekada.

### ANG KAHULUGAN NG INYONG BOTO

**OO** Ang botong OO sa panukalang ito ay nangangahulugang: Maaaring magbenta ang estado ng $8.9 na bilyon na pangkalahatang obligasyong bono upang pondohan ang iba't ibang proyekto sa tubig at kapaligiran.

**HINDI** Ang botong HINDI sa panukalang ito ay nangangahulugang: Hindi maaaring magbenta ang estado ng $8.9 na bilyon na pangkalahatang obligasyong bono upang pondohan ang iba't ibang proyekto sa tubig at kapaligiran.

### MGA PANGANGATWIRAN

**PABOR** Ang *OO SA 3* ay nagtitiyak ng ligtas, maaasahan, at malinis na patubig para sa California. Ang *OO SA 3* ay magbibigay ng ligtas na naiinom na tubig; magkukumpuni ng mga hindi ligtas na dike; magbibigay ng proteksyon laban sa tagtuyot; magpapabuti sa kalidad ng tubig sa ating karagatan, mga look, at mga ilog; at mag-iipon, magpoproseso, at muling gagamit ng tubig mula sa bagyo. Ang *OO SA 3* ay magbibigay ng tubig para sa mga tao, sakahan, at kapaligiran.

**KONTRA** Ang Prop. 3 ay magbibigay ng pera sa maraming organisasyon. Iyon ang pangkalahatang ideya. Ngunit hindi ito gagawa ng kahit isang patak ng bagong magagamit na tubig. Madodoble ng mga pagbabayad sa interes ang halagang kailangang ibayad sa mga may-ari gn bono. Pag-isipan ninyo ito . . . seryoso. Bumoto ng HINDI.

### PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON

**PANIG**

Jerry Meral
P.O. Box 1103
Inverness, CA 94937
(415) 717-8412
jerrymeral@gmail.com

**LABAN**

John F. Takeuchi
Pangkat ng Mamamayan/ Nagbabayad ng Buwis sa Central Solano
P.O. Box 3532
Fairfield, CA 94533
(707) 422-4491
taksan@comcast.net
www.thetaxwatchers.org

## PROP 4

**NAGPAPAHINTULOT NG MGA BONONG NAGPOPONDO NG KONSTRUKSIYON SA MGA OSPITAL NA NAGKAKALOOB NG PANGANGALAGANG PANGKALUSUGAN SA MGA BATA. INISYATIBONG BATAS.**

### BUOD

*Inilagay sa Balota ng Mga Lagda sa Petisyon*

Nagpapahintulot ng $1.5 bilyon na mga bono, upang bayaran mula sa Pangkalahatang Pondo ng estado, upang pondohan ang mga gawad para sa konstruksiyon, pagpapalawak, pagbabago ng yari, at paglalagay ng kasangkapan sa mga kuwalipikadong ospital ng mga bata. Epekto sa Pananalapi: Tumaas na mga gastusin ng estado sa pagbabayad sa mga bono na may average na humigit-kumulang na $80 milyon taun-taon sa loob ng susunod na 35 taon.

### ANG KAHULUGAN NG INYONG BOTO

**OO** Ang botong OO sa panukalang ito ay nangangahulugang: Maaaring magbenta ang estado ng $1.5 bilyon na pangkalahatang obligasyong bono para sa konstruksiyon, pagpapalawak, pagbabago ng yari, at paglalagay ng kasangkapan sa mga partikular na ospital na gumagamot ng mga bata.

**HINDI** Ang botong HINDI sa panukalang ito ay nangangahulugang: Hindi maaaring ibenta ng estado ang $1.5 bilyon na pangkalahatang obligasyong bono na ipinapanukala para sa mga layuning ito.

### MGA PANGANGATWIRAN

**PABOR** Ang Mga Pambatang Ospital ng California ay nagbibigay ng espesyal na pangangalaga para sa mahigit 2 milyong batang may sakit kada taon—kanser, sickle cell, pag-transplant ng organ—anuman ang makayanang ibayad ng mga pamilya. Gumagaling ang 85% ng mga batang may leukemia. Ang Proposisyon 4 ay magpapalaki ng kapasidad, magbibigay ng pinakabagong teknolohiya, at magsusulong ng pananaliksik sa medisinang pambata upang magamot ang mas maraming bata.

**KONTRA** Papahintulutan ng Proposisyon 4 ang Estado na humiram ng $1.5 bilyon para sa konstruksiyon at pagpapalawak sa mga "hindi nagtutubong" pambatang ospital sa pamamagitan ng pagbebenta ng mga bonong kailangang bayaran nang may interes. Dapat nating tingnan ang kabuuang sitwaston at tanungin kung paano pahusayin ang mga resulta ng pangangalagang pangkalusugan sa California.

### PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON

**PANIG**

Oo 4 Mga Pambatang Ospital— Oo sa Proposisyon 4
YesOnProposition4.org

**LABAN**

Gary Wesley
Mountain View, CA

# MAIKLING SANGGUNIANG PATNUBAY

## PROP 5

**BINABAGO ANG MGA INIAATAS PARA SA PARTIKULAR NA MGA MAY-ARI NG ARI-ARIAN UPANG ILIPAT ANG BATAYAN SA BUWIS NG KANILANG ARI-ARIAN PATUNGO SA PAMALIT NA ARI-ARIAN. INISYATIBONG SUSOG SA SALIGANG-BATAS AT BATAS.**

### BUOD *Inilagay sa Balota ng Mga Lagda sa Petisyon*

Tinatanggal ang partikular na mga iniaatas sa paglipat para sa mga may-ari ng bahay na higit sa 55 taong gulang, may malubhang kapansanan na may-ari ng bahay, at ari-ariang kontaminado o nasira ng kalamidad. Epekto sa pananalapi: Mawawalan sa umpisa ang mga paaralan at gayon din ang mga lokal na pamahalaan ng higit sa $100 milyon sa taunang mga buwis sa ari-arian, tataas sa humigit-kumulang na $1 bilyon kada taon. Katulad na pagtaas sa mga gastusin ng estado upang palitan ang mga nawala sa paaralan mula sa buwis sa ari-arian.

### ANG KAHULUGAN NG INYONG BOTO

**OO** Ang botong OO sa panukalang ito ay nangangahulugang: *Lahat* ng mag-ari ng bahay na mahigit sa 55 taong gulang (o nakakatugon sa iba pang kuwalipikasyon) ay magiging karapat-dapat para sa mga diskuwento sa buwis sa ari-arian kapag lumipat sila sa ibang bahay.

**HINDI** Ang botong HINDI sa panukalang ito ay nangangahulugang: Ang *ilang partikular* na may-ari ng bahay na mahigit sa 55 taong gulang (o nakakatugon sa iba pang kuwalipikasyon) ay patuloy na magiging karapat-dapat para sa mga diskuwento sa buwis sa ari-arian kapag lumipat sila sa ibang bahay.

### MGA PANGANGATWIRAN

**PABOR** Inaalis ng Prop. 5 ang "parusa sa paglipat" na kasalukuyang nagdudulot ng masamang epekto para sa mga mamamayan ng California na NAKATATANDA (55+) at MAY MALUBHANG KAPANSANAN. Ang OO ay nangangahulugang makakabili ng bagong pangunahing tirahan ang mga NAKATATANDA at MAY MALUBHANG KAPANSANAN nang hindi napapatawan ng parusa sa buwis sa ari-arian na ito. Ang OO ay magbibigay-daan sa mga NAKATATANDA/MAY MALUBHANG KAPANSANAN na lumipat malapit sa kapamilya o bumili ng mga mas praktikal at ligtas na bahay.

**KONTRA** Ang Prop. 5 ay hindi magtatayo ng anumang bagong pabahay o tutulong sa pagbili ng bahay ng mga taong unang beses bibili ng bahay. Tatanggalin nito ang hanggang $1 bilyong lokal na kita mula sa mga pampublikong paaralan, bumbero, pulisya, pangangalagang pangkalusugan, at iba pang serbisyo para mabigyan ng bentahe sa buwis ang mayayamang mamamayan ng California at matulungan ang mga may-akda nito—ang mga layunin ng kumpanya sa tunay na ari-arian. NoProp5.com

### PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON

**PANIG**

Cary Davidson
Komite ng Oo sa 5
515 S. Figueroa Street, #1110
Los Angeles, CA 90071
(888) 384-8467
info@propertytaxfairness.com
voteyesonprop5.com

**LABAN**

Hindi sa Prop 5
1510 J Street, Suite 210
Sacramento, CA 95814
(916) 443-7817
info@NoProp5.com
NoProp5.com

## PROP 6

**INAALIS ANG PARTIKULAR NA PAGPOPONDO SA PAGKUKUMPUNI NG DAAN AT TRANSPORTASYON. NAG-AATAS NA ANG PARTIKULAR NA MGA BWIS SA GATONG AT MGA SINGIL SA SASAKYAN AY APROBAHAN NG MGA MANGHAHALAL. INISYATIBONG SUSOG SA SALIGANG BATAS.**

### BUOD *Inilagay sa Balota ng Mga Lagda sa Petisyon*

Pinawawalang-bisa ang mga buwis at singil ng batas sa transportasyon ng 2017 na itinalaga para sa mga pagkukumpuni ng daan at pampublikong transportasyon. Epekto sa Pananalapi: Nabawasang patuloy na mga kita na $5.1 bilyon mula sa mga buwis ng estado sa gatong at sasakyan na pangunahing magbabayad sana para sa pagpapanatili at pagkukumpuni ng haywey at daan, gayon din sa mga programang pampublikong sasakyan.

### ANG KAHULUGAN NG INYONG BOTO

**OO** Ang botong OO sa panukalang ito ay nangangahulugang: Aalisin ang mga buwis sa gatong at sasakyan na kamakailang ipinasa ng Lehislatura, na nagpapaliit ng pondo para sa pagpapanatili at pagkukumpuni ng highway at kalye, at ng mga programa ng pampublikong sasakyan. Iaatas sa Lehislatura na ipaaproba sa mayorya ng mga botante ang mga bago o mas mataas na buwis ng estado sa gatong at sasakyan sa hinaharap.

**HINDI** Ang botong HINDI sa panukalang ito ay nangangahulugang: Patuloy na ipapatupad ang mga buwis sa gatong at sasakyan na kamakailang ipinasa ng Lehislatura at gagamitin ito para sa pagpapanatili at pagkukumpuni ng highway at kalye, at para sa mga programa ng pampublikong sasakyan. Patuloy na hindi kakailanganin ng Lehislatura ang pag-aproba ng botante para sa mga bago o mas mataas na buwis ng estado sa gatong at sasakyan sa hinaharap.

### MGA PANGANGATWIRAN

**PABOR** bumOTO NG OO SA 6 upang agad na MAPABABA ANG MGA PRESYO NG GASOLINA. Nahihirapan ang mga mamamayan ng California sa mataas na halaga ng pamumuhay. BUMOTO NG OO sa Proposisyon 6 upang ipawalang-bisa ang hindi patas at regresibong pagtaas ng buwis sa gasolina at kotse, at iatas na hingin ang pag-aproba ng botante para sa anumang pagtaas sa hinaharap. BUMOTO NG OO sa Prop. 6 para sa mas mababang mga presyo ng gasolina!

**KONTRA** Inuudyok ng mga Propesyonal na Bumbero ng California, Kapisanan ng mga Tagapatrol sa Highway ng California, Lipunan ng mga Inhinyerong Sibil sa Amerika, at mga unang tagaresponde na bumoto ng HINDI sa proposisyon 6 dahil magkakaroon ito ng masamang epekto sa kaligtasan sa mga tulay at kalye. Mag-aalis ang Prop. 6 ng $5 bilyon kada taon sa pondo ng lokal na transportasyon, na magpapahinto sa libu-libong proyekto sa kaligtasan sa kalye, pagpapaluwag ng trapiko, at pagpapahusay ng transportasyon sa bawat komunidad ng California. www.NoProp6.com

### PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON

**PANIG**

Bigyan ng Boses ang mga Botante—Oo sa 6
www.GiveVotersAVoice.com

**LABAN**

Hindi sa Prop 6: Pigilan ang Atake sa Kaligtasan sa Tulay at Kalye
1121 L Street, Suite 910
Sacramento, CA 95814
(800) 958-1194
info@NoProp6.com
www.NoProp6.com

# MAIKLING SANGGUNIANG PATNUBAY

## PROP 7

**PINASUSUNOD SA PEDERAL NA BATAS ANG ORAS NG MAS MAHUSAY NA PAGGAMIT NG LIWANAG NG ARAW NG CALIFORNIA. NAGPAPAHINTULOT SA LEHISLATURA NA PALITAN ANG PANAHON NG ORAS NG MAS MAHUSAY NA PAGGAMIT NG LIWANAG NG ARAW. BATAS NG LEHISLATURA.**

### BUOD

*Inilagay sa Balota ng Lehislatura*

Nagbibigay sa Lehislatura ng kakayahang palitan ang panahon ng oras ng mas mahusay na paggamit ng liwanag ng araw sa pamamagitan ng dalawang-ikatlong boto, kung ang mga pagbabago ay kaayon ng pederal na batas. Epekto sa Pananalapi: Ang panukalang ito ay walang tuwirang epekto sa pananalapi dahil ang mga pagbabago sa oras ng mas mahusay na paggamit ng liwanag ng araw ay magiging depende sa mga aksyon sa hinaharap ng Lehislatura at posible ng pederal na pamahalaan.

### ANG KAHULUGAN NG INYONG BOTO

**OO** Ang botong OO sa panukalang ito ay nangangahulugang: Maaaring baguhin ng Lehislatura ang oras ng mas mahusay na paggamit ng liwanag ng araw kapag nakakuha ito ng dalawang-katlo ng kabuuang boto at kung papahintulutan ng pederal na pamahalaan ang pagbabago. Kung hindi magkakaroon ng pambatasang pagbabago, papanatilihin ng California ang kasalukuyang panahon ng oras ng mas mahusay na paggamit ng liwanag ng araw (simula ng Marso hanggang simula ng Nobyembre).

**HINDI** Ang botong HINDI sa panukalang ito ay nangangahulugang: Papanatilihin ng California ang kasalukuyang panahon ng oras ng mas mahusay na paggamit ng araw nito.

### MGA PANGANGATWIRAN

**PABOR** Wawakasan ng Proposisyon 7 ang mga pagbabago sa oras dalawang beses sa isang taon, na sinasang-ayunan ng mga medikal na mananaliksik at ekonomista na nakakahamak sa kalusugan at pagiging produktibo ng mga batang mag-aaral, manggagawa, at nakatatanda. Bumoto ng Oo sa Proposisyon 7 upang mapanatiling ligtas ang ating mga anak, lugar ng trabaho, at kalsada.

**KONTRA** Pinapahintulutan ng Proposisyon 7 ang permanenteng oras ng Mas Mahusay na Paggamit ng Liwanag, alinsunod sa pederal na pag-apruba. Magiging maliwanag sa gabi tuwing tag-araw, gaya ng nangyayari sa ngayon, ngunit magiging madilim nang karagdagang isang oras tuwing umaga kapag taglamig, kaya papasok ang mga bata sa paaralan habang madilim pa.

### PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON

**PANIG**
Oo sa Proposisyon 7
YesProp7@gmail.com
www.YesProp7.info

**LABAN**
Senadora Hannah-Beth Jackson

## PROP 8

**ISINASAILALIM SA PAGKONTROL ANG MGA HALAGANG SINISINGIL NG MGA KLINIKA NG DIYALISIS NG BATO NG PANLABAS NA PASYENTE PARA SA PAGGAMOT SA PAMAMAGITAN NG DIYALISIS. INISYATIBONG BATAS.**

### BUOD

*Inilagay sa Balota ng Mga Lagda sa Petisyon*

Nag-aatas ng mga pagsasauli ng ibinayad at multa kung ang mga singil ay humigit sa limitasyon. Nag-aatas ng taunang pag-uulat sa estado. Nagbabawal sa mga klinika na tumangging gamutin ang mga pasyente batay sa pinagkukunan ng pagbabayad. Epekto sa Pananalapi: Kabuuang taunang epekto sa estado at mga lokal na pamahalaan na mula sa netong positibong epekto na nasa mababang sampu-sampung milyong dolyar hanggang sa netong negatibong epekto na nasa sampu-sampung milyong dolyar.

### ANG KAHULUGAN NG INYONG BOTO

**OO** Ang botong OO sa panukalang ito ay nangangahulugang: Lilimitahan sa pamamagitan ng pormula ang mga kita ng mga klinika ng diyalisis ng bato at aatasan ang mga ito na magbigay ng mga pagsasauli ng bahagi ng ibinayad sa mga partikular na partido (pangunahing ang mga kumpanya ng seguro na pangkalusugan) na nagbabayad para sa paggamot sa pamamagitan ng diyalisis na ito.

**HINDI** Ang botong HINDI sa panukalang ito ay nangangahulugang: Hindi lilimitahan sa pamamagitan ng pormula ang mga kita ng mga klinika ng diyalisis ng bato at hindi aatasan ang mga ito na magbigay ng mga pagsasauli ng bahagi ng ibinayad.

### MGA PANGANGATWIRAN

**PABOR** Ang diyalisis ay paggamot na nakakapagligtas ng buhay, ngunit hindi namumuhunan nang sapat sa pangunahing sanitasyon at pangangalaga sa pasyente ang malalaking kumpanya ng diyalisis na kumikita ng napakalalaking halaga. Ang OO SA 8 ay sumusuporta sa pamumuhunan sa de-kalidad na pangangalaga sa pasyente at pumipigil sa labis na pagsingil na nagpapalaki ng gastos ng mga mamamayan ng California. Sang-ayon ang Partidong Demokratiko ng California, mga beterano, mga tagapagtaguyod ng pangangalagang pangkalusugan, at mga pinuno ng relihiyon: *www.YesOn8.com*

**KONTRA** HINDI SANG-AYON sa Proposisyon 8 ang libu-libong nars, doktor, at pasyente, ang Kapisanan ng mga Nars ng California sa Amerika, ang Kapisanang Medikal ng California, at ang Kolehiyo ng Mga Doktor na Pang-emerhensiya ng CA sa Amerika dahil magdudulot ito ng pagsasara ng maraming klinika ng diyalisis sa California—na lubos na makakabawas sa kakayahang makatanggap ng pangangalaga, magpapahamak sa mga buhay ng mga nanghihinang pasyente ng diyalisis, at magpapataas ng gastos para sa mga nagbabayad ng buwis sa California. Bumoto ng HINDI. www.NoProp8.com

### PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON

**PANIG**
Suzanne Jimenez
Oo sa 8
777 S. Figueroa Street, Ste. 4050
Los Angeles, CA 90017
(888) 501-8119
info@YesOn8.com
www.YesOn8.com

**LABAN**
Hindi sa Proposisyon 8: Pigilan ang Mapanganib na Proposisyon sa Diyalisis
(888) 663-9997
info@NoProp8.com
www.NoProp8.com

# MAIKLING SANGGUNIANG PATNUBAY

*Noong Hulyo 18, 2018, inalis ang Proposisyon 9 sa balota ayon sa utos ng Korte Suprema ng California.*

## PROP 10 NAGPAPALAWAK NG AWTORIDAD NG MGA LOKAL NA PAMAHALAAN UPANG MAGSABATAS NG PAGKONTROL NG RENTA SA ARI-ARIANG PANTAHANAN. INISYATIBONG BATAS.

### BUOD

*Inilagay sa Balota ng Mga Lagda sa Petisyon*

Pinawawalang-bisa ang batas ng estado na kasalukuyang tinatakdaan ang saklaw ng mga patakaran sa pagkontrol ng renta na maaaring ipataw ng mga lungsod at ibang mga lokal na huridiksiyon sa pantahanang ari-arian. Epekto sa Pananalapi: Posibleng netong pagbawas sa pang-estado at lokal na mga kita na sampu-sampung milyong dolyar kada taon sa pangmatagalan. Depende sa mga aksyon ng mga lokal na komunidad, ang mga mawawala sa kita ay maaaring mas mababa o mas mataas nang malaki.

### ANG KAHULUGAN NG INYONG BOTO

**OO** Ang botong OO sa panukalang ito ay nangangahulugang: *Hindi* lilimitahan ng batas ng Estado ang mga uri ng mga batas sa pagkontrol sa renta na maaaring ipatupad ng mga lungsod at county.

**HINDI** Ang botong HINDI sa panukalang ito ay nangangahulugang: *Magpapatuloy* ang batas ng Estado sa paglimita ng mga uri ng mga batas sa pagkontrol sa renta na maaaring ipatupad ng mga lungsod at county.

### MGA PANGANGATWIRAN

**PABOR** Ibinabalik ng Prop. 10 ang awtoridad na magtatag ng pagkontrol sa renta sa mga lokal na komunidad, na magpapataw ng mga patas na taunang limitasyon sa halagang maaaring idagdag ng mga nagpapaupa sa renta. Mapapanatili nitong may tirahan ang mga nangungupahan sa halip na mapilitan silang lumayo o mawalan ng tirahan. *Pinoprotektahan ng TEN ang mga TENant. Mga Sumusuporta:* PARTIDONG DEMOKRATIKO NG CALIFORNIA, Kapisanan ng mga Nars ng California, Kapisanan ng mga Guro ng California, ACLU ng California, Housing California, Network ng Depensa sa Pagpapaalis, SEIU, Pambansang Liga ng Lungsod, Southern Christain Leadership Conference ng Southern California.

**KONTRA** Sa halip na mapabuti, mapapalala ng Prop. 10 ang krisis sa pabahay. Sang-ayon ang mga tagapagtaguyod ng abot-kayang pabahay na hindi makakabuti ang Prop. 10 para sa mga nangungupahan at may-ari ng bahay! Pinapayagan nito ang regulasyon ng mga pang-isang pamilya na bahay at ibinibigay sa mga burukrata ang kakayahang mamahala sa pamamagitan ng pagbibigay-daan sa kanilang magdagdag ng mga bayarin bukod pa sa renta. BUMOTO NG HINDI SA 10!

### PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON

**PANIG**

OO sa Prop 10—Koalisyon para sa Abot-kayang Pabahay
(424) 307-5278
team@VoteYesOnProp10.org
www.VoteYesOnProp10.org

**LABAN**

Hindi sa Prop 10—Isang Hindi Magandang Inisyatibang Magpapalala sa Krisis sa Pabahay
(530) 586-4940
info@Prop10Flaws.com
www.Prop10Flaws.com

# MAIKLING SANGGUNIANG PATNUBAY

## PROP 11 — NAG-AATAS SA MGA EMPLEYADO NG PRIBADONG SEKTOR NA AMBULANSIYANG PANG-EMERHENSIYA NA MANATILING MATATAWAGAN SA MGA ORAS NG PAHINGA SA TRABAHO. NAG-AALIS NG PARTIKULAR NA PANANAGUTAN NG TAGAPAG-EMPLEYO. INISYATIBONG BATAS.

### BUOD

*Inilagay sa Balota ng Mga Lagda sa Petisyon*

Ang batas na nagbibigay ng karapatan sa mga orasang empleyado na magkaroon ng mga oras ng pahinga nang hindi matatawagan ay hindi paiiralin sa mga empleyado ng pribadong-sektor na ambulansiya. Epekto sa Pananalapi: Malamang na benepisyo sa pananalapi ng mga lokal na pamahalaan (sa anyo ng mas mababang mga gastusin at mas mataas na mga kita), posibleng nasa sampu-sampung milyong dolyar bawat taon.

### ANG KAHULUGAN NG INYONG BOTO

**OO** Ang botong OO sa panukalang ito ay nangangahulugang: Maaaring ipagpatuloy ng mga pribadong kumpanya ng ambulansiya ang kasalukuyan nilang kasanayan sa panatilihing may kakayahang tumugon ang mga medikal na tekniko para sa emerhensiya (EMT) at paramediko tuwing oras para kumain at magpahinga upang makatugon pa rin sila sa mga tawag sa 911. Susubukan ng mga pribadong kumpanya ng ambulansiya na ilipat ang oras para kumain at magpahinga na maaantala ng tawag sa 911.

**HINDI** Ang botong HINDI sa panukalang ito ay nangangahulugang: Mapapailalim sa mga batas sa paggawa para sa industriyang ito ang mga pribadong kumpanya ng ambulansiya. Batay sa kamakailang desisyon ng hukuman, malamang na sa pamamagitan ng mga batas na ito ay atasan ang mga kumpanya ng ambulansiya na magbigay ng mga EMT at paramediko na may mga oras para kumain at magpahinga na hindi maaaring maantala ng tawag sa 911.

### MGA PANGANGATWIRAN

**PABOR** Masyadong madalas magkaroon ng sakuna sa California. Ang Prop. 11 ay titiyak na babayaran ang mga EMT at paramediko upang makaugnayan sila kapag oras ng pahinga upang makapagligtas sila ng mga buhay, magbibigay sa kanila ng mas mahusay na pagsasanay para sa sakuna na nakakatugon sa mga pamantayan ng FEMA, at magbibigay sa kanila ng mandatoryong saklaw sa kalusugan. Kapag may emerhensiya, malaking bagay ang ilang segundo kung maililigtas o mamamatay ang isang tao. OO sa 11! Makatuwiran lang ito.

**KONTRA** Walang pangangatwirang isinumite laban sa Proposisyon 11.

### PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON

**PANIG**

Mga Mamamayan ng California para sa Pagiging Handa at Ligtas sa Emerhensiya
2350 Kerner Boulevard,
Suite 250
San Rafael, CA 94901
(916) 836-4301
info@YESon11.org
www.YESon11.org

**LABAN**

Walang ibinigay na impormasyon sa pakikipag-ugnayan.

## PROP 12 — NAGTATATAG NG MGA BAGONG PAMANTAYAN PARA SA PAGKUKULONG NG MGA TINUKOY NA PAMBUKID NA HAYOP; IPINAGBABAWAL ANG PAGBEBENTA NG MGA DI-SUMUSUNOD NA PRODUKTO. INISYATIBONG BATAS.

### BUOD

*Inilagay sa Balota ng Mga Lagda sa Petisyon*

Nagtatatag ng mga pinakamababang iniaatas para sa pagkulong ng mga partikular na pambukid na hayop. Nagbabawal ng pagbebenta ng mga produktong karne at itlog mula sa mga hayop na ikinulong sa di-sumusunod na paraan. Epekto sa pananalapi: Posibleng pagbawas sa mga kita sa buwis sa kita ng estado mula sa mga negosyong pambukid, malamang na hindi hihigit sa ilang milyong dolyar taun-taon. Mga gastusin ng estado na hanggang $10 milyon taun-taon upang ipatupad ng panukala.

### ANG KAHULUGAN NG INYONG BOTO

**OO** Ang botong OO sa panukalang ito ay nangangahulugang: Magkakaroon ng mga bagong pinakamababang iniaatas sa mga magsasaka upang magbigay sila ng higit pang espasyo para sa mga nangingitlog na inahing manok, inahing baboy, at batang baka na pinapalaki para sa ternera. Pagbabawalan ang mga negosyo sa California sa pagbebenta ng mga itlog o hilaw na karne ng baboy o ternera na nagmula sa mga hayop na namalagi sa mga lugar na hindi nakakatugon sa mga iniaatas na ito.

**HINDI** Ang botong HINDI sa panukalang ito ay nangangahulugang: Patuloy na malalapat ang kasalukuyang pinakamababang iniaatas sa espasyo para sa pagkukulong ng mga nangingitlog na inahing manok, inahing baboy, at batang bakang pinapalaki para sa ternera. Mananatiling may bisa ang kasalukuyang pagbabawal sa pagbebenta ng mga itlog na hindi nakakatugon sa mga iniaatas sa espasyo para sa mga inahin para sa mga negosyo sa California.

### MGA PANGANGATWIRAN

**PABOR** Malupit ang pagkukulong ng batang bakang gagawing ternera, inahing baboy, at nangingitlog na inahing manok sa loob ng maliit na kulungan. Mapanganib sa pagiging ligtas ng pagkain ang mga produkto mula sa mga nagdurusang hayop na ito. Mga nagrerekomenda ng OO sa Prop. 12: Halos 500 beterinaryo sa California, ASPCA, Humane Society of the United States, mga pamilyang magsasaka at silungan ng hayop, Sentro para sa Kaligtasan ng Pagkain.

**KONTRA** Ipinagkakanulo ng malupit na pagkiling na ito sa industriya ng itlog ang mga hayop at botante. Bumoto na sang-ayon sa pagbabawal sa mga kulungan ang mga mamamayan ng California noong 2015. Gagawing legal ng malupit na panukalang ito ang mga kulungan hanggang sa 2022 o pagkatapos pa nito! At ISANG SQUARE FOOT lang ang espasyong makukuha ng mga inahing manok. Bumoto ng *HINDI* sa kalupitan sa pambukid na hayop sa pamamagitan ng pagboto ng *HINDI* sa Proposisyon 12. www.StopTheRottenEggInitiative.org

### PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON

**PANIG**

Crystal Moreland
Koalisyon ng California para sa Pagpigil sa Kalupitan
119 North Fairfax Ave. #613
Los Angeles, CA 90036
(323) 937-0600
info@preventcrueltyca.com
preventcrueltyca.com

**LABAN**

Bradley Miller
Mga Mamamayan ng California Laban sa Kalupitan, Mga Kulungan, at Pandaraya
P.O. Box 3577
San Rafael, CA 94912
(855) NO CAGES (662-2437)
INFO@NoOnProposition12.org
www.NoOnProposition12.org

# Tingnan ang Inyong Katayuan Bilang Botante Online

AKING KATAYUAN
BILANG BOTANTE

Bisitahin ang pahina na Aking Katayuan Bilang Botante ng Kalihim ng Estado sa ***VoterStatus.sos.ca.gov,*** kung saan maaari ninyong tingnan ang inyong katayuan bilang botante, hanapin ang inyong lugar ng botohan o sentro ng pagboto, at marami pang iba.

Gamitin ang **Aking Katayuan Bilang Botante** upang:

- Tingnan kung nakarehistro kayo upang bumoto at kung ganoon nga, sa anong county
- Tingnan ang inyong kinakatigang partidong pampulitika
- Hanapin ang inyong lugar ng botohan
- Maghanap ng sentro ng pagboto (para sa mga botanteng nakatira sa mga county ng Madera, Napa, Nevada, Sacramento, at San Mateo)
- Alamin ang mga nalalapit na halalan sa inyong lugar
- Matanggap ang inyong Patnubay na Impormasyon para sa Botante (Voter Information Guide o VIG) ng estado sa pamamagitan ng email bago ang bawat pambuong-estadong halalan
- Alamin ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan para sa inyong opisina ng halalan sa county
- Tingnan ang katayuan ng inyong pagboto sa pamamagitan ng koreo o pansamantalang balota

---

# Impormasyon Ukol sa Araw ng Halalan

**Bukas ang mga lugar ng botohan at sentro ng pagboto mula 7:00 a.m. hanggang 8:00 p.m. sa Martes, Nobyembre 6. Kung nakapila kayo bago ang 8:00 p.m., makakaboto pa rin kayo. Upang hanapin ang inyong lugar ng botohan o maghanap ng sentro ng pagboto:**

Tingnan ang Patnubay na Impormasyon Para sa Botante ng county na ipinadala sa inyo sa pamamagitan ng koreo ng opisyal ng halalan sa inyong county

Tumawag sa (800) 339-2957

Online at *www.sos.ca.gov/elections/polling-place* o *VoterStatus.sos.ca.gov*

I-text ang *Bumoto* sa GOVOTE (468683)

I-download ang mobile app na "Vote California" (makukuha sa mga iOS at Android store)

---

# Mga Nangungunang Taga-ambag sa mga Pambuong-estadong Kandidato at Panukala sa Balota

Kapag sinuportahan o tinutulan ng isang komite (isang tao o grupo ng mga taong tumatanggap o gumagastos ng pera para sa layunin ng pag-impluwensiya sa mga botante na sumuporta o tumutol sa mga kandidato o mga panukala sa balota) ang isang panukala sa balota o kandidato at nakalikom ng hindi bababa sa $1 milyon, dapat iulat ng komite ang 10 nangungunang taga-ambag nito sa Komisyon sa mga Makatarungang Gawaing Pampulitika ng California (California Fair Political Practices Commission o FPPC). Dapat isapanahon ng komite ang listahan ng nangungunang 10 kapag may anumang pagbabago.

NANGUNGUNANG 10

Makikita ang mga listahang ito sa website ng FPPC sa *http://www.fppc.ca.gov/transparency/top-contributors.html*

PROPOSISYON

# 1 NAGPAPAHINTULOT NG MGA BONO UPANG PONDOHAN ANG TINUKOY NA MGA PROGRAMANG TULONG SA PABAHAY. BATAS NG LEHISLATURA.

## OPISYAL NA TITULO AT BUOD

INIHANDA NG PANGKALAHATANG ABUGADO

**Makikita ang teksto ng panukalang ito sa website ng Kalihim ng Estado sa *http://voterguide.sos.ca.gov.***

- Nagpapahintulot ng $4 na bilyon na mga pangkalahatang obligasyong bono ng estado upang pondohan ang mga kasalukuyang programang pabahay.
- Kasama ang $1.5 bilyon para sa Programang Pangmaraming-pamilya na Pabahay (Multifamily Housing Program) para sa mga residenteng maliit ang kita, $1 bilyon para sa mga pautang upang tulungan ang mga beterano na bumili ng mga bukid at bahay, $450 milyon para sa infill at mga proyektong pabahay na nagpapahalaga sa pampublikong sasakyan, $300 milyon para sa programang pabahay sa manggagawa sa bukid, at $300 milyon para sa mga bahay na manupakturado at naililipat.
- Nagkakaloob ng tulong sa pabahay para sa mga bumibili, pagtustos sa impra-istruktura, at mga panumbas na gawad upang palawakin ang abot-kayang nakahandang pabahay.
- Naglalaan ng mga kita ng Pangkalahatang Pondo upang bayaran ang mga bono para sa mga kasalukuyang programa na walang mga kita o hindi sapat ang mga kita.

### BUOD NG PAGTATANTIYA NG PAMBATASANG TAGASURI SA NETONG EPEKTO SA PANANALAPI NG PAMAHALAAN NG ESTADO AT LOKAL NA PAMAHALAAN:

- Tumaas na mga gastusin ng estado upang bayaran ang mga bono na may average na humigit-kumulang na $170 milyon taun-taon sa loob ng susunod na 35 taon. Ang mga pondong ito ng bono ay gagamitin upang magkaloob ng abot-kayang pabahay.

**Mga Pagtatantiya ng Gastusin sa Bono ng Estado**

| | |
|---|---|
| Ipinahintulot na bagong paghiram | $4 na bilyon |
| Average na taunang gastusin upang mabayaran ang mga bono | $170 milyon |
| Malamang na panahon ng pagbabayad | 35 taon |
| Pinagkukunan ng pambayad | Mga kita sa pangkalahatang buwis |

MGA PANGWAKAS NA BOTONG IBINIGAY NG LEHISLATURA SA SB 3 (PROPOSISYON 1)
(KABANATA 365, MGA BATAS NG 2017)

| | | |
|---|---|---|
| Senado: | Mga Oo 30 | Mga Hindi 8 |
| Asembleya: | Mga Oo 56 | Mga Hindi 21 |

## PAGSUSURI NG PAMBATASANG TAGASURI

## BATAYAN

***Mahal ang Pabahay sa California.*** Matagal nang mas mahal ang pabahay sa California kaysa sa karamihan sa ibang lugar sa bansa. Bagama't maraming salik ang nagdudulot ng pagtaas ng mga gastos sa pabahay sa California, ang pinakamahalaga ay ang malaking kakulangan sa pabahay, partikular na sa mga komunidad sa mga baybayin. Ang kakulangan sa pabahay ay nagdudulot ng pagkukumpitensya ng mga sambahayang gustong manirahan sa estado para sa limitadong pabahay. Dahil sa pagkukumpitensyang ito, tumataas ang mga presyo ng bahay at renta. Sa ngayon, ang karaniwang bahay sa California ay nagkakahalagang 2.5 na beses na mas mahal kasya sa karaniwan sa buong bansa. Ang karaniwang buwanang renta sa California ay humigit-kumulang 50 porsyentong mas mataas kaysa sa ibang lugar sa bansa.

## PAGSUSURI NG PAMBATASANG TAGASURI



***Pinopondohan ng mga Programa sa Pabahay ng Estado ang Ilang Pagpapatayo.*** Sa karamihan ng taon, humigit-kumulang 100,000 bahay at apartment ang ipinapatayo sa California. Karamihan sa mga unit ng pabahay na ito ay ipinapatayo sa pamamagitan lang mga dolyar mula sa pribadong sektor. Gayunpaman, ang ilan ay nakakatanggap ng tulong pinansyal mula sa pederal, pang-estado, o lokal na pamahalaan. Sa mga sitwasyong ito, nagbibigay ang estado ng mga gawad o murang pautang sa mga lokal na pamahalaan, hindi nagtutubong pangkat, at pribadong tagapagpaunlad upang pondohan ang bahagi ng mga gastos sa konstruksiyon ng mga unit ng pabahay. Karaniwan, dapat ibenta o iparenta sa mga mamamayan ng California na may mababang kita ang pabahay na ipinatayo gamit ang mga pondong ito. Naglalaan ng bahagi ng mga unit ng pabahay na ipinatayo gamit ang mga pondo ng estado para sa mga mamamayan ng California na walang tirahan. Bagama't hindi pa nagkakaroon ng tuluy-tuloy na pagpopondo para sa mga programa sa pabahay na ito ang estado, nakakatanggap ang California ng humigit-kumulang $2 bilyon taun-taon mula sa pederal na pamahalaan upang suportahan ang mga proyektong ito.

***Programang Pautang sa Pabahay para sa mga Beterano.*** Ang programang pautang sa pabahay para sa mga beterano ng estado ay nagbibigay ng mga pautang para sa pabahay sa mga karapat-dapat na beterano, kabilang ang mga beteranong maaaring hindi karapat-dapat sa pautang para sa pabahay mula sa ibang mapagkukunan. Sa ilalim ng programa, nagbebenta ang estado ng mga pangkalahatang obligasyong bono sa mga mamumuhunan, at ginagamit nito ang mga pondo upang magbigay ng pautang sa mga karapat-dapat na beterano upang makabili sila ng bahay. Babayaran ng mga kalahok na beterano ang estado para sa mga pautang sa pabahay na ito. Pagkatapos, ginagamit ang mga pondong ito upang bayaran ang mga bono.

## MUNGKAHI

***Mga Bagong Pangkalahatang Obligasyong Bono para sa Pabahay.*** Nagbibigay-daan ang panukalang ito upang makapagbenta ang estado ng $4 na bilyon na bagong pangkalahatang obligasyong bono para sa iba't ibang programa sa pabahay. (Para sa higit pang impormasyon tungkol sa paggamit ng estado sa mga bono, tingnan ang "Pangkalahatang-tanaw ng Utang sa Bono ng Estado" sa patnubay na ito sa ibang pagkakataon.)

### PAGGAMIT NG MGA PONDO

Gaya ng ipinapakita sa Pigura 1, ang panukala ay nagbibigay ng pondo sa bono para sa iba't ibang programa sa pabahay, na inilalarawan nang mas detalyado sa ibaba.

**Pigura 1**

**Mga Iminumungkahing Gamit ng mga Pondo sa Bono**

*(Sa mga Milyon)*

| Kategorya | Halaga |
|---|---|
| **Mga Programa sa Pabahay ng Estado** | |
| Mga programa sa abot-kayang pangmaraming pamilya na pabahay | $1,800 |
| Mga programa sa imprastraktura | 450 |
| Mga programa sa pagmamay-ari ng bahay | 450 |
| Programa ng pabahay para sa trabahador ng sakahan | 300 |
| Subtotal | ($3,000) |
| **Programang Pabahay para sa mga Beterano** | |
| Pautang sa pabahay para sa mga beterano | $1,000 |
| **Kabuuan** | **$4,000** |

***Mga Programa sa Pabahay ng Estado.*** Ang panukala ay nagbibigay ng $3 bilyon para sa iba't ibang programa sa pabahay ng estado. Ang mga nalikom sa pagbebenta ng bono ay igagawad sa mga aplikante sa programa—mga lokal na pamahalaan, di-nagtutubong organisasyon, at pribadong tagapagpaunlad—sa pamamagitan ng proseso ng kompetisyon na papangasiwaan ng estado.

- ***Mga Programa sa Abot-kayang Pangmaraming Pamilya na Pabahay.*** Ang panukala ay nagbibigay ng $1.8 bilyon upang magpatayo o magsaayos ng mga proyekto sa narerentahang pabahay, gaya ng mga gusali ng apartment. Karaniwang ang mga programang ito ay nagbibigay ng mga pautang na may mababang interes sa mga lokal na pamahalaan, di-nagtutubong organisasyon, at pribadong tagapagpaunlad upang pondohan ang bahagi ng gastos sa konstruksiyon. Bilang kapalit, dapat magreserba ng mga unit ang mga proyekto para sa mga sambahayang may mababang kita sa loob ng 55 taon.
- ***Mga Programa sa Imprastraktura.*** Ang panukala ay nagbibigay ng $450 milyon sa mga programang nagtatayo ng pabahay sa mga kasalukuyang lugar sa lungsod at malapit sa pampublikong transportasyon. Magbibigay rin ang mga pondo ng mga pautang at gawad para sa iba't ibang proyektong sumusuporta sa ganitong pabahay—gaya ng mga parke at patubig, alkantarilya, at imprastraktura para sa transportasyon.
- ***Mga Programa sa Pagmamay-ari ng Bahay***. Ang panukala ay nagbibigay ng $450 milyon upang hikayatin ang pagmamay-ari ng bahay para sa mga mamimili ng bahay na may mababa at katamtamang kita. Ang karamihan sa mga pondo ay gagamitin upang magbigay ng tulong sa paunang bayad sa mga unang beses na mamimili ng bahay sa pamamagitan ng mga pautang na may mababang interes o gawad. Bukod pa rito, ang panukala ay nagbibigay ng mga pondo upang tulungan ang mga pamilyang may mababa at katamtamang kita na makapagpatayo ng mga sarili nilang bahay.
- ***Programa ng Pabahay para sa mga Trabahador ng Sakahan.*** Ang panukalang ito ay nagbibigay ng $300 milyong pautang at gawad upang makapagpatayo ng pabahay para sa mga trabahador ng sakahan. Gagamitin ang mga pondo ng programa para sa pabahay na inuupahan at inookupahan ng may-ari.

***Programang Pabahay para sa mga Beterano.*** Ang panukalang ito ay nagbibigay rin ng $1 bilyon para sa tulong na pautang sa pabahay para sa mga beterano. Karaniwang ginagamit ng mga beterano ang mga pautang na ito upang bumili ng mga iisang pamilyang pabahay, kondominyo, sakahan, at naililipat na bahay.

## MGA EPEKTO SA PANANALAPI

***Halaga ng Bono para sa mga Programa sa Pabahay ng Estado.*** Papahintulutan ng panukalang ito ang estado na humiram ng hanggang $3 bilyon sa pamamagitan ng pagbebenta ng mga pangkalahatang obligasyong bono sa mga mamumuhunan, na babayaran nang may interes mula sa Pangkalahatang Pondo ng Estado. Ang halaga ng mga bonong ito ay dedepende sa iba't ibang salik—gaya ng mga antas ng interes na nalalapat sa panahon ng pagbebenta ng mga ito, kung kailan ibinenta ang mga bono, at kung kailan babayaran ang mga ito. Tinantantiya naming papatak sa average na halagang **humigit-kumulang $170 milyon taun-taon sa loob ng 35 taon** ang gastos na maidudulot sa mga nagbabayad ng buwis upang mabayaran ang mga bono—para sa kabuuang $5.9 na bilyon upang mabayaran ang prinsipal ($3 bilyon) at interes ($2.9 bilyon). Ang halagang ito ay humigit-kumulang isang ikasampu ng 1 porsyento ng kasalukuyang badyet ng Pangkalahatang Pondo ng estado.

## PAGSUSURI NG PAMBATASANG TAGASURI

IPINAGPATULOY

***Halaga ng Bono para sa Programang Pabahay para sa mga Beterano.*** Papahintulutan ng panukalang ito ang estado na humiram ng hanggang $1 bilyon sa pamamagitan ng pagbebenta ng mga pangkalahatang obligasyong bono sa mga mamumuhunan. Buwan-buwang magbabayad sa estado ang mga beteranong makikilahok sa programa ng pautang sa pabahay, na magbibigay-daan sa estado na bayaran ang mga bono. Palaging sumasapat ang mga pagbabayad na ito para sa halagang inutang para sa mga bono, ibig sabihin, palaging napapatakbo ang programa nang walang direktang ginagastos ang estado.

***Ilang Tao ang Matutulungan ng Panukala?*** Karaniwang ginagamit ang mga pondo mula sa panukalang ito kasama ng iba pang pera ng pamahalaan upang makapagbigay ng tulong sa pabahay. Sa maraming sitwasyon, nagbibigay-daan ang panukala upang makatanggap ang estado ng karagdagang pondong pederal para sa abot-kayang pabahay. Sa kabuuan, magagamit ang mga pondo sa bono bilang mga taunang subsidiya para sa hanggang 30,000 pangmaraming pamilya na pabahay at 7,500 sambahayan ng trabahador sa sakahan. Magagamit din ang mga pondo bilang tulong sa paunang bayad para sa humigit-kumulang 15,000 mamimili ng bahay at pautang sa bahay para sa humigit-kumulang 3,000 beterano. Sa ilang sitwasyon, gaya ng para sa mga programa sa tulong sa paunang bayad, maaaring agad na makinabang ang mga mamamayan ng California mula sa pondo sa bono. Sa ibang sitwasyon, gaya ng para sa pagpapapagawa ng bagong abot-kayang pangmaraming pamilya na pabahay, maaaring abutin ng ilang taon upang makinabang ang mga mamamayan ng California mula sa panukala.

**Bumisita sa *http://www.sos.ca.gov/campaign-lobbying/cal-access-resources/measure-contributions/2018-ballot-measure-contribution-totals/* para sa listahan ng mga komite na pangunahing binuo upang suportahan o tutulan ang panukalang ito. Bumisita sa *http://www.fppc.ca.gov/transparency/top-contributors/nov-18-gen.html* upang makita ang nangungunang 10 tagaambag ng komite.**

**Kung gusto ninyo ng kopya ng buong teksto ng panukala ng estado, pakitawagan ang Kalihim ng Estado sa (800) 339-2957 o maaari kayong mag-email sa *vigfeedback@sos.ca.gov* at libreng magpapadala sa inyo ng kopya sa pamamagitan ng koreo.**

## ★ PANGANGATWIRANG PABOR SA PROPOSISYON 1 ★

Ang OO sa Prop. 1 ay nangangahulugan ng kaginhawaan mula sa napakatinding krisis sa pabahay na nagpapahirap sa mga mamamayan ng California at nagdudulot ng pinakamatinding epekto sa mga beterano, nagsusumikap na pamilya, at taong may mga kapansanan.

Ang Prop. 1 ang TANGING proposisyong direktang tumutugon sa kakulangan sa pabahay sa pamamagitan ng pagpapatayo ng mas maraming abot-kayang bahay—NANG HINDI PINAPALAKI ANG MGA BUWIS.

Ang OO sa 1 ay nangangahulugan ng pabahay para sa mga beterano, at paghahatid ng tulong sa mga taong pinakanaghihirap sa pamamagitan ng:

- Pamumuhunan ng $1 bilyon upang tulungang maging abot-kaya para sa mga beterano ang mga bahay
- Pagpapatayo ng mga bagong pang-emerhensiyang pabahay para sa mga bata at pamilya na walang tirahan
- Pagpapatayo ng pangmaraming pamilya na pabahay para sa mga nagtatrabahong pamilya, at paggawa ng mga oportunidad para sa pagmamay-ari ng bahay
- Paggawa ng bagong pansuportang pabahay para sa mga taong may mga kapansanan at mga biktima ng karahasan sa tahanan

"Kung magsasama-sama tayo, makakagawa tayo ng abot-kayang pabahay upang tulungan ang mga nangangailangan, kabilang ang mga kabataang dating naninirahan sa bahay-kalinga at mga nakatatandang mamamayang may maliit na kita."—*Sen. Jim Beall, May-akda ng Prop. 1, Tagapangulo ng Komite ng Senado para sa Transportasyon at Pabahay.*

PAGPAPARANGAL SA MGA BETERANO SA PAMAMAGITAN NG PABAHAY

Ang OO sa Prop. ay nangangahulugan ng paglalaan ng $1 bilyon PARA LANG sa pabahay ng mga beterano sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga bagong oportunidad sa pabahay at pagmamay-ari ng bahay sa mga beteranong nasa ilalim ng Programang Pautang sa Pabahay ng CalVet, na nakatulong na sa 423,000 beterano at sa mga kapamilya nila. Pinaparangalan ng Prop. 1 ang mga beterano sa pamamagitan ng pagtulong sa kanilang magkaroon ng bahay pagkabalik nila mula sa pagseserbisyo.

Ang California ang may pinakamalaking populasyon ng mga beteranong walang tirahan sa bansa, at inaasahang dadami pa sa loob ng susunod na dekada ang mga walang tirahang beteranong nag-alay ng serbisyo sa Iraq at Afghanistan. Malaki ang posibilidad na pangmatagalang mawalan ng tirahan ang mga beteranong nakakaranas ng mga kundisyong medikal at nauugnay sa kalusugan ng isip mula sa kanilang pagseserbisyo.

"Sa pamamagitan ng ligtas, matatag, at abot-kayang bahay, makakapagbigay tayo ng panghabang-buhay na suporta para sa lahat ng henerasyon ng mga beterano at sa mga kapamilya nila. Ang abot-kayang pabahay para sa mga beterano ay nagbubukas ng mga oportunidad na makilahok sa Pangarap na Magandang Buhay sa Amerika, na naging posible dahil sa mga sakripisyo nila."—*Gerald G. Wilson, Dating Kumander ng Estado, Kagawaran ng California para sa mga May Kapansanang Beteranong Amerikano.*

ANG MGA NAGSISIKAP NA PAMILYA AY MAKAKATIRA KUNG SAAN SILA NAGTATRABAHO

Sa pamamagitan ng Prop. 1, magpapatayo ng mga abot-kayang bahay para sa mga nagsisikap na mamamayan gaya ng mga tagasuporta sa nars, klerk ng groseri, at katulong na guro, upang sila ay makapanirahan sa mga komunidad kung saan sila nagtatrabaho at makapagpanatili pa rin ng sapat na pera para sa mga bilihin at pagpapa-alaga ng bata.

PAGPAWI SA KRISIS SA KAWALAN NG TIRAHAN

Tutugunan ng Prop. 1 ang lumalalang kawalan ng tirahan sa ating mga kapitbahayan. Ang mga pamilyang naghihirap pagdating sa pananalapi ay naninirahan na lang sa mga kotse nila, at nagiging doble at maging triple pa sa naaangkop ang bilang ng mga taong naninirahan sa iisang bahay. Ang mga pamilyang wala nang ibang pagpipilian ay pumupunta sa mga tutuluyan para sa kulang sa kakayahan.

LIGTAS AT ABOT-KAYANG PABAHAY PARA SA MGA BIKTIMA NG KARAHASAN SA TAHANAN

"Nagaganap ang karahasan sa tahanan sa patagong paraan, kadalasang hindi ito nakikita, at napipilitan ang maraming biktima at ang kanilang mga anak na manirahan sa mga hindi ligtas na kondisyon. Hindi sapat ang mga pang-emerhensiyang tirahan para sa kinakailangan, at napapalala ng mga krisis sa pabahay ang troma. Ang kakayahang manirahan sa matatag at abot-kayang bahay ay nagdadala ng kaligtasan at nagdudulot ng paghilom para sa mga nakaligtas at sa mga kapamilya nila."—*Kathy Moore, Pakikiisa upang Wakasan ang Karahasan sa Tahanan sa California.*

PAGBUTI NG EKONOMIYA

Inaasahang makakagawa ang Prop. 1 ng sampu-sampung libong trabaho at mapapabuti nito ang ekonomiya ng California. OO ang tugon ng mga namumuno ng negosyo sa 1 dahil kailangan ng California na magtayo ng mas maraming abot-kayang lugar para sa ating lakas paggawa at upang mapanatiling mailalaban ang ekonomiya ng estado.

MALAWAKANG SUPORTA

Sang-ayon ang mga beterano, ang Habitat for Humanity, ang mga nakaligtas sa karahasan sa tahanan, nakatatanda, at namumuno sa negosyo at pangangalagang pangkalusugan: makakatulong ang Prop. 1 na maipatayo ang abot-kayang pabahay na kailangan ng ating mga komunidad.

*www.vetsandaffordablehousingact.org*

**GERALD G. WILSON,** Dating Kumander ng Estado
Kagawaran ng California para sa mga May Kapansanang Beteranong Amerikano

**SHARON ELLIS,** Tagapangulo
Habitat for Humanity California

**GARY PASSMORE,** Presidente
Kongreso ng mga Nakatatanda ng California

## ★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG PABOR SA PROPOSISYON 1 ★

Sa ilalim ng Proposisyon 1, ang $4 na bilyon na hihiramin sa pamamagitan ng pagbebenta ng mga bono ay mapupunta sa iba't ibang programang maaaring magbalik ng bayad para sa umiikot na paggamit o hindi.

Layunin ng mga programa na mabawasan ang kakulangan sa pabahay sa California para sa napakalimitadong bilang ng mga tao. Kailangan ng higit na mas malalaking solusyon. Tanungin natin ang mga kandidato para sa mga katungkulan sa estado kung ano ang mungkahi nila.

ISANG LUBOS NA HINDI KANAIS-NAIS NA MUNGKAHI

Sa naunang bahagi ng taong ito, itinulak ng mga pangkorporasyong tagapagpaganap sa California ang batas ng estado *(Panukalang-batas ng Senado 827)* na nag-aalis ng awtoridad ng mga lungsod at county na pigilan ang malalaking tagapagpaunlad sa pagpapatayo ng matataas na apartment at kondo sa bawat kapitbahayan sa loob ng kalahating milya mula sa sentro ng pampublikong sasakyan o sangkapat na milya mula sa sakayan ng bus na kasalukuyang umiiral o idaragdag sa ibang pagkakataon.

Sa ilalim ng panukalang-batas, maaaring hindi iatas maging ang pagkakaroon ng mga paradahan sa lugar!

Halimbawa, mahigit 90% ng San Francisco ang malalapatan ng mga ganoong mga napakalaking mataas na gusali.

BABALA: Bagama't hindi naaprubahan ang *Panukalang-batas ng Senado 827* noong Abril, maaari pa ring ipasa at isabatas ang *SB 827* (o isang katulad na panukalang-batas) pagkatapos ng halalan sa Nobyembre 2018 at bago pa ninyo malamang gagawin ito.

Kapag nangyari iyon, mapipigilan lang ang iminumungkahing batas sa pamamagitan ng pambuong-estadong reperendum (petisyon at pagboto sa ibang pagkakataon).

Narito ang isang MAS MAHUSAY NA PARAAN:

Magdagdag ng mga bahay sa mga kasalukuyan nang kapitbahayan kung saan naaangkop, ngunit kung hindi naman, limitahin ang mga sentro ng negosyo sa mga lugar na may espasyo para sa bagong pabahay sa malapit.

Sa gayon, maraming empleyado ang magagawang maglakad, lumukso, mag-skate, o magbisikleta papunta sa trabaho.

**GARY WESLEY**

 *Ang mga nakalimbag na pangangatwiran sa pahinang ito ay opinyon ng mga may-akda, at hindi nasuri para sa katumpakan ng anumang opisyal na ahensiya.*

## ★ PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 1 ★

Isa nanaman itong pangkalahatang panukala kaugnay ng bono. Hinihingi nito ang pahintulot ng mga botante na humiram ng higit pang pera ang Estado ng California sa pamamagitan ng pagbebenta ng "mga bono" na kakailanganing bayaran nang may interes (*posibleng sa pamamagitan ng mas malaking mga buwis sa ari-arian*), karaniwang sa loob ng maraming dekada. Sinasabi kong *"posible"* dahil kung minsan, ginagamit ang mga nakalap sa bono para sa pagpopondo ngunit ang mga kalahok sa programa ang nagbabayad nito—gaya ng mga may-ari ng bahay sa ilalim ng dating programang pautang sa sakahan sa bahay ng Cal-Vet.

May ilang tanong na umaangat hinggil sa mga panukala kaugnay ng bono:

1. Gaano na kalaki ang kasalukuyang utang ng pamahalaan?
2. Ano ang inaasahang kabuuang gastos na maidudulot ng panukala sa publiko?
3. Tinukoy ba ang mga iminumungkahing gamit para sa pera?
4. Makatuwiran ba ang mga iminumungkahing gamit—kung isasaalang-alang ang iba pang bagay na maaaring kinakailangan o ginugusto?
5. Dapat bang patuloy na pondohan ng mga botante ang mga proyekto sa pamamagitan ng mas malaking mga buwis sa ari-arian kung hindi patas ang buwis sa ari-arian ng California?

*HINDI PATAS ANG SISTEMA NG BUWIS SA ARI-ARIAN NG CALIFORNIA*

Noong 1978, inaprubahan ng mga botante ng California ang isang inisyatiba ng botante na dating kilala bilang Proposisyon 13. Ang panukala ay nagdagdag ng mga probisyon sa Saligang-Batas ng California na pumigil sa *"muling pagtatasa"* ng tunay na ari-arian maliban kung at hanggang sa magbago ang may-ari ng ari-arian o gawan ito ng malaking pagsasaayos.

Naprotektahan ng Proposisyon 13 ang mga may-ari ng tunay na ari-arian laban sa mga lubos na paglaki ng buwis batay sa mas matataas na halaga ng ari-arian; gayunpaman, gumawa rin ito ng sistema kung saan nagbabayad nang 10–20 beses na mas malaking halaga ang mga may-ari ng bahay kumpara sa kanilang mga kapitbahay na may ari-ariang may katulad na halaga ngunit matagal nang binili.

Bukod pa rito, dahil maaaring ipaupa ang ari-ariang negosyo (sa halip na ibenta) at madalas na ganito ang nangyayari, ang Proposisyon 13 ay nagdulot ng malakihang paglilipat ng pangkalahatang bigat ng buwis mula sa mga negosyo papunta sa mga may-ari ng bahay.

Ang mga tagapagtaguyod ng panukala sa balota ang dapat na maging responsable para sa pagpapaliwanag kung bakit ito karapat-dapat na suportahan—nang may pagsasaalang-alang sa buong gastos, mga magagamit na alternatibo, at iba pang kinakailangan at ginugusto.

Sa sitwasyong ito, dapat gamitin ng mga tagapagtaguyod ang kanilang SAGOT SA PANGANGATWIRAN upang sagutin ang tanong1-5 sa itaas.

**GARY WESLEY**

## ★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 1 ★

Talagang kinakailangan ang Prop. 1 upang matugunan ang matinding krisis sa pabahay ng California.

Hirap na hirap ang mga beterano, nagtatrabahong pamilya, taong nakakaranas ng kawalan ng tirahan, nakatatanda, taong may mga kapansanan, kababaihang tumatakas sa karahasan sa tahanan, at marami pang iba sa pagbabayad ng halaga ng pabahay.

Ang mga beteranong umuuwi matapos magbigay ng serbisyo sa ating bansa ay hindi makahanap ng lugar na matitirhan na kaya nilang bayaran.

Ang mga taong nagsisikap gaya ng mga tagasuporta sa nars, klerk ng groseri, at mas nakatatandang retiradong may tukoy na kita ay naghihirap buwan-buwan upang makapanatili sila sa kanilang mga tirahan.

Dapat lang tayong magdagdag ng mas maraming ligtas at abot-kayang pabahay para sa mga mamamayang ito ng California—at ito ang gagawin ng Prop. 1.

*Ang Oo sa Prop. 1 ay Magdaragdag ng Ligtas at Abot-kayang Pabahay—Nang Hindi Pinapalaki ang mga Buwis*

Huwag magpaloko. Hindi buwis sa ari-arian ang Prop. 1.

Ang $1 bilyon mula sa Prop. 1 ay ilalaan sa mga abot-kayang pautang sa pabahay para sa mga beterano at sa mga kapamilya nila, na babayaran nila sa paglipas ng panahon. Ang natitirang halaga mula sa Prop. 1 ay sasaklawin ng mga kasalukuyang pondo ng estado.

Bibigyang-daan ng Prop. 1 ang California na mapakinabangan ang mga pederal na pondo sa pabahay: halos $3 para sa bawat dolyar na ipupundar natin mula sa Prop. 1.

*Ang Prop. 1 ay Magpapatayo ng mga Bahay at Magliligtas ng mga Buhay*

Matatagpuan sa California ang halos sangkapat ng populasyong walang tirahan sa buong bansa, at ang pinakamaraming beterano at kabataan na mag-isang nahaharap sa kawalan ng tirahan. Kaya nating mapabuti ito.

Tutulong ang Prop. 1 na mapagaan ang krisis sa kawalan ng tirahan at pararangalan nito ang ating mga beterano sa pamamagitan ng pagbibigay ng kakayahang magkaroon ng mga ligtas at abot-kayang tirahan.

Bumoto ng Oo sa Prop. 1 upang matugunan ang matinding krisis sa pabahay ng California, at matulungang tiyaking kayang magkaroon ng lahat ng mamamayan ng California ng ligtas at abot-kayang tirahan.

**KATHY MOORE,** Direktor na Tagapagpaganap
Pakikiisa upang Wakasan ang Karahasan sa Tahanan sa California

**DEBORAH JOHNSON,** Presidente
Pundasyon para sa Tulong sa mga Beterano ng California

**JENNIFER HARK DIETZ, LCSW,** Direktor na Tagapagpaganap
Mga Taong Tumutulong sa mga Walang Tirahan (PATH)

PROPOSISYON
# 2 NAGPAPAHINTULOT NG MGA BONO UPANG PONDOHAN ANG KASALUKUYANG PROGRAMANG PABAHAY PARA SA MGA TAONG MAY SAKIT SA ISIP. BATAS NG LEHISLATURA.

## OPISYAL NA TITULO AT BUOD

INIHANDA NG PANGKALAHATANG ABUGADO

**Makikita ang teksto ng panukalang ito sa website ng Kalihim ng Estado sa *http://voterguide.sos.ca.gov.***

- Nireratipikahan ang kasalukuyang batas na nagtatatag ng Programang Walang Lugar na Tulad ng Tahanan (No Place Like Home Program), na tumututsos sa permanenteng pabahay para sa mga taong may sakit sa isip na walang-bahay o nasa panganib para sa patuloy na kawalan ng bahay, na kaayon ng Batas sa mga Serbisyo sa Kalusugan ng Isip (Batas sa mga Serbisyo sa Kalusugan ng Isip) na inaprobahan ng mga manghahalal.
- Nireratipikahan ang pag-isyu ng hanggang $2 bilyon sa naunang ipinahintulot na mga bono upang tustusan ang Programang Walang Lugar na Tulad ng Tahanan (No Place Like Home Program).
- Sinususugan ang Batas sa mga Serbisyo sa Kalusugan ng Isip (Mental Health Services Act) upang ipahintulot ang mga paglipat ng hanggang $140 milyon taun-taon mula sa kasalukuyang Pondo sa mga Serbisyo sa Kalusugan ng Isip patungo sa Programang Walang Lugar na Tulad ng Tahanan (No Place Like Home Program), nang walang pagtaas ng mga buwis.

**BUOD NG PAGTATANTIYA NG PAMBATASANG TAGASURI SA NETONG EPEKTO SA PANANALAPI NG PAMAHALAAN NG ESTADO AT LOKAL NA PAMAHALAAN:**

- Nagpapahintulot sa estado na gumamit ng hanggang $140 milyon kada taon ng mga pondo ng county sa kalusugan ng isip upang bayaran ang hanggang $2 bilyon na mga bono. Ang mga bonong ito ay magpopondo sa pabahay para sa mga may sakit sa isip na walang bahay.

MGA PANGWAKAS NA BOTONG IBINIGAY NG LEHISLATURA SA AB 1827 (PROPOSISYON 2)
(KABANATA 41, MGA BATAS NG 2018)

| | | |
|---|---|---|
| Senado: | Mga Oo 35 | Mga Hindi 0 |
| Asembleya: | Mga Oo 72 | Mga Hindi 1 |

## PAGSUSURI NG PAMBATASANG TAGASURI

## BATAYAN

***Nagbibigay ng mga Serbisyo sa Kalusugan ng Isip ang mga County.*** Pangunahing responsable ang mga county para sa pagbibigay ng pangangalagang pangkalusugan ng isip para sa mga taong kulang sa pribadong pagsaklaw. Ang mga county ay nagbibigay ng psychiatric na paggamot, pagpapayo, pagpapaospital, at iba pang serbisyo sa kalusugan ng isip. May ilang county rin na nagsasaayos ng iba pang uri ng tulong para sa mga taong may sakit sa isip—gaya ng pabahay, paggamot para sa pang-aabuso sa droga o alak, at serbisyo sa trabaho.

***Batas sa mga Serbisyo sa Kalusugan ng Isip.*** Noong 2004, inaprubahan ng mga botante ng California ang Proposisyon 63, na kilala rin bilang Batas sa mga Serbisyo sa Kalusugan ng Isip. Ang batas ay nagbibigay ng pondo para sa iba't ibang serbisyo ng county sa kalusugan ng isip sa pamamagitan ng pagpapataas ng buwis sa kita na binabayaran ng mga taong may kitang mas malaki sa $1 milyon. Nakakakuha ng $1.5 bilyon hanggang $2.5 bilyon kada taon mula sa pagpapataas ng buwis sa kita na ito.

***Programang Walang Lugar na Tulad ng Tahanan.*** Noong 2016, binuo ng Lehislatura ang Programang Walang Lugar na Tulad ng Tahanan upang magpatayo at magrehabilita ng pabahay para sa mga taong may sakit sa isip na walang tirahan o nanganganib na mawalan ng tirahan. Pinaplano ng estado na bayaran ang pabahay na ito sa pamamagitan ng paghiram ng $2 bilyon. Hihiramin ng estado ang perang ito sa

pamamagitan ng pagbebenta ng mga bono, na babayaran nang may interes sa loob ng humigit-kumulang 30 taon gamit ang mga kita mula sa Batas sa mga Serbisyo sa Kalusugan ng Isip. Ibig sabihin nito, mababawasan ang magagamit na pondo para sa iba pang serbisyo sa kalusugan ng isip ng county. Hindi hihigit sa $140 milyon sa mga pondo ng Batas sa mga Serbisyo sa Kalusugan ng Isip ang magagamit para sa Walang Lugar na Tulad ng Tahanan sa anumang iisang taon. Papatak sa $120 milyon ang mga bayad sa bono sa isang karaniwang taon.

***Kailangan ng Pag-apruba ng Hukuman para sa Walang Lugar na Tulad ng Tahanan.*** Bago maibenta ang mga bonong ito, dapat hilingin ng estado na aprubahan ng mga hukuman ang plano ng estado na magbayad para sa Walang Lugar na Tulad ng Tahanan. Dapat pagpasiyahan ng mga hukuman ang dalawang pangunahing isyu:

- Kung ang paggamit ng mga dolyar ng Batas sa mga Serbisyo sa Kalusugan ng Isip para sa Walang Lugar na Tulad ng Tahanan ay naaayon sa ginusto ng mga botante noong inaprubahan nila ang Batas sa mga Serbisyo sa Kalusugan ng Isip.
- Kung kailangang aprubahan ng mga botante ang mga bono ng Walang Lugar na Tulad ng Tahanan. (Iniaatas ng Saligang-batas ng Estado na aprubahan ng mga botante ang ilang partikular na uri ng panghihiram ng estado.)

Nakabinbin ang desisyong ito ng hukuman.

## MUNGKAHI

Pinapahintulutan ng panukala na ipatupad ng estado ang Walang Lugar na Tulad ng Tahanan. Sa partikular, ang panukala ay:

- ***Nag-aapruba sa Paggamit ng Batas sa mga Serbisyo sa Kalusugan ng Isip para sa Walang Lugar na Tulad ng Tahanan.*** Binabanggit sa panukala na maaaring gamitin ang mga pondo ng Batas sa mga Serbisyo sa Kalusugan ng Isip para sa Walang Lugar na Tulad ng Tahanan. Hindi hihigit sa $140 milyon sa mga pondo ng Batas sa mga Serbisyo sa Kalusugan ng Isip ang magagamit para sa Walang Lugar na Tulad ng Tahanan sa anumang taon.
- ***Nagpapahintulot ng Paghiram ng $2 Bilyon.*** Pinapahintulutan ng panukala ang estado na magbenta ng hanggang $2 bilyong bono upang magbayad para sa Walang Lugar na Tulad ng Tahanan. Babayaran ang mga bono sa loob ng maraming taon gamit ang mga pondo ng Batas sa mga Serbisyo sa Kalusugan ng Isip.

Sa pamamagitan ng panukalang ito, hindi na kakailanganin ng estado ang pag-apruba ng hukuman sa mga isyung tinalakay sa itaas upang mapatupad ang Walang Lugar na Tulad ng Tahanan.

## MGA EPEKTO SA PANANALAPI

***Nakadepende sa Desisyon ng Hukuman ang Epekto sa Pananalapi.*** Ang epekto sa pananalapi ng panukala ay nakadepende kung aaprubahan ng mga hukuman ang plano ng estado na magbayad para sa Walang Lugar na Tulad ng Tahanan o hindi. Kung aaprubahan ng hukuman ang plano ng estado, maliit lang ang magiging epekto ng panukala. Ito ay dahil ipagpapatuloy din ng estado ang pagpapatupad ng Walang Lugar na Tulad ng Tahanan aprubahan man ang plano o hindi. Kung tatanggihan ng hukuman ang plano ng estado, hindi maipagpapatuloy ng estado ang Walang Lugar na Tulad ng Tahanan. Magagawa ito ng estado sa pamamagitan ng panukalang ito.

**Bumisita sa *http://www.sos.ca.gov/campaign-lobbying/cal-access-resources/measure-contributions/2018-ballot-measure-contribution-totals/* para sa listahan ng mga komite na pangunahing binuo upang suportahan o tutulan ang panukalang ito. Bumisita sa *http://www.fppc.ca.gov/transparency/top-contributors/nov-18-gen.html* upang makita ang nangungunang 10 tagaambag ng komite.**

**Kung gusto ninyo ng kopya ng buong teksto ng panukala ng estado, pakitawagan ang Kalihim ng Estado sa (800) 339-2957 o maaari kayong mag-email sa *vigfeedback@sos.ca.gov* at libreng magpapadala sa inyo ng kopya sa pamamagitan ng koreo.**

## ★ PANGANGATWIRANG PABOR SA PROPOSISYON 2 ★

Ang OO sa Prop. 2 ay maghahatid ng napatunayan nang solusyon upang matulungan ang mga pinakananganganib na taong nakakaranas ng kawalan ng tirahan sa California. Ang Prop. 2 ay magpapatayo ng pabahay at magpapanatiling madali ang pagkuha ng mga serbisyo sa kalusugan sa isip para sa mga tao—na susi sa pagpapabuti sa kawalan ng tahanan na nagiging mas komplikado dahil sa sakit sa isip.

Mahigit sa 134,000 tao ang lugmok sa ating mga kalye, nagsisiksikan sa mga bangketa, at natutulog sa ilalim ng mga freeway at sa mga tabing-ilog. Kasindami ng sangkatlo ng mga taong naninirahan sa ilalim ng mga hindi ligtas na kondisyong ito ang may hindi natutugunang sakit sa isip.

Bawat taon, daan-daang taong namumuhay nang may malubhang sakit sa isip ang namamatay nang naghihinagpis at nag-iisa. Mapipigilan ang mga pagkamatay na ito.

Tinutugunan ng Prop. 2 ang krisis sa pampublikong kalusugan na ito na nagdudulot ng masamang epekto sa ating mga negosyo, bumbero, at serbisyong pang-emerhensiya. Pinapaigting nito ang ating pagkakaisa bilang komunidad at tumutuon ito sa pagtulong na iligtas ang buhay ng mga taong pinakananganganib sa atin.

WALANG LUGAR NA TULAD NG TAHANAN

Ang OO sa Prop. 2 ay nangangahulugan ng pagpapatayo ng 20,000 permanenteng pansuportang unit ng pabahay sa ilalim ng Programang "Walang Lugar na Tulad ng Tahanan." Nabibigyang-daan nito ang pagsasaayos ng pangangalaga sa kalusugan ng isip, mga serbisyo kaugnay ng paggamit ng droga o pag-inom ng alak, medikal na pangangalaga, mga tagapamahala ng kaso, edukasyon, at pagsasanay sa trabaho upang tulungan ang mga tao na matanggap ang kailangan nilang paggamot at matatag na tirahan.

Makikita mula sa deka-dekadang pananaliksik na nakakatulong sa pagtataguyod ng malusog at maayos na buhay ang pagbibigay ng matatag na tirahan at mga serbisyo sa kalusugan ng isip. Ang kombinasyong ito ay tinatawag na permanenteng pansuportang pabahay. Ayon sa mga pag-aaral, lubos na nakakabawas sa mga gastusin sa pampublikong kalusugan at kawalan ng pag-asa ang pansuportang pabahay.

PAGPAPATATAG NG PAKIKIPAGTULUNGAN UPANG TULUNGAN ANG MGA TAONG NANGANGAILANGAN

Ang OO sa 2 ay makakatulong na magtatag at magpalakas ng pakikipagtulungan sa pagitan ng mga doktor, tagapagpatupad ng batas, at tagapagkaloob ng serbisyo sa kalusugan ng isip at para sa mga taong walang tirahan upang matiyak na isasaayos at iaangkop ang pangangalaga upang matugunan ang mga pangangailangan ng bawat taong nakakaranas ng sakit sa kalusugan ng isip at kawalan ng tirahan, o na nanganganib na mawalan ng tirahan.

Kung wala ang pundasyon ng matatag na tahanang nakaugnay sa pangangalagang pangkalusugan ng isip, hindi makakapunta ang mga taong nakakaranas ng malubhang sakit sa isip sa mga pagpapatingin sa doktor at espesyal na serbisyo sa pagpapayo, at madalas ay nauuwi na lang sila sa mga emergency room.

"Hindi kailangang maging panghabambuhay na sentensiya ng pagdurusa at kakulangan ang sakit sa isip. Ang pansuportang pabahay ay nagbibigay ng katatagang kailangan ng mga tao habang nagpapagaling sila sa hindi pa nagagamot na malubhang sakit sa isip. Matutulungan sila nitong makaiwas sa paninirahan sa kalye at makapamuhay nang may dignidad."—*Darrell Steinberg, May-akda, Batas sa mga Serbisyo sa Kalusugan ng Isip.*

HINDI BUWIS ANG PROP. 2

WALANG GAGASTUSIN ANG MGA NAGBABAYAD NG BUWIS para sa Prop. 2—kailangan lang namin ng pag-aproba ng botante upang malampasan ang burukrasya at makatutok sa pagpapatayo ng pansuportang pabahay para sa mga taong walang tirahan at nangangailangan ng mga serbisyo sa kalusugan ng isip. Matagal nang nakalaan ang pondo ng estado para sa mga espesyal na uri ng serbisyo sa kalusugan ng isip at pabahay na ito.

Hindi madali ang pagtulong sa mga taong nakakaranas ng malubhang sakit sa isip at kawalan ng tirahan. Ngunit kung magsasama-sama tayo, makakatulong tayong pigilan ang mas maraming pagkamatay sa ating mga kalye at magbigay ng kinakailangang tulong sa pamamagitan ng pagpapatayo ng pabahay na nauugnay sa pagpapagamot at mga serbisyo sa kalusugan ng isip.

Makiisa sa mga doktor, eksperto sa kalusugan ng isip, opisyal ng pampublikong kalusugan, tagapagtaguyod para sa komunidad at kawalan ng tirahan, at marami pang iba sa pagboto ng OO sa Prop. 2.

**ZIMA CREASON,** Presidente
Mental Health America ng California (MHAC)

**HEPE DAVID SWING,** Presidente
Kapisanan ng mga Hepe ng Pulisya ng California

**DR. SERGIO AGUILAR-GAXIOLA,** Dating Miyembro
Pambansang Tagapayong Konseho para sa Kalusugan ng Isip ng Pambansang Institusyon ng Kalusugan ng Isip

## ★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG PABOR SA PROPOSISYON 2 ★

Sa katunayan, sa tulong ng mga komunidad ng pananampalataya, pinagdaraanan din ng mga kapamilya ang mga trahedyang inilalarawan ng mga tagapagtaguyod. Nagsisikap kaming humanap ng suporta sa pagpapagamot at pabahay para sa mga mahal sa buhay na pinagtutuunan ng Proposisyong ito.

Sinusuportahan namin ang paghahanap ng mga opsyon sa pabahay na pinagplanuhan nang mabuti upang mawakasan ang kawalan ng tirahan, ngunit kami ay Tutol sa Proposisyon 2 dahil kukuha ito ng Bilyun-bilyon sa ating mga mahal sa buhay at gagantimpalaan nito ang mga tagapagpaunlad, may-ari ng bono, at burukrata. Mula noong 2017, INIAATAS na ang isang bahagi ng pera ng Proposisyon 63, na tutukuyin ng bawat county nang may mungkahi ng komunidad, ay dapat ilaan bilang pondo sa pansuportang pabahay para sa mga nakakaranas ng *malubhang sakit sa isip*. TUTOL kami sa malupit at hindi makatuwiring pagbabawas ng hanggang $5.6 Bilyon sa lubos na kailangang pondo sa pagpapagamot para bayaran ang mga bono ($140 milyon taun-taon, sa loob ng apatnapung taon) at sa pagbibigay ng $100 Milyon sa mga burukrata sa pabahay sa estado na hindi nakakaunawa sa mga pagsubok na kinakaharap ng mga taong naninirahan nang may *malubhang sakit s a isip*.

Nanganganib na bawasan ng pederal na pamahalaan ang pondo sa pagpapagamot. Samakatuwid, hindi natin dapat isakripisyo ang anumang pondo ng MHSA upang lutasin ang isang problemang mas mainam na tugunan sa antas ng county. Ang pagbabawas sa mga pondo ng MHSA na kailangan para sa pagpapagamot ay mauuwi sa magastos na pagkakamali at makakadagdag sa:

Kapabayaan at kakulangan ng mapagkukunan para sa pagpapagamot.

Pagdulot ng pagkawala ng tirahan ng mas maraming indibidwal na may *malubha at pabalik-balik na sakit sa isip*, at ng paninirahan sa kalye o pagkakakulong ng mas marami sa kanila.

Sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa mga stakeholder, alam na ng mga county kung saan pinakamainam kumuha ng pabahay para sa kakayahang gumamit ng mahahalagang serbisyo. Inaalis ng Prop. 2 ang lokal na mungkahi at pauna nitong itinatakda ang balanse sa pagitan ng pangangailangan sa pagpapagamot at pabahay.

Ang pagpapagamot ang makakapigil sa pagkawala ng tirahan. Bumoto ng "Hindi" sa Proposisyon 2 upang mapigilan ang isang magastos at hindi makataong pagkakamali!

**CHARLES MADISON,** Presidente
NAMI Contra Costa

**GIGI R. CROWDER, L.E.,** Direktor na Tagapagpaganap
NAMI Contra Costa

**DOUGLAS W. DUNN,** Tagapangulo
Pambatasang Komite, NAMI Contra Costa

## ★ PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 2 ★

Mangyaring bumoto ng "Hindi" sa "Batas na Walang Lugar na Tulad ng Tahanan," na mas nararapat na tawaging "Batas sa Pagpapayaman ng Burukrata at Tagapagpaunlad," dahil sila ang lubos na makikinabang habang nagdurusa ang mga taong nakakaranas ng mga pinakamalubhang sakit sa isip.

Karamihan ng mga miyembro ng NAMI Contra Costa ay mga miyembro ng pamilya na "nasasangkot sa usapin," kaya matatag na tagapagtaguyod sila para sa mga taong namumuhay nang may malubha at pabalik-balik na sakit sa isip na tutol sa panukalang-batas na ito. Partikular na kung isasaalang-alang ang mga pagbabawas ng pederal na pamahalaan, ang NPLH ay *magkakaroon ng baliktad na epekto* dahil gagastos ito ng *bilyun-bilyong* pondo sa pagpapagamot na inilaan ng Proposisyon ng Botante 63 sa mga may malubhang sakit sa isip labing-apat na taon na ang nakalipas. Kung ipapasa ito, lubos kaming naniniwalang magdudulot ng higit pang kawalan ng tirahan ang NPLH sa pamamagitan ng pagtutulak sa mas maraming taong may sakit sa isip sa pagkakaroon ng mga malubhang sintomas na maaaring makapagparami ng mga naninirahan sa kalye.

Ang Proposisyon 2 ay:

- *Magastos—hanggang $5.6 Bilyon* ($140 milyon x 40, para sa mga 40 taong bono) upang kumita ng $2 bilyon para sa mga proyekto sa pabahay. Hindi mapupunta sa pabahay ang lahat ng ito, dahil ginarantiya na ng mga burukrata sa pabahay na makakatanggap sila ng $100 milyon (5% ng $2 Bilyon), na sa katunayan ay higit na mas malaki sa halagang kailangan upang ipatupad ang programa, at napagkasunduan na nilang kunin ang $140 milyon taun-taon bilang "mga gastusin sa pangangasiwa," kailangan man nila ang halagang iyon upang bayaran ang mga bono o hindi. Bilang resulta, mas malaki pa ang gagastusin ng publiko sa mga subsidiya para sa tagapagpaunlad (mga ipinagpalibang pautang na may mababang interes na gagamitin ng mga tagapagpaunlad upang magpatayo at bumili ng mahalagang pabahay sa California na nagkakahalagang $2 Bilyon, at ng hanggang 50% subsidiya sa pagpapatakbo).
- *Hindi kinakailangan,* dahil pinahintulutan ng Lehislatura ang mga county na magbayad para sa pabahay para sa kanilang mga mamamayang may malubhang sakit sa isip na kliyente ng Prop. 63 noong 2017, sa AB 727. Ang mga county, na maaaring mag-ipon ng mga kapital na pondo ng Batas sa mga Serbisyo sa Kalusugan ng Isip nang hanggang sampung taon, ay maaari nang "magbayad habang nagpapatuloy" upang makapagpatayo ng pabahay at makapagbigay ng mga subsidiya sa renta para sa mga kliyenteng ito. Hindi kailangan ng mga county na maglabas ng *bilyun-bilyon* para sa interes sa mga bono, hindi kinakailangang gastusin ng estado, at subsidiya para sa tagapagpaunlad upang gawin ito. Alam ng mga county ang mga pangangailangan ng kanilang mga kliyenteng may sakit sa isip, pati kung anong pabahay ang maaari nang ipagkaloob. Sila lang ang makakatukoy kung pinakamainam gamitin ang kanilang mga pondo ng MHSA upang magbayad para sa pagpapagamot o pagpapatayo ng pabahay sa kanilang mga lokalidad.
- *Hindi nagsasagawa ng anumang hakbang* upang tugunan ang mga sistematikong legal na hadlang, gaya ng limitadong proteksyon ng estado laban sa mapaglimitang lokal na pagsosona, na magpapahirap sa pagpapatayo ng pansuportang pabahay para sa mga pangkat gaya ng mga may malubhang sakit sa isip. Kadalasang masidhing tinututulan ng mga kapitbahayan ang pagpapapasok sa kanila. Hindi makatuwirang maglabas ng bilyun-bilyon para sa interes at gastusin upang humiram ng perang maaaring hindi magamit dahil sa lokal na pagtutol sa mga proyekto sa pansuportang pabahay kung saan may malubhang sakit sa isip ang mga maninirahan.

Naglaan ang mga Botante ng pera mula sa Proposisyon 63 para sa pagpapagamot, na *pumipigil* sa pagkawala ng tirahan, noong 2004. Doon dapat mapunta iyon.

**CHARLES MADISON,** Presidente
NAMI Contra Costa

**GIGI R. CROWDER, L.E.,** Direktor na Tagapagpaganap
NAMI Contra Costa

**DOUGLAS W. DUNN,** Tagapangulo
Pambatasang Komite, NAMI Contra Costa

## ★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 2 ★

Sa kasamaang palad, marming pamilyang naaapektuhan ng sakit sa isip. Kapag hinayaan ito at hindi pinagamot, maaari ring maging malaking pagsubok ito para sa mga komunidad sa California, dahil sa idinudulot nitong tuluy-tuloy na kawalan ng tirahan.

Napapalala ng kawalan ng tirahan ang sakit sa isip, na mas nagpapahirap sa pagpapagamot para sa mga pinakanangangailangan nito. Kailangan ng tulong ng mga taong naninirahan sa ating mga kalye, sa mga pintuan, at sa mga parke NGAYON. Ito ang dahilan kung bakit napakahalaga ng Prop. 2.

*Ang OO sa Prop. 2 ay makakatulong na malutas ang kawalan ng tirahan—at makatipid ng pera*

Sa pamamagitan ng Prop. 2, magpapagawa ng ligtas at matatag na pabahay, na iuugnay sa paggamot sa kalusugan ng isip at pagkalulong sa alak o droga.

Mapapatatag ng Prop. 2 ang pakikipagtulungan sa pagitan ng mga doktor, tagapagpatupad ng batas, at tagapagkaloob ng serbisyo sa walang tirahan, na nahaharap sa pagsubok ng pagbibigay ng epektibong pangangalaga sa mga taong nakakaranas ng sakit sa isip at pagkalulong sa alak o droga.

WALANG GAGASTUSIN ANG MGA NAGBABAYAD NG BUWIS para sa Prop. 2. Sa halip, nilalampasan nito ang burukrasya upang magamit ng mga komunidad ang mga kasalukuyang pondo upang tugunan NGAYON ang problemang kawalan ng tirahan na nangangailangan ng agarang pagtugon.

Ayon sa mga pag-aaral, makakatulong ang Prop. 2 upang magawa ng mga indibidwal na palagiang walang tirahan at namumuhay nang may malubhang sakit sa isip na huminto sa paninirahan sa kalye.

Ayon sa isang pag-aaral ng RAND noong 2018, nagsisimula nang magtagumpay ang diskarte ng Prop. 2 sa County ng Los Angeles, pagkalipas lang ng isang taon:

- *3,500 taong walang tirahan ang* wala na sa mga kalye
- *96%* ng mga kalahok sa pag-aaral ang *nanatili sa programa* nang isang taon mahigit
- *Nakatipid ang mga nagbabayad ng buwis ng mahigit $6.5 milyon* sa loob lang ng isang taon
- *70% mas madalang na kinailangang magpunta sa ER ang mga kalahok,* na nakabawas sa mga gastos sa pangangalagang pangkalusugan, at nagpagaan sa pasanin ng mga tagatugon sa emerhensiya

Matuto pa: Bumisita sa *CAYesonProp2.org.*

Bumoto ng OO sa Prop. 2: magbigay ng ligtas at matatag na pansuportang pabahay at mga serbisyo para sa mga taong palagiang walang tirahan—napatunayan nang nakakatulong ito na makahinto sa paninirahan sa kalye ang mga taong namumuhay nang may sakit sa isip.

**DR. AIMEE MOULIN,** Presidente
Chapter sa California ng Kolehiyo ng Mga Doktor na Pang-emerhensiya sa Amerika

**BRIAN K. RICE,** Presidente
Mga Propesyonal na Bumbero ng California

**JANLEE WONG, MSW,** Direktor na Tagapagpaganap
Pambansang Kapisanan ng mga Manggagawang Panlipunan— Chapter sa California

PROPOSISYON

# 3 NAGPAPAHINTULOT NG MGA BONO UPANG PONDOHAN ANG MGA PROYEKTO PARA SA SUPLAY AT KALIDAD NG TUBIG, HIMPILAN NG TUBIG, ISDA, LIGAW NA BUHAY, PAGHAHATID NG TUBIG, AT KAKAYAHAN SA PAGPAPATULOY AT PAG-IIMBAK NG TUBIG SA LUPA. INISYATIBONG BATAS.

## OPISYAL NA TITULO AT BUOD

INIHANDA NG PANGKALAHATANG ABUGADO

**Makikita ang teksto ng panukalang ito sa website ng Kalihim ng Estado sa *http://voterguide.sos.ca.gov.***

- Nagpapahintulot ng $8.877 bilyon na mga pangkalahatang obligasyong bono ng estado para sa iba't ibang proyektong impra-istruktura: $3.03 bilyon para sa ligtas na inuming tubig at kalidad ng tubig, $2.895 bilyon para sa mga pagpapahusay ng himpilan ng tubig at pangisdaan, $940 milyon para sa proteksiyon ng likas na tirahan, $855 milyon milyon para sa pinahusay na paghahatid ng tubig, $685 milyon milyon para sa kakayahan sa pagpapatuloy/pag-iimbak ng tubig sa lupa, at $472 milyon para sa mga pagkukumpuni ng imbakan/dam ng pang-ibabaw na tubig.
- Naglalaan ng pera mula sa Pangkalahatang Pondo upang bayaran ang mga bono.
- Nag-aatas sa mga partikular na proyekto na magkaloob ng mga panumbas na pondo mula sa di-estado na mga pinagkukunan; nagbibigay ng prayoridad sa mga komunidad na kulang sa kakayahan.

**BUOD NG PAGTATANTIYA NG PAMBATASANG TAGASURI SA NETONG EPEKTO SA PANANALAPI NG PAMAHALAAN NG ESTADO AT LOKAL NA PAMAHALAAN:**

- Tumaas na mga gastusin ng estado upang muling bayaran ang mga bono na may average na $430 milyon kada taon sa loob ng 40 taon.
- Mga ipon ng mga lokal na pamahalaan, na malamang na may average na dalawang daang milyong dolyar taun-taon sa loob ng susunod na ilang dekada.

**Mga Pagtatantiya ng Gastusin sa Bono ng Estado**

| | |
|---|---|
| Ipinahintulot na bagong paghiram | $8.9 na bilyon |
| Average na taunang gastusin upang mabayaran ang mga bono | $430 milyon |
| Malamang na panahon ng pagbabayad | 40 taon |
| Pinagkukunan ng pambayad | Mga kita sa buwis ng Pangkalahatang Pondo |

## PAGSUSURI NG PAMBATASANG TAGASURI

### BATAYAN

***Ang mga Mamamayan ng California ay Nakakakuha ng Tubig Mula sa Ilang Mapagkukunan.*** Ang karamihan ng tubig na ginagamit bilang inumin at para sa pagsasaka sa California ay nagmumula sa ulan at natunaw na niyebe. Dumadaloy ang ulan at niyebe sa mga sapa at ilog, at marami sa mga ito ang nagsisimula sa kabundukan. Ang mga lugar kung saan nagsisimula ang mga sapa at ilog na ito ay tinatawag na “mga himpilan ng tubig.” Ang California ay nagpatayo na ng mga dam, imbakan, at kanal upang mag-imbak ng tubig at maipadala ito sa buong estado. Nagbobomba rin ng tubig mula sa ilalim ng lupa (tinatawag na “tubig sa lupa”), partikular na sa mga taong tagtuyot, kung kailan hindi gaanong nagkaroon ng pag-ulan at pagniyebe. Nagmumula sa iba pang mapagkukunan ang isang maliit na bahagi ng tubig ng estado, gaya ng paglilinis at muling paggamit ng basurang tubig na ipinapadala ng mga sambahayan at negosyo sa mga alkantarilya (tinatawag na “pag-recycle ng tubig”).

***Ang mga Lokal na Pamahalaan ang Pangunahing Gumagasta para sa Tubig.*** Ang mga ahensiya ng lokal na pamahalaan—kadalasang mga distrito ng tubig, lungsod, at county—ang nagpopondo sa karamihan ng mga proyektong nagbibigay ng malinis na tubig na magagamit ng mga tao bilang inumin, nagbibigay ng tubig para sa pagsasaka, at pumoprotekta sa mga komunidad laban sa pagbaha. Ang mga ahensiyang ito ay gumagasta ng humigit-kumulang $25 bilyon kada taon sa mga uring ito ng aktibidad na nauugnay sa tubig. Nagbabayad ang mga residente para sa kalakhan ng paggastang ito kapag binabayaran nila ang kanilang mga bill sa tubig at alkantarilya.

***Gumagasta Rin ng Pera ang Estado para sa Tubig, Pati sa mga Proyektong Pangkalikasan.*** Ang estado ay nagbibigay ng mga gawad at pautang sa mga ahensiya ng lokal na pamahalaan upang makatulong sa pagbabayad ng bahagi ng mga gastos sa ilan sa mga proyekto sa tubig ng mga ito. Gumagasta rin ng pera ang estado para sa mga proyekto upang mapaganda ang natural na kapaligiran, kabilang ang pagprotekta sa mga tirahan ng mga isda, ibon, at iba pang ligaw na buhay. Sa maraming sitwasyon, ang estado—at hindi ang mga lokal na pamahalaan—ang nagbibigay ng karamihan ng pondo para sa mga proyekto sa kapaligiran na ito. Kung minsan, nagsasagawa ng mga proyekto sa kapaligiran ang mga mismong kagawaran ng estado, at minsan ay nagbibigay sila ng gawad sa mga lokal na pamahalaan, di-nagtutubong organisasyon, at iba pang organisasyon para sa mga proyektong ito. Sa mga taon kamakailan, gumagasta ng humigit-kumulang $4 na bilyon kada taon ang

estado upang suportahan ang mga proyekto sa tubig at kapaligiran.

***Ang mga Bonong Inaprubahan ng Botante ay Isang Karaniwang Mapagkukunan ng Pondo ng Estado para sa mga Proyektong Ito.*** Pangunahing ginagamit ng estado ang mga pangkalahatang obligasyon (GO) na bono at ang Pangkalahatang Pondo ng estado upang magbayad para sa mga proyekto sa tubig at kapaligiran. Ang mga GO na bono ay paraan ng paghiram ng pera. Pinapahintulutan ng mga botante ang estado na magbenta ng mga bono sa mga mamumuhunan, at ginagamit ng estado ang perang iyon bilang "maagang" pagpopondo para sa mga proyekto. Pagkatapos, binabayaran ng estado ang mga mamumuhunan sa paglipas ng panahon, nang may interes, mula sa Pangkalahatang Pondo—ang pangunahing account sa pagpapatakbo ng estado, na ginagamit ding pambayad para sa edukasyon, mga bilangguan, pangangalagang pangkalusugan, at iba pang serbisyo. (Para sa higit pang impormasyon tungkol sa paggamit ng estado sa mga bono, tingnan ang "Pangkalahatang-tanaw ng Utang sa Bono ng Estado" sa patnubay na ito sa ibang pagkakataon.)

Mula noong taong 2000, naaprubahan na ng mga botante ang humigit-kumulang $31 bilyong GO na bono sa mga pambuong-estadong halalan upang mabayaran ang iba't ibang uri ng proyekto sa tubig at kapaligiran. Sa halagang ito, humigit-kumulang sangkatlo pa ang natitira para sa pagbabayad ng mga bagong proyekto mula Hunyo 2018. Kabilang dito ang $4 na bilyon na inaprubahan ng mga botante sa pamamagitan ng Proposisyon 68 noong Hunyo 2018.

## MUNGKAHI

***$8.9 na Bilyong Bono para sa mga Proyekto sa Tubig at Kapaligiran.*** Pinapahintulutan ng proposisyong ito ang estado na magbenta ng $8.9 na bilyong GO na bono para sa iba't ibang proyekto sa tubig at kapaligiran. Ang mga pondong ito ay mapapabilang sa anim na pangunahing kategorya, gaya ng ibinubuod sa Pigura 1.

Sa ilalim ng mga pangunahing kategoryang ito, nagsasama ng humigit-kumulang 100 sangay na kategorya ang proposisyon para sa kung paano dapat gastahin ang mga partikular na halaga, kabilang ang para sa mga partikular na rehiyon ng estado o partikular na proyekto. Kabilang sa mga pangunahing kategorya sa paggasta ng proposisyon ang mga sumusunod:

- ***Mga Lupaing Himpilan ng Tubig ($2.5 Bilyon).*** Nagpopondo ng mga proyekto ang kategoryang ito upang mapabuti ang kundisyon ng mga lupaing himpilan ng tubig, kung saan kabilang ang mga gubat, damuhan, latian, at lugar na malapit sa mga ilog. Dapat protektahan o pagbutihin ng mga popondohang proyekto ang suplay at kalidad ng tubig na nagmumula sa mga lupaing ito. Marami sa mga proyektong ito ang magkakaroon din ng magagandang epekto sa kapaligiran, gaya ng pagpapaganda ng tirahan ng mga isda at ligaw na buhay o pagpapababa ng posibilidad ng mga sunog sa gubat. Kabilang sa kategorya ng pagpopondo na ito ang 50 sangay na kategorya na may mga espesyal na pag-aatas, kabilang ang paggasta ng mga partikular na halaga sa mga partikular na lugar sa estado. Halimbawa, naglalaan ang proposisyon ng $250 milyon para sa mga gubat sa Kabundukan ng Sierra Nevada at $200 milyon para sa Dagat Salton sa Southern California.
- ***Suplay ng Tubig ($2.1 Bilyon).*** Ang pondong ito ay para sa mga proyektong makakadagdag sa dami

**Pigura 1**

### Mga Paggamit ng mga Pondo sa Bono ng Proposisyon 3

*(Sa mga Milyon)*

| Kategorya | Mga Pangunahing Aktibidad | Halaga |
|---|---|---|
| **Mga lupaing himpilan ng tubig** | Pagprotekta, pagpapanumbalik, at pagpapahusay ng kalagayan ng mga lupaing himpilan ng tubig sa mga partikular na lugar sa estado upang madagdagan ang dami at kalidad ng tubig. | $2,495 |
| **Suplay ng tubig** | Pagpapahusay at pagpaparami: naiinom na tubig at paggamot ng basurang tubig, pag-recycle ng tubig, pangongolekta at paglilinis ng tubig-ulan, at pagtitipid ng tubig. | 2,130 |
| **Tirahan ng mga isda at ligaw na buhay** | Pagpapaganda ng mga tirahan ng isda at ligaw na buhay, kabilang ang pagpapanumbalik ng mga sapa at latian sa mga mas natural na kundisyon. | 1,440 |
| **Mga pagpapahusay ng pasilidad ng tubig** | Pag-uugnay at pagkukumpuni ng mga kasalukuyang dam, kanal, at imbakan. | 1,227 |
| **Tubig sa lupa** | Paglilinis, pagpapanumbalik, at pamamahala ng tubig sa lupa. | 1,085 |
| **Proteksiyon sa baha** | Pagbabawas sa panganib ng baha, kabilang ang pagpapalawak ng mga floodplain at pagkukumpuni ng mga imbakan. | 500 |
| **Kabuuan** | | **$8,877** |

## PAGSUSURI NG PAMABATASANG TAGASURI



ng tubig na magagamit ng mga tao. Kabilang dito ang pera para sa pangongolekta at paglilinis ng tubig-ulan ($550 milyon), paglilinis ng naiinom na tubig ($500 milyon), at pag-recycle ng basurang tubig ($400 milyon). Nagbibigay din ng pondo ang proposisyon para sa mga aktibidad sa pagtitipid ng tubig na makakabawas sa tubig na ginagamit ng mga tao ($300 milyon). Maaaring kabilang dito ang pagbabayad ng bahagi ng halagang gagastusin ng mga tao sa pagpapakabit ng mga palikurang gumagamit ng mas kaunting tubig o paggamit ng mga halamang hindi nangangailangan ng gaanong tubig sa halip ng damo sa kanilang mga bakuran.

- ***Tirahan ng mga Isda at Ligaw na Buhay ($1.4 na Bilyon).*** Pinopondohan ng kategoryang ito ang mga proyektong magpapaganda ng tirahan ng mga isda at ligaw na buhay. Maaaring kabilang sa mga uri ng proyekto ang pagpaparami ng tubig na dumadaloy sa latian o ilog, at pagbili ng hindi pa napapaunlad na lupain upang panatilihin ito sa natural nitong kalagayan. Ilalaan ng proposisyon ang isang bahagi ng pondo para sa mga proyektong tutulong sa mga partikular na species, kabilang ang mga isdang natural na matatagpuan sa Central Valley ($400 milyon), salmon at steelhead trout ($300 milyon), at mga nagma-migrate na ibon ($280 milyon).
- ***Mga Pagpapahusay ng Pasilidad ng Tubig ($1.2 Bilyon).*** Ang pondong ito ay para sa apat na partikular na proyektong magpapadali para sa mga tao na makakuha ng tubig sa mga partikular na lugar sa estado. Kabilang sa mga proyektong ito ang: (1) pagkukumpuni ng mga kanal na pag-aari ng pederal na pamahalaan, ang Madera at Friant-Kern sa Central Valley ($750 milyon), (2) pagpapatayo ng mga kanal at iba pang uri ng proyektong nagkokonekta ng mga lokal na imbakan sa mga komunidad sa rehiyon ng San Francisco Bay ($250 milyon), (3) pagkukumpuni ng Oroville Dam, na pag-aari ng estado, sa County ng Butte ($200 milyon), at (4) pagpaplano ng mga pagbabago para sa North Bay Aqueduct na magdudulot ng kapakinabangan sa mga County ng Solano at Napa ($5 milyon).
- ***Tubig sa Lupa ($1.1 Bilyon).*** Pinopondohan ng kategoryang ito ang mga proyektong nauugnay sa pag-iimbak ng tubig sa lupa upang tiyaking magagamit ang tubig sa lupa sa mga susunod na taon. Kabilang dito ang mga aktibidad sa paglilinis ng tubig sa lupa sa pamamagitan ng pag-aalis ng asin upang mas mapakinabangan ito ($400 milyon). Gagamitin din ang pondo para sa mga proyektong tutulong na mahigop muli sa lupa ang tubig upang magamit ito sa hinaharap (tinatawag na "pagpapanumbalik ng tubig sa lupa").
- ***Proteksiyon sa Baha ($500 Milyon).*** Ang pondong ito ay para sa mga proyektong makakabawas sa panganib na dulot ng pagbaha. Maaaring kabilang sa mga proyektong ito ang pagpapalawak ng mga floodplain (na nagsisilbing lugar kung saan maaaring dumaloy ang tubig baha nang hindi nagdudulot ng gaanong panganib) at pagkukumpuni ng mga imbakan. Ang ilan sa mga proyektong ito ay magdudulot ng iba pang pakinabang, gaya ng pagpapaganda ng tirahan ng mga isda at ligaw na buhay, pagpaparami ng suplay na tubig, at pagpapahusay ng mga oportunidad sa paglilibang. Ang ilang bahagi ng pondong ito ay para sa mga proyekto sa mga partikular na lugar sa estado, kabilang ang Central Valley ($200 milyon) at ang San Francisco Bay Area ($200 milyon).

***Ipinamamahagi ang Kalakhan ng Pondo sa Pamamagitan ng mga Gawad.*** Naglalaan ng pondo ang proposisyon sa mahigit isang dosenang iba't ibang kagawaran ng estado. Ang proposisyon ay tuluy-tuloy na naglalaan ng mga pondo sa bono sa mga kagawarang ito, na naiiba sa karamihan sa mga bono sa tubig at kapaligiran. Ibig sabihin nito, hindi gagastahin ng Lehislatura ang mga pondo sa taunang badyet ng estado. Sa halip, awtomatikong makakatanggap ng pondo ang mga kagawaran kapag handa na silang gastahin ito. Gagastahin ng mga kagawaran ang bahagi ng mga pondo upang mismong magsagawa ng mga proyekto. Gayunpaman, ang halos lahat ng pondo ay ibibigay bilang mga gawad sa mga ahensiya ng lokal na pamahalaan, tribong Indiyan, di-nagtutubong organisasyon, at pribadong kumpanya sa tubig para sa mga partikular na proyekto. Para sa ilang sangay na kategorya ng pagpopondo—partikular na ang mga nauugnay sa pagpaparami o pagprotekta sa suplay ng tubig—kakailanganin ng mga makakatanggap ng gawad na magbigay ng $1 o higit pang lokal na pondo para sa bawat $1 na gawad na pondo na matatanggap nila.

***Nagbibigay ng Pondo para sa "Mahihirap na Komunidad."*** May ilang pag-aatas ang proposisyon para sa pagtulong sa mahihirap na komunidad (na may mas mababang average na kita). Para sa ilang sangay na kategorya sa paggasta, iniaatas ng proposisyon na gastahin ang pondo sa mga proyektong magdudulot ng pakinabang sa mga komunidad na ito. Bukod pa rito, sa maraming sitwasyon, hindi kakailanganin ng mahihirap na

## PAGSUSURI NG PAMABATASANG TAGASURI

IPINAGPATULOY

komunidad na makakatanggap ng gawad na bayaran ang lokal na bahagi sa gastos na tinalakay sa itaas.

***Nagbibigay ng mga Pondo sa Greenhouse Gas (GHG) para sa mga Proyekto sa Tubig.*** Bukod sa $8.9 na bilyong bono, binabago rin ng proposisyong ito kung paano dapat gastahin ng estado ang ilang kasalukuyang pondong nauugnay sa mga GHG. Nagpasa ng mga batas ang estado upang mabawasan ang pag-init ng daigdig sa pamamagitan ng paglilimita ng dami ng GHG na nailalabas ng California. Kabilang sa mga pagsisikap na ito ang programang “cap-and-trade,” na nag-aatas sa ilang kumpanya at ahensiya ng pamahalaan na bumili ng mga permiso sa paglalabas ng GHG mula sa estado. Ang programa ay nagdudulot ng pagtaas ng gastos sa kuryente ng ilang ahensiya sa tubig para sa pagpapatakbo ng ilang bahagi ng sistema sa paghahatid ng tubig, gaya ng mga pambomba at planta ng paggamot ng tubig. Iniaatas ng proposisyong ito na ang isang bahagi ng pondong natatanggap ng estado mula sa pagbebenta ng mga permiso ay dapat ibigay sa apat na ahensiya sa tubig—ang Kagawaran ng mga Mapagkukunan ng Tubig ng estado, ang Pangkalunsurang Distrito ng Tubig ng Southern California, ang Distrito ng Tubig ng Contra Costa, at ang Awtoridad sa Tubig ng San Luis at Delta Mendota. Ang halaga ng pondo ay katumbas ng karagdagang gastos sa kuryente ng bawat ahensiya na nauugnay sa mga programa ng estado sa pagbabawas ng GHG. Tinatantiya naming maaaring umabot sa sampu-sampung milyong dolyar kada taon ang kabuuan nito. (Sa pinakakamakailang taon, nakatanggap ang estado ng $3 bilyon mula sa pagbebenta ng mga permiso.) Iaatas sa mga ahensiya na gastahin ang mga pondong matatanggap nila sa mga aktibidad tulad ng mga programa sa pagtitipid ng tubig. Sa gayon, hindi na magagamit ng estado ang mga pondong ito bilang panggastos para sa iba pang aktibidad.

## MGA EPEKTO SA PANANALAPI

***Mga Gastos sa Bono ng Estado.*** Papahintulutan ng proposisyong ito ang estado na humiram ng $8.9 na bilyon sa pamamagitan ng pagbebenta ng mga karagdagang GO na bono sa mga mamumuhunan. Babayaran nang may interes ang mga mamumuhunang ito gamit ang Pangkalahatang Pondo mula sa kita sa buwis ng estado. Ang halaga ng mga bonong ito ay dedepende sa iba't ibang salik—gaya ng mga antas ng interes na nalalapat sa panahon ng pagbebenta ng mga ito, kung kailan ibinenta ang mga bono, at kung kailan babayaran ang mga ito. Tinatantiya namin na ang magiging gastos ng mga nagbabayad ng buwis sa estado upang maibalik ang bayad sa bonong ito ay aabot sa kabuuang $17.3 bilyon upang mabayaran ang prinsipal ($8.9 na bilyon) at interes ($8.4 na bilyon). Magreresulta ito sa average na gastos na **humigit-kumulang $430 milyon taun-taon sa loob ng susunod na 40 taon.** Ang halagang ito ay humigit-kumulang sangkatlo ng 1 porsyento ng kasalukuyang badyet ng Pangkalahatang Pondo ng estado.

***Mga Lokal na Gastos at mga Ipon upang Matapos ang mga Proyekto.*** Karamihan ng pagpopondo ng bono ay gagamitin para sa mga proyekto ng lokal na pamahalaan. Ang pagbibigay ng mga pondo ng estado para sa mga lokal na proyekto ay makakaapekto sa kung magkano sa mga sariling pondo ng mga lokal na pamahalaang ito ang gagastahin nila sa mga proyektong ito. Sa maraming sitwasyon, makakabawas sa lokal na paggasta ang mga bono ng estado. Halimbawa, mangyayari ito sa mga sitwasyon kung saan nagiging pamalit ang mga pondo sa bono ng estado sa mga perang gagastusin dapat ng mga lokal na pamahalaan sa mga proyekto.

Gayunpaman, may ilang sitwasyon kung saan napapalaki ang kabuuang paggasta sa mga proyekto ng mga lokal na pamahalaan dahil sa mga pondo ng estado. Halimbawa, maaaring piliin ng mga lokal na pamahalaan na magsagawa ng mga karagdagan o higit na mas malaking proyekto kumpara sa dapat na gagawin nila kung walang magagamit na pondo ng estado. Para sa ilan sa mga proyektong ito—gaya na lang kapag kinakailangan sa bono ang lokal na pagbabahagi sa gastos—sasagutin ng mga lokal na pamahalaan ang ilan sa mga karagdagang gastos.

Sa pangkalahatan, tinatantiya naming magreresulta ang proposisyong ito sa pagkakaroon ng mga ipon ng lokal na pamahalaan upang matapos ang mga proyektong pinopondohan ng bonong ito. Ang mga ipong ito ay maaaring umabot sa average na ilang daang milyong dolyar taun-taon sa loob ng susunod na ilang dekada. Dedepende ang eksaktong halaga sa kung aling mga partikular ng proyekto ang pipiliin ng mga lokal na pamahalaan, at kung magkano ang bahagi nila sa mga kabuuang gastos sa proyekto.

**Bumisita sa *http://www.sos.ca.gov/campaign-lobbying/cal-access-resources/measure-contributions/2018-ballot-measure-contribution-totals/* para sa listahan ng mga komite na pangunahing binuo upang suportahan o tutulan ang panukalang ito. Bumisita sa *http://www.fppc.ca.gov/transparency/top-contributors/nov-18-gen.html* upang i-access ang nangungunang 10 tagaambag ng komite.**

**Kung gusto ninyo ng kopya ng buong teksto ng panukala ng estado, pakitawagan ang Kalihim ng Estado sa (800) 339-2957 o maaari kayong mag-email sa *vigfeedback@sos.ca.gov* at libreng magpapadala sa inyo ng kopya sa pamamagitan ng koreo.**

PROPOSISYON

# 3

NAGPAPAHINTULOT NG MGA BONO UPANG PONDOHAN ANG MGA PROYEKTO PARA SA SUPLAY AT KALIDAD NG TUBIG, HIMPILAN NG TUBIG, ISDA, LIGAW NA BUHAY, PAGHAHATID NG TUBIG, AT KAKAYAHAN SA PAGPAPATULOY AT PAG-IIMBAK NG TUBIG SA LUPA. INISYATIBONG BATAS.

## ★ PANGANGATWIRANG PABOR SA PROPOSISYON 3 ★

Natutugunan ng Proposisyon 3 ang matindi at agarang pangangailangan ng California na magtiyak ng ligtas, maaasahan, at malinis na suplay ng tubig sa pamamagitan ng

- Pagpapahusay ng paghahanda para sa pangmatagalang tagtuyot
- Pagbibigay ng ligtas na naiinom na tubig sa milyun-milyong mamamayan ng California, kabilang ang mga nasa mahihirap na komunidad
- Pagpaparami ng tubig na umaagos mula sa bundok na iniipon at ginagamit natin
- Pagkukumpuni ng mga kasalukuyang kanal na nagdidilig sa ating mga halamang pinagkukunan ng pagkain
- Pagkukumpuni ng Oroville at iba pang dam upang mapanatiling ligtas ang mga tao at makapag-imbak ng mas maraming tubig
- Pagpapahusay ng kalidad ng tubig sa lupa, at ng tubig sa mga ilog, lawa, at sapa
- Paggamit ng nilinis na tubig para sa industriya at pagpapaganda ng lupa

Dapat nating tiyakin ang suplay ng tubig ng ating estado para sa hinaharap sa pamamagitan ng patuloy na pamumuhunan sa pagtitipid ng tubig, pagre-recyle, mga kanal, mga linya ng tubo, at mga pasilidad ng pag-iimbak ng tubig.

"Dapat maging handa ang California para sa susunod na tiyak na tagtuyot at baha, na mapapatindi ng pagbabago ng klima. Sa pamamagitan ng Proposisyon 3, makakapaghanda ang California para sa mga pagbabago sa suplay ng tubig, kalidad ng tubig, at pagbaha. Namumuhunan ito sa pagtitipid at pag-recycle ng tubig."—*Betty Andrews, Inhinyera ng mga Mapagkukunan ng Tubig*

"Mapapahusay ng Proposisyon 3 ang kalidad ng tubig sa ating karagatan, mga lawa, mga ilog, at mga sapa, at poprotektahan nito ang likas na tirahan ng mga isda, ibon, at ligaw na buhay sa California."—*Propesor Peter Moyle, Siyentipiko ng Biyolohiya*

"Manganganib ang ating suplay ng tubig kung magkakaroon ng likas na kalamidad. Sa pamamagitan ng pagpapahusay ng ating mga pasilidad ng suplay ng tubig, mapoprotektahan ng Proposisyon 3 ang mga mamamayan ng California laban sa mga lindol, malaking sunog, at landslide. Magbibigay din ito ng maraming kapakinabangan, kabilang ang tubig para sa tirahan ng mga isda at ligaw na buhay, sakahan, lungsod, at libangan."—*David Guy, Kapisanan sa Tubig ng Northern California*

"Dapat gamitin ng California ang lahat ng mapagkukunan ng tubig para sa maaasahang suplay ng tubig at mas de-kalidad na tubig."—*Charley Wilson, Koalisyon sa Tubig ng Southern California*

"Ang kalidad ng tubig sa ating mga ilog, lawa, look, at karagatan ay mapapahusay ng Proposisyon 3."—*David Lewis, Save The Bay*

"Dapat nating ipunin ang tubig-bagyo at gamitin ito para sa mga suplay ng tubig, at pigilan ang pagkakaanod ng basura sa mga ilog at sa karagatan."—*Juliana Gonzalez, Ph.D., Tagaplano para sa mga Mapagkukunan ng Tubig*

"Pinoprotektahan at pinapanumbalik ang mga himpilan ng tubig, pinapahusay ang suplay at kalidad ng tubig."—*Esther Feldman, Community Conservation Solutions*

"Mababawasan ang pinsala mula sa pagbaha at pagguho ng lupa, at mapapahusay ang mga sapa at ilog sa pamamagitan ng mga espasyo at daanang pupunuin ng halaman."—*Ann Riley, Ph.D., Tagaplano para sa mga Mapagkukunan ng Tubig*

"Makakatulong ang panukalang ito upang maprotektahan ang ating lokal na suplay ng pagkain at patuloy nating matamasa ang sariwang prutas, bigas, gatas, at iba pang produkto ng bukid na lokal na pinapatubo."—*Carol Chandler, Magsasaka ng Peach*

"Mapapahusay ng Proposisyon 3 ang kalidad ng ating mga himpilan ng tubig, na makakatulong sa pagsugpo sa malalaking sunog, at na makaahon tayo sa mga dating malaking sunog."—*Barbara Balen, Kapisanan ng mga Mountain County para sa mga Mapagkukunan ng Tubig*

"Ang kapaligiran at ekonomiya ng California ay nakadepende sa malinis at maaasahang suplay ng tubig. Kaya naman sinusuportahan ng mga pangkapaligirang negosyo at organisasyon gaya ng Kamara de Komersiyo ng California, Konseho ng Bay Area, Ducks Unlimited, Pamunuang Pangkat ng Silicon Valley, Natural Heritage Institute, at Kapisanan ng Industriya at Komersiyo ng Valley ang Proposisyon 3."—*Alan Zaremberg, Kamara de Komersiyo ng California*

"Nakadepende sa maaasahang malinis na tubig ang ligaw na buhay at mga komunidad ng California. Ang Prop. 3 ay nagbibigay ng ligtas na naiinom na tubig at tulong sa pangmatagalang tagtuyot sa pamamagitan ng paglilinis ng maruruning anyong tubig, pagpapanumbalik ng mga gubat at latian, at pagpapahusay ng mga palaisdaan at katubigang tirahan ng hayop."—*Collin O'Mara, Pambansang Pederasyon para sa Ligaw na Buhay*

Sinusuportahan ng mga lokal na distrito ng tubig ang Proposisyon 3 dahil nagbibigay ito ng ligtas, maaasahan, at malinis na naiinom na tubig.

Oo sa 3!

**DYAN WHYTE,** Siyentipiko ng Kalidad ng Tubig

**JANET SANTOS COBB**
Pundasyon para sa Ligaw na Buhay ng California

**ROBERTO RAMIREZ,** Inhinyero ng mga Mapagkukunan ng Tubig

## ★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG PABOR SA PROPOSISYON 3 ★

"Magtiyak ng ligtas, maaasahan, at malinis na suplay ng tubig," ayon sa pangangatwiran ng mga tagapagtaguyod. Ngunit ang perang ilalaan sa napakaraming mungkahi ay hindi magbibigay ng kahit isang patak ng tubig.

Ang bagong tubig ay nagmumula sa kalangitan—ulan sa mababababang lupain at niyebe sa mga bundok. Ang tanging paraan upang mangolekta at mag-imbak ng ulan at natunaw na niyebe ay sa pamamagitan ng paglalagay ng mga dam sa maiinam na puwesto sa ating mga pangunahing ilog. Hindi magpopondo ng kahit isang dam ang Prop. 3.

Hindi lang iyon; unti-unti ring napupuno ng banlik (mga bato at dumi) ang mga dam. Sa paglipas ng panahon, mas kaunting tubig ang maiimbak sa mga ito, magiging mapanganib ang mga ito kung maguguho, at kakailanganing maglaan ng panahon at pera upang alisin ang banlik. Pinasara na ang ilang mas lumang dam dahil sa mga ito. Nagbibigay ng pera ang Prop. 3 upang magtanggal ng banlik mula sa isang dam—iisa lang. Partikular na ipinagbabawal ng iba pang seksyon ng panukala ang paggamit ng mga pondo upang magtanggal ng banlik—hindi makatuwiran ang mga paghihigpit na ito kung sinusubukan nating mag-imbak ng tubig.

Inihahayag ng Prop. 3 na malulutas nito ang isa sa mga pangunahing problema ng California—ang ating patuloy na kakulangan sa tubig. Huwag magpaloko. Walang anuman sa panukala na makakagawa nito. Kung tutuusin, isa lang itong diskarte upang makapangolekta ng maraming pera para sa mga espesyal na interes.

Tayo, ang ating mga anak, at ang ating mga apo ang magbabayad para rito.

**JANET S. ROBERTS,** Presidente
Pangkat ng Mamamayan/Nagbabayad ng Buwis sa Central Solano

**ROBERT D. JARVIS,** Bise Presidente
Pangkat ng Mamamayan/Nagbabayad ng Buwis sa Central Solano

**MURRAY T. BASS,** Miyembro
Pangkat ng Mamamayan/Nagbabayad ng Buwis sa Central Solano

 *Ang mga nakalimbag na pangangatwiran sa pahinang ito ay opinyon ng mga may-akda, at hindi nasuri para sa katumpakan ng anumang opisyal na ahensiya.*

## ★ PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 3 ★

*Tila pamilyar ba ang Prop. 3?* Dapat lang.

Nakakita na tayo ng panukalang nauugnay sa tubig sa balota noong Hunyo, at magkatulad ang mga salitang ginamit dito. Sa katunayan, mula noong 1996, nagkaroon na ng walong pambuong-estadong panukalang nauugnay sa bono na naglalaan ng pera sa mga isyu sa tubig. Sa ngayon, mahigit 29 na Bilyong Dolyar na ang kabuuang halaga!

*Ano ang maipapakita nating resulta para sa lahat ng perang iyon?* Walang iisang bagay na makakapagbigay sa atin ng mas maraming tubig.

Halos disyerto ang California. Kung walang mga dam na kumokolekta ng ulan at natunaw na niyebe mula sa mga bundok, hindi magkakaroon ng malawakang agrikultura sa Central Valley. Hindi magiging kasindami ng populasyon sa kasalukuyan ang populasyon sa ating mga lungsod.

Bagama't ilang dekada nang tagtuyot, hindi napunta sa pagpapatayo ng bagong dam ang kahit isang penny mula sa $29 na Bilyon na iyon. Makikita sa pagkakamaling halos magdulot ng kalamidad sa Oroville Dam sa Northern California noong nakaraang taon na hindi man lang pinapanatili ng Estado ang mga kasalukuyan nitong dam.

Sa halip na magsagawa ng mga proyektong makakapag-ipon o makakapag-imbak ng higit pa sa kakaunting presipitasyong nakukuha ng California, kumikiling sa mga espesyal na interes ang mga opisyal at nagbubuhos sila ng milyun-milyong dolyar sa mga parke, daanan sa pagha-hiking, ligaw na buhay—gaya ng maliliit na paing isda sa Ilog ng Sacramento—at mga bagay na walang kinalaman sa paglutas sa kakulangan sa tubig sa Estado. Dumadaloy lang papunta sa Karagatang Pasipiko ang kalahati ng tubig sa ating mga ilog.

Sinubukang patunayan ng mga pulitiko na seryoso sila sa pagtitipid ng tubig; nagpasa sila ng batas na nag-aatas sa mga lungsod na paghigpitan tayong mga nagsasayang ng tubig. Sa katapusan ng 2020, malilimita tayo sa 55 galon para sa bawat residente kada araw para sa paggamit ng tubig sa loob ng bahay. At upang matiyak na naiintindihan natin ang gusto nilang iparating, magiging 50 galon na lang ito sa 2030. Ano ang mangyayari sa ating mga puno at bakuran?

Kung wala kayong halaman sa inyong bakuran at sa tingin ninyo ay hindi makakaapekto sa inyo ang problema, magmaneho sa kahabaan ng I-5 sa San Joaquin Valley. Makakakita kayo ng malalawak at walang lamang lupain kung saan walang sapat na tubig ang mga magsasaka upang mapanatiling buhay ang mga puno at pananim nila. Ang mga sakahan at bukurin na pinagmumulan ng karamihan ng pagkain para sa Bansa ay naging biktima ng kakulangan sa pagpaplano para sa hinaharap at mga patakaran sa tubig na nakaugat sa pamumulitika.

*Paano gustong gastahin ng mga tagapagtaguyod ng Prop. 3 ang $8.9 na Bilyon?* Halos gaya lang din ng dati.

Maaari ninyong basahin ang mga detalye; ngunit tandaang—muli—walang kahit isang penny na nakalaan para sa bagong dam. Ang bahagyang higit sa $4 na Bilyon—halos kalahati nito—ay mapupunta sa "mahihirap na komunidad" nang walang paliwanag kung sino o nasaan sila.

Tumuon na tayo sa mahalagang bagay. *Magkano ang gagastusin natin dito?*

Tinatantiya ng mga tagakuwenta na ang interes sa mga bono ay mauuwi sa halos doble ng kabuuang halagang dapat ibayad sa mga magpapahiram. Sa madaling salita, upang mabayaran ang $8.9 na Bilyong Dolyar na "pautang," kakailanganing gumastos ng Estado—iyon ay tayong mga nagbabayad ng buwis—ng humigit-kumulang $17.3 Bilyon. Papatak ito sa average na humigit-kumulang $433 Milyon kada taon sa loob ng 40 taon. Hindi maaaring hindi ito magdulot ng pagtaas ng buwis!

*Gusto ba nating bigyan ang mga pulitiko ng karagdagang $9 na Bilyong Dolyar upang gawing muli ang mga bagay na hindi naman nagbibigay sa atin ng kahit isang patak ng tubig? At magmumula pa sa ating mga sariling bulsa ang pera?*

Pag-isipan ninyo ito. Hindi sa Prop. 3!

**JANET S. ROBERTS,** Presidente
Pangkat ng Mamamayan/Nagbabayad ng Buwis sa Central Solano

**ROBERT D. JARVIS,** Bise Presidente
Pangkat ng Mamamayan/Nagbabayad ng Buwis sa Central Solano

**MURRAY T. BASS,** Miyembro
Pangkat ng Mamamayan/Nagbabayad ng Buwis sa Central Solano

## ★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 3 ★

"Pinoprotektahan ng Proposisyon 3 ang mahihirap na komunidad sa pamamagitan ng pagbibigay ng pondo para sa malinis at ligtas na naiinom na tubig. Inilalapit tayo ng Proposisyon 3 sa pagkakagarantiya ng pangunahing karapatan ng bawat mamamayan ng California na makagamit ng tubig."— *Susana de Anda, Sentro ng Tubig ng Komunidad*

Pinopondohan ng mga bono ang mga paaralan, ospital, at malinis na tubig, gaya ng paggamit natin ng pautang sa bahay upang bumili ng mga bahay. Kumpara sa mga nakalipas na taon, pinakamalakas sa ngayon ang mga antas ng bono ng California. Magandang panahon ito upang mamuhunan

Kukumpunihin sa pamamagitan ng Proposisyon 3 ang Oroville Dam.

"Sa pamamagitan ng pagsasaayos ng ating mga himpilan ng tubig sa bundok at sa lungsod, mapapalaki ang kapasidad sa pag-iimbak ng tubig at mapapahusay ang kalidad ng tubig na magmumula sa mga ito. Isa ito sa mga pinakamagandang paraan upang makapag-ipon tayo ng tubig-bagyo na hindi natin makukuha kung hindi gagawin ito. Makikinabang ang lahat, mula sa mga residente ng pamprobinsyang county hanggang sa mga mamamayan sa lungsod."—*Cindy Montanez, TreePeople*

"Nakadepende sa maaasahan at balanseng suplay ng pang-ibabaw na tubig at tubig sa lupa ang mga yamang agrikultura ng California, kabilang ang ating mga sariwang prutas at gulay, gatas, wine, at daan-daang iba pang pananim. Maibibigay ang suplay na iyong sa pamamagitan ng Proposisyon 3, habang pinoprotektahan ang kapaligiran."—*Joy Sterling, Iron Horse Vineyards*

Ang Proposisyon 3 ay magbibigay ng sapat na tubig para sa 3 milyong pamilya, pamilya ng magsasaka, at mga isda at ligaw ng buhay ng California.

Mapapatindi ng pagbabago ng klima ang susunod na tagtuyot na tiyak na darating sa hinaharap. Maihahanda ng Proposisyon 3 ang California para sa tagtuyot nang hindi pinapataas ang mga buwis.

"Ang Proposisyon 3 ay makakagawa ng magagandang trabaho sa buong California sa pamamagitan ng pagbuo at pagsasagawa ng mga lubos na kinakailangang proyekto sa tubig."—*Bill Whitney, Konseho sa mga Pakikipagkalakalan sa Pagtatayo at Konstruksiyon ng Estado ng Contra Costa*

Ang Proposisyon 3 ay magsasaayos ng mga himpilan ng tubig at magpapaliit ng panganib ng sunog.

"Alam natin kung gaanong malamang na magkaroon ng tagtuyot sa California. Ang bono ay gumagawa ng mga maingat na pamumuhunan upang maprotektahan ang ating suplay ng tubig at mapanumbalik ang tirahan ng ligaw na buhay."— *Senadora Dianne Feinstein*

Oo sa 3!

**PHIL ANGELIDES,** Dating Kalihim ng Estado ng California

**HOWARD PENN**
Liga ng Pagpaplano at Konserbasyon

**JEANNE PINCHA-TULLEY,** Hepe ng Bumbero

*Ang mga nakalimbag na pangangatwiran sa pahinang ito ay opinyon ng mga may-akda, at hindi nasuri para sa katumpakan ng anumang opisyal na ahensiya.*

PROPOSISYON
# 4 NAGPAPAHINTULOT NG MGA BONONG NAGPOPONDO NG KONSTRUKSYON SA MGA OSPITAL NA NAGKAKALOOB NG PANGANGALAGANG PANGKALUSUGAN SA MGA BATA. INISYATIBONG BATAS.

**OPISYAL NA TITULO AT BUOD** INIHANDA NG PANGKALAHATANG ABUGADO

**Makikita ang teksto ng panukalang ito sa website ng Kalihim ng Estado sa *http://voterguide.sos.ca.gov.***

- Nagpapahintulot ng $1.5 bilyong mga bono, upang bayaran mula sa Pangkalahatang Pondo ng estado, upang pondohan ang mga gawad para sa konstruksyon, pagpapalawak, pagbabago ng yari, at paglalagay ng kasangkapan sa mga kuwalipikadong ospital ng mga bata.
- Nagtatalaga ng 72 porsyento ng mga pondo sa mga kuwalipikadong pribadong di-nagtutubong ospital na nagkakaloob ng mga komprehensibong serbisyo sa maraming batang karapat-dapat sa mga programa ng pamahalaan at mga batang may mga espesyal na pangangailangan sa kalusugan na karapat-dapat sa programang Mga Serbisyo sa Mga Bata ng California, 18 porsyento ng mga pondo sa mga ospital ng Unibersidad ng California para sa pangkalahatang pangangalaga ng matitinding sakit ng mga bata, at 10 porsyento ng mga pondo sa mga pampubliko at pribadong di-nagtutubong ospital na nagkakaloob ng mga serbisyo sa mga batang karapat-dapat sa programang Mga Serbisyo sa Mga Bata ng California.

**BUOD NG PAGTATANTIYA NG PAMBATASANG TAGASURI SA NETONG EPEKTO SA PANANALAPI NG PAMAHALAAN NG ESTADO AT LOKAL NA PAMAHALAAN:**

- Tumaas na mga gastusin ng estado upang bayaran ang mga bonong may average na humigit-kumulang na $80 milyon taun-taon sa loob ng susunod na 35 taon.

**Mga Pagtatantiya ng Gastusin sa Bono ng Estado**

| | |
|---|---|
| Ipinahintulot na bagong paghiram | $1.5 bilyon |
| Average na taunang gastusin upang mabayaran ang mga bono | $80 milyon |
| Malamang na panahon ng pagbabayad | 35 taon |
| Pinagkukunan ng pambayad | Mga kita sa pangkalahatang buwis |

**PAGSUSURI NG PAMBATASANG TAGASURI**

## BATAYAN

***Mga Ospital ng Mga Bata.*** Tumutukoy ang batas ng estado ng walong pribadong di-nagtutubong ospital at mga programa ng mga bata sa limang kampus sa akademiko sa medikal na sentro ng Unibersidad ng California (UC) bilang "mga ospital ng mga bata." Nakatuon ang mga ospital ng mga bata sa paggamot sa mga sanggol at batang may malalang karamdaman o mga pinsala, o mga kumplikadong kondisyon ng kalusugan na nangangailangan ng pangangalaga. Nagmumula sa mga pamilyang mababa ang kita ang karamihan sa mga batang nakakatanggap ng mga serbisyo sa mga ospital na ito. Nakakatanggap ang mga ospital ng mga bata ng pondo mula sa ilang mapagkukunan. Ang karamihan sa pondo ng mga ospital ng mga bata ay nagmumula sa pederal at pang-estadong programang Medicaid (kilala bilang Medi-Cal sa California), na nagbibigay ng saklaw sa pangangalagang pangkalusugan sa mga batang mababa ang kita sa estado. Nakakatanggap din ang mga ospital ng

mga bata ng pondo mula sa saklaw ng pangkomersyong seguro sa kalusugan, iba pang programa ng saklaw sa pangangalagang kalusugan ng pamahalaan, at mga pribadong donasyon.

***Programang Mga Serbisyo sa Mga Bata sa California (CCS).*** Ang programang CCS ay isang pang-estado o lokal na programa ng saklaw ng pangangalagang pangkalusugan na nagbabayad para sa mga espesyal na panggagamot at iba pang serbisyo para sa mga batang may mga kumplikadong malalang kondisyong pangkalusugan, kabilang ang maraming batang ginagamot sa mga ospital ng mga bata. (Nakatala rin sa Medi-Cal ang karamihan sa mga batang nasa programang CCS.) Inaaprubahan ng estado ang mga ospital at iba pang tagabigay ng medikal na serbisyo upang makatanggap ng bayad para sa paggamot sa mga batang nasa programang CCS.

***Gumagamot Din ng Mga Bata ang Iba Pang Ospital.*** Nakatuon din sa iba't ibang antas ng pangangalagang pangkalusugan ng mga bata ang iba pang ospital sa California na hindi partikular na tinukoy bilang mga ospital ng mga bata sa batas ng estado. Halimbawa, may mga sangay o sentro ang ilang ospital na may espesyalidad sa paggamot sa mga bata. Kadalasang naaprubahan ang mga ospital na ito upang gamutin ang mga batang nasa programang CCS.

***Mga Pangkalahatang Bono sa Pananagutan.*** Nanghihiram ng pera ang estado upang bayaran ang mga pangmatagalang pangunahing proyekto sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga pangkalahatang bono sa pananagutan. Ginagarantiya ng pangkalahatang awtoridad sa pagbubuwis ng estado ang pagbabayad sa mga bonong ito. Binabayaran ng estado ang mga pangkalahatang bono sa pananagutan mula sa Pangkalahatang Pondo, ang pangunahing account sa pagpapatakbo ng estado. (Para sa higit pang impormasyon tungkol sa paggamit ng estado sa mga bono, tingnan ang "Pangkalahatang-ideya ng Utang sa Bono ng Estado" sa patnubay na ito sa ibang pagkakataon.)

***Mga Dating Panukala sa Bono sa Ospital ng Mga Bata.*** Naaprubahan na dati ng mga botante ang dalawang panukala sa buong estado na pinahintulutan ang estado na magbigay ng mga pangkalahatang bono sa pananagutan upang bayaran ang mga pangunahing proyekto sa mga ospital ng mga bata. Nagamit na ang mga bonong ito para sa iba't ibang proyekto kabilang ang konstruksyon ng mga bagong gusali at pagbabago ng mga kasalukuyang gusali. Noong 2004, nagbigay ang Proposisyon 61 ng $750 milyong pondo sa bono. Noong 2008, nagbigay ang Proposisyon 3 ng $980 milyong pondo sa bono. Ang 13 ospital lang na tinukoy bilang mga ospital ng mga bata sa batas ng estado ang karapat-dapat na makatanggap ng mga pondo sa ilalim ng mga dating panukalang ito. Mula Mayo 2018, ang karamihan sa pondo mula sa dating dalawang panukala ay naibigay na sa mga proyekto, at inaasahang ganap na maibigay ang mga natitirang pondo sa katapusan ng tag-init sa 2018.

## MUNGKAHI

***Pinapahintulutan ang Mga Karagdagang Bono para sa Mga Ospital ng Mga Bata.*** Pinapahintulutan ng panukalang ito ang estado na magbenta ng karagdagang $1.5 bilyon sa mga pangkalahatang bono sa pananagutan para sa mga pangunahing proyekto sa pagpapahusay sa (1) 13 ospital

## PAGSUSURI NG PAMBATASANG TAGASURI



**Pigura 1**

**Mga Ospital na Karapat-dapat para sa Mga Pondo sa Bono**

*(Sa Mga Milyon)*

| | |
|---|---|
| **Mga Pribadong Di-nagtutubong Ospital ng mga Bata—72 Porsyento ng Mga Pondo** | **$1,080** |
| Children's Hospital and Research Center, Oakland | $135 |
| Children's Hospital of Los Angeles | 135 |
| Children's Hospital of Orange County | 135 |
| Earl and Loraine Miller Children's Hospital (Long Beach) | 135 |
| Loma Linda University Children's Hospital | 135 |
| Lucile Packard Children's Hospital sa Stanford | 135 |
| Rady Children's Hospital, San Diego | 135 |
| Valley Children's Hospital (Madera) | 135 |
| **Mga Ospital ng Mga Bata ng Unibersidad ng California—18 Porsyento ng Mga Pondo** | **$270** |
| Mattel Children's Hospital sa Unibersidad ng California, Los Angeles | $54 |
| Ospital ng Mga Bata ng Unibersidad sa Unibersidad ng California, Irvine | 54 |
| Unibersidad ng California, Davis Children's Hospital | 54 |
| Unibersidad ng California, San Diego Children's Hospital | 54 |
| Unibersidad ng California, San Francisco Children's Hospital | 54 |
| **Iba Pang Ospital—10 Porsyento ng Mga Pondo** | **$150** |
| Humigit-kumulang 150 pampubliko o pribadong di-nagtutubong ospital na nagbibigay ng mga serbisyo sa mga batang karapat-dapat para sa programa sa Mga Serbisyo sa Mga Bata ng California. | $150 |
| **Kabuuan** | **$1,500** |

ng mga bata at (2) iba pang pampubliko o pribadong di-nagtutubong ospital na gumagamot ng mga batang karapat-dapat para sa programang CCS. Tulad ng ipinapakita sa Pigura 1, ipinagkakaloob ng panukala ang 72 porsyento ng mga pondo sa bono—humigit-kumulang $1.1 bilyon—sa walong pribadong di-nagtutubong ospital ng mga bata. Ang bawat isa sa walong ospital na ito ay maaaring mag-apply para sa patas na bahagi ng pondong ito. Ibinibigay ng panukala ang 18 porsyento ng mga pondo sa bono—$270 milyon—sa limang ospital para sa mga bata ng UC. Ang bawat ospital ng mga bata ng UC ay maaaring mag-apply para sa patas na bahagi ng pondong ito. Ginagawang magagamit ng panukala ang natitirang 10 porsyento ng mga pondo sa bono—$150 milyon—sa humigit-kumulang 150 iba pang pampubliko o pribadong di-nagtutubong ospital na nagkakaloob ng mga serbisyo sa mga batang karapat-dapat para sa programang CCS. Hindi nagtatabi ang panukala ng mga partikular na bahagi ng porsyong ito ng mga pondo sa bono para sa mga indibidwal na ospital.

***Paggamit ng Mga Pondo.*** Pinapayagan ng panukala ang paggamit sa perang nalikom mula sa mga pagbebenta ng bono para sa iba't ibang layunin, kabilang ang "konstruksyon, pagpapalawak, pagpapahusay, pagbabago, paglalagay ng kasangkapan, pagpopondo, o muling pagpopondo ng mga karapat-dapat na ospital sa estado." Inaatas ng panukala na ang mga pondong ipagkakaloob ay hindi lalampas sa kabuuang gastusin ng isang proyekto at dapat matapos ang mga pinondohang proyekto sa loob ng isang "makatuwirang yugto ng panahon."

***Proseso ng Aplikasyon.*** Ang mga ospital para sa mga bata na karapat-dapat na makatanggap ng mga pondo sa bono sa ilalim ng panukalang ito ay mag-a-apply para sa mga pondo sa Awtoridad sa Pagpopondo sa Mga Pasilidad sa Kalusugan ng California (CHFFA), isang kasalukuyang ahensiya ng estado. Magpapasya ang CHFFA kung magbibigay ng gawad batay sa ilang salik. Kabilang sa ilan sa mga salik na ito kung:

- Ang gawad ay tutulong sa pagpapalawak o pagpapahusay ng access sa pangangalagang pangkalusugan para sa mga batang karapat-dapat sa mga programang seguro sa kalusugan ng pamahalaan o mababa ang kita, hindi sapat na napaglilingkuran, o di-nakasegurong mga bata.
- Ang gawad ay tutulong sa pagpapahusay ng pangangalagang pangkalusugan ng bata o mga resulta ng batang pasyente.
- Ang ospital ng mga bata ay nagtataguyod ng mga programang pagtuturo o pananaliksik tungkol sa mga bata.

## MGA EPEKTO SA PANANALAPI

***Mga Gastos sa Pagbabayad sa Bono ng Estado.*** Papahintulutan ng panukalang ito ang estado na humiram ng $1.5 bilyon sa pamamagitan ng pagbebenta ng mga karagdagang pangkalahatang bono sa pananagutan sa mga mamumuhunan, na ibabalik nang may interes, gamit ang mga kita sa pangkalahatang buwis ng estado. Ang halaga ng mga bonong ito ay dedepende sa iba't ibang salik—gaya ng mga antas ng interes na nalalapat sa panahon ng pagbebenta ng mga ito, kung kailan ibinenta ang mga bono, at kung kailan babayaran ang mga ito. Tinataya naming ang magiging gastos ng mga nagbabayad ng buwis upang maibalik ang bayad sa mga bono ay aabot sa kabuuang $2.9 bilyon upang mabayaran ang parehong kapital ($1.5 bilyon) at interes ($1.4 bilyon). Magreresulta ito sa mga average na gastos sa pagbabayad na **humigit-kumulang $80 milyon taun-taon sa loob ng susunod na 35 taon**. Ang halagang ito ay mas mababa sa isang ikasampu ng 1 porsyento ng kasalukuyang badyet ng Pangkalahatang Pondo ng estado. Ang mga administratibong gastos, na binayaran mula sa mga pondo sa bono, ay limitado sa mga aktwal na gastos ng CHFFA o 1 porsyento ng mga pondo sa bono, alinman ang mas mababa.

**Bumisita sa *http://www.sos.ca.gov/campaign-lobbying/cal-access-resources/measure-contributions/2018-ballot-measure-contribution-totals/* para sa listahan ng mga komite na pangunahing binuo upang suportahan o tutulan ang panukalang ito. Bumisita sa *http://www.fppc.ca.gov/transparency/top-contributors/nov-18-gen.html* upang i-access ang nangungunang 10 tagaambag ng komite.**

**Kung gusto ninyo ng kopya ng buong teksto ng panukala ng estado, pakitawagan ang Kalihim ng Estado sa (800) 339-2957 o maaari kayong mag-email sa *vigfeedback@sos.ca.gov* at libreng magpapadala sa inyo ng kopya sa pamamagitan ng koreo.**

## ★ PANGANGATWIRANG PABOR SA PROPOSISYON 4 ★

May walong di-nagtutubong Ospital ng Mga Bata sa California at lima pang Ospital ng Mga Bata sa Unibersidad ng California. *Mahigit sa dalawang milyong beses sa bawat taon, nakakatanggap ang mga batang may malalang sakit ng ganap na espesyal na pangangalaga sa isang Ospital ng Mga Bata ng Unibersidad ng California. Anuman ang kayang bayaran ng isang pamilya.*

Mga batang may mga kumplikadong medikal na kondisyon at malalang sakit. Kanser. Sickle Cell. Cystic Fibrosis.

Isinasagawa namin ang 97% ng lahat ng organ transplant sa mga bata, 96% ng lahat ng operasyon sa puso ng mga bata, at 76% ng lahat ng panggagamot sa kanser sa mga bata.

Sa bawat bagong tagumpay sa pananaliksik, bagong teknolohiyang nakakaligtas ng buhay, pinakamahuhusay na espesyalista sa mga bata, may gumagaling sa bawat araw sa Ospital ng Mga Bata ng California. Ngayon, 85% ng mga batang may leukemia ang umaalis sa ating mga ospital na magaling na.

Bilang mga nangungunang sentro ng pananaliksik tungkol sa mga bata, may mga tagumpay tayong nakakamit na pinapanatiling malusog ang bawat bata sa California nang hindi na kailangang pumunta sa ating mga tanggapan.

Dahil sa ating mga tagumpay, dumami ang nangangailangan sa atin. *Tayo ay naging mga pangunahing ospital sa rehiyon, at inire-refer na sa atin ngayon ang mga bata mula sa maraming iba pang ospital sa California.*

Hinihiling ng Proposisyon 4 sa mga botante na isaalang-alang ang pamumuhunan ng mas mababa sa $40 bawat taon para sa bawat pasyenteng ginagamot natin pera upang tulungan tayong dagdagan ang ating kapasidad na gamutin ang higit pang bata sa California.

Sa nakalipas na 14 na taon, sinuportahan ng mga mamamayan ng California ang ating unang bono. Iginalang natin ang tiwalang iyon simula pa dati. Ginastos ang bawat dolyar sa paggawa ng mga bagong pasilidad, pagpapabago ng mga lumang pasilidad, pagdagdag ng higit pang higaan at pagbili ng pinakamahusay at pinakabagong medikal na teknolohiya na ginagamot ang higit pang bata.

Ibinibigay ng Tanggapan ng Kalihim ng Estado ang lahat ng pondo sa bono ng estado, ngunit pinatunayan sa Senado at Mga Komite ng Kapulungang Pangkalusugan na "naging napakatagumpay ng programang ito sa partikular."

Propesyonal nating ipinagmamalaki ang ginagawa natin. Bilang mga tao, isang pribelihiyo para sa atin na masaksihan ang inosenteng lakas sa mga bata, ang pagmamahal sa kanilang mga pamilya, ang resolusyon sa ating mga tauhan, ang kagandahang-loob ng ating mga tagasuporta, at ang tagumpay ng diwang pantao.

Iniimbitahan namin kayong makilahok sa milyun-milyong botante ng California na sumuporta sa Mga Ospital ng Mga Bata.

Tayong lahat ay maaaring bumuto ng Oo sa Proposisyon 4—Paggawa upang Gamutin ang Higit Pang Bata.

**JAMES STEIN, M.D.**, Siruhano ng Mga Bata
**MARIA MINON, M.D.**, Punong Medikal na Opisyal
**ROBERTO GUGIG, M.D.**, Gastroenterologist ng Mga Bata

## ★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG PABOR SA PROPOSISYON 4 ★

Sa loob ng maraming dekada, nakapagsumite na ako ng mga pangangatwirang laban sa mga panukala sa balota upang tiyaking natatanggap ng mga botante ang ilang bagay hinggil sa pagtutol.

ANG HINDI MAKATARUNGANG SISTEMA NG BUWIS SA ARI-ARIAN

Ang isang pagtutol sa anumang panukalang nagmumungkahi ng pagtataas ng mga buwis sa ari-arian ay ang hindi makatarungang sistema ng buwis sa ari-arian sa California (tulad ng ipinaliwanag sa pangunahing pangangatwiran).

PAGBABAGO NG SISTEMA UPANG GAWIN ITONG MAS MAKATARUNGAN

Maaaring baguhin ang ating sistema ng buwis sa ari-arian, halimbawa, upang pana-panahong muling tasahin ang lahat ng tunay na ari-arian ngunit awtomatikong bawasan ang antas ng buwis upang hindi tumaas ang pangkalahatang kita sa buwis dahil lang sa pagtaas ng mga halaga ng real estate.

Siyempre, ang isang problema sa paggawa ng anumang pagbabago ay ang pagkakaroon ng iba't ibang tao at negosyo ng iba't ibang IGINAWAD NA INTERES sa pagpapanatili ng status quo.

MAS MALAWAK NA PAGSUSUMIKAP NA PAHUSAYIN ANG PANGANGALAGANG PANGKALUSUGAN

Sa partikular na panukalang ito (paghiram ng pera upang higit pang mapondohan ang mga ospital ng mga bata), iminumungkahi kong pagsumikapan muna nating pahusayin ang buong sistema ng pangangalagang pangkalusugan.

Bagama't maraming mahusay na propesyonal ang nagkakaloob ng pangangalagang pangkalusugan sa America (at California), pinakamalaki ang ginagastos ng USA ngunit hindi ito nangunguna sa mga internasyonal na pagraranggo sa mga kinahinatnan ng pangangalagang pangkalusugan. Bukod pa rito, milyun-milyong mamamayan ng California ang wala man lang pangunahing saklaw ng pangangalagang pangkalusugan.

PAGTATANONG SA MGA KANDIDATO PARA SA MGA KATUNGKULAN SA ESTADO

Marahil ang mga kandidato para sa katungkulan sa estado sa Nobyembre—kabilang ang para sa Gobernador—ay may ilang ideya para sa pagpapahusay ng pangangalagang pangakalusugan sa California. Magtanong tayo.

**GARY WESLEY**

 *Ang mga nakalimbag na pangangatwiran sa pahinang ito ay opinyon ng mga may-akda, at hindi nasuri para sa katumpakan ng anumang opisyal na ahensiya.*

## ★ PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 4 ★

Isa pa itong panukala kaugnay ng bono sa pangkalahatang pananagutan. Hinihingi nito ang pahintulot ng mga botante na humiram ng higit pang pera ang Estado ng California sa pamamagitan ng pagbebenta ng "mga bono" na kakailanganing bayaran nang may interes (*posibleng sa pamamagitan ng mas malalaking buwis sa ari-arian*) na karaniwang sa loob ng maraming dekada.

Sinasabi kong "*posible*" dahil kung minsan, ginagamit ang mga nakalap sa bono para sa pagpopondo ngunit ang mga kalahok sa programa ang nagbabayad nito—gaya ng mga may-ari ng bahay sa ilalim ng dating programang pautang sa sakahan sa bahay ng Cal-Vet.

May ilang tanong hinggil sa mga panukala kaugnay ng bono:

1. Gaano na kalaki ang kasalukuyang utang ng pamahalaan?
2. Ano ang inaasahang kabuuang gastos na maidudulot ng panukala sa publiko?
3. Tinukoy ba ang mga iminumungkahing paggagamitan ng pera?
4. Makatuwiran ba ang mga iminumungkahing gamit—kung isasaalang-alang ang iba pang bagay na maaaring kinakailangan o gusto?
5. Dapat bang patuloy na pondohan ng mga botante ang mga proyekto sa pamamagitan ng mas malalaking buwis sa ari-arian kung hindi patas ang sistema ng buwis sa ari-arian ng California?

*HINDI MAKATARUNGAN ANG SISTEMA NG BUWIS SA ARI-ARIAN NG CALIFORNIA*

Noong 1978, inaprubahan ng mga botante ng California ang isang inisyatiba ng botante na dating kilala bilang Proposisyon 13. Ang inisyatiba ay nagdagdag ng mga probisyon sa Saligang-Batas ng California na pumigil sa *"muling pagtatasa"* ng tunay na ari-arian maliban kung at hanggang sa magbago ang may-ari ng ari-arian o gawan ito ng malaking pagsasaayos.

Naprotektahan ng Proposisyon 13 ang mga may-ari ng tunay na ari-arian laban sa mga lubos na pagtaas ng buwis batay sa mas matataas na halaga ng ari-arian; gayunpaman, gumawa rin ito ng sistema kung saan nagbabayad nang 10–20 beses na mas malaking halaga ang mga may-ari ng bahay kumpara sa kanilang mga kapitbahay na may ari-ariang may katulad na halaga ngunit matagal nang binili.

Bukod pa rito, dahil maaaring paupahan ang ari-ariang negosyo (sa halip na ibenta) at madalas na ganito ang nangyayari, ang Proposisyon 13 ay nagdulot ng malakihang paglilipat ng pangkalahatang bigat ng buwis mula sa mga negosyo papunta sa mga may-ari ng bahay.

Ang mga tagapagtaguyod ng panukala sa balota ang dapat na maging responsable para sa pagpapaliwanag kung bakit ito karapat-dapat na suportahan—nang may pagsasaalang-alang sa buong gastos, mga magagamit na alternatibo at iba pang kinakailangan at gusto.

Sa sitwasyong ito, dapat gamitin ng mga tagapagtaguyod ang kanilang SAGOT SA PANGANGATWIRAN upang sagutin ang tanong 1–5 sa itaas.

**GARY WESLEY**

## ★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 4 ★

Tinutulungan ng Proposisyon 4 ang mahigit sa 2 milyong batang may sakit sa bawat taon. Wala itong kaugnayan sa mga buwis sa ari-arian o sa Proposisyon 13. Tinanong namin ang mga eksperto at ito ang sinabi nila:

Isinaad ni Joe Harn, Tagasuri-Tagakontrol ng County ng El Dorado, na,

*"Walang isang dolyar para sa Proposisyon 4 ang magmumula sa mga buwis sa ari-arian. Walang isang dolyar para sa anumang dating bono sa ospital ng mga bata ang nagmula sa mga buwis sa ari-arian. Papatunayan ang impormasyong iyon ng bawat Kalihim ng Estado, Tagakontrol ng Estado, Tagatasa ng County, o Tagakolekta ng Buwis (sa alinmang pampulitikang partido). Kilala ako bilang isa sa mga pinakakonserbatibo at mahigpit na Tagasuri-Tagakontrol ng County ng California. Maaari ninyong protektahan ang Proposisyon 13 at bumoto ng Oo sa Proposisyon 4."*

Sinabi ni Jon Coupal, Presidente ng Howard Jarvis Taxpayers Association, na,

*"Prinotektahan ng Proposisyon 13 ang mga may-ari ng bahay sa loob ng mahigit sa 40 taon. HINDI talaga isinasapanganib ng panukalang ito ang mga proteksyong ibinibigay ng Proposisyon 13 sa mga may-ari ng bahay sa California."*

Mangyaring bumoto ng Oo sa Proposisyon 4.

**ANN-LOUISE KUHNS,** Presidente
Kapisanan ng Ospital ng Mga Bata ng California

PROPOSISYON

# 5 BINABAGO ANG MGA INIAATAS PARA SA ILANG PARTIKULAR NA MAY-ARI NG ARI-ARIAN UPANG ILIPAT ANG BATAYAN SA BUWIS NG KANILANG ARI-ARIAN PATUNGO SA PAMALIT NA ARI-ARIAN. INISYATIBONG SUSOG SA SALIGANG-BATAS AT BATAS.

## OPISYAL NA TITULO AT BUOD

INIHANDA NG PANGKALAHATANG ABUGADO

**Makikita ang teksto ng panukalang ito sa website ng Kalihim ng Estado sa *http://voterguide.sos.ca.gov.***

- Tinatanggal ang kasalukuyang mga iniaatas para sa mga may-ari ng bahay na mahigit sa 55 taong gulang o may matinding kapansanan upang ilipat ang batayan ng buwis ng kanilang ari-arian sa isang pamalit na tirahan: na ang pamalit na ari-ariang iyon ay dapat na may kapantay o mas mababang halaga, ang pamalit na tirahan ay dapat na nasa isang partikular na county, at ang paglipat ay minsan lang mangyayari.
- Tinatanggal ang katulad na mga iniaatas sa halaga ng pamalit at lokasyon sa mga paglipat para sa ari-ariang kontaminado o nasira ng kalamidad.
- Nag-aatas ng mga pag-aakma sa batayang buwis ng pamalit na ari-arian, batay sa halaga ng bagong ari-arian.

**BUOD NG PAGTATANTIYA NG PAMBATASANG TAGASURI SA NETONG EPEKTO SA PANANALAPI NG PAMAHALAAN NG ESTADO AT LOKAL NA PAMAHALAAN:**

- Malamang na mawawalan ang bawat isa sa mga paaralan at ang iba pang lokal na pamahalaan ng mahigit sa $100 milyon sa taunang kita sa buwis sa ari-arian sa unang ilang taon, na tataas sa paglipas ng panahon sa humigit-kumulang $1 bilyon bawat taon (sa mga dolyar ngayon). Katulad na pagtaas sa mga gastusin ng estado upang palitan ang mga nawala sa paaralan mula sa buwis sa ari-arian.

## PAGSUSURI NG PAMBATASANG TAGASURI

### BATAYAN

***Ang Mga Lokal na Pamahalaan ay Nagpapataw ng Mga Buwis sa Mga May-ari ng Ari-arian.*** Ang mga lokal na pamahalaan ng California—mga lungsod, county, paaralan, at espesyal na distrito—ay nagpapataw ng mga buwis sa ari-arian sa mga may-ari ng ari-arian batay sa halaga ng kanilang ari-arian. Ang mga buwis sa ari-arian ay isang pangunahing mapagkukunan ng kita para sa mga lokal na pamahalaan, na nakakalikom ng mahigit sa $60 bilyon bawat taon.

***Pagkalkula sa Bayarin sa Buwis ng May-ari ng Ari-arian.*** Ang taunang bayarin sa buwis sa ari-arian ng bawat may-ari ng ari-arian ay katumbas ng nabubuwisang halaga ng kanyang ari-arian na imu-multiply sa halaga ng buwis sa ari-arian. Ang karaniwang halaga ng buwis sa ari-arian ng may-ari ng ari-arian ay 1.1 porsyento. Sa taon kung kailan binili ang isang ari-arian, ang nabubuwisang halaga nito ay ang presyo kung magkano ito ibinenta. Sa bawat taon pagkatapos noon, inaakma ang nabubuwisang halaga ng ari-arian para sa implasyon na hanggang 2 porsyento. Magpapatuloy ito hanggang sa muling ibenta ang ari-arian at bubuwisan sa halaga ng pagbebenta rito.

***Kadalasang Mas Mataas ang Bayarin sa Buwis sa Ari-arian ng Mga Lumilipat.*** Ang halaga sa pamilihan ng karamihan sa mga bahay (ang halaga kung magkano ito maaaring ibenta) ay tumataas nang mas mabilis sa 2 porsyento taun-taon. Ang ibig sabihin nito ay ang nabubuwisang halaga ng karamihan sa mga bahay ay mas mababa sa halaga ng mga ito sa pamilihan. Dahil dito, kapag bumili ng ibang bahay ang isang may-ari ng bahay, ang presyo kung magkano ibinenta ang bagong bahay ay kadalasang lumalampas sa nabubuwisang halaga ng dating bahay ng mamimili (kahit na may magkakatulad na halaga sa pamilihan ang mga bahay). Humahantong ito sa mas mataas na buwis sa ari-arian para sa bibili ng bahay.

## PAGSUSURI NG PAMBATASANG TAGASURI

IPINAGPATULOY

***Mga Espesyal na Panuntunan para sa Ilang May-ari ng Bahay.*** Sa ilang sitwasyon, pinapayagan ng mga espesyal na panuntunan ang mga kasalukuyang may-ari ng bahay na lumipat sa ibang bahay nang hindi nagbabayad ng mas matataas na buwis sa ari-arian. Nalalapat ang mga espesyal na panuntunang ito sa mga may-ari ng bahay na mas matanda sa 55 taong gulang o may matinding kapansanan o naapektuhan ang ari-arian ng kalamidad o kontaminasyon. (Tinatawag naming "mga karapat-dapat na may-ari ng bahay" ang mga may-ari ng bahay na ito.) Kapag lilipat sa parehong county, maaaring ilipat ng karapat-dapat na may-ari ng bahay ang nabubuwisang halaga ng kanyang kasalukuyang bahay papunta sa ibang bahay kung ang halaga sa pamilihan ng bagong bahay ay pareho o mas mababa sa kasalukuyang bahay. Gayundin, maaaring payagan ng pamahalaan ng isang county ang mga karapat-dapat na may-ari ng bahay na ilipat ang kanilang nabubuwisang halaga papunta sa mga bahay sa county mula sa mga bahay sa ibang mga county. Sampung county ang pumapayag sa mga paglilipat na ito. Maliban sa mga limitadong sitwasyon, maaaring ilipat ng mga may-ari ng bahay na mas matanda sa 55 taong gulang o may matinding kapansanan ang kanilang nabubuwisang halaga nang isang beses sa kanilang buong buhay. Ang kalapit na kahong ("Ano ang Nangyayari sa Ilalim ng Kasalukuyang Batas?") ay may halimbawa ng kung paano gumagana ang mga panuntunang ito

***Iba Pang Buwis sa Mga Pagbili ng Bahay.*** Nangongolekta ng mga buwis ang mga lungsod at county sa paglilipat ng mga bahay at iba pang real estate. Sa buong estado, tumaas ang mga buwis sa paglilipat sa humigit-kumulang $1 bilyon para sa mga lungsod at county.

***Ang Mga County ang Nagbibigay ng Buwis sa Ari-arian.*** Tinutukoy ng mga tagatasa ng county ang nabubuwisang halaga ng ari-arian. Sa buong estado, ang kabuuang halaga ng nagagastos ng county para sa mga katungkulan ng mga tagatasa ay humigit-kumulang $600 milyon bawat taon.

***Pinapatawan ng Buwis ng California ang Personal na Kita.*** Nangongolekta ang estado ng buwis sa personal na kita sa kitang nakukuha sa loob ng estado. Maaaring kabilang sa nabubuwisang kita ang mga tubo mula sa pagbebenta ng bahay. Tumataas ang buwis sa personal na kita sa mahigit sa $80 bilyon bawat taon.

## MUNGKAHI

***Pinapalawak ang Mga Espesyal na Panuntunan para sa Mga Karapat-dapat na May-ari ng Bahay.*** Sinususugan ng panukala ang Saligang-batas ng Estado upang palawakin ang mga espesyal na panuntunang nagbibigay ng diskwento sa buwis sa ari-arian sa mga karapat-dapat na may-ari ng bahay kapag bumili sila ng ibang bahay. Simula Enero 1, 2019, gagawin ng panukala ang sumusunod:

**Ano ang Nangyayari sa Ilalim ng Kasalukuyang Batas?**

Binili ng 55 taong gulang na mag-asawa ang kanilang bahay sa nakalipas na 30 taon sa halagang $110,000. Ang nabubuwisang halaga ng kanilang bahay ay $200,000 na ngayon ($110,000 na tumaas nang 2 porsyento bawat taon sa loob ng 30 taon). Ang kanilang taunang bayarin sa buwis sa ari-arian ay $2,200 (1.1 porsyento ng nabubuwisang halaga). Ang kanilang bahay ay maaari na ngayong ibenta sa halagang $600,000. Pinag-iisipan ng mag-asawa na lumipat sa isa sa dalawang magkaibang bahay.

- ***Mas Mahal na Bahay.*** Ang unang opsyon ay lumipat sa bahay na nagkakahalaga ng $700,000. Ang paglipat na ito ay hindi karapat-dapat para sa mga espesyal na panuntunan dahil mas mahal ang bagong bahay kaysa sa kasalukuyang bahay. Kung isasagawa ng mag-asawa ang paglipat na ito, ang nabubuwisang halaga ng kanilang bagong bahay ay $700,000 (ang presyo kung magkano ibinenta ang bahay). Ang kanilang taunang bayarin sa buwis sa ari-arian ay tataas sa $7,700.
- ***Mas Murang Bahay.*** Ang pangalawang opsyon ay lumipat sa bahay na nagkakahalaga ng $450,000. Sa sitwasyong ito, malalapat ang mga espesyal na panuntunan. Ang nabubuwisang halaga ng kanilang bagong bahay ay $200,000 (kapareho ng kanilang lumang bahay). Ang kanilang taunang bayarin sa buwis sa ari-arian ay mananatiling $2,200.

## PAGSUSURI NG PAMBATASANG TAGASURI



- ***Papayagan ang Mga Paglilipat sa Saanmang Lugar sa Estado.*** Maaaring ilipat ng mga karapat-dapat na may-ari ng bahay ang nabubuwisang halaga ng kanilang kasalukuyang bahay papunta sa isa pang bahay sa saanmang lugar sa estado.
- ***Papayagan ang Pagbili ng Mas Mahal na Bahay.*** Maaaring ilipat ng mga karapat-dapat na may-ari ng bahay ang nabubuwisang halaga ng kanilang kasalukuyang bahay (nang may ilang pag-aakma) papunta sa isang mas mahal na bahay. Tataasan ang nabubuwisang halagang inilipat mula sa kasalukuyang bahay papunta sa bagong bahay. Ang nabubuwisang halaga ng bagong bahay ay mas mataas sa nabubuwisang halaga ng dating bahay ngunit mas mababa sa halaga sa pamilihan ng bagong bahay. May ipinapakitang halimbawa sa kalapit na kahong ("Ano ang Nangyayari sa Ilalim ng Proposisyon 5?").
- ***Babawasan ang Mga Buwis para sa Mga Bagong Biniling Bahay na Mas Mura.*** Kapag lumipat ang isang karapat-dapat na may-ari ng bahay sa isang mas murang bahay, bababaan ang nabubuwisang halagang inilipat mula sa kasalukuyang bahay papunta sa bagong bahay. May ipinapakitang halimbawa sa kalapit na kahong ("Ano ang Nangyayari sa Ilalim ng Proposisyon 5?").
- ***Aalisin ang mga Limitasyon sa Kung Ilang Beses Magagamit ng isang May-ari ng Bahay ang mga Espesyal na Panuntunan.*** Walang limitasyon sa bilang ng beses na maaaring ilipat ng isang karapat-dapat na may-ari ng bahay ang kanyang nabubuwisang halaga.

### Ano ang Nangyayari sa Ilalim ng Proposisyon 5?

Kung gagamitin ang mag-asawa mula sa naunang halimbawa, ang kanilang kasalukuyang bahay ay may nabubuwisang halagang $200,000 at halaga sa pamilihan na $600,000. Kung lilipat sila, ang nabubuwisang halaga ng kanilang bagong bahay ay magiging:

- ***Mas Mahal na Bahay.*** Kung bibilhin ng mag-asawa ang bahay sa halagang $700,000, ang nabubuwisang halaga ng bahay ay magiging $300,000 (gaya ng ipinapakita sa ibaba). Ang kanilang taunang bayarin sa buwis sa ari-arian ay magiging $3,300. Mas malaki ito sa binabayaran nila sa dati nilang bahay ($2,200) ngunit higit na mas maliit sa babayaran nila sa ilalim ng kasalukuyang batas ($7,700).

**$300,000** [Nabubuwisang halaga ng bagong bahay] **=** **$200,000** [Nabubuwisang halaga ng dating bahay] **+** **$100,000** [$700,000 Halaga ng bagong bahay sa pamilihan **−** $600,000 Halaga ng dating bahay sa pamilihan]

- ***Mas Murang Bahay.*** Kung bibilhin ng mag-asawa ang bahay sa halagang $450,000, ang nabubuwisang halaga ng bagong bahay ay magiging $150,000 (gaya ng ipinapakita sa ibaba). Ang kanilang taunang bayarin sa buwis sa ari-arian ay magiging $1,650. Mas maliit ito sa binabayaran nila sa dati nilang bahay at sa babayaran nila sa ilalim ng kasalukuyang batas ($2,200).

**$150,000** [Nabubuwisang halaga ng bagong bahay] **=** **$200,000** [Nabubuwisang halaga ng dating bahay] **×** **75%** [$450,000 Halaga ng bagong bahay sa pamilihan **÷** $600,000 Halaga ng dating bahay sa pamilihan]

## MGA EPEKTO SA PANANALAPI

***Mababawasan ang Mga Kita sa Buwis sa Ari-arian sa Mga Lokal na Pamahalaan.*** Maaaring magdulot ang panukala ng maraming epekto sa kita sa buwis sa ari-arian:

- ***Mababawasan ang mga Buwis Mula sa mga Taong Magpapatuloy Sana sa Paglipat.*** Sa ngayon, humigit-kumulang 85,000 may-ari ng bahay na mas matanda sa 55 taong gulang ang lumilipat sa ibang mga bahay bawat taon nang hindi nakakatanggap ng bentahe sa buwis sa ari-arian. Ang karamihan sa mga lumilipat na ito ay nagbabayad ng mas matataas na buwis sa ari-arian. Sa ilalim ng panukala, magiging mas mababa ang kanilang mga buwis sa ari-arian. Babawasan nito ang kita sa buwis sa ari-arian.
- ***Posibleng Mas Matataas na Buwis Mula sa Mas Matataas na Presyo ng Bahay at Higit Pang Pagtatayo ng Bahay.*** Hihikayatin ng panukala ang higit pang tao na ibenta ang kanilang mga bahay at bumili ng ibang mga bahay dahil nagbibigay sa kanila ng

## PAGSUSURI NG PAMBATASANG TAGASURI

IPINAGPATULOY

bentahe sa buwis ang pagsasagawa nito. Maaaring tumaas nang ilang libo ang bilang ng mga lumilipat. Ang pagkakaroon ng mas maraming taong interesado sa pagbili at pagbebenta ng mga bahay ay magdudulot ng ilang epekto sa mga presyo ng bahay at pagpapatayo ng bahay. Ang mga pagtaas sa mga presyo ng bahay at pagpapatayo ng bahay ay maaaring magdulot ng higit pang kita sa buwis sa ari-arian.

Ang mga nawala sa kita mula sa mga taong magpapatuloy sana sa paglipat ay magiging mas malaki kaysa sa mga kita mula sa mas matataas na presyo ng bahay at pagpapatayo ng bahay. Ang ibig sabihin nito ay babawasan ng panukala ang mga buwis sa ari-arian para sa mga lokal na pamahalaan. Sa unang ilang taon, malamang ay mawawalan ng mahigit sa $100 milyon bawat taon ang bawat isa sa mga paaralan at iba pang lokal na pamahalaan. Sa paglipas ng panahon, tataas ang mga pagkawalang ito, na magiging dahilan na mawawalan ang bawat isa sa mga paaralan at iba pang lokal na pamahalaan ng humigit-kumulang $1 bilyon bawat taon (sa dolyar sa ngayon).

***Higit Pang Estado ang Gagastos para sa Mga Paaralan.*** Inaatasan ng kasalukuyang batas ang estado na magkaloob ng higit pang pondo sa karamihan sa mga paaralan upang saklawin ang mga nawala sa kanilang buwis sa ari-arian. Bilang resulta, ang mga gastos ng estado para sa mga paaralan ay tataas nang **mahigit sa $100 milyon** bawat taon sa unang ilang taon. Sa paglipas ng panahon, ang mga tumaas na gastos na ito ng estado para sa mga paaralaan ay tataas nang **humigit-kumulang $1 bilyon** bawat taon sa dolyar sa ngayon. (Ito ay mas mababa sa 1 porsyento ng badyet ng estado.)

***Pagtaas ng Mga Kita sa Buwis sa Paglilipat ng Ari-arian.*** Dahil papataasin ng panukala ang mga pagbebenta ng bahay, papataasin din nito ang mga buwis sa paglilipat ng ari-arian na kinokolekta ng mga lungsod at county. Ang pagtaas ng kita na ito ay malamang na milyun-milyong dolyar bawat taon.

***Pagtaas ng Mga Nalikom sa Buwis sa Kita.*** Dahil papataasin ng panukala ang bilang ng mga bahay na mabebenta bawat taon, malamang na papataasin nito ang bilang ng mga nagbabayad ng buwis na kailangang magbayad ng mga buwis sa kita sa mga tubo mula sa pagbebenta ng kanilang mga bahay. Malamang na papataasin nito ang mga nalikom sa buwis sa kita nang milyun-milyong dolyar bawat taon.

***Mas Matataas na Administratibong Gastos para sa mga County.*** Ang mga tagatasa ng county ay kailangang gumawa ng proseso upang kalkulahin ang nabubuwisang halaga ng mga bahay na saklaw ng panukalang ito. Magreresulta ito sa isang beses na mga gastos para sa mga tagatasa ng county sa **milyun-milyong dolyar** o higit pa, na may medyo mas maliliit na patuloy na pagtaas ng gastos.

**Bumisita sa *http://www.sos.ca.gov/campaign-lobbying/cal-access-resources/measure-contributions/2018-ballot-measure-contribution-totals/* para sa listahan ng mga komite na pangunahing binuo upang suportahan o tutulan ang panukalang ito. Bumisita sa *http://www.fppc.ca.gov/transparency/top-contributors/nov-18-gen.html* upang i-access ang nangungunang 10 tagaambag ng komite.**

**Kung gusto ninyo ng kopya ng buong teksto ng panukala ng estado, pakitawagan ang Kalihim ng Estado sa (800) 339-2957 o maaari kayong mag-email sa *vigfeedback@sos.ca.gov* at libreng magpapadala sa inyo ng kopya sa pamamagitan ng koreo.**

## ★ PANGANGATWIRANG PABOR SA PROPOSISYON 5 ★

BINIBIGYAN NG PROP. 5 ANG LAHAT NG NAKATATANDA (55+) AT MAY MATINDING KAPANSANAN NG KARAPATANG LUMIPAT NANG WALANG PARUSA

Inaalis ng PROP. 5, ang Inisyatiba sa Pagiging Makatarungan sa Buwis sa Ari-arian, ang "parusa sa paglipat" na umiiral ngayon upang maprotektahan ang mga nakatatanda (55+) at may matinding kapansanang taong gustong lumipat sa mga mas ligtas at mas praktikal na bahay o mas malapit sa kanilang mga pamilya. Nalilimitahan ng PROP. 5 ang mga parusa sa buwis sa ari-arian na maaari nilang kakaharapin kung bibili sila ng isa pang bahay sa anumang county ng estado.

INAALIS NG PROP. 5 ANG MGA HAMON SA PAGLIPAT PARA SA MGA NAKATATANDA (55+)

Milyun-milyong nakatatanda sa California ang nakatira sa mga bahay na hindi sapat para sa kanilang mga pangangailangan—mas malaki man, may napakaraming hagdan, o simpleng napakalayo sa kanilang pamilya at mga mahal sa buhay. Sa ilalim ng PROP. 5, magagawa ng mga nakatatandang may-ari ng bahay (edad 55+) na ilipat ang kasalukuyang nabubuwisang halaga ng kanilang bahay, saan man sa estado nila maaaring piliing lumipat.

TINUTULUNGAN NG PROP. 5 ANG MGA RETIRADONG NAMUMUHAY NANG HINDI NAGBABAGO ANG MGA KITA

Ang karamihan sa mga retirado ay namumuhay nang hindi nagbabago ang kita, na kadalasang mula sa pensyon at/o Seguridad Panlipunan. Inaalis ng PROP. 5 ang posibilidad ng 100%, 200%, o kahit pa 300% pagtaas sa mga buwis sa ari-arian na kadalasang kailangang bayaran ng mga retiradong guro, bumbero, pulisya, at iba pang retirado kung gusto nilang ibenta ang kanilang kasalukuyang bahay upang bumili ng isa pa sa ibang lugar sa California.

NAGPOPROTEKTA ANG PROP. 5 LABAN SA BATAYANG BUWIS SA ARI-ARIAN "PARUSA SA PAGLIPAT"

Sa ilalim ng batas ng California, nalilimitahan ang mga buwis sa ari-arian sa maliit na porsyento ng halaga ng ari-arian kapag binili ito. Kilala ito bilang "batayang buwis" ng ari-arian. Bukod pa rito, may limitasyon sa kung gaano kalaking buwis sa ari-arian ang maaaring tumaas taun-taon. Ang mga nakatatanda at may matinding kapansanan ay kadalasang may mga hindi nagbabagong kita at hindi nila kayang bayaran ang malalaking pagtaas ng buwis sa ari-arian. Ngunit kung pipiliin nilang lumipat sa isang bagong bahay, kadalasang lubhang tataas ang kanilang "batayang buwis" dahil sa pagtaas ng mga presyo ng bahay sa mga nakalipas na ilang dekada. Pinoprotektahan ng PROP. 5 ang mga mamamayan ng California na ito laban sa "parusa sa paglipat" sa pamamagitan ng pagpayag sa kanilang magpanatili ng mas mababa at mas makatarungang batayang buwis.

PINAPALAWAK NG PROP. 5 ANG MGA BENEPISYO NG PROP. 13, NA NAGDUDULOT NG KATATAGAN SA BUWIS AT MAPAYAPANG PAG-IISIP

Inaalis ng PROP. 5 ang "parusa sa paglipat" na umiiral ngayon na nag-aambag sa kakulangan sa pabahay sa California. Tulad ng Prop. 13 (1978) na pinigilan ang milyun-milyong nakatatanda na mabuwisan dahil sa kanilang mga bahay, tutulungan ng PROP. 5 ang iba pang mlyun-milyong tao ngayon. Tutulong ang PROP. 5 na lutasin ang kakulangan sa pabahay at magdudulot ito ng katatagan sa buwis at mapayapang pag-iisip para sa milyun-milyong middle class at nagtatrabahong pamilya sa buong California.

TINUTULUNGAN NG PROP. 5 ANG MGA TAONG MAY MATINDING KAPANSANAN NA HINDI MAKAALIS SA MGA HINDI SAPAT NA BAHAY

Maraming taong may matinding kapansanan sa California ang nakatira sa mga bahay na hindi na ligtas o praktikal para sa kanila, ngunit hindi nila kayang lumipat dahil maaaring tumaas ang kanilang mga buwis sa ari-arian kung bibili sila ng bagong bahay sa ibang lugar sa California. Maaari itong mangyari kahit na lilipat sila sa mas murang bahay. Sa ilalim ng PROP. 5, ang mga may-ari ng bahay na may matinding kapansanan ay maaaring lumipat sa mga mas naaangkop na bahay nang hindi napapatawan ng "parusa sa paglipat."

**PENNY LILBURN,** Tagapagpaganap na Direktor
Highland Senior Center

**KYLE MILES,** Kumander
AMVETS Department of California

**SUSAN CHANDLER,** Presidente
Californians for Disability Rights, Inc.

## ★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG PABOR SA PROPOSISYON 5 ★

WALANG GINAGAWA ANG PROP. 5 UPANG TULUNGAN ANG KARAMIHAN SA MGA NAKATATANDANG MABABA ANG KITA NGUNIT TUMUTULONG ITO SA MGA SAMAHANG HINGGIL SA PANGKUMPANYANG REAL ESTATE NA NAGPOPONDO RITO.

Sinusubukan ng mga samahang hinggil sa real estate sa likod ng Prop. 5 na takutin ang mga nakatatanda sa pamamagitan ng pagsisinungaling. *Pinapayagan na* ng kasalukuyang batas ang mga nakatatanda at may matinding kapansanan na nagbabayad ng buwis na magpanatili ng bentahe sa buwis sa ari-arian kapag lumipat sila. Naiiba ang Prop. 5—isa itong bagong bentahe sa buwis para sa mga pinakamataas na kita na patuloy na bumibili ng mas malalaki at mas murang bahay pagkalipas ng 55.

"Maling ginagamit ng mga samahang hinggil sa real estate ang mga nakatatanda at taong may mga kapansanan bilang mga garantiya upang makabenta ng mas maraming mahal na bahay," ang sabi ni Gary Passmore, Presidente ng Kongreso ng Mga Nakatatanda ng California. "Maaari nang magretiro ang mga nakatatanda sa kanilang bahay na equity nang walang anumang parusa sa paglipat.' Gawa-gawa lang nila iyon. Bumoto ng HINDI sa Prop. 5!"

Isinasapanganib ng Prop. 5 ang proteksyon laban sa sunog, pangangalagang pangkalusugan, at ang ating mga paaralan dahil binabawasan nito ng $1 BILYON ang kita mula sa mga lungsod at county.

Nahihirapan ang mga mas batang mamamayan ng California na bumili ng kanilang mga unang bahay. Maraming nakatatanda, taong may mga kapansanan, at pamilya ang hindi kayang magbayad ng ligtas na apartment. Mali para sa mga samahang hinggil sa real estate sa likod ng panukalang ito na gawing MAS MAHAL ang pabahay.

"Bilang isang retiradong guro, nag-aalala ako tungkol sa pagbabayad ng aking sangla at umaasa ako sa ilan sa bayad sa aking pagreretiro upang matulungan ang aking mga anak. Hindi talaga makakatulong sa akin ang Prop. 5, at hindi dapat nila sabihing makakatulong ito," ang sabi ng retiradong guro ng paaralang elementarya na si Melinda Dart.

Tinututulan ng mga guro, nurse, bumbero, at tagapagtaguyod ng pabahay at nakatatanda ang Prop. 5 dahil scam ito. Mangyaring sumama sa amin sa pagboto ng HINDI sa 5.

**NAN BRASMER,** Presidente
Alyansa para sa Mga Retiradong Amerikano sa California

**HELEN L. HUTCHISON,** Presidente
Liga ng Mga Kababaihang Botante ng California

**TIM GAGE,** Dating Direktor
Kagawaran ng Pananalapi ng California

 *Ang mga nakalimbag na pangangatwiran sa pahinang ito ay opinyon ng mga may-akda, at hindi nasuri para sa katumpakan ng anumang opisyal na ahensiya.*

## ★ PANGANGATWIRAN LABAN SA PROPOSISYON 5 ★

BUMOTO NG HINDI SA PROP. 5

Inuudyok namin na bumoto ng HINDI sa Prop. 5 para sa isang simpleng dahilan. Mayroon tayong napakatinding krisis sa abot-kayang pabahay sa California, at WALANG magagawa ang Prop. 5 upang malutas ang krisis na ito.

Ano ang gagawin ng Prop. 5:

- Higit na papataasin ng Prop. 5 ang gastos sa pabahay.
- Dahil sa Prop. 5, mawawalan ng daan-daang milyong dolyar at posibleng $1 bilyong lokal na kita ang ating mga pampublikong paaralan.
- Dahil sa Prop. 5, mawawalan ng hanggang $1 bilyong kita ang mga lokal na serbisyo, kabilang ang bumbero, pulisya, at pangangalagang pangkalusugan.
- Nagbibigay ang Prop. 5 ng napakalaking bentahe sa buwis sa mayayamang mamamayan ng California.
- Nagdudulot ang Prop. 5 ng napakalaking pagbaba sa industriya sa real estate, ang TANGING isponsor ng inisyatiba.

Inuudyok namin na bumoto ng Hindi sa Prop. 5 dahil sa HINDI nito ginagawa:

- HINDI ito nagpapatayo ng anumang bagong pabahay.
- HINDI nito tinutulungan ang mga bumibili ng bahay sa unang pagkakataon.
- HINDI nito pinapababa ang gastos ng pagrenta.
- HINDI nito tinutugunan ang kawalan ng tirahan.

Malinaw ang mga tagapagtaguyod ng pabahay: "Walang ginagawa ang Prop. 5 para sa abot-kayang pabahay, at papalalain lang nito ang kasalukuyang sitwasyon," ang sabi ni Shamus Roller ng Proyekto ng Pambansang Batas sa Pabahay, isang kampeon para sa abot-kayang pabahay.

Para sa nakalipas na 30 taon, nagagawa ng mas matatandang may-ari ng bahay na lumilipat sa mas maliit at mas murang bahay na dalhin ang kanilang kasalukuyang buwis sa ari-arian, isang pang-uudyok na iwanan ang mas malaki at mas mahal na bahay sa mas batang pamilya. Magagawa ito ng mga may-ari ng bahay nang *isang beses* sa kanilang buong buhay. Isa itong extension ng Prop. 13.

Ngunit binabago ng Prop. 5 ang equation na ito. Kung maipasa ito, maaaring gamitin ng isang may-ari ng bahay na mas matanda sa 55 ang kanyang bentahe sa buwis upang bumili ng mga mas murang pabahay, nang paulit-ulit, sa anumang lugar sa California. Samantala, ang mga mas bata at unang beses na bumili ng bahay na may mas mababang kita ay magkakaroon ng mas matataas na presyo ng pabahay, at ang mga nangungupahan ay mas mahihirapang maging mga may-ari ng bahay.

Sinabi ng di-partidistang Pambatasang Tagasuri ng California na magdudulot ang Prop. 5 ng napakalaking pagkawala ng kita sa lokal na antas. Iyon ang dahilan kung bakit hindi ang sagot ng mga bumbero, guro, at nurse sa Prop. 5. Magreresulta ang inisyatibang ito sa mga pagbabawas sa mahahalagang pampublikong serbisyo kabilang ang proteksyon laban sa sunog, proteksyon sa pulisya, at pangangalagang pangkalusugan. Pangunahing nagmumula sa mga lokal na buwis sa ari-arian ang pagpopondo ng pampublikong paaralan. Ang Prop. 5 ay nangangahulugan ng mas kaunting lokal na kita para sa ating mga pampublikong paaralan.

"Ang paglaban sa mga wildfire na sumasalanta sa ating mga komunidad sa nakaraang ilang taon ay nangangailangan ng higit pa—hindi mas kaunti—na mga lokal na mapagkukunan. Hindi kami sang-ayon sa Prop. 5," ang sabi ni Brian Rice, Presidente ng Mga Propesyonal na Bumbero ng California.

Ang mga samahang hinggil sa real estate na nagbayad upang mailagay ang Prop. 5 sa balota ay nagpasyang pag-awayin ang ilang may-ari ng bahay. Bakit? Kailangan ninyo silang tanungin. Ngunit sa tingin namin, may kinalaman ito sa kanilang mga kita.

Hindi kami sang-ayon sa Prop. 5. Mangyaring sumama sa aming bumoto ng Hindi.

Matuto pa sa *www.noprop5.com*

**CAROL KIM,** Miyembro ng Lupon
Kapisanan ng Mga Middle Class na Nagbabayad ng Buwis

**SHAMUS ROLLER,** Tagapagpaganap na Direktor
Proyekto ng Pambansang Batas sa Pabahay

**GARY PASSMORE,** Presidente
Kongreso ng Mga Nakatatanda ng California

## ★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 5 ★

TINUTULUNGAN NG PROP. 5 ANG MGA MAMAMAYAN NG CALIFORNIA NA GUSTONG MAGKAROON NG PAGKAKATAONG LUMIPAT

Inaalis ng Prop. 5, ang *Inisyatiba sa Pagiging Makatarungan ng Buwis sa Ari-arian*, ang "parusa sa paglipat" na kasalukuyang tinitiis ng milyun-milyong nakatatanda (55+) at may matinding kapansanang mamamayan ng California na hindi makaalis sa isang bahay na ayaw na nila o hindi na tama para sa kanilang mga pangangailangan.

Pinapayagan ng Prop. 5 ang mas matatandang mamamayan ng California na ito na ibenta ang kanilang kasalukuyang bahay at bumili ng bagong pangunahing tirahan—nang hindi nagkakaroon ng buwis sa ari-arian na ito na "parusa sa paglipat." Ginagawang magagamit ng Prop. 5 ang talagang kinakailangang pabahay para sa iba pang pamilya, kabilang ang unang beses na bumibili ng bahay at nangungupahan.

HINDI PINAPATAAS NG PROP. 5 ANG GASTOS SA PABAHAY

Wala sa inisyatibang ito ang nagpapataas ng gastos ng pabahay.

HINDI KINUKUHA NG PROP. 5 ANG PONDO SA KALIGTASAN NG PUBLIKO

Wala sa inisyatibang ito ang kumukuha ng pagpopondo sa mga kagawaran ng bumbero, pulisya, o pangangalagang pangkalusugan.

HINDI KINUKUHA NG PROP. 5 ANG PONDO SA MGA PAMPUBLIKONG PAARALAN

Wala sa inisyatibang ito ang kumukuha ng pondo sa mga pampublikong paaralan.

SINASABI NG MGA NANGUNGUNANG EKONOMISTA NG CALIFORNIA NA PAPATAASIN NG PROP. 5 ANG MGA KITA NG ESTADO

Natukoy ng pang-ekonomiyang pagsusuri sa Prop. 5 na isinagawa ng dalawa sa mga nangungunang ekonomista sa estado na ang pagpayag sa mga nakatatanda, may matinding kapansanan, at biktima ng kalamidad na lumipat ay malamang na makapagpapataas ng mga kita sa buwis at magbibigay ng higit pang pondo para sa mahahalagang pampublikong serbisyo.

Kung maaaring lumipat ang mga nakatatanda sa isang bagong pangunahing tirahang mas akma sa kanilang mga pangangailangan (gaya ng pagpapaliit pagkatapos na umalis ang mga anak), magdudulot ang kanilang mga lumang bahay ng higit pang kita sa buwis kapag ibinenta sa mga bagong mamimili.

**MARILYN MARKHAM,** Miyembro ng Lupon
Liga ng Mga Nakatatandang Tagapagtaguyod ng California

**TOM CAMPBELL, Ph.D.,** Propesor Ukol sa Ekonomiya

**MICHAEL C. GENEST,** Dating Direktor
Kagawaran ng Pananalapi ng California

PROPOSISYON

# 6 INAALIS ANG PARTIKULAR NA PAGPOPONDO SA PAGKUKUMPUNI NG DAAN AT TRANSPORTASYON. NAG-AATAS NA ANG ILANG PARTIKULAR NA BUWIS SA GATONG AT BAYARIN SA SASAKYAN AY AAPRUBAHAN NG MGA MANGHAHALAL. INISYATIBONG SUSOG SA SALIGANG-BATAS.

## OPISYAL NA TITULO AT BUOD

INIHANDA NG PANGKALAHATANG ABUGADO

**Makikita ang teksto ng panukalang ito sa website ng Kalihim ng Estado sa *http://voterguide.sos.ca.gov.***

- Pinapawalang-bisa ang mga probisyon sa buwis at bayarin ng batas sa transportasyon ng 2017 na nagbabayad para sa mga pagkukumpuni at pagpapahusay ng mga lokal na daan, highway ng estado, at pampublikong transportasyon.
- Nag-aatas sa Lehislatura na magsumite ng anumang panukalang nagsasabatas ng tinukoy na mga buwis o bayarin sa gas o diesel, o sa pribilehiyong magpatakbo ng isang sasakyan sa mga pampublikong highway, sa mga manghahalal para sa pag-apruba.

**BUOD NG PAGTATANTIYA NG PAMBATASANG TAGASURI SA NETONG EPEKTO SA PANANALAPI NG PAMAHALAAN NG ESTADO AT LOKAL NA PAMAHALAAN:**

- Nabawasang patuloy na mga kita ng estado na $5.1 bilyon mula sa pag-aalis ng mga buwis sa gatong at sasakyan na ipinasa ng Lehislatura noong 2017. Ang mga kitang ito ay pangunahing magbabayad sana para sa pagpapanatili at mga pagkukumpuni ng highway at daan, gayon din sa mga programang pampublikong sasakyan.
- Ang iniaatas na aprubahan ng mga botante ang bago o tinaasang mga buwis sa gatong at sasakyan na ipapasa ng Lehislatura sa hinaharap ay maaaring magresulta sa mas mababang mga kita mula sa mga naturang buwis kaysa makukuha sa ibang paraan.

## PAGSUSURI NG PAMBATASANG TAGASURI

## BATAYAN

### PAG-APRUBA SA MGA BUWIS NG ESTADO

***Mga Pambatasang Iniaatas.*** Sa ilalim ng Saligang-batas ng Estado, ang Lehislatura ay maaari lang magpasa ng bagong buwis o taasan ang isang kasalukuyang buwis kung may dalawang katlong boto. (Maaaring ipasa ng Lehislatura ang karamihan sa iba pang uri ng mga batas sa pamamagitan ng simpleng mayorya.) Ang ilang singil ng estado na tinawag na mga bayarin (gaya ng mga bayarin sa lisensya ng sasakyan) ay napapabilang sa pagpapakahulugan ng saligang-batas sa buwis.

***Mga Kinakailangan sa Pag-apruba ng Botante.*** Hindi kailangang humiling ng pag-apruba ng botante ang Lehislatura para sa mga bago o tinaasang buwis na ipinapasa nito. Ang mga botante—sa pamamagitan ng proseso ng inisyatiba—ay maaaring magpasa ng mga bagong buwis o taasan ang mga kasalukuyang buwis nang hindi isinasangkot ang Lehislatura.

### MGA BUWIS SA GATONG AT SASAKYAN NG ESTADO

***Mga Buwis sa Gatong.*** Naniningil ang estado ng mga buwis sa excise sa gasolina at diesel na gatong. Itinatakda ang mga buwis na ito batay sa gallon. Naniningil din ang estado ng mga buwis sa pagbebenta ng gasolina at diesel na gatong. Itinatakda ang mga buwis na ito bilang porsiyento ng presyo ng gatong. Karaniwang iniaatas ng Saligang-batas ng Estado na gastusin sa mga highway, daan, at sasakyan ang mga kita mula sa mga buwis sa gatong na ito.

***Mga Buwis sa Sasakyan.*** Iniaatas ng batas ng estado sa mga may-ari ng sasakyan na magbayad ng dalawang partikular na buwis para sa pribelihiyo ng pagpapatakbo ng sasakyan sa mga pampublikong highway. Ang mga ito ay ang (1) mga bayarin sa sasakyan at (2) kamakailang pinapatupad na mga bayarin sa pagpapahusay ng transportasyon, kung saan nakabatay ang mga ito sa halaga ng isang sasakyan. Iniaatas ng Saligang-batas ng Estado na gastusin sa mga highway, daan, at sasakyan ang mga kita sa bayarin sa pagpapahusay ng transportasyon.

### PAGPOPONDO SA TRANSPORTASYON SA CALIFORNIA

Kasalukuyang tinatantiyang $35 bilyon ang kabuuan ng pagpopondo sa transportasyon sa California. Sa halagang ito, ang $16 bilyon ay nagmumula sa mga lokal na mapagkukunan, ang $12 bilyon ay nagmumula sa mga mapagkukunan ng estado, at ang $7 bilyon ay mula sa mga pederal na mapagkukunan. Ang mga lokal na pagpopondo ay pangunahing nagmumula sa mga buwis sa pagbebenta, pamasahe sa sasakyan, at pangkalahatang pondo ng lungsod at county, habang ang pederal na pagpopondo ay pangunahing nagmumula sa mga pederal na buwis sa gatong. Ang pagpopondo ng estado ay pangunahing nagmumula sa mga buwis sa gatong at sasakyan ng estado. Tumaas ang pagpopondo ng estado nang humigit-kumulang tatlong kapat sa nakalipas na dalawang taon na pangunahing dahil sa kamakailang pagbabatas.

***Kamakailang Pagbabatas sa Pagpopondo sa Transportasyon ng Estado.*** Noong 2017, isinabatas ng Lehislatura ang Batas ng Senado (Senate Bill o SB) 1 upang taasan ang taunang pagpopondo ng estado para sa transportasyon sa pamamagitan ng iba't ibang buwis sa gatong at sasakyan (ipinapakita sa Pigura 1). Sa partikular, tinaasan ng SB 1 ang batayang buwis sa excise sa gasolina (nang 12 sentimo bawat gallon) at ang buwis sa pagbebenta ng diesel (nang 4 na porsyento). Nagtatakda rin ito ng mga hindi nagbabagong antas sa pangalawang buwis sa excise (karagdagan) at buwis sa excise sa diesel, na dati ay maaaring magbago

bawat taon batay sa mga presyo ng gatong. Bukod pa rito, ginawa ng SB 1 ang bayarin sa pagpapahusay sa transportasyon (na mula $25 hanggang $175 bawat taon) at bayaring partikular para sa mga sasakyang zero ang emisyon (itinakda sa $100 bawat taon para sa mga taon ng modelo na 2020 at mas bago). Nagkakaloob din ito ng mga pag-aakma sa implasyon sa hinaharap. Sa taon ng pananalapi na ito, inaasahan ng estado na makakalikom ng $4.4 bilyon sa mga buwis. Sa dalawang taon mula ngayon, kapag nagkaroon na ng bisa ang lahat ng buwis at nagsimula na ang mga pag-aakma sa implasyon, inaasahan ng estado na makakalikom ng $5.1 bilyon sa mga buwis. Iniaatas ng Saligang-batas ng Estado na gagastusin sa mga layunin ng transportasyon ang halos lahat ng bagong kita na ito. Inilalaan ng Batas ng Senado 1 ang humigit-kumulang dalawang katlo ng mga kita sa mga pagkukumpuni ng highway at daan, at inilalaan sa iba pang programa ang natitira (gaya ng para sa sasakyan para sa masa).

## MUNGKAHI

***Inaatasan ang Lehislatura na Hilingin ang Pag-apruba ng Botante para sa Mga Buwis sa Gatong at Sasakyan.*** Sinususugan ng Proposisyon 6 ang Saligang-batas ng Estado na atasan ang Lehislatura na hilingin ang pag-apruba ng botante para sa mga bago o tinaasang buwis sa pagbebenta, pagtatago, paggamit, o pagkonsumo ng gasolina o diesel na gatong, pati na rin para sa mga buwis na binayaran para sa pribilehiyo ng pagpapatakbo ng sasakyan sa mga pampublikong highway. Samakatuwid, kakailanganin ng Lehislatura ang pag-apruba ng botante para sa mga naturang buwis bilang mga buwis sa excise at pagbebenta ng gasolina at diesel, bayarin sa lisensya ng sasakyan, at bayarin sa pagpapahusay ng transportasyon.

***Inaalis ang Kamakailang Isinabatas na Mga Buwis sa Gatong at Sasakyan***. Inaalis din ng Proposisyon 6 ang anumang naturang buwis sa gatong at sasakyan na ipinasa ng Lehislatura pagkalipas ng Enero 1, 2017 at hanggang sa petsa na magkaroon ng bisa ang Proposisyon 6 sa Disyembre. Aalisin nito ang mga tinaasang buwis sa gatong at ang mga bayarin sa pagpapahusay ng transportasyon na isinabatas ng SB 1.

## MGA EPEKTO SA PANANALAPI

***Inaalis ang Mga Kita sa Buwis Mula sa SB 1.*** Sa kasalukuyang taon ng pananalapi, babawasan ng Proposisyon 6 ang mga kita sa buwis ng SB 1 na mula $4.4 bilyon hanggang $2 bilyon—$2.4 bilyong pagbaba. (Ang $2 bilyong natitirang kita ay magmumula sa mga buwis na makokolekta bago magkaroon ng bisa ang Proposisyon 6 sa Disyembre.) Sa dalawang taon mula ngayon, ang bawas sa kita ay magiging $5.1 bilyon ang kabuuan taun-taon. Pangunahing maaapektuhan ng mga pagbabawas sa pagpopondo ang mga programa sa pagpapanatili at pagkukumpuni ng highway at daan, pati na rin ang mga programa sa sasakyan.

***Ginagawang Mas Mahirap ang Pagpapasa ng Mga Tinukoy na Buwis sa Gatong at Sasakyan.*** Gagawing mas mahirap ng Proposisyon 6 ang pagsasabatas ng mga tinukoy na buwis sa gatong at sasakyan dahil kailangan ding aprubahan ng mga botante ang mga ito. Bilang resulta, magkakaroon ng mas kaunting kita kaysa sa dapat mangyari. Hindi alam ang anumang bawas sa mga kita, dahil magdedepende ito sa mga pagkilos sa hinaharap ng Lehislatura at ng mga botante.

**Pigura 1**

**Mga Kita ng Batas ng Senado 1**

| | Mga Antas ng Buwis | | Mga Taunang Kita (Sa Mga Bilyon) | |
|---|---|---|---|---|
| | Mga Dating Antas | Mga Bagong Antas | Kasalukuyang Taon | Sa Loob ng Dalawang Taon |
| **Mga Buwis sa Gasolina** | | | | |
| Excise (batayan) | 18 sentimo | 30 sentimo | $1.9 | $2.1 |
| Excise (karagdagan) | Nag-iiba-iba[a] | 17.3 sentimo | —[b] | 0.2 |
| **Mga Buwis sa Diesel** | | | | |
| Excise | Nag-iiba-iba[c] | 36 na sentimo | 0.7 | 0.7 |
| Pagbebenta | 1.75 porsyento | 5.75 porsyento | 0.3 | 0.4 |
| **Mga Buwis sa Sasakyan** | | | | |
| Bayarin sa pagpapahusay ng transportasyon | — | $25 hanggang $175 | 1.5 | 1.6 |
| Bayarin sa sasakyang zero ang emisyon | — | $100 | —[b] | —[d] |
| **Mga Kabuuan** | | | **$4.4** | **$5.1** |

[a] Itinatakda taun-taon batay sa mga presyo. Ang kasalukuyang antas ay 11.7 sentimo ngunit ang antas ay dating mula 9.8 sentimo hanggang 21.5 sentimo.
[b] Hindi pa nagkakaroon ng bisa ang bagong antas.
[c] Itinatakda taun-taon batay sa mga presyo. Ang pinakakamakailang antas ay 16 sentimo ngunit ang antas ay dating mula 10 sentimo hanggang 18 sentimo.
[d] $48 milyon.

**Bumisita sa *http://www.sos.ca.gov/campaign-lobbying/cal-access-resources/measure-contributions/2018-ballot-measure-contribution-totals/* para sa listahan ng mga komite na pangunahing binuo upang suportahan o tutulan ang panukalang ito. Bumisita sa *http://www.fppc.ca.gov/transparency/top-contributors/nov-18-gen.html* upang i-access ang nangungunang 10 tagaambag ng komite.**

**Kung gusto ninyo ng kopya ng buong teksto ng panukala ng estado, pakitawagan ang Kalihim ng Estado sa (800) 339-2957 o maaari kayong mag-email sa *vigfeedback@sos.ca.gov* at libreng magpapadala sa inyo ng kopya sa pamamagitan ng koreo.**

PROPOSISYON
# 6

INAALIS ANG PARTIKULAR NA PAGPOPONDO SA PAGKUKUMPUNI NG DAAN AT TRANSPORTASYON. NAG-AATAS NA ANG ILANG PARTIKULAR NA BUWIS SA GATONG AT BAYARIN SA SASAKYAN AY AAPRUBAHAN NG MGA MANGHAHALAL. INISYATIBONG SUSOG SA SALIGANG-BATAS.

## ★ PANGANGATWIRANG PABOR SA PROPOSISYON 6 ★

Bumoto ng OO sa Proposisyon 6 upang *agad na mapababa ang presyong ibinabayad ninyo para sa gasolina.*

Gumagawa ng dalawang bagay ang Prop. 6. Inaalis nito ang malaking pagtaas sa gasolina, diesel at mga buwis sa sasakyan na kakapataw lang ng Lehislatura noong nakaarang taon. Pangalawa, nangangailangan ito ng pag-aproba ng botante para sa anumang pagsubok ng Lehislatura sa hinaharap na gawin itong muli. Iyon lang.

Narito kung bakit karapat-dapat sa Prop. 6 ang inyong OO na boto:

KATOTOHANAN: Tumataas ang halaga ng pamumuhay sa California at nahihirapang makisabay ang mga nagtatrabahong pamilya. Maaaring gumastos ng mahigit sa $500 bawat taon ang pamilyang may apat na miyembro sa mga bagong pagtaas ng buwis sa gasolina at sasakyan! Hindi iyon barya lang, malaking halaga iyon.

KATOTOHANAN: Hindi makatarungan ang pagtaas ng buwis sa gasolina. Isa itong regresibong buwis na mas nagpapahirap sa mga nagtatrabahong pamilya at mahihirap kaysa mayayaman.

KATOTOHANAN: Nagbabayad ang mga mamamayan ng California ng humigit-kumulang 95.5 sentimo sa pamahalaan sa bawat gallon ng gasolina. Iyon ay humigit-kumulang *$18 sa mga buwis at bayarin sa isang pangkaraniwang pagpapagasolina*—talagang mas mataas sa binabayaran ng mga motorista sa iba pang estado.

KATOTOHANAN: Ang California ay may $16 bilyong sobrang badyet, ngunit nagpasya ang mga pulitiko sa Sacramento na gumastos ng bilyun-bilyon sa kanilang mga itinatagayud na proyekto sa halip na pahusayin ang mga daan, tulay at highway. Sa katunayan, aktwal na BINAWASAN ng Lehislatura ang pagpopondo ng Caltrans ng 18 porsyento sa nakalipas na sampung taon.

KATOTOHANAN: Ang 72% ng lahat ng buwis at bayaring may kaugnayan sa sasakyang de-motor sa estado na kinokolekta ng estado ay ginagamit para sa mga programang maliban sa mga kalye, daan at highway. Panahon na upang wakasan ang kalokohan sa pagpopondo ng transportasyon.

*(Suriin ang katotohanang ito at matuto pa sa GiveVotersAVoice.com)*

Huwag magpaloko sa mga kalabang nagsasabing walang pera upang ayusin ang mga daan kung papasa ang Prop. 6. Kung ang mga buwis at bayaring may kaugnayan sa transportasyon na nabayaran na natin *bago* nagkaroon ng bisa ang bagong pagpapataas ng buwis na ito ay ginastos sa transportasyon—nagkaroon sana ang estado ng $5.6 bilyon taun-taon para sa mga pangangailangan sa transportasyon, nang *hindi* tinataasan ang mga buwis.

Iyon ang dahilan kung bakit sumasang-ayon ang mga walang pinapanigang eksperto sa transportasyon na kailangang gawing priyoridad ng Lehislatura ang paggastos nito at HINDI kinakailangan ang mga pagpapataas ng buwis sa gasolina at sasakyan upang maayos ang mga daan.

*"Napakalaki ng nasayang na dolyar ng nagbabayad ng buwis na napupunta sa transportasyon. Nagkaroon na sana ang California ng magagandang daan kung ginamit nito ang mga pangunahing reporma."*—Robert K. Best, dating Direktor ng Caltrans

Bago taasan ang mga buwis sa gasolina at sasakyan ng $52 BILYON sa loob ng 10 taon, dapat linisin ng Lehislatura ang katiwalian at kawalan ng kahusayan na nagiging dahilan para gumastos ang California ng 62% mas mataas sa pambansang average upang gumawa ng mga lane ng highway.

Halos isang milyong mamamayan ng California ang naapektuhan ng matataas na presyo ng gasolina—mga may-ari ng maliit na negosyo, guro, retiradong tao, miyembro ng unyon—ang lumagda sa petisyon upang ilagay ang Prop. 6 sa balota.

Bumoto ng OO sa Prop. 6 upang makatipid ang iyong pamilya ng daan-daang dolyar sa isang taon sa pamamagitan ng pag-aalis ng hindi kinakailangang pagpapataas ng buwis sa gasolina at sasakyan—at wakasan ang kalokohang ginagawa ng mga pulitiko ng Sacramento sa ating mga pondo sa transportasyon.

*Bumoto ng OO sa Prop. 6 upang tulungan ang mga naghihirap na middle class at nagtatrabahong pamilya ng California na matugunan ang mga pangangailangan.*

Bumoto ng OO sa Prop. 6 upang hilingin sa mga pulitiko na gastusin ang ating mga dolyar ng buwis sa transportasyon ayon sa nilalayon at ipinangako—upang panatilihin ang ating mga kalye, highway at tulay.

*Bumoto ng OO sa Prop. 6 upang agad na mapababa ang mga presyo ng gasolina!*

**JOHN COX,** Marangal na Tagapangulo
Bigyan ng Boses ang Mga Botante—Oo sa Prop. 6

**DELORES CHAVEZ,** Presidente
Pampulitikang Kapisanan ng Latino Amerikano

**PEGGI BUFF,** Presidente
Kapisanan ng Pamumuno ng Mga Kababaihan sa California

## ★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG PABOR SA PROPOSISYON 6 ★

Huwag magpaloko. Gumastos ng milyun-milyon ang mga pulitiko sa labas ng estado at mga samahang may espesyal na interes upang mailagay ang Proposisyon 6 sa balota. Gagawing hindi gaanong ligtas ng Prop. 6 ang ating mga tulay, daan at sistema ng transportasyon, at mas mataas ang ating babayaran sa paglipas ng panahon habang lalong nasisira ang mga daan.

KATOTOHANAN: Ang Prop. 6 ay walang isang probisyong naggagarantiyang mababawasan ang mga presyo ng ating gasolina.

KATOTOHANAN: Ipinasa ng karamihan sa mga botante ang Proposisyon 69 noong Hunyo na pinipigilan ang mga pulitiko sa Sacramento na gamitin ang mga pondo sa transportasyon, na tinitiyak na gagamitin lang ang mga pondo para sa mga pagpapahusay sa transportasyon.

KATOTOHANAN: Nag-aalis ang Prop. 6 ng $5 bilyon taun-taon sa *kasalukuyang pagpopondo sa transportasyon* at isasapanganib ang mahigit sa 6,500 lokal na proyekto sa transportasyon na *kasalukuyang isinasagawa* sa buong California. Hindi panahon ngayon upang ihinto ang progreso.

KATOTOHANAN: Inilalagay sa panganib ng Proposisyon 6 ang kaligtasan ng publiko. Ang California ay may mahigit sa 1,600 tulay at overpass na hindi maayos ang istraktura, at ang 89% ng mga county ay may mga daan na "hindi maayos" o "nasa panganib" ang kondisyon. Inaalis ng Prop. 6 ang mga proyektong pinapaigting ang kaligtasan sa mga tulay at overpass at inaayos ang mga mapanganib na daan.

KATOTOHANAN: Magbabayad nang mas malaki ang mga motorista sa paglipas ng panahon dahil sa Prop. 6. Ang average na nagmamaneho ay gumagastos ng $739 bawat taon sa mga gastusin sa sasakyan tulad ng mga pagtutuwid ng gulong, shock at pagkukumpuni ng gulong na dulot ng mga sirang daan. Papalalain ng panukalang ito ang mga kondisyon ng daan at gagastos tayong lahat nang mas malaki sa mga hindi inaasahang pagkukumpuni ng sasakyan.

Tinututulan ang Proposisyon 6 ng mahigit sa 200 organisasyon, kabilang ang: • Mga Propesyonal na Bumbero ng California • Lipunan ng Mga Inhinyerong Sibil sa Amerika
• Liga ng Mga Kababaihang Botante ng California• Kamara de Komersyo ng California• Kapisanan ng Sasakyang Pampubliko ng California • Kongreso ng Mga Nakatatanda ng California• Liga ng Mga Nagkakaisang Latino Amerikanong Mamamayan ng California• Latinong Kapisanan ng Negosyo• Kapisanan ng Mga Tagapatrol sa Highway ng California

Tanggihan ang Proposisyon 6—pigilan ang pag-atake sa kaligtasan sa tulay at daan.

*www.NoProp6.com*

**BRIAN K. RICE,** Presidente
Mga Propesyonal na Bumbero ng California

**MARK GHILARDUCCI,** Direktor
Opisina ng Mga Serbisyong Pang-emerhensiya ng California

**YVONNE GONZALEZ DUNCAN,** Direktor ng Estado
Liga ng Mga Nagkakaisang Latino Amerikanong Mamamayan ng California (CA LULAC)

 *Ang mga nakalimbag na pangangatwiran sa pahinang ito ay opinyon ng mga may-akda, at hindi nasuri para sa katumpakan ng anumang opisyal na ahensiya.*

## ★ PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 6 ★

BUMOTO NG HINDI SA PROP. 6: PIGILAN ANG PAG-ATAKE SA KALIGTASAN SA TULAY AT DAAN

Inuudyok ng Mga Propesyonal na Bumbero ng California, Kapisanan ng Mga Tagapatrol sa Highway ng California, Lipunan ng Mga Inhinyerong Sibil sa Amerika at mga unang tagaresponde na bumoto ng HINDI sa proposisyon 6 dahil magkakaroon ito ng masamang epekto sa kaligtasan sa mga tulay at kalye.

Nag-aalis ang Prop. 6 ng $5 bilyon taun-taon sa *mga kasalukuyang pondo* na nakalaan sa pag-aayos ng mga daan, tulay at imprastraktura. Ihihinto ng Prop. 6 ang mga proyektong *kasalukuyang isinasagawa* sa buong California upang pahusayin ang mga tulay at overpass upang matugunan ang mga pamantayan sa kaligtasan sa lindol at upang paigtingin ang kaligtasan ng ating mga daan.

Narito ang katotohanan: • Ang California ay may mahigit sa 1,600 tulay at overpass na hindi maayos ang istraktura at hindi ligtas. • Ang walumpu't siyam na porsyento (89%) ng mga county ay may mga daang 'hindi maayos' o 'nasa panganib' na kondisyon. • Ayon sa Pambansang Pangasiwaan ng Kaligtasan sa Trapiko sa Highway, mahigit sa 3,600 ang namatay sa mga daan sa California noong 2016. Natukoy na may malaking epekto sa pagpapaigting ng kaligtasan sa trapiko ang pagpapahusay ng mga kondisyon ng daan at mga kagamitan para sa kaligtasan sa daan.

INAALIS NG PROP. 6 ANG PAGPOPONDO PARA SA MAHIGIT SA 6,500 PROYEKTO SA PAGPAPAIGTING NG SEGURIDAD SA DAAN AT TRANSPORTASYON

Ayon sa Ahensiya ng Transportasyon ng Estado ng California, mahigit sa 6,500 lokal na proyekto sa pagpapahusay ng transportasyon ang kasalukuyang ginagawa sa *bawat* komunidad sa California, kabilang ang: • 3,727 proyekto na nag-aayos ng mga lubak at muling sinesemento ang mga natibag at hindi ligtas na daan • Mga pag-aayos o pagpapalit ng 554 na tulay at overpass
• 453 pagpapahusay sa mga pagpapatakbo at serbisyo ng pampublikong transportasyon kabilang ang mga bus at tren • 337 proyektong binabawasan ang sikip ng trapiko

Kung papasa ang Prop. 6, ihihinto ang konstruksyon sa mga lungsod at county sa buong estado, magiging mas malala ang pag-aaksaya ng pera at ang mga kondisyon ng daan.

MALAKAS AT MALINAW NA SINASABI NG MGA BOTANTE NA MAGLAAN NG PAGPOPONDO SA DAAN

Ipinasa ng karamihan sa mga botante ang Prop. 69 noong Hunyo na pinipigilan ang mga pulitiko sa Sacramento na gamitin ang mga pondo sa transportasyon at tinitiyak na gagamitin lang ang mga pondong ito para sa mga pagpapahusay sa transportasyon. Hindi natin dapat alisin ang mga kita sa transportasyon na pananagutan ng mga nagbabayad ng buwis, hindi maaaring ilihis, at inilaan ng karamihan sa mga botante upang ayusin ang ating mga daan.

INAALIS NG PROP. 6 ANG LIBU-LIBONG TRABAHO AT NAAAPEKTUHAN NITO ANG ATING EKONOMIYA

Tinututulan ng Kamara de Komersiyo ng California ang Prop. 6 dahil maaari itong mag-alis ng 68,000 trabaho taun-taon at $183 bilyon sa mga pamumuhunan sa ekonomiya dahil libu-libong proyekto sa konstruksyon ng daan ang ihihinto.

TINUTUTULAN NG KALIGTASAN NG PUBLIKO AT MGA LOKAL NA PINUNO ANG PROP. 6

• Mga Propesyonal na Bumbero ng California • Kapisanan ng Mga Tagapatrol sa Highway ng California • Lipunan ng Mga Inhinyerong Sibil sa Amerika • Mga tagaresponde at paramediko sa emerhensiya • Kamara de Komersyo ng California
• Liga ng Mga Botante para sa Konserbasyon ng California • Konseho sa Mga Pakikipagkalakalan sa Pagtatayo at Konstruksyon ng Estado ng California • Kapisanan ng Mga County ng Estado ng California • Liga ng Mga Lungsod ng California • Alyansa para sa Mga Trabaho ng California • Latinong Kapisanan ng Negosyo • California NAACP • Kongreso ng Mga Nakatatanda ng California • Liga ng Mga Nagkakaisang Latino Amerikanong Mamamayan ng California (LULAC)

*"Unang nakikita ng mga tagresponde sa emerhensiya ang panganib sa kaligtasan ng mga nagmamaneho na dulot ng mga natibag na daan, tulay na hindi ligtas ang istraktura at lumang imprastraktura. Sa pamamagitan ng pagpapahinto sa libu-libong proyekto sa pagpapahusay ng transportasyon, gagawing hindi gaanong ligtas ng Prop. 6 ang ating mga daan, tulay at sistema ng transportasyon at hahantong ito sa higit pang aksidente sa trapiko at pagkamatay."*—Mark Ghilarducci, Direktor, Opisina ng Mga Serbisyong Pang-emerhensiya ng California

PIGILAN ANG PAG-ATAKE SA KALIGTASAN SA TULAY AT DAAN. BUMOTO NG HINDI SA 6.

*NoProp6.com*

**BRIAN K. RICE,** Presidente
Mga Propesyonal na Bumbero ng California

**KWAME AGYARE,** Direktor ng Rehiyon
Lipunan ng Mga Inhinyerong Sibil sa Amerika

**DOUG VILLARS,** Presidente
Kapisanan ng Mga Tagapatrol sa Highway ng California

## ★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 6 ★

Napakataas na ng halaga ng pamumuhay sa California. BUMOTO ng OO sa Prop. 6 upang agad na mapababa ang presyong ibinabayad ninyo sa gasolinahan.

HUWAG magpaloko sa mga kalabang may Espesyal na Interes na nagsasabing walang pera upang ayusin ang mga tulay at daan maliban na lang kung tataasan ang mga buwis. Narito ang katotohanan:

- Ang PAMAHALAAN NG ESTADO ay may $16 BILYONG SOBRANG BADYET, ngunit nagpasya ang Lehislatura na gumastos ng bilyun-bilyon sa kanilang mga itinatagayud na proyekto sa halip na pahusayin ang mga daan, tulay at highway.
- BINAWASAN ng mga pulitiko sa Sacramento ang pagpopondo ng Caltrans nang 18 porsyento sa nakalipas na sampung taon. Ang 72% ng lahat ng buwis at bayaring may kaugnayan sa de-motor na sasakyan sa estado ay napupunta sa mga programang maliban sa mga kalye, daan at highway.
- Ipinapasa sa mga mamimili ang mas matataas na buwis sa gatong, na pinapataas ang halaga ng lahat ng binibili natin. Napakamahal na ng California. Pinapalala ng napakalaking pagtaas sa buwis na ito ang mga bagay-bagay.

Ang isa pang bagay na hindi sinasabi ng mga pulitiko sa inyo ay:

MAY NAKATAGONG SUGNAY SA BATAS SA BUWIS SA GASOLINA NG LEHISLATURA NA NAGBIBIGAY-DAAN NA AWTOMATIKONG TUMAAS ANG BUWIS BAWAT TAON NANG HINDI PINAGBOBOTOHAN NG MGA TAO.

Napakarami nang mamamayan ng California ang nahihirapan sa mataas na halaga ng pamumuhay. Dalawang bagay lang ang ginagawa ng PROP. 6 upang makatulong na gawing mas abot-kaya ang California:

Una, INAALIS nito ang hindi makatarungan at napakalaking pagtaas ng buwis sa gasolina at sasakyan.

Pangalawa, NANGANGAILANGAN ito ng boto ng mga tao bago masusubukan ng mga pulitiko na taasang muli ang mga buwis sa gasolina at sasakyan.

BUMOTO ng OO sa Prop. 6 para sa mas mababababang presyo ng gasolina! Bumisita sa *www.GiveVotersAVoice.com* at *www.GasTaxRepeal.org* upang matuto pa.

**JON COUPAL,** Presidente
Kapisanan ng Mga Nagbabayad ng Buwis ng Howard Jarvis

**JOHN KABATECK,** Direktor ng California
Pambansang Pederasyon ng Independiyenteng Negosyo

**JESSE ROJAS,** Presidente
PAC ng Mga Magsasaka at Pamilya sa California

PROPOSISYON
# 7 PINASUSUNOD SA PEDERAL NA BATAS ANG ORAS NG MAS MAHUSAY NA PAGGAMIT NG LIWANAG NG ARAW NG CALIFORNIA. NAGPAPAHINTULOT SA LEHISLATURA NA PALITAN ANG PANAHON NG ORAS NG MAS MAHUSAY NA PAGGAMIT NG LIWANAG NG ARAW. BATAS NG LEHISLATURA.

## OPISYAL NA TITULO AT BUOD

INIHANDA NG PANGKALAHATANG ABUGADO

**Makikita ang teksto ng panukalang ito sa website ng Kalihim ng Estado sa *http://voterguide.sos.ca.gov.***

- Nagtatatag ng time zone na itinalaga ng pederal na batas bilang "pamantayang oras sa Pasipiko" bilang pamantayang oras sa loob ng California.
- Nagtatadhana na ang oras ng mas mahusay na paggamit ng liwanag ng araw sa California ay magsimula sa ika-2 ng umaga sa ikalawang Linggo ng Marso at matatapos sa ika-2 ng umaga sa unang Linggo ng Nobyembre, kaayon ng kasalukuyang pederal na batas.
- Pinahihintulutan ang Lehislatura sa pamamagitan ng dalawang-ikatlong boto na gumawa ng mga pagbabago sa hinaharap sa panahon ng oras ng mas mahusay na paggamit ng liwanag ng araw ng California, kabilang ang para sa buong-taong paggamit, kung ang mga pagbabago ay kaayon ng pederal na batas.

### BUOD NG PAGTATANTIYA NG PAMBATASANG TAGASURI SA NETONG EPEKTO SA PANANALAPI NG PAMAHALAAN NG ESTADO AT LOKAL NA PAMAHALAAN:

- Ang panukalang ito ay walang tuwirang epekto sa pananalapi dahil ang mga pagbabago sa oras ng mas mahusay na paggamit ng liwanag ng araw ay magiging depende sa mga aksyon sa hinaharap ng Lehislatura at posible ng pederal na pamahalaan.

MGA PANGWAKAS NA BOTO NG LEHISLATURA SA AB 807 (PROPOSISYON 7)
(KABANATA 60, MGA BATAS NG 2018)

| | | |
|---|---|---|
| Senado: | Mga Oo 26 | Mga Hindi 9 |
| Asembleya: | Mga Oo 68 | Mga Hindi 6 |

## PAGSUSURI NG PAMBATASANG TAGASURI

# BATAYAN

***Nagtatakda ang Pederal na Batas ng Oras ng Mas Mahusay na Paggamit ng Liwanag ng Araw para sa Bahagi ng Taon.*** Nagtatatag ang pederal na batas ng pamantayang time zone para sa bawat lugar sa U.S. Halimbawa, nasa pamantayang time zone sa Pasipiko ang California at iba pang kanlurang estado. Iniaatas ng batas pederal ang pamantayang oras ng bawat zone na dapat mauna nang isang oras sa unang bahagi ng Marso hanggang sa unang bahagi ng Nobyembre—isang panahong kilala bilang Daylight Saving Time (DST). Sa DST, nangyayari ang mga pagsikat at paglubog ng araw nang huli nang isang oras kaysa sa karaniwan. Sa kasalukuyan, hindi pinapahintulutan ng pederal na batas na gumamit ng DST ang mga estado sa buong taon. Gayunpaman, pinapahintulutan ng pederal na batas ang mga estado na huwag gumamit ng DST at patuloy na gamitin ang pamantayang oras sa buong taon, gaya ng kasalukuyang ginagawa sa Arizona at Hawaii.

***Bumoto ang California para sa DST Halos 70 Taon na ang Nakalipas.*** Noong 1949, inaprubahan ng mga botante sa California ang isang panukalang inisyatibo na nagtatag sa DST sa California. Makakagawa

lang ang Lehislatura ng mga pagbabago sa panukalang inisyatibong iyon sa pamamagitan ng pagsusumite ng mga pagbabagong iyon sa mga botante para sa kanilang pag-apruba.

## MUNGKAHI

Pinapahintulutan ng Proposisyon 7 ang Lehislatura sa pamamagitan ng dalawang-ikatlong boto na baguhin ang DST (gaya na lang sa pamamagitan ng patuloy na paggamit ng DST sa buong taon), hangga't pinapayagan ang pagbabago sa ilalim ng pederal na batas. Hanggang sa magawa ang naturang pagbabago, papanatilihin ng California ang kasalukuyang DST na panahon.

## MGA EPEKTO SA PANANALAPI

***Walang Direktang Epekto sa Pananalapi sa Estado at Mga Lokal na Pamahalaan.*** Walang magiging direktang epekto ang panukala sa mga gastos at kita ng estado at lokal na pamahalaan. Dahil magdedepende ang anumang epekto sa gagawing pagkilos ng Lehislatura—at posible ring, ng pederal na pamahalaan—para baguhin ang DST.

***Mga Posibleng Epekto ng Mga Pagbabago sa DST.*** Kung binago ng Lehislatura ang DST, maaaring may iba't ibang epekto. Halimbawa, kung inaprubahan ng Lehislatura ang pambuong-taong DST, mangyayari ang mga pagsikat at paglubog ng araw nang huli nang isang oras sa pagitan ng Nobyembre at Marso. Makakaapekto ang naturang pagbabago sa netong halaga ng enerhiya na ginagamit para sa pailaw, pampainit, at pampalamig para sa mga buwang iyon. Bukod pa riyan, posibleng makaapekto ang kasalukuyang sistema ng DST sa ilang bahagi ng taon sa pagtulog ng mga tao kapag nagpalipat-lipat sa pamantayang oras at DST nang dalawang beses sa isang taon. Posible nitong maapektuhan ang mga bagay tulad ng pagiging produktibo ng manggagawa at ang bilang ng mga aksidente. Mababawasan ng pambuong-taong DST ang mga epektong ito. Ang netong epekto ng mga naturang pagbabago sa mga pinansya ng estado at ng lokal na pamahalaan ay hindi malinaw, ngunit malamang na maliit lang.

**Bumisita sa *http://www.sos.ca.gov/campaign-lobbying/cal-access-resources/measure-contributions/2018-ballot-measure-contribution-totals/* para sa listahan ng mga komite na pangunahing binuo upang suportahan o tutulan ang panukalang ito. Bumisita sa *http://www.fppc.ca.gov/transparency/top-contributors/nov-18-gen.html* upang i-access ang nangungunang 10 tagaambag ng komite.**

**Kung gusto ninyo ng kopya ng buong teksto ng panukala ng estado, pakitawagan ang Kalihim ng Estado sa (800) 339-2957 o maaari kayong mag-email sa *vigfeedback@sos.ca.gov* at libreng magpapadala sa inyo ng kopya sa pamamagitan ng koreo.**

## ★ PANGANGATWIRANG PABOR SA PROPOSISYON 7 ★

Ano ang kaakibat ng pagpapalit ng ating orasan nang dalawang beses sa isang taon? Narito ang ilang impormasyong isasaalang-alang.

Napag-alaman sa mga medikal na pag-aaral ng unibersidad noong 2012 na tumataas ang panganib ng pagkakaroon ng mga atake sa puso nang 10% sa loob ng dalawang araw matapos ang pagbabago sa oras.

Noong 2016, napag-alaman sa mga karagdagang pananaliksik na tumataas ang panganib ng stroke nang 8% kapag pinapalitan natin ang ating mga orasan. Para sa mga pasyenteng may cancer, tumataas ang panganib ng stroke nang 25% at para sa mga taong may edad 65, tumataas nang 20% ang panganib ng stroke. Ang lahat ng ito ay dahil nasisira natin ang pattern sa pagtulog.

At alam ng bawat magulang ang kaakibat ng pabago-bagong pattern sa pagtulog nang dalawang beses sa isang taon.

Ngayon, isipin ang pera. Kapag pinalitan natin ang ating mga orasan nang dalawang beses sa isang taon, tataas ang ating paggamit ng kuryente nang 4% sa maraming parte ng mundo, dadami ang langis na ating magagamit sa ating mga sasakyan, at may kaakibat itong gastusin na $434 milyon. 'Yan ang perang matitipid natin.

Kahit na palitan natin ang ating mga orasan, hindi nito mababago ang oras ng pagsikat at paglubog ng araw. Ang kalikasan ang may kontrol doon. Palaging mas mahaba ang panahon ng tag-init. Mananatiling mas maikli ang panahon ng taglamig.

Simula noong 2000, 14 na bansa na ang tumigil sa pagpapalit ng orasan. At ngayon, 68% ng lahat ng bansa na ang hindi na gumagawa nito. Hinahayaan nilang ang kalikasan na ang tumukoy ng oras, hindi ang mga pamahalaan nito. Pagpapababa sa panganib sa kalusugan. Pagbawas sa pagkonsumo ng enerhiya. Nakakatipid sa pera.

Kapag bumoto ng OO sa Proposisyon 7, mabibigyang-daan ang California na isaalang-alang na gawing Oras ng Mas Mahusay na Paggamit ng Liwanag ng Araw o Pamantayang Oras ang ating oras sa buong taon—pagbago sa mga bagay na mas mahalaga kaysa sa pagpapalit ng ating mga orasan.

Kakailanganin sa Proposisyon 7 ng dalawang-ikatlong boto ng Lehislatura bago gawin ang anumang pinal na desisyon.

**MIYEMBRO NG ASEMBLEYA KANSEN CHU**
Asembleya ng California Distrito 25

**MIYEMBRO NG ASEMBLEYA LORENA GONZALEZ**
Asembleya ng California Distrito 80

**DR. SION ROY, M.D.,** Cardiologist

## ★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG PABOR SA PROPOSISYON 7 ★

Iginigiit ng mga tagapagtaguyod ng permanenteng Mas Mahusay na Paggamit ng Liwanag ng Araw na makakatipid tayo ng enerhiya dahil dito. Hindi ito mangyayari. Marami nang pag-aaral ang isinagawa hinggil sa paksang ito at walang kongklusibong patunay na ang tuloy-tuloy na paggamit ng mas mahusay na paggamit ng liwanag ay makakatulong sa ating makatipid. Ang anumang posibleng paglaganap ng ilang partikular na medikal na kondisyon ay kailangang matiyak kung may kaugnayan sa mga panganib ng pagdilim sa umaga sa panahon ng taglamig.

Maaaring hindi maging kumbinyente ang pagbago ng ating mga oras nang dalawang beses sa isang taon. Kapag iniatas na magsimula ang mga araw nang madilim sa panahon ng taglamig, mas lalo itong hindi kumbinyente—ito ay mapanganib. Mapanganib ito para sa mga batang pumapasok sa paaralan o naghihintay ng bus sa dilim at para sa mga nasa hustong gulang na kakailanganing mag-commute sa dilim. Nakumpirma sa katulad na hindi matagumpay na eksperimento noong 1974 na mapanganib ang pagkakaroon ng Mas Mahusay na Paggamit ng Liwanag ng Araw sa buong taon.

Ang mga magandang naidudulot ng pagpapanatili sa kasalukuyang sistema ng Mas Mahusay na Paggamit ng Liwanag ng Araw sa tagsibol, tag-init, at taglagas sa Pamantayang Oras sa taglamig ay malinaw:

- liwanag ng araw sa gabi ng tag-init
- liwanag ng araw sa umaga ng taglamig
- naiiwasan nating mauna nang isang oras sa mga kalapit nating kanluraning estado at sa Mexico apat na buwan bawat taon

Tumaas na panganib para sa mga bata at nasa hustong gulang sa panahon ng taglamig, ibang oras kaysa sa mga estadong nakaligid sa atin. Wala itong saysay. Bumoto ng Hindi sa Prop. 7.

**SENADORA HANNAH-BETH JACKSON**
Ika-19 na Distrito ng Senado

 *Ang mga nakalimbag na pangangatwiran sa pahinang ito ay opinyon ng mga may-akda, at hindi nasuri para sa katumpakan ng anumang opisyal na ahensiya.*

## ★ PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 7 ★

Mangyaring bumoto ng "Hindi" sa Proposisyon 7.

Magreresulta ang Proposisyon 7 sa paglipat ng California sa permanenteng Oras ng Mas Mahusay na Paggamit ng Liwanag ng Araw.

Nasubukan na namin ito at hindi naging maganda ang resulta nito. Noong 1974, dahil sa krisis sa enerhiya, nagdeklara si Pangulong Nixon ng pang-emerhensiya na full-time Mas Mahusay na Paggamit ng Liwanag ng Araw. Inaasahan itong tatagal nang 16 na buwan pero inihinto ito makalipas ang 10 buwan dahil hindi nagustuhan ng mga tao ang masyado nang huling pagsikat ng araw.

Sa Oras ng Mas Mahusay na Paggamit ng Liwanag ng Araw, hindi ito nagdaragdag ng oras ng liwanag ng araw. Binabago lang nito kung kailan ang mga oras ng liwanag ng araw na iyon. Kung nakatira ka sa Anaheim, sisikat ang araw nang 6:55 a.m. sa umaga ng araw ng Kapaskuhan ngayong taon. Sa Oras ng Mas Mahusay na Paggamit ng Liwanag ng Araw, 7:55 a.m ito sisikat.

Mayroon tayong Oras ng Mas Mahusay na Paggamit ng Liwanag ng Araw sa tag-init kaya maliwanag pag-uwi natin galing sa trabaho. At ililipat tayo sa Pamantayang Oras sa taglamig kaya maliwanag sa umaga.

Ang kaakibat ng pagkakaroon ng permanenteng Oras ng Mas Mahusay na Paggamit ng Liwanag ng Araw? Sisikat ang araw nang huli nang isang oras kung tayo ay nasa Pamantayang Oras. Kung nakatira ka sa Eureka o Susanville, magiging madilim pa rin nang 8 a.m. Sa Araw ng Bagong Taon. Kung nakatira ka sa Los Angeles o sa Twentynine Palms, hindi sisikat ang araw hangga't hindi pumapatak ng 7:30 a.m. o mas matagal pa mula Nobyembre hanggang Pebrero.

Kayong mga gustong gumising nang may sikat ng araw ay magigising nang madilim. Ihahanda mo ang iyong anak para sa araw nang madilim; maglalakad ang iyong mga anak papunta sa paaralan o maghihintay ng school bus bago sumikat ang araw. Kayong mga nag-eehersisyo o dumadalo sa mga panrelihiyong gawain bago pumasok sa trabaho, gagawin niyo ito nang madilim.

May ilang nangangatwiran na nakakatulong ang Oras ng Mas Mahusay na Paggamit ng Liwanag ng Araw sa atin para makatipid ng enerhiya o para tayo ay maging mas ligtas. Pero wala iyong siyentipikong batayan. Pagkakumbinyente lang ang pinag-uusapan dito. Mayroon na tayong Oras ng Mas Mahusay na Paggamit ng Liwanag ng Araw sa panahon ng tag-init kaya maaari tayong magkaroon ng karagdagang liwanag sa gabi, kung kailan mae-enjoy natin ito, sa halip na magkaroon ng liwanag ng araw na iyon sa pagitan ng ika-5 at ika-6 ng umaga kung kailan mas gugustuhin nating madilim ito. At ililipat tayo sa Pamantayang Oras sa taglamig kaya hindi gaanong madilim sa umaga.

Kapag nasa permanenteng Oras ng Mas Mahusay na Paggamit ng Liwanag ng Araw, hindi tayo makakasabay sa oras ng ating mga kalapit na lugar. Bagama't palagi nating kaoras ang Arizona, sa ilang bahagi ng taon, magiging kaoras natin ang ibang estado ng Mountain Time at sa iba pang bahagi ng taon, magiging kaoras natin ang Nevada, Oregon, Washington, at Mexico.

Oo, magiging hindi kumbinyente kapag "Mauna" tayo at mawala natin ang oras na iyon (kahit na magandang makuha ang dagdag na oras na iyon kapag tayo ay "Mahuli"). Ngunit ang pag-iwas sa mga transisyong ito ay hindi dapat ikalito sa mga oras ng ibang estado, at ang mga buwan ng mga madilim na umaga na ating palilipasin kung mayroon tayong permanenteng Oras ng Mas Mahusay na Paggamit ng Liwanag ng Araw.

**SENADORA HANNAH-BETH JACKSON**
Ika-19 na Distrito ng Senado

**PHILLIP CHEN,** Miyembro ng Asembleya
Ika-55 Distrito

## ★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 7 ★

Ang mga tumutuligsa sa Proposisyon 7 ay hindi maaaring ipawalang-bahala ang mga siyentipiko at ekonomikong impormasyong nagpapakita na pagbago ng oras nang dalawang beses sa isang taon ay mapanganib sa ating kalusugan at sa ating ekonomiya. Ang Proposisyon 7 ay tungkol sa pagpapanatiling ligtas at produktibo ng ating mga komunidad, lugar na pinagtatrabahuhan, paaralan at daanan.

Sa tuwing mababago ang oras, makikita sa mga pag-aaral na mas malamang na magkaroon ng mga atake sa puso at stroke.

Nasisira ang karaniwang pattern sa pagtulog ng mga bata at nawawala ang pokus nila sa silid-aralan.

Kapansin-pansing tumataas ang bilang ng mga aksidente at pagkapinsala sa lugar na pinagtatrabahuhan matapos ang pagbago ng ating oras.

Bukod pa riyan, umaabot sa $434 milyon ang halaga ng nawawalang pagkaproduktibo kapag itinakda ang orasan nang maaga nang isang oras at huli nang isang oras kada taon.

Mababawi ng California ang pagtatakda ng mapanganib na pagpalit ng oras sa pamamagitan ng pagboto ng Oo sa Proposisyon 7.

Makiisa sa mga magulang, medikal na propesyonal, at tagapagtaguyod ng lugar na pinagtatrabahuhan sa pamamagitan ng pagboto ng Oo sa Proposisyon 7.

*www.YesProp7.info.*

**MIYEMBRO NG ASEMBLEYA KANSEN CHU**
Asembleya ng California Distrito 25

**MIYEMBRO NG ASEMBLEYA LORENA GONZALEZ**
Asembleya ng California Distrito 80

PROPOSISYON
# 8 ISINASAILALIM SA PAGKONTROL ANG MGA HALAGANG SINISINGIL NG MGA OUTPATIENT NA KLINIKA PARA SA DIALYSIS NG BATO PARA SA PAGGAMOT SA PAMAMAGITAN NG DIALYSIS. INISYATIBONG BATAS.

## OPISYAL NA TITULO AT BUOD

INIHANDA NG PANGKALAHATANG ABUGADO

**Makikita ang teksto ng panukalang ito sa website ng Kalihim ng Estado sa *http://voterguide.sos.ca.gov.***

- Nililimita ang mga singil sa 115 porsyento ng mga gastusin para sa mga tuwirang gastusin sa pangangalaga ng pasyente at pagpapahusay ng kalidad, kabilang ang pagsasanay, edukasyon ng pasyente, at suporta ng teknolohiya.
- Nag-aatas ng mga pagsasauli ng ibinayad at multa kung ang mga singil ay humigit sa limitasyon.
- Nag-aatas ng taunang pag-uulat sa estado tungkol sa mga gastusin ng klinika, mga singil sa pasyente, at kita.
- Ipinagbabawal sa mga klinika ang pagtangging gamutin ang mga pasyente batay sa pinagkukunan ng pagbabayad.

**BUOD NG PAGTATANTIYA NG PAMBATASANG TAGASURI SA NETONG EPEKTO SA PANANALAPI NG PAMAHALAAN NG ESTADO AT LOKAL NA PAMAHALAAN:**

- Kabuuang taunang epekto sa estado at mga lokal na pamahalaan na mula sa netong positibong epekto na nasa mababang sampu-sampung milyong dolyar hanggang sa netong negatibong epekto na nasa sampu-sampung milyong dolyar.

## PAGSUSURI NG PAMBATASANG TAGASURI

## BATAYAN

### PAGGAMOT SA DIALYSIS

***Pagpalya ng Bato.*** Sinasala ng malulusog na bato ang dugo ng isang tao para alisin ang dumi at sobrang likido. Ang sakit sa bato ay tumutukoy sa hindi paggana nang maayos ng bato ng isang tao. Sa paglipas ng panahon, maaaring pumalya ang bato ng isang tao, na tinatawag ding "end-stage renal disease." Nangangahulugan ito na hindi na gumagana nang sapat ang mga bato para mabuhay ang isang tao nang walang pag-transplant ng bato o nang hindi sumasailalim sa paggagamot na tinatawag na dialysis.

***Ginagaya ng Dialysis ang Normal na Paggana ng Bato.*** Artipisyal na ginagaya ng dialysis ang paggana ng malulusog na bato. Ang karamihan ng mga taong nagda-dialysis ay sumasailalim sa hemodialysis, isang anyo ng dialysis kung saan inaalis ang dugo mula sa katawan, sinasala sa pamamagitan ng isang makina para alisin ang dumi at sobrang likido, at pagkatapos ay ibinabalik sa katawan. Ang paggamot na hemodialysis ay inaabot nang humigit-kumulang apat na oras at karaniwang isinasagawa nang tatlong beses bawat linggo.

***Ang Karamihan ng mga Pasyenteng Nagda-dialysis ay Ginagamot sa mga Klinika.*** Ang mga indibidwal na may kondisyong pagpalya ng bato ay maaaring makatanggap ng paggamot na dialysis sa mga ospital o sa mga bahay nila, pero ang karamihan ay nakakatanggap ng paggamot sa mga klinika ng tuluy-tuloy na dialysis (CDC). Simula noong Mayo 2018, 588 lisensyadong CDC sa California ang nagbigay ng paggagamot sa halos 80,000 pasyente kada buwan. Ang bawat CDC ay nagpapatakbo ng average na 22 istasyon ng dialysis, kung saan ang bawat istasyon ay nagbibigay ng paggagamot sa isang pasyente sa bawat pagkakataon. Ang Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng California (CDPH) ay responsable sa paglilisensya at pagsisiyasat sa mga CDC. Iba't ibang entidad ang nagmamay-ari at nagpapatakbo sa mga CDC. Gaya ng ipinapakita sa Pigura 1, dalawang pribadong nagtutubong entidad ang nagpapatakbo at may bahaging pag-aari sa karamihan ng mga CDC sa California.

### PAGBABAYAD PARA SA PAGGAMOT SA DIALYSIS

***Ang Bayad para sa Paggamot sa Dialysis ay Nanggagaling sa Ilang Pangunahing Mapagkukunan.*** Natatantiya natin na ang mga CDC ay may kabuuang kita na halos $3 bilyon taun-taon mula sa kanilang mga operasyon sa California. Ang mga kitang ito ay binubuo ng mga bayad para sa paggamot sa dialysis mula sa ilang pangunahing mapagkukunan, o "mga tagapagbayad":

**Pigura 1**

**Mga Lisensiyadong Klinika ng Tuloy-tuloy na Dialysis ng Bato sa California**

*Mayo 2018*

| Nag-ooperang Entidad | Bilang ng mga Klinika | Porsyento ng mga Klinika |
|---|---|---|
| DaVita, Inc. (nagtutubo) | 292 | 50% |
| Fresenius Medical Care (di-nagtutubo) | 129 | 22 |
| Satellite Healthcare (di-nagtutubo) | 46 | 8 |
| U.S. Renal Care (nagtutubo) | 38 | 6 |
| Iba pa | 83 | 14 |
| **Mga Kabuuan** | **588** | **100%** |

- ***Medicare.*** Ang programang pinopondohan ng pederal na ito ay nagbibigay ng pagsaklaw sa kalusugan sa karamihan ng mga nasa edad na 65 pataas at sa ilang partikular na mas batang tao na may mga kapansanan. Sa pamamagitan ng pederal na batas, ginagawang kwalipikado ang mga taong may kondisyong pagpalya ng bato para sa pagsaklaw ng Medicare anuman ang kanilang edad o katayuan sa pagiging may kapansanan. Binabayaran ng Medicare ang paggamot na dialysis para sa karamihan ng mga taong nagda-dialysis sa California.
- ***Medi-Cal.*** Ang programang Medicaid ng pederal at estado, na kilala bilang Medi-Cal sa California, ay nagkakaloob ng pagsaklaw sa kalusugan sa mga taong mababa ang kita. Naghahati ang estado at ang pederal na pamahalaan sa mga gastusin ng Medi-Cal. Ang ilang tao ay kwalipikado sa parehong Medicare at Medi-Cal. Para sa mga taong ito, sinasaklaw ng Medicare ang karamihan ng mga pagbabayad para sa paggamot na dialysis bilang pangunahing nagbabayad at ang Medi-Cal naman ang sumasaklaw sa iba pa. Para lang sa mga taong nakatala sa Medi-Cal, ang programang Medi-Cal ang tanging responsable sa pagbabayad para sa paggamot na dialysis.
- ***Panggrupo at Pang-indibidwal na Seguro sa Kalusugan.*** Maraming tao sa estado ang may panggrupong pagsaklaw ng seguro sa kalusugan sa pamamagitan ng taga-empleyo o ibang organisasyon (gaya ng unyon). Ang pamahalaan ng estado ng California, ang dalawang sistema ng pampublikong pamantasan ng estado, at maraming lokal na pamahalaan sa California ay nagkakaloob ng pagsaklaw sa seguro sa kalusugan para sa mga kasalukuyan nilang manggagawa, kwalipikadong retiradong manggagawa, at sa kanilang mga pamilya. Ang ilang taong walang panggrupong seguro sa kalusugan ay kumukuha ng sarili nilang seguro sa kalusugan. Ang panggrupo at indibidwal na seguro sa kalusugan ay kadalasang ipinagkakaloob ng isang pribadong tagaseguro na nakakatanggap ng premium na bayad kapalit ng pagsaklaw sa mga gastusin sa isang napagkasunduang mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan. Kapag nagkaroon ng kondisyong pagpalya ng bato ang isang nakasegurong tao, ang taong iyon ay kadalasang makakalipat sa pagsaklaw ng Medicare. Iniaatas ng pederal na batas na manatili ang tagasegurong grupo bilang pangunahing tagapagbayad para sa paggamot na dialysis sa isang "panahon ng koordinasyon" na tumatagal nang 30 buwan.

***Ang Mga Grupo at Indibidwal na Tagaseguro ng Kalusugan ay Karaniwang Mas Malaki ang Ibinabayad para sa Dialysis Kaysa sa mga Programa ng Pamahalaan.*** Ang halagang binabayaran ng Medicare at Medi-Cal para sa paggamot na dialysis ay malapit sa average na gastusin para sa mga CDC para magkaloob ng paggamot na dialysis at pangunahing tinutukoy ayon sa regulasyon. Sa kabilang banda, ang mga panggrupo at indibidwal na tagaseguro sa kasalugan ay nagtatakda ng kanilang mga presyo sa pamamagitan ng pakikipagnegosasyon sa mga CDC. Ang halagang ibinabayad ng mga tagasegurong ito ay nakadepende sa relatibong bargaining power ng mga tagaseguro at ng mga CDC. Sa average, magbabayad ang mga panggrupo at indibidwal na tagaseguro sa kalusugan nang doble-doble sa mga ibinabayad ng mga programa ng pamahalaan para sa paggamot na dialysis.

## MUNGKAHI

***Inaatasan ang mga Klinika na Magbayad ng Mga Rebate Kapag Lumampas ang Kabuuang Kita sa Tinukoy na Limitasyon.*** Simula sa 2019, inaatas ng panukala sa mga CDC na kalkulahin taun-taon ang halaga ng kanilang mga kinita na lumampas sa limitasyon. Pagkatapos, iniaatas ng panukala sa mga CDC na magbayad ng rebate (iyon ay, magsauli ng bahagi ng ibinayad) sa mga tagapagbayad, hindi kasama ang Medicare at iba pang tagapagbayad ng pamahalaan,

sa halagang nalampasan ng mga kinita. Kapag malaki ang ibinayad ng tagapagbayad para sa paggagamot, mas malaki ang rebate na matatanggap ng tagapagbayad.

***Limitasyon sa Kita batay sa Tinukoy na mga Gastusin sa CDC.*** Ang limitasyon sa kita na itinakda ng panukala ay katumbas ng 115 porsyento ng tinukoy na "mga gastusin sa mga direktang serbisyo sa pangangalaga sa pasyente" at "mga gastusin sa pagpapaganda ng kalidad ng pangangalagang pangkalusugan." Kasama rito ang gastusin sa mga bagay na tulad ng sahod at benepisyo ng mga kawani, pagsasanay at paglinang sa mga kakayahan ng mga kawani, mga gamot at medikal na supply, mga pasilidad, at mga elektronikong sistema ng impormasyon sa kalusugan. Mula rito, tutukuyin namin ang mga gastusing ito bilang "pinapayagan," ibig sabihin ay isasama ito sa pagtukoy sa limitasyon sa kita. Ang iba pang gastusin, gaya ng administrative overhead, ay hindi isasama sa limitasyon sa kita.

***Mga Interes at Multa sa Mga Na-rebate na Halaga.*** Bukod sa pagbabayad ng anumang rebate, kakailanganin ng mga CDC na magbayad ng interes sa mga halaga ng rebate, na kakalkulahin mula sa petsa ng pagbabayad para sa paggagamot. Aatasan din ang mga CDC na magbayad ng multa sa CDPH na 5 porsyento ng halaga ng anumang kinakailangang rebate, hanggang sa maximum na multang $100,000.

***Kinakalkula ang mga Rebate sa Antas ng May-ari/Tagapagpatakbo.*** Tinutukoy ng panukala na kakalkulahin ang mga rebate sa antas ng "nangangasiwang entidad" ng CDC, na tumutukoy sa entidad na nagmamay-ari o nagpapatakbo sa CDC (mula rito ay tatawaging "may-ari/tagapagpatakbo"). Ang ilang may-ari/tagapagpatakbo ay maraming CDC sa California, habang ang iba naman ay maaaring magmay-ari o magpatakbo ng iisang CDC. Para sa mga may-ari/tagapagpatakbo na maraming CDC, inaatasan sila ng panukala na isuma total ang kanilang mga kinita at pinapayagang gastusin sa lahat ng kanilang CDC sa California. Kung lalampas ang mga kinita sa 115 porsyento ng kabuuang pinapayagang gastusin sa lahat ng klinika ng isang may-ari/tagapagpatakbo, kakailanganin nilang magbayad ng mga rebate na katumbas ng diperensya.

***Legal na Proseso para Pataasin ang Limitasyon sa Kita sa Ilang Partikular na Sitwasyon.*** Pinagbabawalan ng Saligang-batas ng California at ng Saligang-batas ng Estados Unidos ang pamahalaan na kumuha ng pribadong ari-arian (kung saan kasama ang halaga ng isang negosyo) nang walang makatwirang legal na proseso o makatwirang bayad-pinsala. Maaaring subukan ng isang may-ari/tagapagpatakbo ng CDC na patunayan sa hukuman na, sa kanilang partikular na sitwasyon, ang mga kinakailangang rebate ay magkakahalaga ng katumbas ng halaga ng negosyo at samakatuwid ay lalabag sa saligang-batas ng estado o pederal. Kapag napatunayan ito ng may-ari/tagapagpatakbo ng CDC, nakabalangkas sa panukala ang proseso kung saan babawasan ng hukuman ang kinakailangang rebate nang sapat na halaga para hindi na ito lumabag sa saligang-batas. Binibigyang responsibilidad ng panukala ang may-ari/tagapagpatakbo ng CDC na tukuyin ang pinakamalaking halaga ng mga rebate na magiging legal. Tinutukoy ng panukala na malalapat ang anumang pagsasaayos sa halaga ng rebate sa loob lang ng isang taon.

***Iba pang Kinakailangan.*** Inaatas ng panukala na magsumite ang may-ari/tagapagpatakbo ng CDC ng taunang ulat sa CDPH. Ililista sa mga ulat na ito ang bilang ng mga paggamot na dialysis na ipinagkaloob, ang halaga ng mga pinapayagang gastusin, ang halaga ng limitasyon sa kita ng may-ari/tagapagpatakbo, ang halaga ng kitang lampas sa limitasyon, at ang halaga ng mga nabayarang rebate. Pinagbabawalan din ng panukala ang mga CDC na tanggihan ang pagkakaloob ng paggagamot sa isang tao batay sa kung sino ang nagbabayad para sa paggagamot.

***Kinakailangan ng CDPH na Mag-isyu ng mga Regulasyon.*** Inaatasan ng panukala ang CDPH na bumuo at mag-isyu ng mga regulasyon para ipatupad ang mga probisyon ng panukala sa loob ng 180 araw simula sa petsa ng pagkakaroon ng bisa ng panukala. Sa partikular, pinapayagan ng panukala ang CDPH na tumukoy sa pamamagitan ng regulasyon ng mga karagdagang gastusin sa CDC na isasama bilang mga pinapayagang gastusin, na magagamit para mabawasan ang halaga ng anumang rebate na kinakailangang bayaran ng mga CDC.

## MGA EPEKTO SA PANANALAPI

### BABAWASAN NG PANUKALA ANG PROFITABILITY NG CDC

Sa kasalukuyan, lumalabas na ang mga CDC na pinapatakbo sa California ay may mga kitang lampas sa limitasyon sa kita na tinukoy sa panukala. Ang pagbabayad ng mga rebate sa halaga ng sobra ay may malaking kabawasan sa kikitain ng mga may-ari/tagapagpatakbo ng CDC. Sa kaso ng mga CDC na pinapatakbo ng mga nagtutubong entidad (ang karamihan ng mga CDC), ang ibig sabihin nito ay hindi na gaanong kikita ang mga CDC o kaya ay wala na ito talagang kitain. Maaari itong humantong sa mga pagbabago sa paraan kung paano

ipinagkakaloob ang paggamot na dialysis sa estado. Maaaring magkaroon ng iba't ibang epekto ang mga pagbabagong ito sa pananalapi ng estado at lokal na pamahalaan. Gaya ng inilalarawan sa ibaba, ang epekto ng panukala sa mga CDC at sa mga pananalapi ng estado at lokal na pamahalaan ay hindi pa tiyak. Ito ay dahil ang epekto ay magdedepende sa mga gagawing pagkilos sa hinaharap (1) mga tagapagkontrol ng estado at mga hukuman sa pagpapakahulugan sa panukala at (2) mga CDC bilang tugon sa panukala. Mahirap hulaan ang ganitong mga pagkilos sa hinaharap.

## MGA PANGUNAHING PINAGMUMULAN NG KAWALANG-KATIYAKAN

***Hindi Tiyak Kung Aling Gastusin ang Pinapayagan.*** Ang epekto ng panukala ay magdedepende sa pagpapakahulugan sa mga pinapayagang gastusin. Kapag nagsama ng higit pang gastusin bilang pinapayagan, mas tataas ang mga limitasyon sa kita at mabibigyang-daan ang mga CDC na makapagtabi ng higit pa sa kanilang kita (sa pamamagitan ng pag-atas ng mas maliliit na rebate). Kapag nagsama ng mas kaunting gastusin bilang pinapayagan, mas bababa ang mga limitasyon sa kita at mabibigyang-daan ang mga klinika na makapagtabi ng mas maliit sa kanilang kita (sa pamamagitan ng pag-atas ng mas malalaking rebate). Hindi tiyak kung paano papakahulugan ng CDPH (bilang tagapagkontrol ng estado na nauugnay sa pagpapatupad sa panukala) at ng mga hukuman ang mga probisyon ng panukala na tumutukoy sa mga pinapayagang gastusin. Halimbawa, tinutukoy ng panukala na ang mga gastusin sa mga sahod at benepisyo ng kawani ay papayagan lang para sa mga kawaning “hindi tagapamahala” na nagkakaloob ng direktang pangangalaga sa mga pasyenteng nagda-dialysis. Iniaatas ng pederal na batas sa mga CDC na magpanatili ng ilang partikular na posisyon bilang kondisyon sa pagtanggap ng reimbursement ng Medicare. Ang ilan sa mga iniaatas na posisyong ito—kabilang ang medikal na direktor at tagapamahalang nars—ay magsasagawa ng mga gampaning pangtagapamahala habang nagsasagawa rin ng direktang pangangalaga sa pasyente. Ang mga gastusin sa mga posisyong ito ay maaaring hindi ituring na pinapayagan dahil ang mga posisyon ay may mga gampaning pangtagapamahala. Sa kabilang banda, ang mga gastusin sa mga posisyong ito ay maaaring ituring na pinapayagan dahil nauugnay ang mga posisyon sa direktang pangangalaga sa pasyente.

***Hindi Tiyak Kung Paano Tutugon ang mga CDC sa Panukala.*** Ang may-ari/tagapagpatakbo ng CDC ay malamang na tumugon sa panukala sa pamamagitan ng pagsasaayos ng kanilang mga operasyon sa paraang naglilimita sa epekto ng kinakailangang rebate. Maaari nilang gawin ang sumusunod:

- ***Pataasin ang Mga Pinapayagang Gastusin.*** Maaaring taasan ng mga may-ari/tagapagpatakbo ng CDC ang mga pinapayagang gastusin, gaya ng mga sahod at benepisyo para sa mga kawaning hindi tagapamahala na nagkakaloob ng direktang pangangalaga sa pasyente. Kapag tinaasan ang mga pinapayagang gastusin, tataas din ang limitasyon sa kita, mababawasan ang halagang kailangang bayaran, at posibleng maging mas mainam para sa may-ari/tagapagpatakbo ng CDC kaysa kung hayaan nila ang mga pinapayagang gastusin sa mga kasalukuyang antas. Ito ay dahil ang halaga ng mga kita na maaaring panatilihin ng may-ari/tagapagpatakbo ng CDC ay lalaki nang mahigit sa mga karagdagang gastusin (tataas ang limitasyon sa kita nang 115 porsyento ng mga karagdagang pinapayagang gastusin).
- ***Bawasan ang Iba pang Gastusin***. Maaari ding bawasan ng mga may-ari/tagapagpatakbo ng CDC, kung maaari, ang iba pang gastusin na hindi maisasama sa pagtukoy sa limitasyon sa kita (gaya ng administrative overhead). Hindi nito mababago ang halaga ng mga kinakailangang bayaran na rebate, ngunit mapapahusay nito ang profitability ng CDC.
- ***Humiling ng mga Pagsasaayos sa Limitasyon sa Kita.*** Kung naniniwala ang mga may-ari/tagapagpatakbo ng CDC na hindi sila magkakaroon ng makatwirang kita sa kanilang mga operasyon pagkatapos magsagawa ng mga pagsasaayos gaya ng inilalarawan sa itaas, maaari nilang subukang hamunin ang probisyon sa rebate sa hukuman para makakuha ng mas mataas na limitasyon sa kita gaya ng nakabalangkas sa panukala. Kung magiging matagumpay ang isang paghamon, maaaring magkaroon ng mas mataas na limitasyon sa kita ang ilang may-ari/tagapagpatakbo ng CDC at maaaring mas maliit na rebate ang bayaran nila sa ilang taon.
- ***Mga Operasyong Scale Back.*** Sa ilang kaso, maaaring magpasya ang ilang may-ari/tagapagpatakbo na magbukas ng mas kaunting bagong CDC o magsara ng ilang CDC kung ang halaga ng kinakailangang rebate ay malaki at ang mga binawasang kita ay hindi

nagkakaloob ng sapat na return on investment para mapalawak o manatili sa merkado. Kung mangyayari ito, kakailanganin ng iba pang tagapagkaloob na makialam para matugunan ang pangangailangan para sa dialysis. Ang mga tagapagkaloob na ito ay maaaring magpatakbo nang hindi gaanong epektibo (may mas malalaking gastusin). Ang ilang iba pang tagapagkaloob ay maaaring hindi kasama sa mga probisyon ng panukala kung hindi sila nagpapatakbo sa ilalim ng lisensya sa CDC (halimbawa, mga ospital). Ang mga naturang pagbabago sa industriya ng dialysis ay mahirap mahulaan.

## EPEKTO NG MGA PROBISYON SA REBATE SA MGA PANANALAPI NG ESTADO AT LOKAL

Tinatantya namin na, kung walang gagawing pagkilos ang mga CDC bilang tugon sa panukala, maaaring umabot ang mga potensyal na rebate na kinakailangang bayaran sa daan-daang milyong dolyar. Depende sa mga salik na tinatalakay sa itaas, ang mga probisyon sa rebate ng panukala ay maaaring mayroong ilang uri ng epekto sa mga pananalapi ng estado at lokal.

***Maaaring Makatulong ang Panukala sa Pagkakaroon ng Matitipid sa Pangangalagang Pangkalusugan ng Empleyado ng Estado at Lokal na Pamahalaan . . .*** Sa abot na magbabayad ng mga rebate ang mga CDC, maaaring mabawasan ang mga gastusin ng estado at lokal na pamahalaan para sa pangangalagang pangkalusugan ng empleyado. Gaya ng isinaad dati, hindi isinasama ng panukala ang mga tagapagbayad ng pamahalaan sa mga makakatanggap ng rebate. Gayunpaman, kadalasang nakikipagkontrata ang estado at mga lokal na pamahalaan sa mga pribadong tagaseguro ng kalusugan para magkaloob ng pagsaklaw para sa kanilang mga empleyado. Bilang mga pribadong entidad, maaaring maging kwalipikado ang mga tagasegurong ito sa mga rebate sa ilalim ng panukala. Kahit na hindi sila kwalipikado para sa mga rebate, malamang na nasa posisyon pa rin sila para makipagnegosasyon ng mas mababababang halaga sa mga may-ari/tagapagpatakbo ng CDC. Maaaring ipasa ng mga tagasegurong ito ang ilan o ang lahat ng naipong ito sa mga taga-empleyo ng pamahalaan sa anyo ng mga binawasang premimum sa seguro sa kalusugan.

***. . . O Mga Gastusin.*** Sa kabilang banda, gaya ng inilalarawan sa itaas, maaaring tumugon ang mga CDC sa panukala sa pamamagitan ng pagtataas ng mga pinapayagang gastusin. Kung tataasan ng mga CDC ang mga pinapayagang gastusin nang sapat, maaaring tumaas ang halaga ng mga binabayaran ng mga tagaseguro ng kalusugan para sa paggamot na dialysis nang higit sa dapat nitong bayaran kung hindi ipapatupad ang panukala. Kung mangyayari ito, maaaring ipasa ng mga tagasegurong ito ang ilan o ang lahat ng mas malalaking gastusing ito sa mga taga-empleyo ng pamahalaan sa anyo ng mga tinaasang premimum sa seguro sa kalusugan.

***Mga Presyur sa Gastusin sa Medi-Cal ng Estado.*** Nakikipagkontrata din ang programang Medi-Cal sa mga pribadong tagaseguro para magkaloob ng pagsaklaw sa dialysis para sa ilan sa mga nagpatala nito. Katulad ng mga tagaseguro ng kalusugan na nagkakaloob ng pagsaklaw para sa mga empleyado ng pamahalaan, maaari ding makatanggap ang mga pribadong tagaseguro na nakikipagkontrata sa Medi-Cal ng mga rebate (kung matukoy na kwalipikado sila) o maaaring makipagkasundo sa mga may-ari/tagapagpatakbo ng CDC na babaan ang halaga. Ang ilan o ang lahat ng naipong ito ay maaaring ipasa sa estado. Gayunpaman, dahil mababa ang mga halagang ibinabayad sa mga CDC ng mga tagasegurong ito, malamang din na limitado ang mga naturang ipong iyon. Sa kabilang banda, kung tutugon ang mga CDC sa panukala sa pamamagitan ng pagpapataas sa mga pinapayagang gastusin, tataas ang average na gastusin sa isang paggamot na dialysis. Magdudulot ito ng pagtaas ng mga halaga ng Medi-Cal at maaaring magresulta sa malalaking gastusin ng estado.

***Mga Pagbabago sa Buwis sa Kita ng Estado.*** Sa abot na ang mga probisyon sa rebate ng panukala ay ipinapatupad para mabawasan ang netong kita ng mga may-ari/tagapagpatakbo ng CDC, maaaring mabawasan ng panukala ang halaga ng mga buwis sa kita na kinakailangang bayaran ng mga nagtutubong may-ari/tagapagpatakbo sa estado. Ang binawasang kita na ito ay maaaring makumpensa ng iba-ibang pagbabago sa mga kita ng estado. Halimbawa, maaaring magkaroon ng karagdagang mga nalikom sa buwis sa kita kung tutugon ang mga CDC sa panukala sa pamamagitan ng pagpapataas ng paggastos sa mga pinapayagang sahod ng kawani.

***Dahil sa Kawalang-katiyakan, ang Pangkalahatang Epekto sa Mga Pananalapi ng Estado at Lokal ay Hindi pa Malinaw.*** Ang iba't ibang interpretasyon sa mga probisyon ng panukala at iba't ibang tugon ng CDC sa panukala ay hahantong sa iba't ibang epekto para sa estado at lokal na pamahalaan. Dahil sa kawalang-katiyakan sa kung paano bibigyang-kahulugan ang

panukala at sa kung paano maaaring tumugon ang mga CDC, maaaring magkaroon ng iba't ibang posibleng netong epekto sa mga pananalapi ng estado at lokal na pamahalaan.

***Ang Pangkalahatang Epekto ay Maaaring Mula sa Netong Positibong Epekto Mula sa Isang Milyong Dolyar . . .*** Kung mapakahulugan ang panukala nang may malawak at mas ingklusibong kahulugan ng mga pinapayagang gastusin, gaya na lang sa pamamagitan ng pagsama ng mga gastusin para sa mga nars na tagapamahala at medikal na direktor, ang halaga ng mga rebate na kinakailangang bayaran ng mga may-ari/tagapagpatakbo ng CDC ay mas maliit. Sa ilalim ng interpretasyong ito, mas posibleng tumugon ang may-ari/tagapagpatakbo ng CDC nang may ilang bahagyang pagbabago sa mga istruktura ng kanilang gastusin. Sa sitwasyong ito, maaaring mabawasan ang mga gastusin ng estado at lokal na pamahalaan para sa mga benepisyong pangkalusugan ng empleyado. Ang mga ipong ito ay malamang na bahagyang matumabasan ng netong kabawasan sa mga kita sa buwis ng estado. Sa kabuuan, tinatantya namin na ang panukala ay maaaring magkaroon ng netong positibong epekto sa mga pananalapi ng estado at lokal na pamahalaan hanggang sa maabot ang halos ilang milyong dolyar taun-taon sa ganitong sitwasyon.

***. . . Para Ineto ang Negatibong Epekto sa Ilang Milyong Dolyar.*** Kung mapakahulugan ang panukala nang may limitadong kahulugan para sa mga pinapayagang gastusin, mas lalaki ang halaga ng mga rebate na kakailanganing bayaran ng mga may-ari/tagapagpatakbo ng CDC. Sa ilalim ng interpretasyong ito, mas posibleng tumugon ang mga may-ari/tagapagpatakbo ng CDC nang may ilang bahagyang pagbabago sa mga istruktura ng kanilang gastusin, partikular na sa pamamagitan ng pagtataas ng mga pinapayagang gastusin. Malamang din na humiling ng mga pagsasaayos ang mga may-ari/tagapagpatakbo ng CDC sa limitasyon sa kita o mga scale back na operasyon sa estado. Sa sitwasyong ito, maaaring lumaki ang mga gastusin ng estado at lokal na pamahalaan para sa mga benepisyong pangkalusugan ng empleyado at mga gastusin sa Medi-Cal ng estado. Maaari ding mabawasan ang mga kita sa buwis ng estado. Sa kabuuan, tinatantya namin na ang panukala ay maaaring magkaroon ng netong positibong epekto hanggang sa maabot ang halos ilang milyong dolyar taun-taon sa ganitong sitwasyon.

***Iba pang Potensyal na Epekto sa Pananalapi.*** Ang mga sitwasyong inilalarawan sa itaas ay kumakatawan sa aming pinakamagandang tantya sa saklaw ng posibleng epekto ng panukala. Gayunpaman, posible ring magkaroon ng iba pang epekto sa pananalapi. Halimbawa, kung tutugon ang mga CDC sa panukala sa pamamagitan ng mga scaling back na operasyon sa estado, maaaring maantala ang access ng ilang pasyenteng nagda-dialysis nang panandalian. Maaari itong humantong sa mga kumplikasyon sa kalusugan na magreresulta sa pagkakaospital. Sa abot na maospital ang mga pasyenteng nagda-dialysis nang mas madalas dahil sa panukala, maaaring lumaki ang mga gastusin ng estado—partikular sa Medi-Cal—nang panandalian.

## PANG-ADMINISTRATIBONG EPEKTO

Nag-aatas ang panukalang ito ng mga bagong responsibilidad sa CDPH. Tinatantya namin na ang taunang gastusin para maisakatuparan ang mga bagong responsibilidad na ito ay malamang na hindi lalampas sa milyong-milyong dolyar taun-taon. Iniaatas ng panukala sa CDPH na isaayos ang taunang bayarin sa lisensya na binabayaran ng mga CDC (na kasalukuyang nakatakda sa humigit-kumulang $3,400 sa bawat pasilidad) para masaklaw ang mga gastusing ito. Ang ilan sa mga pang-administratibong gastusing ito ay maaari ding matumbasan ng mga multang binabayaran ng mga CDC kaugnay ng mga rebate o hindi pagsunod sa mga kinakailangan sa pag-uulat ng panukala. Hindi pa alam ang halaga ng anumang offset.

**Bumisita sa *http://www.sos.ca.gov/campaign-lobbying/cal-access-resources/measure-contributions/2018-ballot-measure-contribution-totals/* para sa listahan ng mga komite na pangunahing binuo upang suportahan o tutulan ang panukalang ito. Bumisita sa *http://www.fppc.ca.gov/transparency/top-contributors/nov-18-gen.html* upang i-access ang nangungunang 10 tagaambag ng komite.**

**Kung gusto ninyo ng kopya ng buong teksto ng panukala ng estado, pakitawagan ang Kalihim ng Estado sa (800) 339-2957 o maaari kayong mag-email sa *vigfeedback@sos.ca.gov* at libreng magpapadala sa inyo ng kopya sa pamamagitan ng koreo.**

## ★ PANGANGATWIRANG PABOR SA PROPOSISYON 8 ★

BUMOTO NG OO SA PROPOSISYON 8—ANG BATAS SA MAKATWIRANG PAGPEPRESYO PARA SA DIALYSIS (FAIR PRICING FOR DIALYSIS ACT)

Ang Dialysis ay isang pansagip-buhay na paggagamot para sa mga pasyenteng may kondisyong pagpalya ng bato kung saan ang kanilang dugo ay kinukuha, nililinis, at ibinabalik sa kanilang katawan.

Ang pasyenteng nagda-dialysis ay dapat nasa malinis at sterile na kapaligiran sa panahon ng kanilang paggagamot, ngunit ang malalaking kumpanyang tagapagkaloob ng serbisyo ng dialysis, na kumikita ng bilyon-bilyon sa pamamagitan ng pagsingil sa mga pasyenteng may kritikal na kondisyon na halos $150,000 kada taon, ay hindi namumuhunan nang sapat sa mga pangkaraniwang sanitasyon. Naiulat na ang mga mantsa ng dugo, ipis, at maruruming banyo sa mga klinika ng dialysis, at ang mga buhay ng mga pasyente ay nailagay sa panganib ng pagkalantad sa mapapanganib na impeksyon at sakit. Ang matataas na presyong ito ang nagpapalaki sa mga gastusin sa pangangalagang pangkalusugan para sa lahat ng mamamayan ng California. Iaatas ng PROP. 8 sa mga korporasyon na i-refund ang mga sobrang kita na hindi ginagasta sa pagpapahusay ng pangangalaga sa pasyenteng nagda-dialysis.

IHINTO NA ANG SOBRANG PAGSINGIL SA MGA PASYENTE

Ang pinakamalaking kumpanya ng serbisyo sa dialysis ng California ay dinaragdagan ang mga singil sa ilang pasyente nang hanggang 350% na mahigit sa aktuwal na gastusin sa pagbibigay ng pangangalaga, o halos $150,000 kada taon. Magbibigay ang PROP. 8 ng malalaking insentibo para sa mga kumpanya ng dialysis para babaan ang mga gastusin at pagandahin ang kalidad ng pangangalaga, para maging priyoridad ang mga pasyente kahit saan, na lalong mahalaga sa mga komunidad na mababa ang kita at binubuo ng minorya.

MAS MABABANG GASTUSIN SA PANGANGALAGANG PANGKALUSUGAN PARA SA LAHAT

Dahil kadalasang sinisingil ang mga pasyenteng nagda-dialysis ng malalaking halaga para sa kanilang pansagip-buhay na paggagamot, napupuwersa ang mga kumpanya ng seguro na ipasa ang mga gastusing iyon sa mga policyholder, na siyang nagpapalaki sa mga gastusin sa pangangalagang pangkalusugan para sa lahat ng mamamayan ng California. Naiulat ng isang tagapagkaloob ng seguro, ang Blue Shield of California, na kakailanganin ng 3,800 policyholder para mabayaran ang gastusin ng isang pasyenteng nagda-dialysis. Makakatulong ang PROP. 8 na mapababa ang gastusin sa pangangalagang pangkalusugan para sa lahat ng mamamayan ng California.

SINUSUPORTAHAN NG ISANG MALAWAK NA KOALISYON

Dialysis Advocates, LLC • Californians for Disability Rights • CalPERS • Kongreso ng Mga Nakatatanda ng California • Unyon ng Internasyonal na Empleyado ng Serbisyo ng California • Koalisyon ng Minorya ng Mga Beterano ng California • at marami pang iba . . .

GAWING PINAKAPRIYORIDAD ANG MGA PASYENTE

Dapat tayong bumoto ng “OO” sa Prop. 8 at sabihan ang mga kumpanya ng serbisyo sa dialysis na isapriyoridad ang pansagip-buhay na paggagamot para sa mga pasyente sa halip na ang mga kita ng kumpanya.

BUMOTO NG OO SA PROPOSISYON 8

Dagdagan ang kaalaman tungkol sa kung paano makakatulong ang PROP. 8 na mapahusay ang pangangalagang pangkalusugan para sa mga mamamayan ng California sa *www.YESonProp8.com*

**TANGI FOSTER,** Pasyenteng Nagda-dialysis

**GARY PASSMORE,** Presidente
Kongreso ng Mga Nakatatanda ng California

**NANCY BRASMER,** Presidente
Alyansa para sa Mga Retiradong Amerikano sa California

## ★ SAGOT SA PANGANGATWIRAN PABOR SA PROPOSISYON 8 ★

Sinusubukang linlangin ng mga tagapagtaguyod ang mga botante. Maraming mali at mapanganib ang panukala nila. Narito ang katotohanan.

Libo-libong propesyunal sa pangangalagang pangkalusugan at pasyenteng nagda-dialysis sa buong California kabilang ang American Nurses Association\California, California Medical Association, American College of Emergency Physicians, California Chapter ang tutol sa Prop. 8 dahil inilalagay nito sa panganib ang pagkakaroon ng access sa pangangalaga para sa 66,000 pasyenteng nangangailangan ng madalas na paggamot sa dialysis para manatiling buhay.

*“Kapag may mapalampas lang na kahit isang appointment, maaari na itong labis na maging mapanganib para sa mga pasyenteng nagda-dialysis. Sa pamamagitan ng paglimita sa access sa pangangalagang pang-dialysis, inilalagay ng Proposisyon 8 sa panganib ang buhay ng mga pasyente.”*—Theodore M. Mazer, M.D., Presidente, California Medical Association, na kumakatawan sa ngalan ng 43,000 doktor

MAIHAHANAY ANG KALIDAD NG SERBISYO SA MGA KLINIKA PARA SA DIALYSIS NG CALIFORNIA SA MGA NANGUNGUNA SA BANSA PAGDATING SA KALIDAD NG PANGANGALAGA

Ang mga kilinika para sa dialysis ng California ay lubos na kinokontrol sa antas ng estado at pederal. Ayon sa mga pederal na tagapangasiwa, nahihigitan ng mga klinika sa California ang iba pang estado pagdating sa kalidad ng serbisyo ng klinika at pagkakuntento ng pasyente.

PUPUWERSAHIN NG PROP. 8 ANG MGA KLINIKA PARA SA DIALYSIS NG KOMUNIDAD NA ITIGIL ANG MGA SERBISYO AT MAGSARA NA—NAGLALAGAY SA MGA PASYENTE SA PANGANIB

Napag-alaman mula sa hiwalay na pagsusuri ng dating Pambatasang Tagasuri ng California na sa ilalim ng Prop. 8, 83% ng mga klinika para sa dialysis ang palugi nang magpapatakbo. Mapupuwersa niyon ang daan-daang klinika na bawasan ang mga operasyon o kaya ay magsara.

KAKAILANGANING MAGLABAS NG MGA CONSUMER AT NAGBABAYAD NG BUWIS NG DAAN-DAANG MILYON KADA TAON DAHIL SA PROPOSISYON 8

Nililimitahan ng Proposisyon 8 kung ano ang babayaran ng mga kumpanya ng seguro para sa pangangalagang pang-dialysis. Pero WALANG nakasaad sa Prop. 8 na nag-aatas sa mga kumpanya ng seguro na magpasa ng ANUMANG ipon sa mga consumer. Sa katunayan, ang Prop. 8 ay magsasanhi ng PAGTAAS NG MGA GASTUSIN ng mga nagbabayad ng buwis nang halos daan-daang milyon kada taon sa pamamagitan ng pagpuwersa sa mga pasyenteng nagda-dialysis na magamot sa mga mahal ang singil na ospital at emergency room, na makadaragdag pa sa mga siksikan nang ER.

Makiisa sa mga doktor, nars at pasyente.

BUMOTO NG HINDI SA PROPOSISYON 8. MAPANGANIB ITO.
*www.NoProp8.com*

**PHILLIP BAUTISTA, RN,** Presidente
Amerikanong Kapisanan ng Mga Nars\California

**TERRY RICO,** Pasyenteng Nagda-dialysis

**THEODORE M. MAZER, MD,** Presidente
Medikal na Kapisanan ng California

 *Ang mga nakalimbag na pangangatwiran sa pahinang ito ay opinyon ng mga may-akda, at hindi nasuri para sa katumpakan ng anumang opisyal na ahensiya.*

## ★ PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 8 ★

INILALAGAY SA PANGANIB NG PROP. 8 ANG MAHIHINANG PASYENTENG NAGDA-DIALYSIS

Ang American Nurses Association\California, California Medical Association, American College of Emergency Physicians, California Chapter at mga tagapagtaguyod ng pasyente ay TUTOL sa Prop. 8 dahil inilalagay nito sa panganib ang pagkakaroon ng access sa pangangalaga para sa 66,000 pasyente sa California na nangangailangan ng madalas na paggamot sa dialysis para manatiling buhay.

*"Ang mga pasyenteng nagda-dialysis ay may kondisyong pagpalya ng bato at may malubhang sakit. Kinakailangang sumailalim ng mga ito sa dialysis nang tatlong araw sa isang linggo, apat na oras sa bawat sesyon para maibalik ang paggana ng kanilang bato sa pag-aalis ng mga toxin sa katawan. Hindi mabubuhay ang mga pasyenteng ito nang walang regular na paggagamot. Mapanganib na mababawasan ng Prop. 8 ang access sa pangangalaga at inilalagay ang mahihinang pasyente sa seryosong panganib."*—Phillip Bautista, BSN, RN, PHN, Presidente, American Nurses Association\California

PUPWERSAHIN NG PROP. 8 ANG MGA KLINIKA PARA SA DIALYSIS NG KOMUNIDAD NA ITIGIL ANG MGA SERBISYO AT MAGSARA NA

Labis na nililimitahan ng Proposisyon 8 kung ano ang kailangang bayaran ng mga kumpanya ng seguro para sa pangangalagang pang-dialysis. Hindi sasaklawin ng mga arbitraryong limitasyong ito ang aktuwal na gastusin sa pagkakaloob ng pangangalaga.

Sa katunayan, sa hiwalay na pagsusuring ginawa ngdating Pambatasang Tagasuri ng California, naging konklusyon na magreresulta ang Prop. 8 sa palugi nang pagtakbo ng 83% ng mga klinika para sa dialysis. Mapupuwersa niyon ang daan-daang klinika na bawasan ang mga operasyon o kaya ay magsara na, na maglalagay sa panganib sa mga pasyente.

Kapag walang access sa mga klinika sa komunidad, kakailanganin ng mga pasyenteng maglakbay nang malayo, lumiban sa mga paggagamot o madala sa emergency room.

ANG LAHAT NG DOKTOR, NARS, AT TAGAPAGTAGUYOD NG PASYENTE AY TUTOL SA PROP. 8

*"Kapag may mapalampas lang na kahit isang appointment, maaari na itong makamatay sa mga pasyenteng nagda-dialysis. Kapag nilimitahan ang access sa pangangalagang pang-dialysis, malalagay ng proposisyong ito sa panganib ang buhay ng pasyente."*—Dr. Theodore M. Mazer, Presidente, California Medical Association, na kumakatawan sa ngalan ng 43,000 doktor

*"Bilang mga pang-emerhensiyang doktor, regular naming ginagamot ang mga nagda-dialysis na pasyente na madadala sa ER dahil sa mga napalampas na appointment o dahil sa mga kumplikasyon mula sa kondisyon ng pagpalya ng bato. Mapapataas ng proposisyong ito ang panganib ng pagkakaroon ng mga kumplikasyong mapanganib sa buhay para sa mga napakahihinang pasyenteng ito."*—
Dr. Aimee Moulin, Presidente, American College of Emergency Physicians, Chapter sa California

HINDI MAKATWIRANG NAAAPEKTUHAN NG PROP. 8 ANG MGA MAHIHIRAP NA KOMUNIDAD

Tinututulan ng California NAACP at National Hispanic Medical Association ang Prop. 8 dahil hindi nito makatwirang maaapektuhan ang mga pasyente sa mahihirap na komunidad na may mataas na panganib na magkaroon ng kondisyong pagpalya ng bato.

PINAPATAAS NG PROP. 8 ANG MGA GASTUSIN PARA SA LAHAT NG MAMAMAYAN NG CALIFORNIA NANG DAAN-DAANG MILYON KADA TAON

Kapag nagsara ang mga klinika, madadala ang mga pasyenteng nagda-dialysis sa ER kung saan mas mahal ang halaga ng pangangalaga. Ayon sa dating Pambatasang Tagasuri, patataasin ng panukalang ito ang mga gastusin ng nagbabayad ng buwis nang halos $300 milyon kada taon.

MAIHAHANAY ANG KALIDAD NG SERBISYO SA DIALYSIS NG CALIFORNIA SA MGA NANGUNGUNA SA BANSA

Ang mga klinika para sa dialysis ng California ay lubos na kinokontrol ng mga tagapangasiwa ng pederal at estado na nagbibigay ng mga ulat ng kalidad sa bawat pasilidad. Ayon sa mga pederal na Centers for Medicare & Medicaid Services, nahihigitan ng mga klinika sa California ang iba pang estado pagdating sa kalidad ng serbisyo ng klinika at pagkakuntento ng pasyente. Mawawalang-saysay ang panukalang ito kapag lubos na kinontrol at hindi na makasagip ng buhay ang serbisyo sa dialysis ng California.

ANG PROP. 8 AY SA PAGITAN NG MGA DOKTOR AT PASYENTE

Bumoto ng HINDI sa Prop. 8 at hayaan ang mga doktor at pasyente sa pagsasagawa ng mga kumplikadong medikal na pagpapasya tungkol sa dialysis.

MAPANGANIB ANG PROP. 8. BUMOTO NG HINDI.

Makiisa sa mga doktor, nars at tagapagtaguyod ng pasyente at tutulan ang mapanganib na proposisyong ito na naglalagay sa mga mahinang pasyenteng nagda-dialysis sa labis na panganib. *www.NoProp8.com*

**PHILLIP BAUTISTA, RN,** Presidente
Amerikanong Kapisanan ng Mga Nars\California
**THEODORE M. MAZER, MD,** Presidente
Medikal na Kapisanan ng California
**AIMEE MOULIN, MD,** Presidente
Kolehiyo ng Mga Doktor na Pang-emerhensiya sa Amerika, Chapter sa California

## ★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 8 ★

BUMOTO NG OO SA PROPOSISYON 8 PARA PAHUSAYIN ANG PANGANGALAGANG PANGKALUSUGAN SA CALIFORNIA.

PINAPADALI NG MGA KUMPANYA NG SERBISYO SA DIALYSIS ANG MGA PROSESO AT INILALAGAY SA PANGANIB ANG MGA PASYENTE

Ang mga pasyenteng may kondisyon ng pagpalya ng bato ay karaniwang sumasailalim sa dialysis nang tatlong beses sa isang linggo, kung saan inaalis ang kanilang dugo, nililinis at ibinabalik sa kanilang katawan.

Inuulat ng mga pasyente at caregiver ang mga hindi ligtas na kondisyon sa mga klinika para sa dialysis, kabilang ang mga kakulangan sa tauhan at hindi malinis na kapaligiran at kagamitan, na naglalagay sa kanila sa panganib ng mga nakamamatay na impeksyon.

"Nang magsimula akong mag-dialysis, hindi ko inasahang aalalahanin ko pa ang klinikang dapat ay magpanatili sa akin sa mabuting kondisyon. May nakita akong mga insektong gumagapang sa mga plastik na nagtatakip sa mga ilaw sa kisame. Kinailangan kong tawagan ang kagawaran ng kalusugan nang maraming beses para iulat ang mga insekto, mantsa ng dugo, kawalan ng kalinisan."—*Tangi Foster, Pasyenteng Nagda-dialysis*

Bisitahin ang *www.YesOn8.com* para magbasa ng mga personal na karanasan ng mga pasyenteng nagda-dialysis.

KUMIKITA NANG MALAKI ANG MGA KUMPANYA NG SERBISYO SA DIALYSIS SA KABILA NG HINDI MAGANDANG KARANASAN NG MGA PASYENTE

Ang mga nakatuon sa kitang kumpanya ng serbisyo sa dialysis ay kumikita ng bilyon-bilyon habang ang mga klinika sa mga mahirap na komunidad ay hindi maayos ang kondisyon, wala pang doktor kung minsan.

Isinusulong ng PROP. 8 na mamuhunan ang mga kumpanya ng serbisyo sa dialysis para mapahusay ang pangangalaga sa pasyente, na lalong kinakailangan sa mga komunidad na may mababang kita.

LUMALAKI ANG MGA GASTUSIN NATING LAHAT DAHIL SA MGA LABIS NA SINGIL

Dinaragdagan ng mga kumpanya ng serbisyo sa dialysis ang gastusin sa pangangalaga para sa ilang pasyente nang 350%, isang gastusing inaako ng mga kumpanya ng seguro at ipinapasa sa mga policyholder sa buong California.

Dahil sa matataas nitong presyo, nagiging mas mahal para sa atin ang pagkuha ng pangangalagang pangkalusugan.

Sinusuportahan ng Demokratikong Partido ng California, mga beterano, mga tagapagtaguyod ng pangangalagang pangkalusugan at mga pinuno ng mga relihiyon ang pagboto ng OO SA PROP. 8.

Panahon na para isapriyoridad ng mga kumpanya ng serbisyo sa Dialysis ang pangangalaga sa pasyente, at hindi ang kanilang mga kita.

**GUADALUPE TELLEZ,** Rehistradong Nars ng Dialysis

**PASTOR WILLIAM D. SMART, JR.**
Southern Christian Leadership Conference of Southern California

**TANGI FOSTER,** Pasyenteng Nagda-dialysis

*Noong Hulyo 18, 2018, inalis ang Proposisyon 9 sa balota ayon sa utos ng Korte Suprema ng California.*

*Noong Hulyo 18, 2018, inalis ang Proposisyon 9 sa balota ayon sa utos ng Korte Suprema ng California.*

PROPOSISYON

# 10 NAGPAPALAWAK NG AWTORIDAD NG MGA LOKAL NA PAMAHALAAN UPANG MAGSABATAS NG PAGKONTROL NG RENTA SA ARI-ARIANG PANTAHANAN. INISYATIBONG BATAS.

## OPISYAL NA TITULO AT BUOD

INIHANDA NG PANGKALAHATANG ABUGADO

**Makikita ang teksto ng panukalang ito sa website ng Kalihim ng Estado sa *http://voterguide.sos.ca.gov.***

- Pinawawalang-bisa ang batas ng estado na kasalukuyang tinatakdaan ang saklaw ng mga patakaran sa pagkontrol ng renta na maaaring ipataw ng mga lungsod at ibang mga lokal na huridiksiyon.
- Nagpapahintulot ng mga patakaran na maglilimita sa mga halaga ng renta na maaaring singilin ng mga may-ari ng paupahang ari-arian sa mga bagong nangungupahan, bagong konstruksiyon, at pang-isang pamilya na mga bahay.
- Alinsunod sa bagong batas ng California, nagtatadhana na ang mga patakaran sa pagkontrol ng renta ay hindi maaaring lumabag sa karapatan ng mga nagpapaupa sa isang patas na pinansiyal na pakinabang sa kanilang pinauupahang ari-arian.

### BUOD NG PAGTATANTIYA NG PAMBATASANG TAGASURI SA NETONG EPEKTO SA PANANALAPI NG PAMAHALAAN NG ESTADO AT LOKAL NA PAMAHALAAN:

- Posibleng netong pagbawas sa pang-estado at lokal na mga kita na sampu-sampung milyong dolyar kada taon sa pangmatagalan. Depende sa mga aksyon ng mga lokal na komunidad, ang mga mawawala sa kita ay maaaring mas mababa o mas mataas nang malaki.

## PAGSUSURI NG PAMBATASANG TAGASURI

# BATAYAN

***Malaking Gastusin ang Pag-upa ng Bahay sa California.*** Ang mga umuupa sa California ay kadalasang nagbabayad ng mahigit 50 porsyento para sa pabahay kaysa sa ibang umuupa sa ibang estado. Sa ilang bahagi ng estado, ang mga upa ay nagkakahalaga ng mahigit doble ng pambansang average. Malaki ang bayad sa upa sa California dahil walang maibibigay na sapat na pabahay ang estado para sa lahat ng gustong manirahan dito. Ang mga taong gustong manirahan dito ay dapat makipagkumpitensya para sa pabahay, na nagreresulta sa pagtaas ng mga bayad sa upa.

***Ang Ilang Lungsod ay May Mga Batas sa Pagkontrol ng Renta.*** Ang ilang lungsod sa California—kabilang ang Los Angeles, San Francisco, at San Jose—ay may mga batas na naglilimita kung gaano kalaki ang maaaring itaas ng mga landlord sa mga renta para sa pabahay mula isang taon hanggang sa susunod. Ang mga batas na ito ay kadalasang tinatawag na pagkontrol ng renta. Halos isan-kalima ng mga taga-Californian ang naninirahan sa mga lungsod na may pagkontrol ng renta. Ang mga lokal na lupon ng pagrenta ang nangangasiwa sa pagkontrol ng renta. Pinopondohan ang mga lupong ito sa pamamagitan ng mga bayad sa landlord.

***Nililimitahan ng Mga Kautusan ng Hukuman ang Lokal na Pagkontrol ng Renta.*** Ipinag-utos ng mga hukuman na dapat bigyang-daan ng mga batas sa pagkontrol ng renta ang mga landlord na makatanggap ng "patas na halaga ng kita." Ibig sabihin nito ay dapat payagan ang mga landlord na magtaas ng mga renta nang sapat upang makakuha ng ilang kita kada taon.

***Nililimitahan ng Batas ng Estado ang Lokal na Pagkontrol ng Renta.*** Nililimitahan ng isang batas ng estado, na kilala bilang Costa-Hawkins Rental Housing Act (Costa-Hawkins), ang mga lokal na batas sa pagkontrol ng renta. Gumagawa ang Costa-Hawkins ng tatlong pangunahing limitasyon. Una, hindi malalapat ang pagkontrol ng renta sa anumang bahay na pang-isang pamilya. Pangalawa, hindi kailanman malalapat ang pagkontrol ng renta sa anumang kakatayo lang na bahay na natapos noong Pebrero 1, 1995 o pagkatapos nito. Pangatlo, hindi maaaring iatas ng mga batas sa pagkontrol ng renta sa mga landlord kung magkano ang sisingilin nila sa bagong mangungupahan sa paglipat.

***Mga Kita sa Buwis ng Estado at Lokal na Pamahalaan.*** Tatlong buwis ang pinakamalaking pinagkukunan ng kita sa buwis para sa estado at mga lokal na pamahalaan sa California. Nangongolekta ang estado ng buwis sa personal na kita mula sa mga kinita—kasama na ang rentang natanggap ng mga landlord—na nakukuha sa loob ng estado. Ang mga lokal na pamahalaan ay nagpapataw ng mga buwis sa ari-arian sa mga may-ari ng ari-arian batay sa halaga ng kanilang ari-arian. Nangongolekta ang estado at mga lokal na pamahalaan ng mga buwis sa pagbebenta sa pagbebenta ng tingi ng mga produkto.

# MUNGKAHI

***Ipinapawalang-bisa ang Costa-Hawkins.*** Ipinapawalang-bisa ng panukala ang mga limitasyon sa mga lokal na batas sa pagkontrol ng renta sa Costa-Hawkins. Sa ilalim ng panukala, maaaring magkontrol ang mga lungsod at county ng mga renta para sa *anumang* pabahay. Maaari din nitong limitahan kung gaano kalaki ang maaaring itaas ng landlord sa mga bayad sa renta kapag may bagong mangungupahan. Hindi gumagawa ng anumang pagbabago ang panukala sa mga lokal na batas sa pagkontrol ng renta. Sa kabila ng ilang pagbubukod, kakailanganin ng mga lungsod at county na magsagawa ng mga hiwalay na pagkilos para baguhin ang kanilang mga lokal na batas.

## PAGSUSURI NG PAMBATASANG TAGASURI

IPINAGPATULOY

***Nag-aatas ng Makatarungang Rate of Return.*** Inaastas ng panukala na pahintulutan ng mga batas sa pagkontrol ng renta na magkaroon ang mga landlord ng makatarungang rate of return. Dahil dito nagawang batas ng estado ang mga dating pasya ng hukuman.

## MGA EPEKTO SA PANANALAPI

***Mga Epekto sa Ekonomiya.*** Kung tutugon ang mga komunidad sa panukalang ito sa pamamagitan ng pagpapaigting sa kanilang mga batas sa pagkontrol ng renta, maaari itong humantong sa ilang epekto sa ekonomiya. Ang mga pinakaposibleng epekto ay:

- Upang maiwasan ang regulasyon sa pagrenta, ibebenta ng ilang landlord ang kanilang pinaparentahang bahay sa mga bagong magmamay-aring maninirahan doon.
- Ang halaga ng pinaparentahang bahay ay bababa dahil hindi gugustuhing magbayad ng mga potensyal na landlord ng malaking halaga para sa mga ari-ariang ito.
- Ang ilang nangungupahan ay gagastos ng maliit sa renta at ang ilang landlord naman ay makakatanggap ng mas maliit na kita sa pagpaparenta.
- Ang ilang nangungupahan ay bihirang lilipat sa ibang mauupahan.

Magdedepende ang mga epektong ito sa kung gaano karaming komunidad ang magpapasa ng mga bagong batas, ilang ari-arian ang sinasaklaw, at gaanong renta ang nililimitahan. Nagpanukala ang mga botante sa ilang komunidad ng pagpapalawak sa pagkontrol ng renta kung maipapasa ang panukalang ito. Kung nagpatupad ang maraming lokalidad ng mahigpit na regulasyon sa pagrenta, maaaring magkaroon ng ibang epekto sa ekonomiya (gaya ng mga epekto sa pagtatayo ng bahay).

***Mga Pagbabago sa Mga Kita ng Estado at ng Lokal***. Ang mga epekto sa ekonomiya ng panukala ay makakaapekto sa buwis sa ari-arian, buwis sa pagbebenta, at mga pahayag sa buwis sa kita. Ang mga pinakamalaki at pinakaposibleng epekto ay:

- ***Mas Maliliit na Buwis na Binabayaran ng Mga Landlord.*** Sa paglipas ng ilang taon, ang pagbaba ng halaga ng mga pinapaupahang ari-arian ay hahantong sa pagbaba ng mga pagbabayad ng buwis sa ari-arian ng mga kaukulang may-ari ng mga ari-ariang iyon.
- ***Mas Malalaking Buwis sa Pagbebenta na Binabayaran ng Mga Nangungupahan.*** Gagamitin ng mga nangungupahang nagbabayad ng mas maliit na renta ang ilan sa kanilang mga naipon para ipambili ng mga nabubuwisang produkto.
- ***Pagbabago sa Mga Buwis sa Kita na Binabayaran ng Mga Landlord.*** Magbabago ang mga bayad sa buwis sa kita ng mga landlord sa maraming paraan. Makakatanggap ang ilang landlord ng mas maliit na kita sa pagpaparenta. Mababawasan nito ang kanilang mga bayad sa buwis sa kita. Sa kabilang banda, maliit ang babayaran ng mga landlord sa pagbili ng mga papaupahang ari-arian sa paglipas ng panahon. Mababawasan nito ang mga gastusin nila para mapababa ang kanilang mga babayarang buwis sa kita (gaya ng interes sa mortgage, mga buwis sa ari-arian, at pagbaba ng halaga ng pera). Mapapataas nito ang kanilang mga babayarang buwis sa kita. Ang netong epektong ng panukala sa mga buwis sa kita na babayaran ng mga landlord sa hinaharap ay hindi malinaw.

Sa pangkalahatan, malamang na mabawasan ng panukala ang mga kita ng estado at ng lokal sa katagalan, kung saan ang pinakamalaking epekto ay sa mga buwis sa ari-arian. Ang halaga ng mawawalang kita ay magdedepende sa maraming salik, lalong lalo na sa kung paano tutugon ang mga komunidad sa panukalang ito. Kung maraming komunidad ang nagpapalawak ng katamtamang pagkontrol ng renta para mabayaran ang karamihan sa kanilang pinapaupahang bahay, maaaring abutin ng milyon-milyong dolyar kada taon ang mawawalang kita. Kung kaunting komunidad ang gagawa ng mga pagbabago, maliit lang ang mawawalang kita. Kung maraming komunidad ang magpapasa ng mahigpit na pagkontrol ng renta, maaaring abutin ng daan-daang milyong dolyar kada taon ang mawawalang kita.

***Mga Tumaas na Gastusin sa Lokal na Pamahalaan***. Kung ang mga lungsod o county ay gagawa ng mga bagong batas sa pagkontrol ng renta o papalawakin ang mga kasalukuyang batas, haharap ang mga lokal na lupon sa pagrenta sa mga tumataas na gastusing pang-administratibo at pangregulatoryo. Depende sa mga pipiliin ng lokal na pamahalaan, ang mga gastusing ito ay maaaring **napakaliit hanggang sa umabot sa milyon-milyong dolyar** kada taon. Ang mga gastusing ito ay malamang na bayaran sa pamamagitan ng mga bayarin sa mga may-ari ng mga pinapaupahang bahay.

**Bumisita sa *http://www.sos.ca.gov/campaign-lobbying/cal-access-resources/measure-contributions/2018-ballot-measure-contribution-totals/* para sa listahan ng mga komite na pangunahing binuo upang suportahan o tutulan ang panukalang ito. Bumisita sa *http://www.fppc.ca.gov/transparency/top-contributors/nov-18-gen.html* upang i-access ang nangungunang 10 tagaambag ng komite.**

**Kung gusto ninyo ng kopya ng buong teksto ng panukala ng estado, pakitawagan ang Kalihim ng Estado sa (800) 339-2957 o maaari kayong mag-email sa *vigfeedback@sos.ca.gov* at libreng magpapadala sa inyo ng kopya sa pamamagitan ng koreo.**

## ★ PANGANGATWIRANG PABOR SA PROPOSISYON 10 ★

Masyadong mataas ang babayarang renta! Kapag bumoto ng OO sa Proposisyon 10, magiging malaya ang ating mga lokal na komunidad na magpasya kung anong mga proteksyon sa pagkontrol ng renta ang kinakailangan, kung mayroon, para matalakay ang krisis sa pabahay. Prop. Pinoprotektahan ng TEN ang mga TENant.

Masyadong maraming pamilya ang gumagastos ng mahigit kalahati ng kanilang kita sa pabahay. Hindi iyon katanggap-tanggap. Ang pamumuhay nang maraming gastusinay mahirap para sa mga pamilya na matugunan ang mga pangangailangan, at makapagtabi para sa isang emerhensiya. Ang mga nakatatandang may mga pirming kita ay kakailanganing hindi masyadong gumastos sa pagkain at gamot. Marami sa mga taong dapat na maging pundasyon ng ating mga lokal na komunidad—ang mga guro, nars at bumbero—ay napupuwersang umalis sa kanilang mga pinagseserbisyuhang komunidad dahil dinodoble o tinitriple ng mga landlord ang renta. Dahil sa dami ng pamilyang nahihirapan, marami ang nagdedesisyong umalis sa California, sa trabaho, o iwan ang mga kamag-anak at paaralan. Higit pa riyan, marami ang nawawalan ng matitirhan at naninirahan na lang sa mga kalye. Sa bawat 5% dagdag sa renta, 2,000 pang tao ang mapapaalis sa kanilang mga tirahan—isang malaking dagok sa kanila at sa problema sa kawalan ng tirahan sa California.

Kapag bumoto ng OO sa Prop. 10, mabibigyang-daan ang mga lungsod na kailangan ito na magpasa ng mga batas na naglilimita sa mga pagtaas ng renta. HINDI minamandato ng Prop. 10 ang pagkontrol ng renta. HINDI nito pinupuwersa ang anumang komunidad na magpatupad ng anumang panukala sa pagkontrol ng renta na hindi makakatulong sa sitwasyon nila sa kanilang tirahan. HINDI nito pinupuwersa ang anumang iisang solusyon para sa ikalulutas ng lahat sa anumang lungsod. Sa halip, binibigyang-daan lang ng Prop. 10 ang mga komunidad na nahihirapan sa mga mabilis na pagtaas ng mga gastusin sa tirahan na magtakda ng taunang limitasyon sa kung gaano ang maaaring itaas ng mga renta. Malayang makakahiling ang mga komunidad ng pagiging patas sa pabahay, nang tinitiyak na may mga proteksyon ang mga nangungupahan sa malalaking pagtaas sa renta, habang tinitiyak ding nakakatanggap ang mga landlord ng makatwirang rate of return nang may makabuluhang pagtaas taun-taon.

Marami nang narinig na nakakalitong katwiran ang mga botante tungkol sa Proposisyon 10. Huwag paniwalaan ang mga pag-atake. Ang kumpanyang Wall Street tulad ng nauugnay kay Donald Trump na Blackstone ay gumastos ng milyon-milyong dolyar para labanan ang panukalang ito dahil natatakot silang malaki ang makakaltas nito sa mga kikitain nila mula sa libo-libong ipinasarang tahanang binibili nila. Wala silang pakialam kung nahihirapan na ang mga pamilya sa California sa mataas na renta. Panahon nang manindigan PARA SA abot-kayang pabahay at labanan ang mga gahamang bilyonaryo at landlord ng korporasyon ng Wall Street sa pamamagitan ng pagboto ng OO sa Prop. 10.

Ang Prop. 10 ay isang limitadong panukala na sumasagot sa isang tanong: sino ang nagpapasya sa patakaran sa pabahay—mga lokal na komunidad o ang mga may natatanging interes at makapangyarihang namumuhunan sa real estate sa Sacramento? Hindi ito nagtatakda ng ng mga bagong patakaran sa pabahay, hinahayaan lang nito ang mga lokal na komunidad—na mas malapit sa mga tao—na pagpasyahan kung ano ang pinakamainam para sa kanila. Panahon nang magkaroon tayo ng kapangyarihang talakayin ang mga problema ng kawalan ng matitirhan at mabilis na pagtaas ng renta sa atin mismong mga komunidad.

Ang mga nars, guro, nakatatanda, organisadong lakas paggawa ng California, kabilang ang SEIU State Council, mga tagapagtaguyod ng pabahay, mga pangkat ng karapatang sibili, clergy at mga grupong nakabatay sa pananampalataya at iba pang organisasyong pinagkakatiwalaan mo ay nag-uudyok ng pagboto ng OO sa Proposisyon 10. Tandaan, Prop. Pinoprotektahan ng TEN ang mga TENant.

Alamin ang mga tunay na impormasyon tungkol sa Proposisyon 10: *www.VoteYesOnProp10.org*

**ZENEI CORTEZ,** Katuwang na Presidente
Kapisanan ng Mga Nars sa California

**NAN BRASMER,** Presidente
Alyansa para sa Mga Retiradong Amerikano sa California

**ELENA POPP,** Direktor na Tagapagpaganap
Network ng Pagdepensa sa Pagpapalayas

## ★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG PABOR SA PROPOSISYON 10 ★

MAS MAPAPALALA NG PROP. 10 ANG KRISIS SA PABAHAY

Gusto kang papaniwalain ng mga tagapagtaguyod ng Prop. 10 na masosolusyunan nito sa "mahiwagang paraan" ang ating krisis sa tirahan, ngunit marami itong mali at mapapalala lang nito ang ating krisis sa tirahan. Prop. 10:

- Binibigyang-daan ang pagkontrol sa mga pang-isang pamilyang tirahan
- Binibigyan ng pagkakataon ang mga burukrato na kontrolin ang mga pagpapasya sa tirahan
- Binibigyang-kakayahan ang humigit-kumulang 539 lupon ng pagpaparenta na magdagdag ng mga bayarin bukod pa sa renta
- Inilalagay sa panganib ng milyon-milyong gastusing legal ang mga nagbabayad ng buwis
- Nagdaragdag ng milyon-milyon sa mga bagong gastusin sa mga lokal na pamahalaan

SUMASANG-AYON ANG MGA PINUNO NG ABOT-KAYANG PABAHAY: HINDI SA PROP. 10

*"Pinipigilan ng Prop. 10 ang anumang solusyon sa pabahay sa buong estado at pinipigilan ang mga tagapagpatupad ng batas at gobernador na magpatupad ng proteksyon sa mga nangungupahan."*—Alice Huffman, Presidente, Kumperensiya ng Estado ng California NAACP

*"Walang saysay ang Prop. 10 sa pagbuo ng mga abot-kayang pabahay na kailangang-kailangan ng mga pamilya."*—John Gamboa, Kasamang Tagapagtatag, The Two Hundred—isang koalisyon ng mahigit 200 pinuno ng hustisyang panlipunan

*"Sa ilalim ng Prop. 10, ang mga pamilyang naghahanap ng abot-kayang pabahay ay magkakaroon ng mas kaunting pagpipilian at mas mahal na pb."*—Robert Apodaca, Direktor na Tagapagpaganap, Boto ng Mga Nagkakaisang Latino

*"Para sa mga nakatatanda sa Seguridad Panlipunan at may pirming kita, maaaring hindi makatulong ang Prop. 10."*—Marilyn H. Markham, Miyembro ng Lupon, Liga ng Mga Nakatatandang Tagapagsulong ng California

*"Nagbibigay-daan ang Prop. 10 sa mga burokrato na sabihan ang mga may-ari ng bahay kung ano ang magagawa nila at hindi nila magagawa sa kanilang mga bahay."*—Stephen White, Presidente, Kapisanan ng MGA REALTOR ng California

*"Magbibigay-daan ang Prop. 10 sa mga hindi nahalal na burokrato na magpataw ng mga bayarin sa lahat ng pabahay, kabilang ang mga pang-isang pamilyang bahay, na walang boto ng mga tao o ng lokal na nahalal na kinatawan."*—Jon Coupal, Presidente, Kapisanan ng Mga Nagbabayad ng Buwis ng Howard Jarvis

Makiisa sa mga independiyente, Demokratiko, Republikano, nangungupahan at may-ari ng bahay, nakatatanda, nagbabayad ng buwis, at pangkat-minorya sa pagboto ng HINDI sa Prop. 10!

**ALICE A. HUFFMAN,** Presidente
Komperensya ng Estado ng California ng National Association for the Advancement of Colored People (NAACP)

**BETTY JO TOCCOLI,** Presidente
Kapisanan ng Maliit na Negosyo sa California

**MARILYN H. MARKHAM,** Miyembro ng Lupon
Liga ng Mga Nakatatandang Tagapagtaguyod ng California

 *Ang mga nakalimbag na pangangatwiran sa pahinang ito ay opinyon ng mga may-akda, at hindi nasuri para sa katumpakan ng anumang opisyal na ahensiya.*

## ★ PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 10 ★

MARAMING MALI SA PROP. 10 AT MAPAPALALA LANG NITO ANG ATING KRISIS SA TIRAHAN. BUMOTO NG HINDI.

• PROP. 10: HINDI MAKAKATULONG SA MGA MAY-ARI NG BAHAY SA KASALUKUYAN AT SA HINAHARAP

*"Makakaapekto ang Prop. 10 sa mga may-ari ng bahay sa pamamagitan ng pag-awtorisa ng bagong burokrasya ng pamahalaan na maaaring magsabi sa mga may-ari ng kung ano ang magagawa nila at hindi nila magagawa sa mga pribado nilang tirahan. Maaari nitong mas mapalaki ang halaga ng mga tirahan para sa mga bibili sa hinaharap at maapektuhan ang mga pamilyang sinusubukang bumili ng kanilang unang bahay."*—Stephen White, Presidente, Kapisanan ng MGA REALTOR ng California

• PROP. 10: HINDI MABUTI PARA SA MGA NANGUNGUPAHAN

*"Libo-libong nangungupahan, KABILANG ANG MGA NAKATATANDA AT IBA PANG MAY PIRMING KITA, ay maaaring pwersahang paalisin sa kanilang mga apartment at komunidad sa ilalim ng Prop. 10, na magbibigay-daan sa mga landlord na korporasyon na gawing mga condo at panandaliang pinaparentahang lugar para sa pagbabakasyon ang mga apartment. Papataasin nito ang gastusin sa pagrenta at gagawing mas mahirap ang paghanap ng abot-kayang pabahay."*—Alice Huffman, Presidente, Kumperensiya ng Estado ng California NAACP

HINDI SA 10—MASYADONG MARAMING MALI:

• BINIBIGYANG-DAAN ANG REGULASYON SA MGA BAHAY NA PANG-ISANG PAMILYA

Ipinapawalang-bisa ng Prop. 10 ang mga proteksyon sa mga may-ari ng bahay na halos 20 taon na, at nagbibigay-daan sa pamahalaan na diktahan ang pagpepresyo para sa mga pribadong pag-aaring bahay na pang-isang pamilya, nang kinokontrol kung gaano ang maaaring singilin ng mga may-ari ng bahay sa pagpaparenta ng kanilang bahay—o kahit isang kwarto lang. Maaari ding humantong ang Prop. 10 sa pagsingil ng mga burokrato sa mga may-ari ng bahay ng bayarin para sa pag-alis ng kanilang bahay sa mga opsyon sa merkado ng pagpaparenta.

• BINIBIGYAN NG PAGKAKATAON ANG MGA BURUKRATO NA KONTROLIN ANG TIRAHAN

Nagbibigay-daan ang Prop. 10 sa humigit-kumulang 539 lupon ng pagpaparenta na kontrolin ang tirahan, na nagbibigay sa mga ahensiya ng pamahalaan ng walang limitasyong kakayahang magdagdag ng mga bayarin sa pabahay, na paglaon ay magpapataas sa mga renta at magpapamahal sa halaga ng mga bahay at apartment. Ang mga lupong ito ay maaaring magkaroon ng walang limitasyong kapangyarihang itakda ang kanilang mga suweldo at benepisyo, habang dinaragdagan ang mga bayarin sa bahay na ipapasa sa mga nangungupahan sa anyo ng mas matataas na renta.

• INILALAGAY SA PANGANIB NG MILYON-MILYONG GASTUSING LEGAL ANG MGA NAGBABAYAD NG BUWIS

Kung hahamunin ng mga may-ari ng bahay, nangungupahan o botante ang batas sa hukuman, kakailanganin ng Prop. 10 na bayaran ng mga nagbabayad ng buwis sa California ang mga legal na bayarin ng mga isponsor. Maaaring mahirapan ang mga nagbabayad ng buwis na bayaran ang milyon-milyong dolyar para sa isang hindi maayos na binalangkas at mali-maling panukala.

• NAGDARAGDAG NG MILYON-MILYON SA MGA BAGONG GASTUSIN SA MGA LOKAL NA PAMAHALAAN

Ayon sa hindi partidistang Pambatasang Tagasuri ng estado, mapapataas ng Prop. 10 ang mga gastusin para sa mga lokal na pamahalaan nang halos milyon-milyong dolyar kada taon at milyon-milyon din ang mawawalang kita ng estado. Maaari itong magresulta sa mas maliit na badyet para sa mga paaralan at serbisyong pang-emerhensiya, binawasang konstruksyon ng bagong bahay, at kawalan ng libo-libong may maayos na pasahod na trabaho sa konstruksyon.

• PINAPATAAS ANG GASTUSIN SA KASALUKUYANG TINITIRHAN

Sa pamamagitan ng mga bagong bayarin at regulasyon ng pamahalaan, magkakaroon ang mga may-ari ng bahay ng malaking insentibong pinansyal para palitan ang mga pinaparentahang ari-arian ng mga istrukturang mas mapagkakakitaan para sa mga pagpaparenta para sa panandaliang bakasyon, na magpapataas sa halaga ng kasalukuyang tinitirhan at mas pagpapahirap para sa mga nangungupahan na makahanap ng abot-kayang pabahay sa hinaharap.

BOTTOM LINE: MASYADONG MARAMING MALI SA PROP. 10 AT MAS MAPAPALALA LANG NITO ANG KRISIS SA TIRAHAN.

Alamin kung bakit ang mga botanteng may politikal na interes at mula sa bawat sulok ng California ay boboto ng HINDI sa Prop. 10 sa *www.ReadItForYourself.com*

American G.I. Forum ng California, Liga ng mga Tagapagtaguyod ng mga Nakatatanda ng California, Kumperensya ng Estado ng California NAACP, Kapisanan ng MGA REALTOR ng California, Kapisanan ng Negosyo ng Pamilya ng California, Kapisanan ng Mga Nagbabayad ng Buwis ng Howard Jarvis, Kamara de Komersyo ng California, California Business Roundtable, Boto ng Mga Nagkakaisang Latino

**ALICE A. HUFFMAN,** Presidente
Komperensya ng Estado ng California ng National Association for the Advancement of Colored People (NAACP)

**FREDERICK A. ROMERO,** Kumander ng Estado
American G.I. Forum ng California

**STEPHEN WHITE,** Presidente
Kapisanan ng MGA REALTOR ng California

## ★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 10 ★

Huwag magpalinlang sa mga korporasyong may natatanging interes na tumutuligsa sa Proposisyon 10. Kung gusto nilang tulungan ang mga nangungupahan na makabayad ng renta sa bahay, isang pangunahing pangangailangan ng tao, hindi magkakaroon ng ganitong krisis sa tirahan ang California. Sundan ang pera: Nakikinabang ang mayayamang may natatanging interes sa real estate, mga landlord ng korporasyon at namumuhunan sa Wall Street sa kasalukuyang sistema sa ilang dekada na. Walang pakundangang dinodoble o kaya ay tinitriple ng malalaking korporasyon ang renta dahil sa kaya nila itong gawin. MALAKI ANG KINIKITA nila sa krisis sa tirahan na kagagawan din nila. Kaya naman ayaw nila itong ayusin!

*Sino ang Sumusuporta sa Prop. 10?* Ang mga di-nagtutubong organisasyon, guro, nars, retirado, manggagawa, pangkat na nakabatay sa pananampalataya, tagapagtaguyod ng pabahay, at Partidong Demokratiko ng California ay nag-uudyok ng pagboto ng OO dahil Pinoprotektahan ng Proposisyon TEN ang mga TENant.

Dapat bumoto ng OO ang mga nangungupahan at may-ari ng bahay para mapanatiling matatag ang mga komunidad. Nagbibigay-daan ito sa mga trabahador—mga guro, bumbero, mga manggagawa sa pangmatagalag pangangalaga, klerk sa grocery—na manirahan sa mga komunidad na pinagseserbisyuhan nila, habang nasasapatan pa rin ang mga pangunahing pangangailangan tulad ng pagkain at pangangalaga sa bata. Pinupuwersa ng mga gahamang landlord na korporasyon ang masyadong maraming may kapansanan at nakatatandang may mga pirming kita na pumili sa pagitan ng renta o gamot, at pinupuwersa nila na mawalan ng bahay ang mas marami pang pamilyang may mababang kita—na isang lumalaki at nakakaaksaya sa perang krisis.

Hindi nagmamandato ang Prop. 10 ng mga bagong batas o burokrasya para sa anumang komunidad—binibigyan KA lang nito, ang mga tao, ng kakayahang bumuo ng mga patakaran sa pagkontrol ng renta para sa IYONG komunidad. Magwawagi ang mga tao, hindi ang mga gahamang may natatanging interes. Masyadong mataas ang babayarang renta! OO sa TEN para protektahan ang mga Nangungupahan.

SINUSUPORTAHAN NG PARTIDONG DEMOKRATIKO NG CALIFORNIA; Kapinsanan ng mga Nars sa California; Pabahay sa California; Pambansang Liga ng Lungsod; ACLU ng California; Pundasyon ng Pangangalagang Pangkalusugan para sa AIDS; Mga May-ari ng Ari-arian para sa Makatwirang at Abot-kayang Pabahay; Mga Pintor at Alyadong Kalakalan 36; Internasyonal na Unyon ng Mga Nagseserbisyong Empleyado (SEIU); Amerikanong Pederasyon ng Estado, Mga Empleyado ng County at Munisipyo (AFSCME); Sentral na Konseho ng Paggawa ng County ng Humboldt at Del Norte AFL-CIO; Pundasyon ng Legal na Tulong sa Nayon sa California; Kanluraning Sentro sa Batas at Kahirapan; Network ng Pambansang Pagkilos-Los Angeles; Nagkakaisang Alyansa sa Central Coast para sa isang Sustainable na Ekonomiya; at ng mga organisasyon ng mga nangungupahan sa buong estado.

*www.VoteYesOnProp10.org*

**ERIC C. HEINS,** Presidente
Kapisanan ng Mga Guro sa California

**REV. WILLIAM D. SMART, JR.,** Presidente, Southern Christian Leadership Conference of Southern California

**ROXANNE SANCHEZ,** Presidente
SEIU California

*Ang mga nakalimbag na pangangatwiran sa pahinang ito ay opinyon ng mga may-akda, at hindi nasuri para sa katumpakan ng anumang opisyal na ahensiya.*

# PROPOSISYON 11 NAG-AATAS SA MGA EMPLEYADO NG PRIBADONG SEKTOR NA AMBULANSIYANG PANG-EMERHENSIYA NA MANATILING MATATAWAGAN SA MGA ORAS NG PAHINGA SA TRABAHO. NAG-AALIS NG PARTIKULAR NA PANANAGUTAN NG TAGAPAG-EMPLEYO. INISYATIBONG BATAS.

## OPISYAL NA TITULO AT BUOD

INIHANDA NG PANGKALAHATANG ABUGADO

**Makikita ang teksto ng panukalang ito sa website ng Kalihim ng Estado sa *http://voterguide.sos.ca.gov***

- Ginagawa ang batas sa paggawa na nagbibigay ng karapatan sa mga orasang empleyado na magkaroon ng mga oras ng pahinga sa trabaho para sa mga pagkain at pahinga, nang hindi matatawagan, na hindi mapapairal sa mga empleyado ng pribadong sektor na ambulansiyang pang-emerhensiya. Isinasailalim sa pagkontrol ang mga oras ng mga pahinga para kumain para sa mga empleyadong ito.
- Inaalis ang pananagutan ng mga tagapag-empleyo—sa mga aksyong nakabinbin sa o pagkaraan ng ika-25 ng Oktubre, 2017—para sa mga paglabag ng kasalukuyang batas na nauukol sa mga pahinga sa trabaho. Nag-aatas sa mga tagapag-empleyo na magkaloob ng pagsasanay na nauukol sa partikular na mga insidenteng pang-emerhensiya, paghadlang sa karahasan, at kalusugan at kagalingan ng isip.
- Nag-aatas sa mga tagapag-empleyo na magkaloob ng mga partikular na serbisyo sa kalusugan ng isip ng mga empleyado.

### BUOD NG PAGTATANTIYA NG PAMBATASANG TAGASURI SA NETONG EPEKTO SA PANANALAPI NG PAMAHALAAN NG ESTADO AT LOKAL NA PAMAHALAAN:

- Malamang na benepisyo sa pananalapi ng mga lokal na pamahalaan (sa anyo ng mas mababang mga gastos at mas mataas na mga kita), posibleng nasa sampu-sampung milyong dolyar bawat taon.

## PAGSUSURI NG PAMBATASANG TAGASURI

## BATAYAN

### MEDIKAL NA TRANSPORTASYONG PANG-EMERHENSIYA NG 911

***Ang mga Ambulansiya ay Nagbibigay ng Medikal na Pangangalaga at Transportasyong Pang-emerhensiya.*** Kapag tumawag sa 911 para sa medikal na tulong, nagpapadala ng tauhan ng ambulansiya sa lokasyon. (Karaniwang nagpapadala rin ng sasakyan ng lokal na kagawaran ng bumbero.) Sa lugar ng pangyayari, ang tauhan ay magbibigay ng medikal na paggamot sa pasyente. Kung kinakailangan, ihahatid ng tauhan ang pasyente sa pinakamalapit na ospital. (Nagbibigay rin ang mga ambulansiya ng mga hindi pang-emerhensiyang pagsakay papunta sa mga ospital o opisina ng mga doktor kapag kailangan ng pasyente ng paggamot o pagsusuri.)

***Mga Pribadong Kumpanya ang Nagpapatakbo ng Karamihan ng Ambulansiya.*** Mga pribadong kumpanya ang may-ari at nagpapatakbo ng karamihan ng ambulansiya sa California. Humigit-kumulang 75 porsyento ang ibinibigay nila sa lahat ng pang-emerhensiyang pagsakay sa ambulansiya. Sa natitirang 25 porsyento ng mga kaso, ang lokal na kagawaran ng bumbero ay may sarili nitong mga ambulansiya at sila mismo ang naghahatid sa mga pasyente sa ospital.

***Karamihan sa Biyahe ng Ambulansiya ay Binabayaran ng Seguro sa Kalusugan.*** Inaatasan ng batas ng estado ang mga ambulansiya na ihatid ang lahat ng pasyente, pati na mga pasyenteng walang seguro sa kalusugan at hindi makakapagbayad. Gayunpaman, seguro ang karaniwang nagbabayad para sa mga biyahe ng ambulansiya. Mahigit sa dalawang-katlo ng mga biyahe ng ambulansiya ay para sa mga pasyenteng may seguro mula sa pamahalaan, gaya ng Medicare at Medicaid (kilala bilang Medi-Cal sa California). Humigit-kumulang 20 porsyento ng mga biyahe ay para sa mga pasyenteng may pangkomersiyong seguro sa kalusugan, ang segurong karaniwang nakukuha ng mga tao sa kanilang trabaho. Ang iba pang biyahe ay para sa mga pasyenteng walang seguro.

***Mas Malaki ang Ibinabayad ng Pangkomersiyong Seguro para sa mga Biyahe ng Ambulansiya Kaysa sa Ibinabayad ng Segurong Mula sa Pamahalaan.*** Ang average na gastos sa isang biyahe ng ambulansiya sa California ay humigit-kumulang $750. Hindi nagbabago ang halagang ibinabayad ng Medicare at Medi-Cal sa mga kumpanya ng ambulansiya para sa bawat biyahe. Humigit-kumulang $450 bawat biyahe ang binabayaran ng Medicare at humigit-kumulang $100 bawat biyahe ang binabayaran ng Medi-Cal. Bilang resulta, nawawalan ng kita ang mga kumpanya ng ambulansiyang naghahatid ng mga pasyente ng Medicare at Medi-Cal. Nawawalan din ng kita ang mga kumpanya ng ambulansiya kapag naghatid sila ng mga pasyenteng walang seguro. Nangyayari ito dahil ang mga pasyenteng ito ay karaniwang hindi makakabayad para sa mga biyaheng ito. Upang mabawi ang mga pagkaluging ito, sinisingil ng mga kumpanya ng ambulansiya ang mga pasyenteng may pangkomersiyong seguro nang mas malaki sa average na gastos sa isang biyahe ng ambulansiya. Sa average, $1,800 ang binabayaran ng mga pangkomersiyong tagaseguro sa bawat biyahe, mahigit sa doble ng gastos sa isang karaniwang pagsakay sa ambulansiya.

### ANG INDUSTRIYA NG AMBULANSIYANG PANG-EMERHENSIYA

***Pinipili ng mga County ang mga Pangunahing Provider ng Ambulansiya.*** Ang county ay hinati-hati ng mga ahensiya ng county sa ilang lugar. Ang kumpanya ng ambulansiyang napiling maglingkod sa bawat lugar ay may eksklusibong karapatang tumugon sa lahat ng pang-emerhensiyang tawag sa lugar na iyon. Kumikita ang kumpanya sa pamamagitan ng pagkolekta ng mga bayad mula sa mga tagaseguro ng mga pasyente. Bilang kapalit, binabayaran ng kumpanya ng ambulansiya ang county para sa karapatang magbigay ng mga biyahe ng ambulansiya sa lugar na iyon. Sa karaniwan, pinipili ng county ang kumpanya ng ambulansiya sa pamamagitan ng mahigpit na proseso ng pag-bid. Nagbi-bid ang mga kumpanya ng ambulansiya sa pamamagitan ng pag-aalok ng mahusay na serbisyo—halimbawa, pagtugon sa pinakamaraming tawag sa 911 sa loob ng partikular na haba ng oras—at sulit na bayad sa county. Pipiliin ng county ang pinakamagandang alok at lalagda sa kontrata sa loob ng maraming taon sa kumpanyang iyon.

***Kinakatawan ng Kontrata sa Lokal na Ambulansiya ang mga Gastos sa Industriya sa Lugar na Iyon.*** Ang mga kumpanya ng ambulansiya ay nagmumungkahi ng mga kasunduan sa oras ng pagtugon at antas ng bayad sa county na maghahatid ng kita sa kanilang negosyo. Sa paggawa ng mga bid, kinakalkula nila kung magkano ang gagastusin upang makapagbigay ng mga serbisyo ng ambulansiya sa lugar at magkano ang kikitain nila. Dedepende naman ito sa iba't ibang uri ng seguro sa lugar. Ang mataas na bilang ng mga

## PAGSUSURI NG PAMBATASANG TAGASURI



pasyenteng may pribadong seguro ay nangangahulugang maaasahan nilang mas malaki ang kikitain nila. Ang mataas na bilang ng mga pasyenteng may seguro mula sa pamahalaan o walang seguro ay nangangahulugang mas maliit ang kikitain nila.

***Upang Mabilis Tumugon, Karamihan sa Ambulansiya ay Hindi Nakapirmi sa mga Permanenteng Lokasyon.*** Hindi tulad ng mga tauhan ng kagawaran ng bumbero, na naghihintay ng mga pang-emerhensiyang tawag sa kanilang permanenteng lokasyon, karamihan sa tauhan ng ambulansiya ay nakaposisyon sa kabuuan ng lungsod o rehiyon upang antabayanan ang mga tawag sa 911. Pagkatapos dumating ng tawag sa 911 at tumugon ang pinakamalapit na ambulansiya, magbabago ang posisyon ng iba pang tauhan ng ambulansiya upang muling saklawin ang lugar para sa susunod na tawag sa 911. Ang kasanayang ito—na kilala rin bilang "posting"—ay nagbibigay-daan sa tagapagkaloob ng ambulansiya na matugunan ang mga kinakailangan sa oras ng pagtugon na nasa kontrata nito habang gumagamit ng mas kaunting tauhan ng ambulansiya kaysa sa kakailanganin kung nakaposisyon sila sa mga permanenteng lokasyon, na magreresulta sa mas maliit na pangkalahatang gastos.

## MGA EMT AT PARAMEDIC

***Ambulansiya, mga EMT at Paramedic ng California.*** Mayroong 17,000 pang-emerhensiyang medikal na technician (mga EMT) at paramedic sa California at humigit-kumulang 3,600 ambulansiya. Nagbibigay ng paunang lunas at pangunahing medikal na pangangalaga ang mga EMT. Nagbibigay ng advanced na medikal na pangangalaga ang mga paramedic. Ang mga ambulansiya ay may dalawang tauhan—dalawang EMT, isang EMT at isang paramedic, o dalawang paramedic. Karaniwang 12 oras ang shift sa trabaho ng mga tauhan ng ambulansiya.

***Tumatanggap ng mga Serbisyo sa Kalusugan ng Isip ang Ilang EMT at Paramedic.*** Ang tauhang tumutugon sa emerhensiya—gaya ng mga opisyal ng pulisya, bumbero, EMT, at paramedic—ay kadalasang nakakaranas ng mga nakakagimbal na kaganapan habang nagtatrabaho. Kasama rito ang mga pinsalang nauugnay sa trabaho, likas na kalamidad, terorismo, o aksidenteng kinasasangkutan ng mga bata. Bilang resulta, may mas mataas na antas ng post-traumatic stress disorder (PTSD), depresyon, at pagpapakamatay kaysa sa pangkalahatang publiko ang mga tao sa mga ganitong trabaho. Marami sa mga tagapag-empleyo ng ambulansiya ay nag-aalok ng pagpapayo para sa tauhang nakaranas ng nakakagimbal na kaganapan. Ang ilang tagapag-empleyo ay nag-aalok din ng edukasyon ukol sa kagalingan at mga plano ng serbisyo sa kalusugan ng isip.

***Tumatanggap ng Karagdagang Pagsasanay ang Ilang EMT at Paramedic.*** Pinapangasiwaan ng mga opisyal ng estado, sa pakikipagtulungan sa mga pribadong kumpanya ng ambulansiya, ang pagsasanay upang matulungan ang mga EMT at paramedic na tumugon sa mga likas na kalamidad, sitwasyong kinasasangkutan ng aktibong shooter, at mga gawa ng terorismo. Nangangailangan ng espesyal na tugon ang mga pagkakataong ito—gaya ng pagtatanggal ng mga sugatang pasyente sa mga mapanganib na lugar—na hindi bahagi ng pangkaraniwang pagsasanay ng EMT o paramedic.

## MGA ORAS PARA KUMAIN AT MAGPAHINGA PARA SA MGA EMT AT PARAMEDIC

***Dapat Sundin ng mga Tagapag-empleyo ang mga Batas sa Paggawa ng Estado Tungkol sa mga Oras para Kumain at Magpahinga.*** Dapat sundin ng mga tagapag-empleyo sa California ang iba't ibang batas sa paggawa, kasama na ang mga panuntunan tungkol sa pinakamababang sahod ng estado, ilang oras maaaring magtrabaho, kalusugan at kaligtasan sa lugar ng trabaho, at mga oras para kumain at magpahinga. Kinakailangang magbigay ng karamihan sa tagapag-empleyo ng walang bayad na 30 minutong pahinga para kumain sa bawat shift sa trabaho at may bayad na 10 minutong pagpapahinga bawat apat na oras.

***Mga Oras para Kumain at Magpahinga na Ginagamit ng mga EMT at Paramedic.*** Sa nakasanayan, "matatawagan" ang mga EMT at paramedic sa kabuuan ng kanilang shift sa trabaho sakaling makatanggap sila ng pang-emerhensiyang tawag. Nangangahulugan ito na ang mga oras ng kanilang pahinga kung minsan ay naaantala ng mga tawag sa 911. Maaari din silang maantala ng kahilingan na lumipat sa isang bagong lokasyon ng posting. Bilang resulta, madalas na hindi napaplano ng mga EMT at paramedic ang kanilang mga oras para kumain at magpahinga. Kasabay nito, karamihan sa mga shift sa ambulansiya ay may kasamang patay na oras sa pagitan ng mga pang-emerhensiyang tawag. (Kadalasang mas kaunti ang patay na oras sa mga lugar sa urban kaysa sa mga lugar sa rural.) Bilang result, ang mga tauhan ay kadalasang may sapat na patay na oras sa kanilang shift upang magkaroon ng mga hindi naaantalang oras para kumain at magpahinga kahit na matatawagan sila kung teknikal na titingnan.

***Malamang na Iaatas ng Kamakailang Desisyon ng Hukuman ang mga "Off-Duty" na Pahinga para sa mga EMT at Paramedic.*** Noong 2016, ipinahayag ng Korte Suprema ng California na lumalabag ang mga matatawagang oras ng pahinga sa batas sa paggawa ng estado. Sa halip, dapat magbigay ang mga tagapag-empleyo ng mga oras ng pahinga na off-duty at hindi maaantala, kahit na magkaroon ng emerhensiya. Ang desisyon ay para sa *Augustus v. ABM Security Services*. Sangkot sa kaso ang mga pribadong guwardiyang panseguridad na may tagapag-empleyong nag-atas na panatilihin nilang nakabukas ang kanilang mga radyo sa mga oras ng pahinga. Ginawaran ng hukuman ang mga guwardiyang panseguridad ng kumpanya ng mga kabayaran dahil sa mga paglabag. Bago ilabas ang desisyon sa *Augustus*, naghain na ang mga EMT at paramedic ng ilang katulad na kaso laban sa mga pribadong kumpanya ng ambulansiya. Dinidinig pa rin ang mga kasong ito. Ang mga batas sa paggawa at kasanayan sa industriya para sa mga pribadong guwardiyang panseguridad ay katulad ng mga batas at kasanayan sa industriya para sa mga EMT at paramedic. Dahil sa mga pagkakatulad na ito, lumalabas na malamang na ilalapat din ang desisyon sa *Augustus* sa mga EMT at paramedic sa hinaharap.

***Ang Ganap na Pagsunod sa Desisyon sa* Augustus *ay Magdaragdag ng Gastos sa mga Kumpanya ng Ambulansiya.*** Upang masunod ang batas ng estado sa ilalim ng *Augustus*, kinakailangang mag-off duty ng mga tauhan ng ambulansiya sa kanilang mga oras para kumain at magpahinga. Bilang resulta, upang matugunan ang mga termino ng kanilang mga kasalukuyang kontrata, malamang ay kakailanganin ng mga kumpanya ng ambulansiya na magpatakbo ng higit na mas maraming ambulansiya sa bawat lugar kaysa sa pinapatakbo nila ngayon. Makakadagdag ito sa mga gastos ng mga kumpanya ng ambulansiya—may posibilidad na mahigit sa $100 milyon bawat taon sa buong estado.

***Tugon ng Industriya ng Ambulansiya sa Desisyon sa* Augustus.** Upang matugunan ang mas matataas na gastos at manatiling kumikita pa rin, kinakailangang palakihin ng mga kumpanya ang kita at/o paliitin ang mga gastos. Bilang tugon sa desisyon sa *Augustus*, magagawa ng mga kumpanya ng ambulansiya na:

- ***Makipagnegosasyon sa mga Legal na Kasunduan na Magpapahintulot sa Bahagyang Pagsunod.*** Sa ilang kaso, maaaring magkasundo ang mga kumpanya ng ambulansiya at mga EMT at paramedic sa isang kompromiso sa oras para kumain at magpahinga na hindi masyadong magastos para sa mga kumpanya ng ambulansiya kaysa sa pagbibigay ng mga off-duty na pahinga. Ang mga posibleng kasunduan na tulad nito ay magiging kompromiso sa pagitan ng

kasalukuyang kasanayan sa industriya at ganap na pagsunod sa *Augustus*, kung saan mas maliit ang mga gastos kaysa sa ganap na pagsunod sa *Augustus*.

- ***Taasan ang mga Singil sa Seguro.*** Maaaring singilin ng mga kumpanya ng ambulansiya ang mga kumpanya ng pangkomersiyong seguro nang mas malaki para sa mga biyahe ng kanilang mga pasyente. Kung sumang-ayon ang mga pangkomersiyong tagaseguro na bayaran ang mas matataas na antas na ito, malamang na magdudulot ito ng pagtaas ng mga premium ng seguro sa kalusugan para sa mga taong may pangkomersiyong seguro sa kalusugan. Gaya ng naunang binanggit, higit na mas malaki ang sinisingil ng mga kumpanya ng ambulansiya sa mga tagaseguro kaysa sa average na gastos para sa isang biyahe sa ambulansiya. Maaaring makakuha ang mga kumpanya ng ambulansiya ng ilang karagdagang kita mula sa mga kumpanya ng seguro, ngunit lumalabas na malamang na hindi masasaklawan ang buong gastos sa pagsunod sa desisyon sa *Augustus* sa ganitong paraan.
- ***Bawasan ang mga Gastos sa Negosyo.*** Maaaring baguhin ng mga kumpanya ng ambulansiya ang kanilang paraan ng pagnenegosyo upang mabawasan ang mga gastos. Halimbawa, maaari nilang pahabain ang kanilang mga oras ng pagtugon para sa mga pang-emerhensiyang tawag o palitan ang mga paramedic na mas malaki ang bayad ng mga EMT (na karaniwang binabayaran ng mas maliit na sahod). Kakailanganing makipagnegosasyon ng mga kumpanya ng ambulansiya sa mga county tungkol sa mga pagbabagong ito. Malamang na maliit lang ang mga ganitong uri ng pagbabago at samakatuwid ay hindi makapagbibigay ng malaking matitipid sa gastos.
- ***Mas Maliliit na Bayad sa Kontrata sa mga Lokal na Pamahalaan.*** Maaaring mas maliit ang ibayad ng mga kumpanya ng ambulansiya sa mga county para sa karapatang magbigay ng mga serbisyo ng ambulansiya sa bawat lugar. Sa mga lugar na walang masyadong kita, maaaring hindi na makapagbayad ang mga kumpanya ng ambulansiya para sa karapatang magbigay ng mga serbisyo ng ambulansiya sa lugar na iyon. Sa mga ganitong kaso, maaaring kailanganin ng mga county na bayaran ang mga kumpanya ng ambulansiya upang matiyak na mananatiling mayroong mga serbisyo ng ambulansiya sa lugar na iyon.

***Ang Malaking Bahagi ng mga Bagong Gastos na Ito ay Babayaran ng mga County.*** Bagama't mababawi ng mga kumpanya ng ambulansiya ang mas malaking gastos na nauugnay sa pagsunod sa *Augustus* sa iba't ibang paraan, gaya ng tinalakay sa itaas, lumalabas na malamang na sasagutin ng mga county ang malaking bahagi ng mas malalaking gastos na ito.

## MUNGKAHI

Ang panukalang ito ay gumagawa ng mga pagbabago sa mga batas ng estado na nakakaapekto sa mga pribadong sektor ng EMT at paramedic. Hindi nalalapat ang panukala sa mga EMT at paramedic na nagtatrabaho para sa mga pampublikong ahensiya, gaya ng mga kagawaran ng bumbero. Inilalarawan ang panukala nang mas detalyado sa ibaba.

***Nag-aatas ng mga Matatawagang Oras para Kumain at Magpahinga para sa mga EMT at Paramedic.*** Iniaatas ng panukalang ito na manatiling matatawagan ang mga EMT at paramedic sa kabuuan ng kanilang shift. Bilang epekto, ipinagpapatuloy ng panukala ang kasanayan ng industriya na pag-atas sa mga EMT at paramedic na manatiling matatawagan sa mga oras ng pahinga. Gayunpaman, kasabay nito ay iniaatas ng panukala na ang mga oras para kumain ay (1) hindi sa una o panghuling oras ng isang shift, at (2) may pagitan na hindi bababa sa dalawang oras. Inaatasan ng panukala ang mga kumpanya ng ambulansiya na magpatakbo ng mga sapat na ambulansiya upang matugunan ang mga iskedyul ng oras ng pahinga na ito.

***Nilalayong Limitahan ang mga Gastos para sa Dating Kasanayan ng mga Matatawagang Oras para Kumain at Magpahinga.*** Iminumungkahi ng desisyon sa *Augustus* na labag sa batas ang kasanayan ng pag-aatas sa mga EMT at paramedic na manatiling matatawagan sa mga oras ng pahinga. Maaaring may mga utang na multa ngayon ang mga pribadong kumpanya ng ambulansiya para sa mga dating paglabag na ito. Kinasuhan ng ilang grupo ng EMT at paramedic ang mga kumpanya ng ambulansiya dahil sa mga ipinaparatang na paglabag na ito. Dinidinig pa rin ang mga kasong ito. Bukod pa sa pag-aatas ng mga matatawagang oras para kumain at magpahinga simula ngayon, ipinapahayag ng panukalang ito na pinapahintulutan ang dating kasanayan ng industriya na mga matatawagang oras para kumain at magpahinga. Maaari nitong tanggalin ang mga gastos na maaaring harapin ng mga kumpanya ng ambulansiya na nauugnay sa mga kasong ito.

***Nag-aatas ng Pagsasanay at mga Serbisyo sa Kalusugan ng Isip na Babayaran ng Tagapag-empleyo.*** Inaatasan ng panukala ang mga kumpanya ng ambulansiya na mag-alok sa mga EMT at paramedic ng (1) taunang pagsasanay para sa likas na kalamidad, aktibong shooter, at pagpigil sa karahasan; (2) edukasyon para sa kalusugan ng isip at kagalingan; (3) sesyon ng pagpapayo para sa kalusugan ng isip; at (4) akses sa mga pangmatagalang serbisyo sa kalusugan ng isip.

## MGA EPEKTO SA PANANALAPI

Gaya ng inilalarawan sa itaas, kasalukuyang nagbabago ang legal na katayuan ng mga iniaatas ng batas sa paggawa sa mga industriya gaya ng mga serbisyo ng ambulansiya. Gayunpaman, lumalabas na mukhang aatasan ang mga kumpanya ng ambulansiya sa hinaharap na magbigay ng mga off-duty na oras para kumain at magpahinga. Kung gayon, dahil dito ay malaki ang itataas ng gastos sa pagbibigay ng mga serbisyo ng ambulansiya. Makakaapekto sa mga county ang mas malalaking gastos na ito, sa pamamagitan ng pagpapababa sa mga bayad ng kumpanya ng ambulansiya sa kanila at/o sa pamamagitan ng pag-aatas ng mga bayad ng county sa mga kumpanya ng ambulansiya upang matiyak ang sapat na serbisyo.

Gayunpaman, sa ilalim ng Proposisyon 11, iiwasan ng mga kumpanya ng ambulansiya ang karamihan sa mga bagong gastos na ito, dahil papahintulutan sila ng panukala, sa pangkalahatan, na ipagpatuloy ang pagpapatakbo gaya ng ginagawa nila sa nakaraan. Ibig sabihin, maipagpapatuloy nila ang paggamit sa mga matatawagang oras para kumain at magpahinga. Bilang resulta, ang Proposisyon 11 ay magkakaroon ng mga sumusunod na epekto sa mga gastos ng kumpanya ng ambulansiya:

- ***Mas Mababang Netong Gastos sa Pagpapatakbo.*** Inaatasan ng panukalang ito ang mga EMT at paramedic na manatiling matatawagan sa mga oras ng pahinga. Samakatuwid, hindi haharapin ng mga kumpanya ng ambulansiya ang mga bagong nagpapatuloy na gastos—posibleng mahigit sa $100 milyon bawat taon—na nauugnay sa pagbibigay ng mga off-duty na oras ng pahinga. Kasabay nito, kakailanganin ng mga kumpanya ng ambulansiya na magpatakbo ng mas maraming ambulansiya kaysa sa ginagawa nila sa ilalim ng kasalukuyang kasanayan upang masunod ang iba pang iniaatas ng panukala na nauugnay sa mga iskedyul ng

## PAGSUSURI NG PAMBATASANG TAGASURI

IPINAGPATULOY

oras para kumain at magpahinga. Magreresulta ito sa ilang bagong gastos. Sa kabuuan, ang mga batas sa matatawagang oras para kumain at magpahinga ay magreresulta sa mas mababang gastos sa sampu-sampung milyong dolyar taun-taon para sa mga kumpanya ng ambulansiya kung ikukumpara sa gastos sa pagsunod sa *Augustus*.

- ***Ilang Bagong Gastos upang Makapagbigay ng Pagsasanay at mga Serbisyo sa Kalusugan ng Isip***. Ang mga kumpanya ng ambulansiya na kasalukuyang hindi nag-aalok ng pagsasanay at mga serbisyo sa kalusugan ng isip na iniaatas ng panukalang ito ay magbabayad ng bagong gastos upang maibigay ang mga ito. Ang mga benepisyong ito ay malamang na magdulot ng gastos sa mga kumpanya ng ambulansiya na ilang milyong dolyar bawat taon.
- ***Posibleng Pag-iwas sa mga Isang Beses na Gastos.*** Nilalayon ng Proposisyon 11 na limitahan ang mga gastos na maaaring harapin ng mga kumpanya ng ambulansiya bilang resulta ng mga aktibong kaso ukol sa mga paglabag sa oras para kumain at magpahinga. (Ang mga kumpanya ay maaaring magkaroon ng hindi naibigay na bayad sa mga manggagawa dahil sa mga paglabag na ito.) Malamang na hukuman ang tutukoy kung lilimitahan ng panukala ang mga gastos na ito. Kung tatanggalin ng panukala ang mga gastos na ito, iiwasan ng mga kumpanya ng ambulansiya ang mga hindi alam ngunit posibleng malaking isang beses na gastos.

***Mga Benepisyo sa Pananalapi sa mga Lokal na Pamahalaan Dahil sa Mas Mababang Netong Gastos sa Ambulansiya.*** Dahil sa mas mababang netong gastos ng kumpanya ng ambulansiya, magreresulta ang panukalang ito sa mga benepisyo sa pananalapi sa mga lokal na pamahalaan (sa anyo ng mas mababang mga gastos at mas mataas na mga kita), posibleng nasa sampu-sampung milyong dolyar bawat taon. Mangyayari ito dahil iiwasan ng mga kumpanya ng ambulansiya ang mas malalaking gastos na nauugnay sa pagbibigay ng mga off-duty na oras para kumain at magpahinga. Mapupunta ang isang bahagi ng mga benepisyong ito sa mga kumpanya ng seguro, ngunit mapupunta sa lokal na pamahalaan ang malaking bahagi.

**Bumisita sa *http://www.sos.ca.gov/campaign-lobbying/cal-access-resources/measure-contributions/2018-ballot-measure-contribution-totals/* para sa listahan ng mga komite na pangunahing binuo upang suportahan o tutulan ang panukalang ito. Bumisita sa *http://www.fppc.ca.gov/transparency/top-contributors/nov-18-gen.html* upang i-access ang nangungunang 10 tagaambag ng komite.**

**Kung gusto ninyo ng kopya ng buong teksto ng panukala ng estado, pakitawagan ang Kalihim ng Estado sa (800) 339-2957 o maaari kayong mag-email sa *vigfeedback@sos.ca.gov* at libreng magpapadala sa inyo ng kopya sa pamamagitan ng koreo.**

## ★ PANGANGATWIRANG PABOR SA PROPOSISYON 11 ★

TINITIYAK NG PROP. 11 NA HINDI MAAANTALA ANG INYONG PANGANGALAGANG PANG-EMERHENSIYA NG 911

Isinasabatas ng Prop. 11 ang matagal nang kasanayan sa industriya na pagbabayad sa mga pang-emerhensiyang medikal na technician (EMT) at paramedic upang manatiling naaabot sa mga oras ng kanilang pahinga sa trabaho sakaling magkaroon ng emerhensiya—tulad ng mga bumbero at opisyal ng pulisya.

Kinakailangan ang Prop. 11 dahil ang matagal nang kasanayang ito ay maaaring ipahinto batay sa kamakailang kautusan ng hukuman ng California at atasan ang mga EMT at paramedic na maging ganap na hindi maaabot habang oras ng pahinga. Nangangahulugan ito na kapag oras ng pahinga ng pinakamalapit na ambulansiya sa inyong emerhensiya, kapag tumawag kayo ng tulong, WALANG PARAAN ang mga dispatcher ng 911 na abutin ang tauhan ng ambulansiya dahil IO-OFF ang lahat ng kagamitan para sa pakikipag-ugnayan. Tinitiyak ng Prop. 11 na hindi maaantala ang inyong pangangalagang pang-emerhensiya ng 911.

*"Tinitiyak ng Prop. 11 na mabilis na makakatugon ang mga EMT at paramedic upang maibigay ang mahalagang pangangalagang kailangan ninyo. Ganoon naman talaga dapat iyon. Bumoto ng OO sa 11."*—Adam Dougherty, MD, MPH, Doktor na Pang-emerhensiya

KAPAG TUMAWAG KAYO SA 911, SEGUNDO LANG ANG MAAARING PAGITAN NG BUHAY AT KAMATAYAN

Mahalagang mabilis makatugon ang mga EMT at paramedic at makapagbigay ng medikal na pangangalagang pansagip ng buhay sa mga panahong maraming nabibiktima, tulad ng mga insidente na may aktibong shooter at likas na kalamidad. Inaatas ng Prop. 11 na bayaran ang mga medikal na tauhang pang-emerhensiya ng kanilang employer upang makatanggap ng karagdagang pagsasanay na nakakatugon sa mga pamantayan ng FEMA para sa pagpigil sa karahasan, aktibong shooter, kaganapang maraming nabibiktima, at insidente ng likas na kalamidad. OO sa 11.

*"Bilang paramedic, gusto kong naroon ako kapag kailangan ako ng mga tao. Tinitiyak ng Prop. 11 na kapag nanganganib ang mga buhay, hindi maaantala ang pangangalagang pang-emerhensiya at nakahanda tayong tumugon sa halos anumang kalamidad."*—Daniel Iniguez, Lisensyadong Paramedic

TINITIYAK NG PROP. 11 NA MAY MGA PROTEKSYON SA LUGAR NG TRABAHO ANG MGA EMT AT PARAMEDIC

Ang mga EMT at paramedic ay kinakailangang magkaroon ng mga proteksyon sa lugar ng trabaho upang matiyak na mayroon silang sapat na pahinga. Inaatasan ng Prop. 11 ang mga operator ng ambulansiya ng 911 na magpanatili ng sapat na dami ng tauhan upang makapagbigay ng saklaw para sa mga oras ng pahinga. Sinasabi rin ng Prop. 11 na patuloy na makakatanggap ang mga medikal na tauhang pang-emerhensiya ng karagdagang bayad na isang oras kung mapapalampas nila ang oras ng pahinga at hindi ito mapapalitan sa oras ng kanilang trabaho. OO sa 11.

NAGBIBIGAY ANG PROP. 11 NG MGA BENEPISYO SA KALUSUGAN NG ISIP PARA SA MGA EMT AT PARAMEDIC

Kinakailangan ng espesyal na uri ng tao upang maging EMT o paramedic, at kung minsan ay punung-puno ng problema ang trabaho. Inaatasan ng Prop. 11 ang mga employer na bigyan ang mga medikal na tauhang pang-emerhensiya ng mandatoryong saklaw sa kalusugan ng isip, gayundin ng taunang pagsasanay para sa kalusugan ng isip at kagalingan. OO sa 11.

Bumoto ng OO sa Prop. 11 upang maprotektahan ang kaligtasan ng publiko at upang matiyak na mabilis na makakatugon ang mga EMT at paramedic kapag mayroon kayong emerhensiya.

Matuto pa sa *www.YESon11.org*

**ADAM DOUGHERTY, MD, MPH,** Doktor na Pang-emerhensiya
**CAROL MEYER, RN,** Dating Direktor
Ahensiya ng mga Pang-emerhensiyang Serbisyong Medikal ng County ng Los Angeles

**JAISON CHAND,** Lisensyadong Paramedic

★ **PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 11** ★

# WALANG PANGANGATWIRANG ISINUMITE LABAN SA PROPOSISYON 11

PROPOSISYON

# 12 NAGTATATAG NG MGA BAGONG PAMANTAYAN PARA SA PAGKUKULONG NG MGA TINUKOY NA PAMBUKID NA HAYOP; IPINAGBABAWAL ANG PAGBEBENTA NG MGA DI-SUMUSUNOD NA PRODUKTO. INISYATIBONG BATAS.

## OPISYAL NA TITULO AT BUOD

INIHANDA NG PANGKALAHATANG ABUGADO

**Makikita ang teksto ng panukalang ito sa website ng Kalihim ng Estado sa *h ttp://voterguide.sos.ca.gov.***

- Nagtatatag ng bagong mga pinakamababang iniaatas na espasyo para sa pagkulong ng mga batang baka, inahing baboy, at nangingitlog na inahing manok.
- Nag-aatas na ang mga nangingitlog na manok ay alagaan sa kapaligirang walang kulungan pagkaraan ng ika-31 ng Disyembre, 2021.
- Nagbabawal ng partikular na mga pangkomersiyong pagbebenta ng mga tinukoy na produktong karne at itlog mula sa mga hayop na ikinulong sa di-sumusunod na paraan.
- Binibigyang-kahulugan ang mga paglabag sa pagbebenta bilang hindi-patas na kompetisyon.
- Lumilikha ng matapat na depensa para sa mga tagabentang umaasa sa nakasulat na sertipikasyon ng mga tagasuplay na ang mga produktong karne at itlog ay sumusunod sa mga bagong pamantayan sa pagkulong.
- Nag-aatas sa Estado ng California na mag-isyu ng mga regulasyon sa pagpapatupad.

### BUOD NG PAGTATANTIYA NG PAMBATASANG TAGASURI SA NETONG EPEKTO SA PANANALAPI NG PAMAHALAAN NG ESTADO AT LOKAL NA PAMAHALAAN:

- Posibleng pagbawas sa mga kita sa buwis sa kita ng estado mula sa mga negosyong pambukid, malamang na hindi hihigit sa ilang milyong dolyar taun-taon.
- Mga gastusin ng estado na hanggang $10 milyon taun-taon upang ipatupad ang panukala.

## PAGSUSURI NG PAMBATASANG TAGASURI

## BATAYAN

***Ang Agrikultura ay isang Pangunahing Industriya sa California.*** Ang mga sakahan sa California ay nakakagawa ng mas maraming pagkain—gaya ng mga prutas, gulay, mani, karne, at itlog—kaysa sa anumang iba pang estado. Ang mga mamamayan ng California ay bumibili rin ng pagkaing ginawa sa iba pang estado, kasama na ang karamihan sa itlog at baboy na kinakain nila. Responsibilidad ng Kagawaran ng Pagkain at Agrikultura ng California (CDFA) na isulong ang agrikultura sa California at pangasiwaan ang kalusugan ng hayop at kaligtasan ng pagkain.

***Ipinagbabawal ng Batas ng Estado ang Kalupitan sa mga Hayop.*** Sa loob ng mahigit sa isang siglo, nagkaroon ang estado ng mga batas na nagbabawal sa maling pagtrato sa mga hayop, kasama na ang mga pambukid na hayop. Halimbawa, ang sinumang magkukulong ng hayop sa isang saradong lugar ay inaatasang magbigay rito ng lugar para sa pag-eehersisyo at bigyan ito ng akses sa tulugan, pagkain, at tubig. Depende sa partikular na paglabag sa mga iniaatas na ito, ang isang tao ay maaaring mapag-alamang nagkasala ng misdemenor o mabigat na kasalanan, at ang alinman sa mga ito ay mapaparusahan ng multa, pagkakakulong, o pareho.

***Nagbabago ang mga Kasanayan sa Pambukid na Hayop.*** Mayroong lumalaking interes ng publiko sa pagtrato sa mga pambukid na hayop. Sa partikular, nagpahayag ng mga alalahanin tungkol sa pagpapanatili ng mga pambukid na hayop sa mga kulungan at crate. Bilang bahagyang tugon sa mga alalahaning ito, bumuo ang ibat' ibang kapisanan ng hayop sa pagsasaka ng mga alituntunin at pinakamainam na kasanayan upang mapahusay ang pangangalaga at pangangasiwa ng mga pambukid na hayop. Bilang tugon din sa mga alalahaning ito, inanunsyo ng maraming pangunahing groseri, restawran, at iba pang kumpanya na aatasan na nila ang mga supplier ng kanilang pagkain na bigyan ang mga pambukid na hayop ng mas malaking espasyo para makapaglakad-lakad (halimbawa, sa pamamagitan ng pagbili lang ng mga itlog mula sa mga magsasakang gumagamit ng pabahay na "walang kulungan" para sa mga inahing manok).

***Gumawa ang Proposisyon 2 (2008) ng mga Pamantayan para sa Pagbibigay ng Pabahay sa Ilang Partikular na Pambukid na Hayop.*** Sa pangkalahatan, pinagbabawalan ng Proposisyon 2 ang mga magsasaka sa California na ilagay ang mga inahing baboy, batang bakang pinapakalaki para sa ternera, at nangingitlog na inahing manok sa mga kulungan o crate na hindi nagpapahintulot sa mga ito na malayong umikot, humiga, tumayo, at ganap na iunat ang kanilang mga limb. Sa ilalim ng Proposisyon 2, ang sinumang lalabag sa batas na ito ay nagkakasala ng misdemenor.

***Ipinagbawal ng Batas ng Estado ang Pagbebenta ng mga Itlog na Hindi Nakakatugon sa mga Pamantayan sa Pabahay.*** Batay sa batas ng estado na ipinasa pagkatapos ng Proposisyon 2, ilegal para sa mga negosyo sa California na magbenta ng mga itlog na alam nilang nagmula sa mga inahing manok na tumira sa mga bahay na hindi nakatugon sa mga pamantayan ng Proposisyon 2 para sa mga nangingitlog na inahing manok. Nalalapat ang batas na ito sa mga itlog mula sa California o iba pang estado. Ang sinumang taong lalabag sa batas na ito ay nagkakasala ng misdemenor. (Hindi sinasaklaw ng batas ang mga *likidong* itlog, na mga pula at puti ng itlog na inalis sa mga shell ng mga ito at naproseso para ibenta.)

## MUNGKAHI

***Gumagawa ng mga Bagong Pamantayan para sa Pagbibigay ng Pabahay sa Ilang Partikular na Pambukid na Hayop.*** Ang panukalang ito (Proposisyon 12) ay gumagawa ng mga bagong pinakamababang iniaatas sa mga magsasaka na magbigay ng mas malaking espasyo para sa mga nangingitlog na inahing manok, inahing baboy, at batang baka na pinapalaki para sa ternera. Ang mga iniaatas na ito, na nalalapat sa mga pambukid na hayop na pinalaki sa California, ay sasailalim sa mga yugto sa loob ng susunod na ilang taon. Ipinapakita sa Pigura 1 ang mga partikular na iniaatas para sa bawat hayop, kailan sasailalim sa yugto ang mga ito, at paano maihahambing ang mga ito sa kasalukuyang batas.

***Ipinagbabawal ang Pagbebenta ng mga Produktong Hindi Nakakatugon sa mga Bagong Pamantayan sa Pabahay.*** Ginagawa ring ilegal ng panukala para sa mga negosyo sa California na sadyang magbenta ng mga itlog (kasama na ang mga likidong itlog) o hindi nalutong baboy o ternera na galing sa mga hayop na tumira sa mga bahay na hindi nakatugon sa mga iniaatas ng panukala. Nalalapat ang pagbabawal sa pagbebenta na ito sa mga produkto mula sa mga hayop na pinalaki sa California o sa labas ng estado. Sa pangkalahatan, hindi nalalapat ang pagbabawal sa pagbebenta sa mga pagkaing may mga itlog, baboy, o ternera bilang sangkap

## PAGSUSURI NG PAMBATASANG TAGASURI

IPINAGPATULOY

**Pigura 1**

**Pinakamababang Iniaatas na Espasyo sa Ilalim ng Kasalukuyang Batas at Proposisyon 12**

*Kuwadradong Talampakan Bawat Hayop*

| Pambukid na Hayop | Kasalukuyang Batas[a] | Proposisyon 12[a] | |
|---|---|---|---|
| | | Magsisimula sa 2020 | Magsisimula sa 2020 |
| **Nangingitlog na inahing manok** | Dapat ay nakakaikot nang malaya, nakakahiga, nakakatayo, at ganap na nakakapag-unat ng kanilang mga limb.[b] | 1 kuwadradong talampakang espasyo ng sahig | Pabahay na walang kulungan[c] |
| **Inahing baboy** | | — | 24 na kuwadradong talampakang espasyo ng sahig |
| **Batang baka na pinapalaki para sa ternera** | | 43 kuwadradong talampakang espasyo ng sahig | Hindi binago (43 kuwadradong talampakan) |

[a] Parehong naglalaman ang kasalukuyang batas at Proposisyon 12 ng ilang pagbubukod sa mga pinakamababang iniaatas na espasyo.

[b] Sa pangkalahatan, iniaatas ng mga regulasyon ng estado ang 0.8 kuwadradong talampakang espasyo ng sahig sa bawat nangingitlog na inahing manok. Walang katulad na regulasyon para sa mga inahing baboy o batang baka na pinapalaki para sa ternera.

[c] Kasama sa walang kulungan ang mga sistema ng indoor na pabahay na nagbibigay ng 1 hanggang 1.5 kuwadradong talampakang espasyo ng sahig sa bawat inahing manok at nagpapahintulot sa mga inahing manok na maglakad-lakad sa loob ng isang gusali.

o topping (gaya ng cookie dough at pizza). Ang paglabag sa mga iniaatas sa pabahay o pagbabawal sa pagbebenta ay isang misdemenor, at ang paglabag sa pagbabawal sa pagbebenta ay maaaring patawan ng multa sa hukumang sibil. Inaatasan din ng panukalang ito ang CDFA at ang Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng California na magsulat ng mga regulasyon upang maipatupad ang mga iniaatas nito.

# MGA EPEKTO SA PANANALAPI

***Malamang na Tumaas ang mga Presyo ng Mamimili.*** Ang panukalang ito ay malamang na magresulta sa pagtaas sa mga presyo para sa mga itlog, baboy, at ternera para sa dalawang dahilan. Una, dahil sa panukalang ito, kinakailangan ng maraming magsasaka na mag-remodel o magtayo ng bagong pabahay para sa mga hayop—gaya ng paglalagay ng walang kulungang pabahay para sa mga inahing manok. Sa ilang sitwasyon, ang pabahay na ito ay maaaring mas mahal patakbuhin nang tuloy-tuloy. Ang malaking bahagi ng mas malaking gastos na ito ay malamang na ipapasa sa mga mamimiling bumibili ng mga produkto.

Pangalawa, maaaring abutin ng ilang taon bago mapalitan ng mga sapat na magsasaka sa California at iba pang estado ang kanilang mga sistema ng pabahay upang matugunan ang mga iniaatas ng panukala. Kung sa hinaharap ay hindi makakapagbigay ng sapat na mga itlog, baboy, at ternera ang mga magsasaka upang matugunan ang pangangailangan sa California, ang mga pagkukulang na ito ay hahantong sa pagtaas ng mga presyo hanggang sa matugunan ng mga magsasaka ang pangangailangan.

Gaya ng tinalakay sa itaas, inanunsyo ng maraming kumpanya na aatasan na nila ang mga supplier ng kanilang pagkain na bigyan ang mga pambukid na hayop ng mas malaking espasyo para makapaglakad-lakad (gaya ng sa pamamagitan ng pagbili lang ng mga itlog na mula sa manok na hindi ikinulong). Kung mangyayari nga ito, ang ilan sa pagtataas ng presyong inilarawan sa itaas ay magaganap din naman sa mga taon sa hinaharap.

***Maliit na Pagbaba sa mga Kita ng Pamahalaan ng Estado.*** Dahil papataasin ng panukalang ito ang mga gastos para sa ilang magsasaka sa California na nagbibigay ng mga itlog, baboy, at ternera, maaaring piliin ng ilan sa kanila na ihinto o bawasan ang kanilang produksyon. Kung mangyayari nga ito, maaaring magkaroon ng mas maliit na nalikom sa buwis sa kita ng estado mula sa mga negosyong sakahan na ito sa hinaharap. Ang pagbaba sa buong estado ay malamang na hindi lalampas sa ilang milyong dolyar bawat taon.

***Mga Gastos sa Pangangasiwa ng Estado.*** Daragdagan ng CDFA ang dami ng trabaho upang maipatupad ang panukalang ito. Halimbawa, kinakailangang suriin ng kagawaran na ang mga magsasaka sa California at iba pang estadong nagbebenta sa California ay gumagamit ng pabahay para sa hayop na nakakatugon sa mga iniaatas ng panukala. Titiyakin din ng CDFA na ang mga produktong ibinebenta sa California ay sumusunod sa mga iniaatas ng panukala. Ang **gastos sa karagdagang trabahong ito ay maaaring umabot nang hanggang $10 milyon taun-taon.**

**Bumisita sa *http://www.sos.ca.gov/campaign-lobbying/cal-access-resources/measure-contributions/2018-ballot-measure-contribution-totals/* para sa listahan ng mga komite na pangunahing binuo upang suportahan o tutulan ang panukalang ito. Bumisita sa *http://www.fppc.ca.gov/transparency/top-contributors/nov-18-gen.html* upang i-access ang nangungunang 10 tagaambag ng komite.**

**Kung gusto ninyo ng kopya ng buong teksto ng panukala ng estado, pakitawagan ang Kalihim ng Estado sa (800) 339-2957 o maaari kayong mag-email sa *vigfeedback@sos.ca.gov* at libreng magpapadala sa inyo ng kopya sa pamamagitan ng koreo.**

## ★ PANGANGATWIRANG PABOR SA PROPOSISYON 12 ★

OO SA PROP. 12—IHINTO ANG KALUPITAN SA HAYOP

Inirerekomenda ng *Makataong Kalipunan ng Estados Unidos, ASPCA,* at halos *500 beterinaryo sa California* ang Prop. 12.

Sa pagboto ng OO, mapipigilan ang pagkukulong ng mga batang baka, inahing baboy, at nangingitlog na inahing manok sa loob ng masisikip na kulungan sa buong buhay ng mga ito. Aalisin nito ang mga produktong ginawa sa paraang malupit at hindi ligtas mula sa mga inabusong hayop na ito mula sa pamilihan ng California. Sa pagboto ng OO, mababawasan ang panganib ng pagkakasakit ng mga tao dahil sa pagkalason mula sa pagkain at polusyon sa factory farm, at matutulungan ang mga pamilya ng mga magsasaka.

BUMOTO NG OO SA PROP. 12 UPANG:

PIGILAN ANG KALUPITAN SA MGA HAYOP. Isang kalupitan ang pagkukulong ng batang baka sa maliit na kulungan. Hiniwalay mula sa kanyang nanay pagkatapos ipanganak birth, ikukulong siya sa mapang-abusong paraan na iyon hanggang sa ipadala siya sa katayan—sa edad na apat na buwan lang.

Hindi dapat ikulong ang isang inahing baboy sa isang maliit na metal na kulungan kung saan hindi siya halos makagalaw. Ikinulong siya at sapilitang pinatira sa maliit na espasyo na ito sa loob ng *halos apat na taon*.

Maling ipagsiksikan ang isang inahing manok sa isang napakasikip na alambreng kulungan sa buong buhay niya. Pinipilit siyang kumain, matulog, dumumi, at mangitlog sa iisang maliit na espasyo bawat araw.

PROTEKTAHAN ANG ATING MGA PAMILYA SA PAGKALASON MULA SA PAGKAIN AT POLUSYON SA FACTORY FARM. Sa nakalipas na dekada, nagkaroon ng mga pag-recall ng halos isang bilyong itlog mula sa mga nakakulong na manok dahil mayroong nakamamatay na *Salmonella* ang mga ito. Paulit-ulit na lumalabas sa mga siyentipikong pag-aaral na kapag ikinukulong ang mga hayop sa maliliit at maruruming kulungan, tumataas ang panganib ng pagkalason mula sa pagkain. Umamin pati na ang *Poultry World*, isang nangungunang lathalain sa industriya ng itlog, *"Nabubuhay ang Salmonella sa mga kulungan."*

Kaya naman inirerekomenda ng *Sentro para sa Kaligtasan ng Pagkain* at *Pambansang Liga ng mga Mamimili* ang OO sa Prop. 12.

Nanawagan ang *Kapisanan ng Pampublikong Kalusugan ng Amerika* para sa isang moratoryo sa mga pagpapatakbo ng bagong kulungan ng hayop dahil nagdudulot ang mga ito ng polusyon sa hangin at tubig sa lupa, at nakakapagpababa sa kalidad ng buhay para sa mga kalapit na may-ari ng bahay.

TULUNGAN ANG MGA PAMILYA NG MAGSASAKA AT PALAGUIN ANG EKONOMIYA NG CALIFORNIA. Gumagamit ng mabilisang pamamaraan ang napakalalaking factory farm na nagkukulong ng mga hayop kaya nawawalan ng kabuhayan ang mga pamilya ng magsasaka Sa pamamagitan ng pagboto ng OO sa Prop. 12, makakagawa tayo ng mga makatuwirang pamantayan na magpapanatili sa kabuhayan ng mga pamilya ng magsasaka—at magpapahintulot sa kanilang lumago. Dahil kumukuha ng mas maraming manggagawa ang mga sakahang walang kulungan, ang panukalang ito ay gagawa ng *mas maraming trabaho* para sa masisipag na pamilyang nagsasaka.

Kaya naman inirerekomenda ng *mga pamilya ng magsasaka sa California* at ng *Nagkakaisang Manggagawa ng Sakahan* ang Prop. 12.

ISANG MADALING MAUNAWAANG REPORMA

- Pinapalakas ng Prop. 12 ang isang dekadang batas sa kalupitan sa hayop at nagbibigay ng sapat na panahon para makalipat ang mga producer sa mga kasanayang hindi gumagamit ng kulungan.
- Mahigit sa 200 pangunahing kumpanya ng pagkain tulad ng *Walmart, McDonald's, Taco Bell, Burger King, Safeway,* at *Dollar Tree* ang nangakong gagamit ng mga produktong walang kulungan.
- Isang dosenang estado ang nagpasa ng mga batas na tumutugon sa malupit na pagkukulong ng mga pambukid na hayop.
- Ang botong OO ay inirerekomenda ng mga lider ng pananampalatayang *Katoliko, Presbyterian, Episcopal, Methodist, Jewish, Evangelical,* at *Unitarian*, at *mga lokal na silungan ng hayop sa buong California*.

Hindi natin pipilitin ang ating alagang aso o pusa na tumira sa isang madumi at maliit na kulungan sa buong buhay niya; hindi rin natin dapat payagang tiisin ng alinmang hayop ang nasabing paghihirap. Nararapat sa lahat ng hayop, kasama na ang mga pambukid na hayop, ang proteksyon mula sa kalupitan at pang-aabuso.

*www.YesOn12CA.com*

**CRYSTAL MORELAND,** Direktor ng Estado ng California
Ang Makataong Kalipunan ng Estados Unidos

**DR. JAMES REYNOLDS, DVM, MPVM, DACAW,** Propesor ng Large Animal Medicine at Welfare Western University College of Veterinary Medicine

**ANDREW DECORIOLIS,** Direktor ng Mga Istratehikong Programa at Pakikipag-ugnayan para sa
Farm Forward

## ★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG PABOR SA PROPOSISYON 12 ★

*Ang Proposisyon 12 ay isang malupit na pagtataksil sa mga hayop at botante.*

Ang pangangatwiran ng Proposisyon 12 ay binubuo ng mga gasgas na linya, at iniiwasan nito ang anumang pagbanggit ng United Egg Producers, ang *pagtanggap* sa MGA KULUNGAN hanggang sa kahit *2022* man lang, pagpapahintulot sa *ISANG KUWADRADONG TALAMPAKAN* lang ng espasyo sa bawat inahing manok, o anumang iba pang detalye tungkol sa aktuwal na *ginagawa* ng inisyatiba.

Sa madaling salita, bumalik sa dati nitong pandaraya ang Makataong Kalipunan ng Estados Unidos na puno ng eskandalo.

Nagbabalik ang parehong pangkat na nagsabing mawawala na sa kulungan ang mga inahing manok sa California pagsapit ng *2015*, na magiging isang "mabuting may-ari ng alagang hayop" si Michael Vick, na yumakap sa SeaWorld, at nakaubos ng milyun-milyong dolyar sa isang kaso sa Batas sa Naimpluwensiyahan ng Taong Manloloko at mga Tiwaling Organisasyon.

Muling nangangako ang *HSUS* na ipagbabawal ang mga kulungan sa industriya ng itlog—kahit na inilaan na nito ang huling dekada sa pagsasabing *nagawa na nila ito!*

Samantala, inaatake nila ang mga whistleblower.

*"Alam namin kapag bumagsak ang isang kawanggawa sa mga pinakabatayang obligasyon ng tiwala. Sa halip na atakihin ang mga kababaihang nakaranas ng pang-aabuso, dapat baguhin ng HSUS ang sarili nitong kultura."*—Pambansang Organisasyon ng Kababaihan

Noong sama-samang kumilos ang kababaihan laban sa hindi magandang kultura sa HSUS, nagmula ito sa maraming alegasyon ng sekswal na panliligalig at maling gawain laban sa pangunahing nagsulat ng Proposisyon 12, at ngayon ay dating CEO, si Wayne Pacelle. Ang unang tugon ng HSUS ay kuwestiyunin ang integridad ng *kababaihan*.

Ginagamit na ngayon ang taktikang iyon laban sa mga maingat na tagapagtaguyod ng hayop na tutol sa Proposisyon 12.

Ito ang hindi matatakasang realidad: Kung hindi dahil sa kapabayaan ng HSUS, wala na sa kulungan ang mga inahing manok sa California *sa mismong sandaling ito*. Huwag tayong maniwala sa parehong panloloko—nang dalawang beses.

*www.StopTheRottenEggInitiative.org*

**MARK EMERSON,** Miyembro ng Lupong Tagapayo
Mga Mamamayan ng California laban sa Kalupitan, mga Kulungan, at Pandaraya

**ERIC MILLS,** Tagapag-ugnay
Pagkilos para sa mga Hayop

**PETER T. BROWN,** Miyembro ng Lupong Tagapayo
Mga Kaibigan ng mga Hayop

 *Ang mga nakalimbag na pangangatwiran sa pahinang ito ay opinyon ng mga may-akda, at hindi nasuri para sa katumpakan ng anumang opisyal na ahensiya.*

## ★ PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 12 ★

*Bumoto ng HINDI: Pigilan ang Kalupitan, mga Kulungan, at Pandaraya.*

Muli na namang nagbabayad ang taga-DC na Makataong Kalipunan ng Estados Unidos (HSUS) upang makapasok sa balota ng California, nililoko ang mga botante, may pabagu-bagong pasya sa isyu ng mga kulungan, at pinapatagal ang paghihirap ng *milyun-milyong* nangingitlog na inahing manok.

Pekeng isinusulong bilang panukalang "walang kulungan", sa katanuyan, tahasang ginagawang legal ng Proposisyon 12 ang tuluy-tuloy na paggamit ng mga kulungan sa factory ng itlog sa mga darating na taon.

Ang Proposisyon 12 ay resulta ng alyansa ng pampublikong relasyon sa pagitan ng HSUS at pambansang kapisanan ng kalakalan ng industriya ng itlog, ang United Egg Producers.

Sa gastos ng nagbabayad ng buwis, ginagamit nila ang proseso ng inisyatiba ng California sa maling paraan upang mapalitan ang ating kasalukuyang batas sa bahay ng manok gamit ang mga alituntunin ng United Egg Producers.

*Ginagawang legal ng Proposisyon 12 ang malulupit na kulungan kung saan bumoto ang maraming mamamayan ng California na ipagbawal sampung taon na ang nakakalipas.*

Ipinapahayag ng kasalukuyang batas ng California (Prop. 2) na dapat bigyan ang mga nangingitlog na inahing manok ng sapat na espasyo upang:

*". . . ganap na maibuka ang parehong pakpak nang hindi sumasayad sa gilid ng enclosure o iba pang nangingitlog na inahing manok."*

Ipapawalang-bisa ng Proposisyon 12 *ang* batas na iyon na pinagtibay ng botante upang pahintulutan ang mga factory ng itlog na bigyan ang bawat inahing manok ng *ISANG KUWADRADONG TALAMPAKAN* lang ng kulungan o espasyo sa sahig.

*Ang Proposisyon 12 ay isang malupit na pagtataksil sa mga pambukid na hayop at sa mga botante ng California.*

Dahil sa pabayang pagbabalangkas ng Prop. 2 noong 2008, milyun-milyong nangingitlog na inahing manok ang nagdurusa *pa rin* sa mga kulungan sa factory ng itlog sa kabuuan ng California.

Gayunpaman, paulit-ulit na sinasabi sa publikong bumibili ng itlog na matagumpay na "ipinagbawal" ng Prop. 2 ang mga kulungang iyon. Sa loob ng isang buong dekada, iyon ang naging pinakapaboritong pampromosyong pahayag ng HSUS.

Ngayon, dahil walang masyadong nababanggit na *dapat sana ay wala nang kulungan sa California pagsapit ng 2015*—bumalik ang mga tagapagtaguyod na may isa na namang hanay ng mga pangakong hindi matutupad.

Ngunit sa oras na ito, sinasabi nilang kailangang hintayin ng mga mamamayan ng Californian ang taong *2022!* At pati ang petsang iyon ay pansamantala. Hayagang isinulat ang Proposisyon 12 upang pahintulutan ang Lehislatura na magsagawa ng mga pagbabago anumang oras *nang walang* pahintulot ng mga botante.

*Walang ginagawa ang Proposisyon 12 upang tulungan ang mga baboy o batang baka.*

Para sa maling pagpapayo, ang mismong mga taong nagsagawa ng Prop. 2, at nangako na ang California ay "mawawalan ng kulungan" pagsapit ng 2015, ay nagsasabi ngayon na kokontrolin ng Proposisyon 12 ang mga kasanayan ng producer ng baboy at ternera na *wala sa estado*. Walang sinuman ang dapat maniwala sa panlolokong iyon.

Kung mangyari nga na makatagal ang mga probisyon ng Proposisyon 12 na lumalabag sa saligang-batas sa mga hindi maiiwasang taon ng mga legal na hamon (magkakaroon ng depensa ngunit *nagbabayad ng buwis* ang gagastos), nagsusulong na ang Kongreso ng batas upang maihaing walang bisa ang lahat ng nasabing regulasyong sumasaklaw sa mga estado.

At habang ipinapahayag na kokontrolin ang *iba pang* estado, pinapayagan ng Proposisyon 12 *ang* malupit na pagkukulong ng mga batang baka na pinagkukunan ng gatas dito mismo sa California!

Ang Proposisyon 12 ay malalang pag-abuso sa proseso ng inisyatiba ng California na hindi lang nakakapinsala sa mga pambukid na hayop, ngunit inilalagay din nito sa matinding panganib ang iba't ibang kasalukuyang mamimili, hayop, at batas sa pagprotekta sa kalikasan.

Dapat ay matibay na tutulan ang inisyatiba sa bulok na itlog na ito.

Alamin kung bakit TUTOL ang Etikal na Pagtrato sa mga Hayop; Mga Kaibigan ng mga Hayop; ang Kapisanan ng Makataong Pagsasaka; Mga Mamamayan ng California laban sa Kalupitan, mga Kulungan, at Pandaraya; at marami pang iba sa Proposisyon 12.

Pakibisita ang: *www.NoOnProposition12.org*

**BRADLEY MILLER,** Presidente
Kapisanan ng Makataong Pagsasaka (HFA)

**PETER T. BROWN,** Miyembro ng Lupong Tagapayo
Mga Kaibigan ng mga Hayop (FoA)

**LOWELL FINLEY,** Ingat-yaman
Mga Mamamayan ng California laban sa Kalupitan, mga Kulungan, at Pandaraya

## ★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 12 ★

An OO sa Prop. 12 ay magtitigil sa kalupitan at hindi makataong pagtrato sa mga pambukid na hayop. Kaya naman OO ang inirerekomenda ng pinakapinagkakatiwalaang boses sa kalupitan sa hayop, pagsasakang hindi nakakasira sa kapaligiran, at kaligtasan ng pagkain sa Prop. 12: humigit-kumulang 500 beterinaryo sa California, pamilya ng magsasaka sa California, silungan ng hayop sa California, ASPCA, Makataong Kalipunan ng Estados Unidos, Sentro para sa Kaligtasan ng Pagkain, Mga Nagkakaisang Manggagawa ng Sakahan, at Pambansang Liga ng mga Mamimili.

Ang kabilang pangkat na tumututol sa Prop. 12—ang tinatawag na "Kapisanan ng Makataong Pagsasaka"—ay may kasaysayan ng pagsali sa mga factory farm na nagdudulot ng polusyon sa pagtutol sa mga batas sa kalupitan sa hayop at sinuportahan ng mga lumalaban sa hayop, na may isang patagong lathalain na nagyayabang na ang pag-atake ng HFA sa mga kawanggawa ng poteksyon ng hayop ay "tumutulong sa mga sabungero!"

Ang katotohan: Isang dekada na ang lumipas, nagpasa ng batas ang mga mamamayan ng California na nagbibigay ng mas maraming espasyo sa mga pambukid na hayop. Dahil dito, inalis ng maraming producer ng itlog at baboy ang mga kulungan, at nagsimulang lumipat ang McDonald's, Safeway, Burger King, at daan-daang iba pang kumpanya sa mga produktong walang kulungan.

Ngunit nakahanap ng mga paraan ang ilang factory farm—kasama na ang mga tumutuTol sa Prop. 12—na lusutan ang batas at ilagay pa rin sa mga kulungan ang mga hayop. *Iyon ang eksaktong dahilan kaya kinakailangan ang Prop. 12.*

*Pinapalakas* ng Prop. 12 ang mga batas para sa kalupitan sa pamamagitan ng pagbibigay ng mas mahuhusay na proteksyon, kasama na ang mas maaayos na kundisyon ng pamumuhay, pinakamababang iniaatas na espasyo, at pabahay na walang kulungan, na may timetable ng yugto na nagpoprotekta sa mga pamilya ng magsasaka.

Gaya ng malinaw na ipinapakita ng wika ng balota, pinipigilan ng Prop. 12 ang malalang pagkukulong ng mga nangingitlog na inahing manok, *at* batang bakang may ternera, at baboy. *Ang lahat ng hayop na ito ay karapat-dapat sa proteksyon mula sa pang-aabuso*.

OO para sa maayos na pagtrato sa mga pambukid na hayop. OO para sa kaligtasan ng pagkain. OO para sa pamilya ng mga magsasaka. OO para sa habag at pag-unawa.

*www.YesOn12CA.com*

**DR. BARBARA HODGES, DVM, MBA,** Beterinaryong Tagapayo
Makataong Kalipunan ng Medikal na Kapisanang Pambeterinaryo

**JEFF PETERSON,** Pangkalahatang Tagapamahala
Central Valley Eggs

**BROOKE HAGGERTY,** Direktor na Tagapagpaganap
Liga ng Nagpoprotekta at Nagsasagip ng Hayop

Inilalarawan ng seksyong ito ang utang sa bono ng estado. Tinatalakay din nito kung paano maaapektuhan ng mga panukalang bono sa balota, kung maaaprubahan ng mga botante, ang mga gastusin ng estado upang mabayaran ang mga bono.

## Mga Bono ng Estado at mga Gastusin ng mga Ito

***Ano ang mga Bono?*** Ang mga bono ay isang paraan ng pag-utang ng pera ng mga pamahalaan at kumpanya. Ang pangunahing dahilan ng pamahalaan ng estado sa paggamit ng mga bono ay upang magbayad para sa pagpaplano, konstruksiyon, at pagpapaayos ng mga proyekto ng imprastraktura gaya ng mga tulay, dam, bilangguan, parke, paaralan, at gusali ng opisina. Ang estado ay nagbebenta ng mga bono sa mga mamumuhunan upang makatanggap ng "maagang" pagpopondo para sa mga proyektong ito at pagkatapos ay babayaran nito ang mga mamumuhunan, nang may interes, sa loob ng isang partikular na tagal ng panahon.

***Bakit Ginagamit ang Mga Bono?*** Isang pangunahing dahilan para sa pag-isyu ng mga bono ay ang katotohanang karaniwang naghahatid ng serbisyo ang mga imprastraktura sa loob ng maraming taon. Samakatuwid, makatuwiran lang na tumulong ang mga tao, sa kasalukuyan at hinaharap, sa pagbabayad para sa mga proyekto. Maaaring maging mahirap ding bayaran nang buo ang malalaking gastusin para sa mga proyektong ito.

***Ano ang Mga Pangunahing Uri ng Mga Bono?*** Ang dalawang pangunahing uri ng bonong ginagamit ng estado ay ang mga pangkalahatang obligasyong bono at mga bono ng kita. Ang isang pagkakaiba sa pagitan ng mga pangkalahatang obligasyong bono at bono ng kita ay ang paraan ng pagbabayad sa mga ito. Karaniwang binabayaran ng estado ang mga pangkalahatang obligasyong bono gamit ang Pangkalahatang Pondo ng estado (ang pangunahing gumaganang account ng estado, na ginagamit nito upang magbayad para sa edukasyon, mga bilangguan, pangangalagang pangkalusugan, at iba pang serbisyo). Ang Pangkalahatang Pondo ay pangunahing sinusuportahan ng kita at mga kita sa buwis sa pagbebenta. Karaniwang binabayaran ng estado ang mga bono ng kita mula sa iba pang pinagmumulan, gaya ng mga ibinabayad ng mga gumagamit ng pinondohang proyekto (gaya ng mula sa mga toll sa tulay). Ang isa pang pagkakaiba sa pagitan ng mga pangkalahatang obligasyong bono ng estado at bono ng kita ay ang paraan ng pag-apruba sa mga ito. Kinakailangang aprubahan ng mga botante ang mga pangkalahatang obligasyong bonong inilabas ng estado, habang hindi naman ang mga bono ng kita.

***Ano ang Mga Gastusin sa Pagtustos sa Bono?*** Pagkatapos magbenta ng mga bono, magbibigay ng mga taunang pagbabayad ang estado sa loob ng ilang susunod na dekada hanggang sa ganap na mabayaran ang mga bono. (Katulad ito sa paraan ng pagbabayad ng isang pamilya ng pautang sa bahay.) Mas malaki ang babayaran ng estado para sa isang proyektong pinondohan ng mga bono kaysa kung hindi nanghiram ng pera ang estado para sa proyekto dahil sa mga gastusin sa interes. Pangunahing nakadepende ang halaga ng karagdagang gastusin sa antas ng interes at sa haba ng panahon kung kailan kailangang mabayaran ang mga bono.

## Mga Bono at ang Badyet ng Estado

***Halaga ng Utang sa Pangkalahatang Pondo.*** Ang estado ay may humigit-kumulang $83 bilyon ng mga bonong sinusuportahan ng Pangkalahatang Pondo kung saan nagbabayad ito ng mga taunang principal at interes. Bukod dito, inaprubahan ng mga botante at Lehislatura ang humigit-kumulang $39 bilyon ng mga bonong sinusuportahan ng Pangkalahatang Pondo na hindi pa naibebenta. Ang karamihan sa mga bonong ito ay inaasahang mabebenta sa mga susunod na taon dahil kailangan ng mga karagdagang proyekto ng pagpopondo. Sa kasalukuyan, tinatantiya naming taunang nagbabayad ang estado ng humigit-kumulang $6 bilyon mula sa Pangkalahatang Pondo upang mabayaran ang mga bono.

***Mga Proposisyon sa Balotang Ito.*** Mayroong tatlong panukala sa pangkalahatang obligasyong bono sa balotang ito. Sama-samang papahintulutan ng mga panukalang ito ang estado na humiram ng karagdagang $14.4 bilyon:

- Papahintulutan ng Proposisyon 1 ang estado na manghiram ng $4 bilyon para sa mga programa ng abot-kayang pabahay at programang nauugnay sa mga beterano. (Sa kabuuang ito, $1 bilyon ang ilalaan sa mga

programa ng pautang sa pabahay ng mga beterano, na inaasahang babayaran ng mga beteranong kalahok sa programa sa halip na sa Pangkalahatang Pondo.)

- Papahintulutan ng Proposisyon 3 ang estado na manghiram ng $8.9 bilyon para sa mga proyekto para sa tubig at iba pang mga proyekto para sa kapaligiran.
- Papahintulutan ng Proposisyon 4 ang estado na manghiram ng $1.5 bilyon para sa mga partikular na ospital na gumagamot ng mga bata.

Bukod dito, isang panukala sa balota, ang Proposisyon 2, ay magpapahintulot sa estado na gumamit nang hanggang $2 bilyon sa mga pondo ng bono ng kita upang makapagbigay ng pabahay para sa mga walang tirahang may sakit sa isip. Ang mga bonong ito ay babayaran sa pamamagitan ng mga kitang inilaan para sa mga programa ng kalusugan ng isip, hindi sa pamamagitan ng Pangkalahatang Pondo.


***Ang Epekto ng Halalang ito sa Mga Pagbabayad sa Utang.*** Tinatantiya namin na ang kabuuang gastusin (kasama ang interes) upang mabayaran ang tatlong panukala sa pangkalahatang obligasyong bono sa balotang ito ay humigit-kumulang $26 bilyon. Ang mga gastusing ito ay babayaran sa loob ng humigit-kumulang 40 taon, na magreresulta sa average na gastusin na $650 milyon bawat taon. Mas malaki ito ng 11 porsiyento kaysa sa kasalukuyang ginagastos ng estado mula sa Pangkalahatang Pondo sa utang nito sa bono. Ang mga eksaktong gastusin ay nakadepende sa mga partikular na detalye ng mga pagbebenta ng bono.

***Ang Epekto ng Halalang ito sa Gagamiting Bahagi ng Mga Kita ng Estado sa Pagbabayad sa Utang.*** Isang tagapagpahiwatig ng sitwasyon sa utang ng estado ay ang bahagi ng mga taunang kita ng Pangkalahatang Pondo ng estado na dapat itabi para sa mga pagbabayad sa utang sa bono. Kilala ito bilang ang ratio ng utang at serbisyo (debt-service ratio o DSR) ng estado. Dahil dapat gamitin ang mga kitang ito sa pagbabayad ng utang, hindi magagamit ang mga ito sa paggastos sa iba pang programa ng estado. Tulad ng ipinapakita sa Larawan 1, mas mataas na ngayong nang kaunti sa 4 na porsiyento ang DSR. Kung hindi aaprubahan ng mga botante ang alinman sa mga iminungkahing bono sa balotang ito, sa tantiya namin, lalaki ang DSR ng estado sa mga naaprubahan nang bono sa loob ng mga susunod na ilang taon—pinakamataas na ang 4.5 porsiyento sa 2021–22—at pagkatapos ay magsisimula itong bumaba. Kung aaprubahan ng mga botante ang mga iminungkahing pangkalahatang obligasyong bono sa balotang ito, tinatantiya naming mapapataas nito ang DSR sa wala pang kalahati ng isang punto ng porsiyento kumpara sa kung ano ang dapat na magiging antas nito. Ang DSR ng estado sa hinaharap ay magiging mas mataas sa ipinapakita sa larawan kung mag-aapruba ang estado at mga botante ng mga karagdagang bono sa hinaharap.

Figura 1

**Proporsiyon ng Serbisyo sa Utang ng Pangkalahatang Pondo**

*Porsiyento ng mga Kita ng Pangkalahatang Pondo na Nagastos sa Serbisyo sa Utang*



# Impormasyon Tungkol sa Mga Pahayag ng Kandidato

## Sa Patnubay na Ito

Kasama sa patnubay para sa botanteng ito ang impormasyon tungkol sa mga kandidato sa Senado ng U.S. at pambuong-estadong katungkulan na naaayon sa saligang-batas na magsisimula sa pahina 75 ng patnubay na ito.

Ang mga kandidato ng Senado ng Estados Unidos ay maaaring bumili ng espasyo para sa kanilang pahayag ng kandidato sa patnubay para sa botanteng ito. Gayunpaman, may ilang kandidatong pinipiling huwag bumili ng espasyo para sa pahayag.

Ang mga kandidato para sa Senado ng U.S. ay sina:

| | |
|---|---|
| Kevin de León | Demokratiko |
| Dianne Feinstein | Demokratiko |

Kasama sa batas ng California ang mga limitasyon sa boluntaryong paggasta para sa mga kandidatong tumatakbo para sa katungkulan sa estado (hindi para sa pederal na katungkulan). Ang mga kandidato sa pambuong-estadong katungkulan na naaayon sa saligang-batas para sa pagiging Gobernador, Tenyente Gobernador, Kalihim ng Estado, Kontroler, Ingat-Yaman, Pangkalahatang Abugado, Komisyonado ng Seguro, Superintendente ng Pampublikong Pagtuturo, at Lupon ng Pagpapantay na pipiliing panatilihin ang kanilang mga gastusin sa kampanya sa ilalim ng mga partikular na dolyar na halaga ay maaaring bumili ng espasyo para sa pahayag ng kandidato (hanggang 250 salita) sa patnubay para sa botante na ito.

Ang limitasyon sa boluntaryong paggasta para sa mga kandidato para sa pagiging Gobernador sa Pangkalahatang Halalan sa Nobyembre 6, 2018 ay $14,588,000.

Ang limitasyon sa boluntaryong paggasta para sa mga kandidato sa pagiging Tenyente Gobernador, Kalihim ng Estado, Kontroler, Ingat-Yaman, Pangkalahatang Abugado, Komisyonado ng Seguro, at Superintendente ng Pampublikong Pagtuturo sa Pangkalahatang Halalan sa Nobyembre 6, 2018 ay $8,753,000.

Ang limitasyon sa boluntaryong paggasta para sa mga kandidato para sa pagiging Lupon ng Pagpapantay sa Pangkalahatang Halalan sa Nobyembre 6, 2018 ay $2,188,000.

Sa mga listahan ng kandidato sa ibaba, ang asterisk (*) ay tumutukoy sa isang kandidato sa pambuong-estadong katungkulan na naaayon sa saligang-batas na tumanggap sa mga limitasyon sa boluntaryong paggasta sa kampanya ng California, at dahil doon, may opsyong bumili ng espasyo para sa pahayag ng kandidato sa patnubay para sa botante na ito. (Ilang kuwalipikadong kandidato ang pumipiling huwag bumili ng espasyo para sa pahayag ng kandidato.)

Ang mga pahayag ng kandidato sa pambuong-estadong katungkulan na naaayon sa saligang-batas ay nasa pahina 75–88 ng patnubay para sa botante na ito.

Ang sumusunod na listahan ng mga kandidato para sa pambuong-estadong katungkulan na naaayon sa saligang-batas ay ang pinakabago hanggang Agosto 13, 2018—sa pagtatapos ng panahon ng pagpapakita sa publiko na kinakailangan para sa patnubay para sa botanteng ito. Para sa pinal na sertipikadong listahan ng mga kandidato, na dapat maisapinal pagkatapos ilathala ng patnubay na ito, pumunta sa *www.sos.ca.gov/elections/candidate-statements/*.

**Gobernador**

| | |
|---|---|
| John H. Cox* | Republikano |
| Gavin Newsom | Demokratiko |

**Tenyente Gobernador**

| | |
|---|---|
| Eleni Kounalakis* | Demokratiko |
| Ed Hernandez* | Demokratiko |

**Kalihim ng Estado**

| | |
|---|---|
| Alex Padilla* | Demokratiko |
| Mark P. Meuser* | Republikano |

**Kontroler**

| | |
|---|---|
| Betty T. Yee* | Demokratiko |
| Konstantinos Roditis* | Republikano |

**Ingat-yaman**

| | |
|---|---|
| Greg Conlon* | Republikano |
| Fiona Ma* | Demokratiko |

**Pangkalahatang Abugado**

| | |
|---|---|
| Steven C. Bailey* | Republikano |
| Xavier Becerra* | Demokratiko |

**Komisyonado ng Seguro**

| | |
|---|---|
| Ricardo Lara* | Demokratiko |
| Steve Poizner* | Walang Kinakatigang Partido |

**Miyembro ng Lupon ng Pagpapantay Distrito 1**

| | |
|---|---|
| Ted Gaines* | Republikano |
| Tom Hallinan* | Demokratiko |

**Miyembro ng Lupon ng Pagpapantay Distrito 2**

| | |
|---|---|
| Malia Cohen* | Demokratiko |
| Mark Burns* | Republikano |

**Miyembro ng Lupon ng Pagpapantay Distrito 3**

| | |
|---|---|
| Tony Vazquez* | Demokratiko |
| G. Rick Marshall* | Republikano |

**Miyembro ng Lupon ng Pagpapantay Distrito 4**

| | |
|---|---|
| Mike Schaefer* | Demokratiko |
| Joel Anderson* | Republikano |

**Superintendente ng Pampublikong Pagtuturo**

| | |
|---|---|
| Tony K. Thurmond* | Walang Kinakatigang Partido |
| Marshall Tuck* | Walang Kinakatigang Partido |

# MGA PAHAYAG NG KANDIDATO

## SENADOR NG ESTADOS UNIDOS

- Nanunungkulan bilang isa sa dalawang Senador na kumakatawan sa mga interes ng California sa Kongreso ng Estados Unidos.
- Nagmumungkahi at bumoboto sa mga bagong pambansang batas.
- Bumoboto sa mga pagkukumpirma ng pederal na hukom, Mahistrado ng Korte Suprema ng U.S., at maraming mataas na antas na presidensyal na pagtatalaga sa mga pangsibilyan at pangmilitar na katungkulan.

### Kevin de León | DEMOKRATIKO



Ikinararangal kong maging iniendorsong kandidato ng Partidong Demokratiko ng California para sa Senado ng U.S. Determinado ang Presidente na hatiin ang ating mamamayan at hamakin ang mga paniniwala ng California. Ang kasalukuyang katayuan ng Washington ay hindi handa o walang kakayahang lumaban. Karapat-dapat lang na magkaroon ang mga mamamayan ng California ng isang Senador na makikipaglaban para sa kanilang mga hinaharap nang may determinasyon at sariling pagpapasiya. Gaya ng marami sa atin na nagsisikap upang maabot ang pangarap sa Amerika, nauunawaan kong walang tulong na ibinibigay sa inyo. Sa Amerika lang may pagkakataon ang anak ng isang imigranteng tagapangalaga ng bahay, gaya ko, na lumaki at mamuno sa Senado ng California. Naranasan ko ang inyong mga karanasan sa buhay—hirap sa pagbabayad para sa pabahay, nag-alala sa matrikula sa kolehiyo, at sumagot sa mga gastusin sa pangangalagang pangkalusugan. Isa itong pagsubok na iilang lider lang sa Washington DC ang nakakaunawa. Sa mga milyunaryong umookupa sa dalawang-katlo ng Senado, madaling maunawaan kung paano na nila hindi naunawaan ang mga ordinaryong Amerikano. Sa kabila ng kanilang retorika, napakabagal kumilos ng mga Demokratiko ng DC pagdating sa *Medicare para sa lahat* at pagbabago ng klima, dahil sa takot sa mga tagalobi ng kumpanya ng langis at gamot. Bilang Presidente ng Senado ng California, hinding-hindi ako kailanman nakuntento sa mababaw na pag-iisip. Hinarap ko ang malalaking kumpanya ng seguro, at nakipaglaban upang mabigyan ng pangangalagang pangkalusugan ang lahat ng tao. Nilabanan ko ang *mga pagtataas ng buwis ni Trump* upang protektahan ang panggitnang uri; isinulong ang *kolehiyong libre ang matrikula, pagkakapantay-pantay sa sahod, mga karapatan ng imigrante at karapatang sibil*; at ginawa kong nangunguna ang California sa buong mundo sa *paglaban sa pagbabago ng klima*. Kailangan natin ng matapang na pamumuno sa Senado upang maisulong ang bansang ito sa tamang direksyon, na may ekonomiyang mainam para sa ating lahat, at hindi lang para sa mayayaman. Dadalhin ko sa Senado ng U.S. ang napatunayan nang pamumuno sa California.

3605 Long Beach Blvd.
Ste. 426
Long Beach, CA 90807

Tel: (818) 850-6462
E-mail: Kevin@KevindeLeon.com
www.KevindeLeon.com
https://twitter.com/Kdeleon

### Dianne Feinstein | DEMOKRATIKO



Bilang isang Senador ng California, lubos akong nagsisikap araw-araw upang maging isang malakas at epektibong boses para sa mga progresibong pagpapahalaga ng ating estado, at ipinagmamalaki kong nanalo ako sa Primaryang Halalan ng California na may 70% ng botong Demokratiko. Ako ay isang matagal nang tagapagtaguyod ng pambansang pangangalagang pangkalusugan, mga karapatan ng kababaihan, mga karapatan ng LGBTQ, at mga karapatan ng mga imigrante. Hinarap ko ang NRA upang matanggal sa ating mga kalsada ang mga armas na ginagamit sa pag-atake, nakipaglaban para sa patas na sahod para sa kababaihan, at itinaguyod ang batas upang maprotektahan ang Dreamers at wakasan ang malupit na patakaran ng paghihiwalay ang mga bata sa kanilang mga magulang sa hangganan. Isinulong ko ang oportunidad sa ekonomiya na nag-aangat sa lahat ng mamamayan ng California, lalo na sa mga manggagawang pamilya na nahihirapan sa ekonomiya ngayon. Mahigpit kong tinututulan si Donald Trump at ang kanyang adyenda na humahati sa ating bansa at sumisira sa ating mga ugnayan sa buong mundo. Tumulong akong matalo ang mga pagsisikap ng mga Republikano na ipawalang-bisa at isabotahe ang Batas sa Abot-kayang Pangangalaga. Bilang isang Demokratikong may ranggo sa Komiteng Panghukuman ng Senado, mahigpit kong tinutulan ang nominasyon ni Trump ng mga extremist na hukom. Lumalaban ako upang protektahan ang kababaihan sa lugar na pinagtatrabahuhan at nakapagpasa ako ng batas ngayong taon na nagpoprotekta sa mga batang babaeng himnasta at iba pang hindi propesyonal na atleta laban sa mga sekswal na maninila. At ipagpapatuloy ko ang pagtutol at paglaban sa padalus-dalos na adyenda ni Trump na nakakasira sa kapaligiran, kasama na ang pagtanggi niya sa pagbabago ng klima, mga pag-atake niya sa mga pinoprotektahang lupa ng California at mga pagbabanta niyang maggagawad ng mga bagong permiso sa pagbubutas ng lupa para sa langis sa mga baybay-dagat ng California. Inendorso nina Presidente Barack Obama at Senador Kamala Harris, hinihiling ko ang inyong boto upang maipagpatuloy ko ang paninindigan para sa California sa mga panahong ito na puno ng pagsubok.

P.O. Box 1270
Los Angeles, CA 90078

Tel: (866) 747-2981
E-mail: contact@feinsteinforca.com
www.feinsteinforca.com
Facebook.com/DianneFeinstein

Ang pagkakasunud-sunod ng mga pahayag ay pinagpasyahan sa pamamagitan ng sapalarang pagbunot. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay galing sa mga kandidato at ang katumpakan ay hindi sinuri. Kusang-loob na isinumite ang bawat pahayag at binayaran ito ng kandidato. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay maaaring maging kuwalipikadong lumitaw sa balota.

# MGA PAHAYAG NG KANDIDATO

## GOBERNADOR

- Bilang punong opisyal na tagapagpaganap ng estado, binabantayan ang mga kagawaran at ahensiya, at itinatalaga ang mga hukom.
- Nagpapanukala ng mga bagong batas, nag-aapruba o nagbebeto ng batas, at isinusumite ang taunang badyet ng estado sa Lehislatura.
- Pinagagalaw at dinidirekta ang mga mapagkukunan ng impormasyon at suporta ng estado sa panahon ng mga emerhensiya.

### **John H. Cox** | REPUBLIKANO



Hindi sana ako magiging isa sa nangungunang kandidato para sa Gobernador. Hindi ako bahagi ng uring pampulitika, hindi ipinanganak na mayaman, walang kapamilyang may mga koneksyon sa pulitika. Ang pangalan ko ay John Cox, at sa tingin ko ay isang krimen ang ginawa ng uring pampulitika sa mga taong nagtatrabaho sa California. Sinabotahe nila ang kalakaran, nakikipagtransaksyon sila nang may mga pabor at pinapayaman ang kanilang mga sarili, habang pinapabayaan ang milyun-milyong nakalimutang mamamayan ng California. Napakataas ng mga presyo ng ating gasolina at mga bayarin sa sasakyan, na may pinakamataas na antas ng kahirapan sa bansa. Kung saan milyun-milyon ang nagbibiyahe patungo sa mga lungsod na gusto nila, ngunit hindi kayang manirahan dito. Kaya naman nagbibiyahe sila sa mga kalsadang sira-sira. Pinapapasok nila ang kanilang mga anak sa mga paaralang hindi maganda ang kalidad. Nagrarasyon ng tubig sa mga bahay natin ang mga pulitiko ng Sacramento, habang itinatapon sa karagatan ang ating maraming suplay ng tubig. Nililisan ng ating mga kaibigan at kapamilya ang California —hindi dahil gusto nila, ngunit dahil kailangan nila. Kung saan, para sa napakaraming mamamayan ng California, mamimili ka sa pagitan ng pagbili ng gasolina upang makapasok sa trabaho, o pagbili ng mga groseri upang mapakain ang pamilya. Isa iyong pagpili na wala dapat sa atin ang kinakailangang gumawa. Ang magandang balita—hindi natin ito kailangang tiisin, *dahil paparating na ang tulong*. Maaari nating patigilin ang pagrarasyon ng tubig, ipawalang-bisa ang buwis sa gasolina, ayusin ang ating mga paaralan, at gawing abot-kayang muli ang pabahay, na mangyayari lang kung nakahanda tayong papanagutin ang ating mga pumalpak na lider sa pulitika. Ako si John Cox at gusto kong maging *inyong* gobernador.

E-mail: info@JohnCoxforGovernor.com
JohnCoxforGovernor.com
Twitter: @TheRealJohnHCox

### **Gavin Newsom** | DEMOKRATIKO

Walang pahayag ng kandidato.

Ang pagkakasunud-sunod ng mga pahayag ay pinagpasyahan sa pamamagitan ng sapalarang pagbunot. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay galing sa mga kandidato at ang katumpakan ay hindi sinuri. Kusang-loob na isinumite ang bawat pahayag at binayaran ito ng kandidato. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay maaaring maging kuwalipikadong lumitaw sa balota.

# MGA PAHAYAG NG KANDIDATO

## TENYENTE GOBERNADOR

- Sumasalo sa katungkulan at mga tungkulin ng Gobernador sa kaso ng impeachment, kung bawian ng buhay, bumitiw sa tungkulin, matanggal sa katungkulan, o pagkawala sa estado.
- Nagsisilbing presidente ng Senado ng Estado at may boto upang magdeklara ng panalo mula sa tabla.
- Tagapangulo sa Komisyon para sa Pag-unlad ng Ekonomiya; isang miyembro ng Komisyon ng Mga Lupain ng Estado at ng Konseho ng Proteksyon ng Karagatan; at kabilang sa mga lupon ng mga sistema ng unibersidad ng California.

### Eleni Kounalakis | DEMOKRATIKO



Isa akong negosyante, ina, at dating Embahador ng U.S. sa ilalim ni Presidente Obama. Tumatakbo ako para sa Tenyente Gobernador upang protektahan ang mga pagpapahalaga ng California sa dibersidad at oportunidad—dahil ang mga ito ang bumubuhay sa ating ekonomiya. Ipinagmamalaki kong ma-endorso nina *Senador Kamala Harris, Senador Dianne Feinstein, ng Liga ng Mga Botante ng Konserbasyon ng California, Pambansang Organisasyon para sa Kababaihan at Pederasyon ng Mga Guro ng California*. Bilang anak na babae ng isang imigrante at unang nakapagtapos ng kolehiyo sa aking pamilya, makikipaglaban ako para sa abot-kayang edukasyon sa pamamagitan ng *pagtutol sa mga pagtataas ng matrikula* sa ating mga UC, CSU, at kolehiyo ng komunidad. Magtatrabaho ako upang mabago ang kultura ng pulitika sa Sacramento upang *mahinto ang sekswal na panghaharas* sa mga lugar ng trabaho kahit saan, papanagutin ang mga kriminal, at titiyaking *makakatanggap ng patas na bayad ang kababaihan* para sa patas na trabaho. Bilang Embahador ng U.S., nakapaglakbay ako kasama ng ating militar at alam kong ang pagsusulong ng Demokrasya sa ibang bansa ay nangangahulugang *pagsuporta sa ating mga beterano* kapag sila ay umuwi. Naniniwala ako sa de-kalidad at *abot-kayang pangangalaga para sa bata* at *pambansang pangangalagang pangkalusugan*. Magiging Tagapangulo ako ng Komisyon ng Mga Lupain ng Estado at lalabanan ko ang plano ni Donald Trump na buksan ang baybayin ng California para sa mas maraming pagbabarena sa dagat para sa langis. Bilang negosyante, nagtayo ako ng mga pangunahing proyekto ng imprastraktura, gumawa ng mga trabaho para sa mga mamamayan ng California, at naghatid ng abot-kayang pabahay para sa mga nagtatrabahong pamilya. Nauunawaan kong dapat tayong magtaguyod ng ekonomiyang mag-aangat sa lahat ng mamamayan ng California at poprotekta sa Pangarap sa Amerika. *Naglakbay ako papunta sa lahat ng 58 county* at narinig ko ang inyong mga kwento. Lagi akong makikinig sa mga boses ng lahat ng mamamayan ng California. Salamat sa pagbibigay sa akin ng pagkakataon at sa inyong boto.

916 Kearny St. #605
San Francisco, CA 94133

Tel: (415) 857-0921
E-mail: info@eleniforca.com
www.EleniforCA.com
@eleniforca

### Ed Hernandez | DEMOKRATIKO



Si Dr. Ed Hernandez, Senador ng Estado at maliit na negosyante, ay tumatakbo para sa Tenyente Gobernador upang mapalawak ang akseso sa pangangalagang pangkalusugan, mapababa ang gastusin sa mga resetang gamot, maipaglaban ang mga manggagawang pamilya, protektahan ang ating kalikasan, at gawing mas maaakseso at abot-kaya ang mas mataas na edukasyon. Bilang isang ama at lolo, inilaan ni Hernandez ang kanyang buhay sa pagsisilbi para sa mga pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan ng kanyang komunidad sa pamamagitan ng paghahatid ng de-kalidad na pangangalaga para sa mata sa mga manggagawang pamilya sa San Gabriel Valley. Si Hernandez ay apo ng mga imigrante na lumaki sa isang komunidad ng uring-manggagawa sa County ng L.A., pinag-aral niya ang sarili sa kolehiyo, at nagtayo ng matagumpay na maliit na negosyo ng pamilya kasama ang kanyang asawa. Bilang tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan, pinamunuan ni Senador Hernandez ang laban upang gawing mas abot-kaya at maaakseso ang pangangalagang pangkalusugan, nagpasa siya ng napakahalagang batas na nagpabagsak sa malalaking korporasyong parmasyutiko para sa labis na pagtataas ng mga halaga ng resetang gamot sa pamamagitan ng paggawa ng mga bago at mahigpit na panuntunan sa katapatan upang makatulong na bumaba ang mga presyo ng gamot. Bilang pinuno ng Senado ng Estado, tumulong si Hernandez sa pagpasa ng mga batas upang maprotektahan ang pagkakaroon ng malinis na hangin at tubig, madagdagan ang pondo para sa mga paaralan at programa sa edukasyong pangkarera, at makapagbigay ng isang taong libreng kolehiyo sa komunidad. Tumutulong din ang Senador ng Estado na si Ed Hernandez na pangunahan ang pagsusumikap upang wakasan ang kulturang pananahimik ng Sacramento upang maprotektahan ang mga mamamayan mula sa sekswal na panghaharas, papanagutin ang mga nang-aabuso, at tanggalin ang mga akusado sa katungkulan. Inirerekomenda si Hernandez ng Mga Guro, Bumbero, Pulisya, at Nars ng California, Planned Parenthood, Kontroler ng Estado na si Betty Yee, at Pangkalahatang Abugado ng California na si Xavier Becerra dahil alam nilang maninindigan siya para sa mga pamilya laban sa mga espesyal na interes ng korporasyon. Iboto si Senador Ed Hernandez para sa Tenyete Gobernador ng California.

E-mail: info@edhernandez4ca.com
www.edhernandez4ca.com

Ang pagkakasunud-sunod ng mga pahayag ay pinagpasyahan sa pamamagitan ng sapalarang pagbunot. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay galing sa mga kandidato at ang katumpakan ay hindi sinuri. Kusang-loob na isinumite ang bawat pahayag at binayaran ito ng kandidato. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay maaaring maging kuwalipikadong lumitaw sa balota.

# MGA PAHAYAG NG KANDIDATO

## KALIHIM NG ESTADO

- Bilang punong opisyal ng mga halalan ng estado, sumusubaybay sa mga halalan sa buong estado, at naghahatid sa publiko ng kampanya at nagbabantay sa impormasyong pinansyal.
- Nagpapanatili ng ilang partikular na paghahain sa negosyo, pinapatunayan ang mga tatak, pinangangasiwaan ang mga pampublikong notaryo, at nagbibigay-kakayahan sa mga ligtas na kreditor na protektahan ang kanilang mga pinansyal na interes.
- Pinapanatili ang kasaysayan ng California sa pamamagitan ng pagkuha, pangangalaga, at pagbabahagi sa mga makasaysayang yaman ng estado.

### Alex Padilla | DEMOKRATIKO



Tumatakbo ako upang ipagpatuloy ang paglilingkod bilang inyong Kalihim ng Estado. Isa itong kritikal na panahon para sa mga karapatan sa pagboto at mayroon akong napatunayan nang rekord ng paghahatid ng mga resulta. Sa aking unang termino, nagsikap ako upang palawakin ang akses sa kahon ng balota, protektahan ang seguridad ng ating halalan, at *dahil sa aking pagsisikap, nadagdagan ngayon ang California ng milyun-milyong kuwalipikadong botante sa mga listahan nito*. Dapat maibigay ng ating Kalihim ng Estado ang mga ipinangako niya sa mga mamamayan ng California. *Bilang Presidente ng Konseho ng Lungsod ng Los Angeles, Senador ng Estado, at inyong Kalihim ng Estado, nagawa ko iyon.* Buong galang kong hinihiling ang inyong boto. Bumisita sa *Alex-Padilla.com* upang madagdagan ang kaalaman.

777 S. Figueroa St., Suite 4050
Los Angeles, CA 90017

Tel: (213) 452-6565
E-mail: alex@alex-padilla.com
www.alex-padilla.com
@alexpadilla4ca

### Mark P. Meuser | REPUBLIKANO



*Mahalaga ang Mga Halalan*. Kamakailan, ang Proyekto ng Integridad ng Halalan ng California ay naghain ng kaso kung saan inaakusa nilang mas marami ang nakarehistrong botante ng California kaysa sa mga kuwalipikadong botante, 101% upang maging tumpak. *Ang County ng Los Angeles pa lang ay mayroon nang 144% pagpaparehistro ng botante*. Nagagastos ang pera ng mga nagbabayad ng buwis sa sandamakmak na listahan ng botante upang makapagpadala ng mga hindi kinakailangang materyales sa balota. Pinapataas din nito ang tyansang magkaroon ng pandaraya. Kailangan nating alisin sa mga listahan ang mga namatay na, lumipat, hindi mamamayan, doble, at hindi totoong pagpapaparehistro. Mahalaga ang mga halalan upang maipaalam ng mga mamamayan ng California sa ating pamahalaan kung paano natin gustong mapamahalaan. Nagsisimula ang mga patas na halalan sa mga tumpak na listahan ng botante, kung saan nakarehistro lang ang mga kwalipikadong bumoto. *Tungkulin ng Kalihim ng Estado na panatiliin ang mga listahan ng botante*. Kung mananatiling sobra ang mga listahan, magagamit ng mga may espesyal na interes ang pera at impluwensya upang bumili ng boto at bayaran ang mga pulitiko. Araw-araw, nakakarinig ako ng mga pahayag ng mga mamamayan ng California na nakasaksi ng pagboto ng mga hindi mamamayan o nalamang nakaboto ang kanilang yumaong kamag-anak. Isinilang at lumaki ako sa California na naglalapat ng batas na ayon sa Saligang-batas at Halalan. Kapag nakakakita ako ng kawalan ng hustisya, naninindigan ako at tinutulungan ko ang mga nangangailangan. Ipinaglaban ko ang mga karapatan ng mga may kapansanan at mga karapatan sa malayang pananalita ng mga estudyante ng kolehiyo, at nanalo ako. Ngayon, hinihiling ko ang inyong boto para sa akin upang malinis ang mga sobrang listahan ng botante ng California. Gagamit ako ng teknolohiya at mga database upang linisin ang ating mga listahan ng botante nang sa gayon ay hindi masasapawan ng mga hindi awtorisadong boto ang ating boses. *Mahalaga ang Mga Halalan*.

2 Civic Center, #4338
San Rafael, CA 94913

Tel: (208) 763-8737
E-mail: contact@markmeuser.com
www.markmeuser.com
www.facebook.com/markpmeuser

Ang pagkakasunud-sunod ng mga pahayag ay pinagpasyahan sa pamamagitan ng sapalarang pagbunot. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay galing sa mga kandidato at ang katumpakan ay hindi sinuri. Kusang-loob na isinumite ang bawat pahayag at binayaran ito ng kandidato. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay maaaring maging kuwalipikadong lumitaw sa balota.

# MGA PAHAYAG NG KANDIDATO

## KONTROLER

- Bilang punong opisyal sa pananalapi ng estado, nagsisilbing tagapagtuos ng estado at tagapangalaga ng lahat ng pampublikong pondo.
- Nangangasiwa sa sistema ng pagpapasahod ng estado at mga hindi nakuhang batas sa ari-arian at nagsasagawa ng mga pagsusuri at pagsisiyasat ng mga pagpapatakbo ng estado.
- Naglilingkod sa Lupon ng Pagpapantay, Lupon ng Pagkontrol, at iba pang lupon at komisyon.

### Betty T. Yee | DEMOKRATIKO



Salamat sa pribilehiyo at oportunidad na maglingkod bilang Kontroler ng Estado, ang independiyenteng bantay sa pananalapi ng California. Ipinagmamalaki ko ang mga nakamit ng aking opisina noong aking unang termino upang pangalagaan ang ating mga dolyar ng buwis: ekspertong pinamahalaan ang pera ng Estado, umiwas sa anumang paghiram sa labas upang mabayaran ang mga singilin para sa California; masigasig na isiniwalat ang malapit sa $4 bilyong pampublikong pondo na inilaan sa mga hindi pinapahintulutang paggamit sa panahon ng pagsusuri ng estado at lokal na ahensya; agresibong pinahusay ang pag-uulat ng pananalapi ng estado at lokal na pamahalaan para sa higit na transparency; at matagumpay na isinailalim sa reporma ang Lupon ng Pagpapantay ng Estado upang matiyak ang pare-parehong paglalapat ng mga batas sa pagbubuwis ng estado at pagprotekta sa mga karapatan ng nagbabayad ng buwis. Pagdating sa aking trabaho sa patakaran sa maraming lupon at komisyon, nakapokus ako sa pagbibigay ng seguridad sa pagreretiro para sa mga manggagawa ng pampubliko at pribadong sektor at pangangalaga sa kapaligiran upang maprotektahan ang akses sa mga lupang ipinagkatiwala sa publiko at dalampasigan at upang tugunan ang mga epekto sa komunidad mula sa kalidad ng hangin sa pantalan at pagtaas ng lebel ng dagat. Sa pagtingin sa hinaharap, patuloy kong ihahanda ang California para sa susunod na pagbagsak ng ekonomiya, at magsisilbi ring nangungunang boses ukol sa mga epekto sa ekonomiya sa mga mamamayan ng California ng nagbabagong katangian ng trabaho at pagbabago ng klima sa buong mundo. Nagpapasalamat ako sa suporta ng mga edukador ng California, organisasyon ng kababaihan, komunidad ng kapaligiran, kababaihan at kalalakihang nagtatrabaho sa larangan ng pagtatayo at konstruksiyon at nagpapatupad ng batas, at higit pa na siyang nakakakita sa pangangailangan para sa aking 35 taon ng karanasan sa pananalapi sa estado at lokal na pamahalaan, reputasyon para sa pagiging patas, paninindigan sa pananagutan, at mahigpit na disiplina sa opisina ng Kontroler ng Estado. Ikararangal kong matanggap ang inyong boto.

16633 Ventura Blvd.,
Suite 1008
Encino, CA 91436

E-mail: info@bettyyee.com
www.bettyyee.com
Twitter: @BettyYeeforCA

### Konstantinos Roditis | REPUBLIKANO



Hindi iniisip ng opisina ng Kontroler na nagbabayad kayo ng sapat na buwis. Gusto nilang buwisan ang inyong pagbisita sa doktor, pangangalaga para sa bata, mga pagkukumpuni ng bahay at sasakyan, pagpapagupit ng buhok, pangalanan ninyo ito at gusto nila itong buwisan. Ang resulta, magbabayad kayo ng halagang mas malaki nang daan-daan, kung hindi libu-libo, bawat taon sa mga buwis. Huwag sumang-ayon sa Buwis sa Serbisyo at Pagtatrabaho. Hindi natin ito kakayanin. Bilang Kontroler, makikipaglaban ako upang maging abot-kaya ang California, at hindi maghahanap ng mga bagong paraan upang buwisan kayo. *Oo sa Prop 6:* Bilyun-bilyon ang sinasayang ng mga pulitiko at 20% lang ng pondo ng buwis sa gasolina ang ginagamit para sa mga pagkukumpuni ng kalsada. Mas malaki nang apat na beses ang ibinabayad natin upang magkumpuni ng kalsada kaysa sa Texas. Mayroon tayong pera. Bilang Kontroler, isisiwalat at pipigilan ko ang mga tiwaling patagong transaksyon ng pulitiko at wawakasan ang pagsasayang, panloloko, at pang-aabuso. *Alisan ng Pondo ang Mabilis na Tren:* Bilang Kontroler, Susuriin at Aalisan ko ng Pondo ang HSR sa unang araw. *Mga Patakarang Tumutugma sa Kapaligiran:* Huwag magsayang ng bilyun-bilyong galon ng tubig at tumangging saluhin ito at pagkatapos ay bubuwisan tayo para sa paggamit ng mahigit sa 55 galong tubig bawat araw para sa buo nating pamilya. Magpopokus ako sa mga solusyon, hindi sa mga pagtataas ng buwis. Dahil ang Kontroller ang Punong Opisyal sa Pananalapi (Chief Financial Officer o CFO) ng California, hindi ba't makatwiran ang magkaroon ng CFO at bisyonaryong negosyanteng naiintindihan ang ekonomiya, responsibilidad sa pananalapi, at pagbalanse ng badyet bilang inyong susunod na Kontroler? Panahon na para sa isang Kontroler na may prinsipyo at malayang mag-isip na walang unyon, korporasyon, o pera sa espesyal na interes. Bumoto upang maging abot-kaya ang California. Bumoto para sa mga solusyon, hindi sa mga pagtataas ng buwis. Iboto si Konstantinos Roditis para sa Kontroler.

751 S. Weir Canyon Rd.,
Ste. 157-160
Anaheim, CA 92808

Tel: (949) 607-8294
E-mail: roditis@cacontroller.com
cacontroller.com
facebook.com/konroditis

Ang pagkakasunud-sunod ng mga pahayag ay pinagpasyahan sa pamamagitan ng sapalarang pagbunot. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay galing sa mga kandidato at ang katumpakan ay hindi sinuri. Kusang-loob na isinumite ang bawat pahayag at binayaran ito ng kandidato. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay maaaring maging kuwalipikadong lumitaw sa balota.

# MGA PAHAYAG NG KANDIDATO

## INGAT-YAMAN

- Bilang bangkero ng estado, pinapamahalaan ang mga pamumuhunan ng estado, at pinangangasiwaan ang pagbebenta ng mga bono at tala ng estado.
- Manunungkulan sa maraming komisyon, karamihan ay nauugnay sa merkado ng mga bono.
- Binabayaran ang mga pondo ng estado kapag ginagastos ng Kontoler at iba pang ahensya ng estado.

### Greg Conlon | REPUBLIKANO



Kailangan ng California ng Republikanong may responsibilidad sa pananalapi upang maayos ang mahinang kundisyong pananalapi ng Estado. Ang pagbibigay ng malalaking pensiyon sa mga pampublikong empleyado ay naging sanhi ng iresponsableng hindi napondohang pensiyon at mga pananagutan sa pangangalagang pangkalusugan na halos $300 bilyon. Nanunungkulan ang Ingat-yaman ng California sa parehong Lupon ng Estado sa Plano sa Pensiyon—CalPERS at CalSTRS. Gagamitin ko ang aking karanasan "upang magawa ang trabaho" sa mga Lupong ito sa pamamagitan ng pagtugon sa mga pananagutan sa hindi napondohang pensiyon sa pamamagitan ng pagtatrabaho upang makapagsimula ng bagong itinakdang plano ng kontribusyon para sa mga bagong empleyado. Dahil sa aking mahigit sa 20 taon ng karanasan bilang isang CPA sa internasyonal na pampublikong kumpanya ng pagtutuos, mayroon ako ng kaalaman sa pananalaping kailangan upang maingat na mailagay sa pamumuhunan ang mga pondo ng California at mapataas ang mababang rating ng kredito ng Estado. Magtatrabaho rin ako *upang matanggal ang $800 pinakamaliit na Buwis sa Kita ng Franchise ng Estado* upang makatulong sa mga nagsisimulang korporasyon. Mayroon akong karanasan sa pampublikong sektor na nauugnay sa Opisina ng Ingat-yaman ng Estado. Kasama rito ang pagpapatakbo sa Komisyon ng Mga Pampublikong Utilidad ng California bilang Presidente nito at paglilingkod sa Komisyon ng Transportasyon ng California. Pinamunuan ko rin ang Komite ng Pananalapi ng Bayan ng Atherton. Mayroon akong digring batsilyer sa negosyo sa Unibersidad ng Utah, Programa ng Pagsasanay Bilang Pangnegosyong Tagapagpaganap sa Paaralan ng Negosyo ng Haas sa UC Berkeley at digring J.D. mula sa Unibersidad ng San Francisco. Naglingkod ako bilang isang piloto sa Hukbong Panghimpapawid. Tumanggap ako ng maraming rekomendasyon, kasama na ang Partidong Republikano ng California at dating Kalihim ng Tesorerya ng U.S. na si George P. Shultz. Mapagkumbaba kong hinihiling ang inyong boto at nangangako akong magtatrabaho bawat araw, upang ang dakila nating Estado ng California ay maging mas matatag na ekonomiya.

P.O. Box #2600
Menlo Park, CA 94026

Tel: (650) 315-4956
E-mail: greg@gregconlon.com
www.gregconlon.com
Facebook.com/gregconlonforstatetreasurer

### Fiona Ma | DEMOKRATIKO



Bilang CPA na may karanasan sa batas sa buwis at sa pagbabalanse ng mga badyet, kuwalipikado akong maglingkod bilang Ingat-yaman ng Estado mula sa Unang Araw at mapapamahalaan ko ang mga pamumuhunan ng California nang may ganap na pananagutan at katapatan. *Naging Sertipikadong Pampublikong Tagapagtuos (Certified Public Accountant o CPA) ako simula noong 1992, at mayroong B.S. sa Pagtutuos, M.S. sa Pagbubuwis at MBA sa Pananalapi.* Naninindigan ako para sa *mga pagsusuri at balanse, at pagkakaroon ng pananagutan sa publiko*. Kaya naman pinamunuan ko ang malawakang pagsusuri upang maibalik ang tiwala sa Lupon ng Pagpapantay ng Estado. Binalanse ko ang mga badyet sa lokal na antas, sa antas ng estado sa panahon ng Great Recession, at pinangasiwaan ang pagkolekta ng $60 bilyon sa mga kita ng estado. Bubuo ako ng matatag na programa para sa mga unang beses na bibili ng tirahan upang mas marami ang magkaroon ng pabahay sa lahat ng mamamayan ng California. Magsisikap akong bawiin ang mataas na utang ng estudyante. Ipinanganak akong mayroon nang kundisyong pangkalusugan at personal kong nauunawaan ang agarang pangangailangan para sa de-kalidad, posible, at *abot-kayang pangangalagang pangkalusugan*. Dahil isang bumbero ang aking asawa, alam ko mismo ang kahalagahan ng pamumuhunan sa ating mga unang tagaresponde. Bilang Ingat-yaman ng Estado, babantayan ko ang mga pamumuhunan sa *abot-kayang pabahay, imprastraktura, mga paaralan, mga ospital, proteksyon sa kalikasan, at transportasyon*. Ipagpapatuloy ko ang pangangasiwa sa ating mga dolyar na buwis, mahusay na mamumuhunan upang matiyak ang mga positibong pagbabalik, at titiyaking makikipagtulungan ang pamahalaan sa *pananagutan at katapatan*. Ipinagmalalaki kong makuha ang suporta ng *Senador ng U.S. na si Kamala Harris, Kapisanan ng Mga Guro ng California, Mga Propesyonal na Bumbero ng California at Kapisanan ng Maliit na Negosyo ng California*. Ikararangal kong matanggap ang inyong boto. Salamat sa pagbibigay sa akin ng pagkakataon.

2244 Ione Street
Sacramento, CA 95864


Tel: (415) 845-5450
E-mail: fiona@fionama.com
FionaMa.com
facebook.com/CA.FionaMa

Ang pagkakasunud-sunod ng mga pahayag ay pinagpasyahan sa pamamagitan ng sapalarang pagbunot. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay galing sa mga kandidato at ang katumpakan ay hindi sinuri. Kusang-loob na isinumite ang bawat pahayag at binayaran ito ng kandidato. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay maaaring maging kuwalipikadong lumitaw sa balota.

# MGA PAHAYAG NG KANDIDATO

## PANGKALAHATANG ABUGADO

- Bilang punong opisyal ng batas ng estado, tinitiyak na naipapatupad ang mga batas ng estado at sinisiyasat ang mga mapanloko o ilegal na aktibidad.
- Namumuno sa Kagawaran ng Hustisya, na nagbibigay ng mga legal na serbisyo sa pamahalaan ng estado at kumakatawan sa estado sa mga sibil at kriminal na kaso sa hukuman.
- Binabantayan ang mga ahensya ng pagpapatupad ng batas, kabilang ang mga abugado at siyerip ng distrito ng county.



### **Steven Bailey** | REPUBLIKANO

Bilang retiradong Hukom ng Hukumang Superyor ng California, alam ko kung paano papanatilihing ligtas ang mga mamamayan ng California mula sa marahas na krimen, na dumarami na ngayon dahil sa tatlong mapanganib na batas na ipinasa nitong mga kamakailang taon—Proposisyon 47, 57 at AB 109. Ang mga mapanganib na pag-eeksperimentong ito ay nagresulta sa maagang pagpapalaya sa mga sex offender, pagpapababa sa mga parusa para sa maraming kasalanan, at pagpapababa o pagtatanggal ng mahahalagang kagamitan na ginagamit ng mga hukom upang mapanatiling malayo ang mga mapanganib na kriminal—kasama na ang mga miyembro ng gang at paulit-ulit na lumalabag—sa ating mga bahay at kapitbahayan. Dumarami ang mga bilang ng kababaihan, nakatatanda, at kabataan na nagiging biktima ng marahas na krimen—dapat itong matapos. Ang magiging una kong priyoridad bilang Pangkalahatang Abugado ay ang kaligtasan at seguridad ng lahat ng mamamayan ng California. Kaya naman ang mga tagapagtaguyod ng biktima ng krimen at grupong nagpapatupad ng batas kasama na ang Nagkakaisang Mga Biktima ng Krimen ng CA, Ligang Tagapagtanggol ng Pulisya ng Los Angeles, Kapisanan ng Mga Kinatawan ng Siyerip ng Los Angeles, Kapisanan ng Mga Opisyal na Pangkapayapaan ng California, siyerip ng county at abugado ng distrito ay sumusuporta sa akin upang maging susunod na Pangkalahatang Abugado ng California. Bilang Hukom ng Hukumang Superyor, personal kong nasaksihan noong gumagana ang sistema ng hustisya ukol sa krimen at kung paano tayo binigo nito sa ngayon. Partikular kong nalalaman kung ano ang dapat gawin upang maprotektahan ang mga mamamayan ng California mula sa marahas na krimen, kasama na ang pagtiyak na wala nang akses sa mga armas ang mga nahatulang lumabag sa batas at pagpapanumbalik ng kaligtasan sa bawat kapitbahayan. Wala dapat na pinapanigang partido ang Pangkalahatang Abugado. Hindi ito tungkol sa sagot ng Demokratiko o sa sagot ng Republikano—tungkol ito sa tamang sagot upang matiyak na mararamdaman ng bawat mamamayan ng California ang kaligtasan sa mga kalsada, sa trabaho at sa kanilang tahanan. Ikararangal kong matanggap ang inyong boto.

455 Capitol Mall, Suite 600
Sacramento, CA 95814

Tel: (916) 936-2448
E-mail: Judge@baileyforag.com
BaileyforAG.com
www.facebook.com/JudgeBaileyforAG



### **Xavier Becerra** | DEMOKRATIKO

Bilang inyong Pangkalahatang Abugado at punong opisyal ng pagpapatupad ng batas, ipinaglalaban ko—*at ipinapanalo*—ang mga mamamayan ng California at ang ating mga pinapahalagahan. Tinutuligsa ko ang mga sex trafficker, ang NRA, Big Oil, Malalaking Bangko at ang Administrasyong Trump. Inuusig ko ang mararahas na gang sa kalye at inaalis ko ang libu-libong baril sa ating mga kalye. Nilalabanan ko ang mga kolehiyong gahaman sa tubo na nagnanakaw sa ating mga estudyante. Nagsampa ako ng demanda laban kay Trump—*at nanalo*—upang pigilan siyang harangin ang mga proteksyon sa kalidad ng ating hangin at paghigpitan ang kababaihan sa pagkakaroon ng pagkontrol sa pagbubuntis. Lumaban *at nanalo ako* sa pagprotekta sa Mga Nangangarap—mga imigranteng napadpad sa U.S. bilang maliliit na bata. At, humaharap ako sa korte upang protektahan ang karapatan ng mga mamamayan ng California sa pangangalagang pangkalusugan. Nilabanan ko ang mga hamong ito para sa mga mamamayan ng California bilang anak ng mga imigrante, kauna-unahan sa pamilya na makapagtapos sa isang unibersidad, dahil karapat-dapat ang *lahat ng mamamayan ng California* na magkaroon ng pagkakataong magtagumpay. Pagkatapos mag-aral ng abugasya, nagtrabaho ako bilang legal na tumutulong na abugado na nagtatanggol sa may kapansanan sa pag-iisip at nanilbihan bilang Kinatawan ng Pangkalahatang Abugado sa mismong opisinang pinamumunuan ko ngayon. Pagkatapos ay napunta ako sa Kongreso upang pamunuan ang paglaban upang maprotektahan ang Seguridad Panlipunan at Medicare. Ipinaglalaban ko ang mga pinapahalagahan ng California buong buhay ko at *hinding-hindi* ako aatras sa mga sex trafficker, Big Oil, NRA, o Administrasyong Trump. Ipinagmamalaki kong nakuha ko ang suporta ni Gobernador Brown, ng Partidong Demokratiko, Klab Sierra ng California, Planned Parenthood, Kapisanan ng Nagpapatupad ng Batas sa Estado ng California at mga nars, guro at bumbero ng California. Ikararangal kong matanggap ang inyong boto.

777 South Figueroa Street,
Suite 4050
Los Angeles, CA 90017

Tel: (213) 250-3400
E-mail: Info@XavierBecerra.com
XavierBecerra.com
@XavierBecerra

Ang pagkakasunud-sunod ng mga pahayag ay pinagpasyahan sa pamamagitan ng sapalarang pagbunot. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay galing sa mga kandidato at ang katumpakan ay hindi sinuri. Kusang-loob na isinumite ang bawat pahayag at binayaran ito ng kandidato. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay maaaring maging kuwalipikadong lumitaw sa balota.

# MGA PAHAYAG NG KANDIDATO

## KOMISYONADO NG SEGURO

- Pinamumunuan ang Kagawaran ng Seguro, na nagpapatupad sa mga batas sa seguro ng California at naglalapat ng mga regulasyon upang maipatupad ang mga batas.
- Nagbibigay ng lisensya, kumokontrol, at nagsusuri sa mga kumpanya ng seguro.
- Sinasagot ang mga tanong at reklamo ng publiko tungkol sa industriya ng seguro.

### Ricardo Lara | DEMOKRATIKO



Minamahal na mamamayan ng California, nagsusulat ako upang ibahagi sa inyo ang aking pangunahin at simpleng paniniwala—kung ano ang pare-parehong mayroom tayo ay mas mahalaga kaysa sa kung ano ang naghahati sa atin. Mananahi ang aking ina. Trabahador sa paggawaan ang aking ama. Naniniwala sila sa kahalagahan ng pagkakaroon ng seguro para sa disenteng bahay na pinagtrabahuhan nila nang husto upang mabili, at para sa kotse na nagdadala sa kanila sa kanilang mga trabaho. Habang sila ay nagkaka-edad, nagsakripisyo sila nang kaunti pa upang makabili ng seguro para sa buhay. Ginawa nila ito dahil alam nila na kung magkakaroon ng isang aksidente, isang sunog, isang pagnanakaw, isang malalang sakit, mawawala sa kanila ang lahat ng pinatrabahuhan nila. Sa kasamaang palad, sa loob ng maraming taon, hindi sila nakabili ng segurong pangkalusugan para sa kanilang mga anak. Bilang isang Senador ng California, isinulat ko ang batas upang makapagbigay ng segurong pangkalusugan para sa 250,000 batang wala nito—upang hindi malubog sa utang ang kanilang mga magulang kung ang isang bata ay nakaranas ng matinding sakit o nagkaroon ng kumplikadong karamdaman. Mayroon akong malaking pagpapahalaga para sa seguridad na kailangan ng mga tao. Naniniwala ako na ang isang maayos, tapat, at mahusay na merkado ng seguro ay isa sa pinakamahalagang paraan upang maibigay ang seguridad na kailangan nating lahat. Ang trabaho ng Komisyonado ng Seguro ng California ay tungkol lang sa dalawang bagay—tiyaking patas ang presyo ng seguro at kung kakailanganin man nating gamitin ito, patas na papangasiwaan ang ating mga dapat matanggap. Hindi ako magkakaroon ng malaking pera sa kampanya katulad ng sa iba. Kaya naman lubos akong magpapasalamat kung maglalaan kayo ng oras upang basahin ang sulat na ito at isaalang-alang ang aking kandidatura. Taos-puso, Ricardo Lara

3605 Long Beach Blvd.,
Suite 426
Long Beach, CA 90807

Tel: (562) 427-2100
E-mail: Ricardo@RicardoLara.com
RicardoLara.com
www.Facebook.com/Ricardo4CAIC

### Steve Poizner | WALANG KINAKATIGANG PARTIDO



Mula 2007–2011, nanilbihan ako bilang Komisyonado ng Seguro ng California, at hinihingi ko ang inyong suporta para sa pangalawang termino ng serbisyo sa publiko. *Bakit ako kumakandidato bilang Independiyente*: Ang Komisyonado ng Seguro ng California ay isang tagapangasiwang nangangailangan ng matapang na kalayaan mula sa mga kumpanya ng seguro at politika ng may pinapanigang partido. Sa inyong suporta, ako ang magiging unang Independiyenteng mahahalal sa buong estado sa kasaysayan ng California. Magbubukas ito ng bagong landas para sa iba pang pagod na sa partidistang hidwaan at pag-aaway. Tatanggihan ko rin ang mga kontribusyon ng industriya ng seguro sa aking kampanya tulad ng ginawa ko noong aking unang termino. *Ang Aking Karanasan*: Napatunayan na ang karanasan ko sa tagumpay sa pribadong sektor sa pagsisimula at pamumuno sa mga kumpanya ng mapanuklas na teknolohiya sa loob ng mahigit sa 35 taon sa California (hal. inimbento ng aking kumpanyang SnapTrack ang GPS para sa mga mobile phone), at ngayon, bilang nagtayo ng isang nonprofit na nakatuon sa pagpapalawak ng ekonomiya ng paglikha sa Southern California. *Bakit ako tatakbo ngayon para sa isa pang termino?* Humaharap ang mga mamamayan ng California sa malalaking isyu: mga may-ari ng bahay na walang seguro at nalalantad sa pagdami ng mga wildfire at pagbaha, patuloy na pagtaas ng premium sa mga merkado ng seguro na pangkalusugan, at lumalaking banta sa ekonomiya dahil sa cyber-crime. *Aking karanasan bilang Komisyonado ng Seguro*: Nailigtas natin ang mga nagmamaneho at may-ari ng bahay sa halos $2 bilyon sa mas mabababang presyo ng seguro; nakakuha ng $30 milyon para sa mga biktima ng wildfire na ginigipit ng mga kumpanya ng seguro; naibalik sa mga nagbabayad ng buwis ang $17 milyon sa pamamagitan ng permanenteng pagbawas ng 13% ng badyet (iyon ang kauna-unahan at walang natanggal sa mga trabaho!); inaresto ang mahigit 2500 tao para sa panloloko sa seguro (malaking rekord!); at naipanumbalik ang seguro para sa libu-libong inosenteng mamimili pagkatapos ilegal na kanselahin ng mga kumpanya ng seguro na pangkalusugan ang mga patakaran.

E-mail: StevePoizner@gmail.com
www.StevePoizner.com

Ang pagkakasunud-sunod ng mga pahayag ay pinagpasyahan sa pamamagitan ng sapalarang pagbunot. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay galing sa mga kandidato at ang katumpakan ay hindi sinuri. Kusang-loob na isinumite ang bawat pahayag at binayaran ito ng kandidato. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay maaaring maging kuwalipikadong lumitaw sa balota.

# LUPON NG PAGPAPANTAY NG MGA DISTRITO NG CALIFORNIA

## Mga County sa Bawat Lupon ng Pagpapantay ng Distrito

**Distrito 1**

Alpine, Amador, Butte, Calaveras, El Dorado, Fresno, Inyo, Kern, Kings, Lasses, Los Angeles, Madera, Mariposa, Merced, Modoc, Mono, Nevada, Placer, Plumas, Sacramento, San Bernardino, San Joaquin, Shasta, Sierra, Siskiyou, Stanislaus, Sutter, Tulare, Tuolumne, Yuba

**Distrito 2**

Alameda, Colusa, Contra Costa, Del Norte, Glenn, Humboldt, Lake, Marin, Mendocino, Monterey, Napa, San Benito, San Francisco, San Luis Obispo, San Mateo, Santa Barbara, Santa Clara, Santa Cruz, Solano, Sonoma, Tehama, Trinity, Yolo

**Distrito 3**

Los Angeles, San Bernardino, Ventura

**Distrito 4**

Imperial, Orange, Riverside, San Bernardino, San Diego



# MGA PAHAYAG NG KANDIDATO

## LUPON NG PAGPAPANTAY

Naglilingkod sa Lupon ng Pagpapantay, ang inihalal na komisyon sa buwis ng estado, na:

- Nagtatasa sa ari-arian ng mga kinokontrol na mga railroad at partikular na pampublikong utilidad, at nagtatasa at nangongolekta sa buwis sa kotse sa pagdaan sa pribadong railroad.
- Pinapamahalaan ang mga gawain sa pagtatasa ng 58 tagatasa ng county ng estado.
- Nagtatasa at nangongolekta sa buwis sa inuming alak, at kasamang namamahala sa buwis sa mga tagaseguro.

## DISTRITO 1

### Ted Gaines | REPUBLIKANO



Bilang inyong kinatawan sa Lupon ng Pagpapantay, magtatrabaho ako upang maprotektahan ang mga interes ng lahat ng nagbabayad ng buwis, mapanatiling matatag ang ating ekonomiya at makagawa ng mga trabaho. Para sa napakaraming kumakayod na pamilya, naging isang magastos na bangungot ang pangarap sa California dahil sa mga pulitiko sa Sacramento na may baluktot na desisyon at mga maling priyoridad. Pinatutunayan ng mga bilyong dolyar na nasayang mula sa mga sumobrang gastos sa mga hindi praktikal na proyekto tulad ng bullet train na San Francisco-hanggang-L.A. na walang sinuman sa Sacramento ang nagpoprotekta para sa mga nagbabayad ng buwis. Inirerekomenda ako ng Kapisanang Howard Jarvis ng Mga Nagbabayad ng Buwis dahil sa puspusan kong pagtatanggol sa Prop. 13. Ako ang magiging Bantay ninyo at ipaglalaban ko ang pagpapawalang-bisa ng napakataas na bagong buwis sa gasolina at sasakyan, na nagpapasakit sa mga bulsa ng mga pamilyang nasa gitnang uri. Bilang may-ari ng maliit na negosyo ng pamilya, pauna kong nararanasan dito ang mga pagmamalabis ng regulasyon ng gobyerno. Bilang Tagapagtaguyod ng Nagbabayad ng Buwis, nagtatrabaho ako upang mapababa ang inyong mga singil sa buwis, mapahusay ang mga regulasyon, at maalis ang mga balakid sa pagdami ng trabaho at patuloy kong gagawin ang mga ito sa Lupon ng Pagpapantay. Makikipaglaban ako upang wakasan ang pagsasayang ng pondo ng gobyerno, bawasan ang mga badyet at pigilan ang mga pagtataas ng buwis na nagkukubli bilang mga bayarin. Isa akong panglimang henerasyon na taga-California, asawa at ama. Gusto kong matugunan ng aking mga anak at ng inyong mga anak ang gastos sa pamumuhay, pagtatrabaho, at pagtataguyod ng kanilang mga pamilya rito. Ikararangal kong matanggap ang inyong boto at nangangako akong makikipaglaban para sa inyo, na nagbabayad ng buwis. Bumisita sa *www.tedgaines.com* upang matuto pa at malaman kung bakit ako inirerekomenda ng mga Grupo ng Nagbabayad ng Buwis at mga nakaraang Tagapagtaguyod ng Nagbabayad ng Buwis sa Lupon ng Pagpapantay. Salamat.

1911 Douglas Blvd.
Ste. 85-122
Roseville, CA 95661

Tel: (916) 827-6115
E-mail: ted@tedgaines.com
tedgaines.com

### Tom Hallinan | DEMOKRATIKO



Hindi na kinakailangan ang Lupon ng Pagpapantay. Magtatrabaho ako upang ipasara ito. Kung sumasang-ayon kayo, papahalagahan ko ang inyong pagsasaalang-alang. Salamat, Tom Hallinan *www.tomhallinan.com*

P.O. Box 2145
Ceres, CA 95307

Tel: (209) 324-6205
E-mail: tom4boe@gmail.com
www.tomhallinan.com

Ang pagkakasunud-sunod ng mga pahayag ay pinagpasyahan sa pamamagitan ng sapalarang pagbunot. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay galing sa mga kandidato at ang katumpakan ay hindi sinuri. Kusang-loob na isinumite ang bawat pahayag at binayaran ito ng kandidato. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay maaaring maging kuwalipikadong lumitaw sa balota.

# MGA PAHAYAG NG KANDIDATO

## LUPON NG PAGPAPANTAY

### DISTRITO 2



## Malia Cohen | DEMOKRATIKO

Tumatakbo ako para sa Lupon ng Pagpapantay upang maisapriyoridad ang mga interes ng mga tao bago ang mga espesyal na interes. Bilang Presidente ng Lupon ng Mga Superbisor ng San Francisco, naging isa akong tagapagtaguyod na walang kinatatakutan para sa mga taong nagtatrabaho, isinusulong ang $15 na pinakamababang sahod, namumuhunan sa abot-kayang pabahay, nakikipaglaban para sa mga reproductive rights, at nagtataguyod upang mabigyan ang mga pamilyang maliit ang kita ng pangangalagang pangkalusugan. Ako lang ang kandidato sa tunggaliang ito na may karanasan sa pananalapi na kinakailangan upang makuha ang mga resulta. Bilang Tagapangulo ng Komite ng Badyet at Pananalapi, pinangasiwaan ko ang $11 bilyong badyet at pinamahalaan ang mga buwis, bayarin, mga panukala sa kita, muling pagtatayo, at tunay na ari-arian ng lungsod. Kung mahahalal, ilalapat ko ang *pagiging bukas, pagkakaroon ng pananagutan at pagiging patas* sa Lupon ng Pagpapantay, at magsisikap nang husto upang makapagtakda ng mga pamantayan at panuntunan na pipigil sa pang-aabuso sistema ng pagbubuwis sa ating ari-arian. Sa mahigit sa isang dekada ng karanasan sa paglilingkod sa publiko, mayroon akong napatunayang rekord ng pagharap sa mga espesyal na interes. Ipinagmamalaki kong pinangunahan ko ang pagbabatas na ipagbawal ang mga may lasang produkto ng tabako sa San Francisco, na tumalo sa mga kumpanya ng Malaking Pangalan ng Tabako na mayroong hindi balanseng pagpapatalastas sa mga kabataan, ibang lahi, at LGBTQ+ na indibidwal. Ito ang dahilan kaya inirekomenda ako ng *Senador ng U.S. na si Kamala Harris, Partidong Demokratiko ng California, Mga Propesyonal na Bumbero ng California, Pederasyon ng Mga Guro ng California, Kapisanan ng Mga Nars ng California, AFSCME California, Pagkakapantay sa California,* at mga lider sa buong estado. Sa makasaysayang sandaling ito, higit pang mahalaga ang matatag na pamumuno kaysa dati. Handa akong akuin ang mga pang-agarang hamong kinakaharap ng mga mamamayan ng California at makipaglaban para sa mga naghahanapbuhay na pamilya. Dagdagan ang kaalaman sa *www.electmalia.com*.


| | |
|---|---|
| 2201 Broadway St., Suite M-2 | Tel: (415) 769-6285 |
| Oakland, CA 94612 | E-mail: info@electmalia.com |
| | Electmalia.com |
| | Facebook.com/MaliaCohen |




## Mark Burns | REPUBLIKANO

Panahon na upang wakasan ang kasalukuyang kaisipang 'Higit pang mga Buwis ang makakaayos ating mga problema.' Ang Mga Nagbabayad ng Buwis sa California ang may pinakamabigat na pasanin sa Estados Unidos. Bilang matatag at matagal nang tagasuporta ng Proposisyon 13 at Proposisyon 60 at 90 (mga paglipat ng batayan ng buwis sa ari-arian para sa mga Nakatatanda); magtatrabaho ako upang gawing mas patas ang ating sistema para sa lahat. Sa nakalipas na 32 taon; nagtrabaho ako sa negosyo ng tunay na ari-ariang tirahan sa Silicon Valley at nakita ang mga buwis sa ari-arian at buwis sa mga benta na umabot sa mga antas na dapat ay sapat na makakasuporta sa Gobyerno ng California sa hinaharap at makapagsama ng mga sobra at reserba. Sa halip; nakita natin ang mga patuloy na pagsisikap upang taasan pa ang mga buwis nang walang makabuluhang layunin maliban upang suportahan ang pagpopondo sa nadagdagang paggastos at labis sa kayang gawing pangako ng mga kinatawan at mambabatas. Makikipaglaban ako upang mapahusay ang pananagutan at pagka-episyente sa loob ng Lupon ng Pagpapantay. Naging Tagapangulo ako ng Mga Komite ng Mga Nagbabantay na Mamamayan para sa K–8 at 9–12 distrito ng paaralan sa aking Komunidad sa loob ng halos isang dekada. Nakipaglaban ako (nang dalawang beses) sa sarili kong pinagmulang county upang mapanatili ang Prop 90 para sa Mga Nakatatanda. Pinapamahalaan ko ang mga buwis sa ari-arian at ang epekto ng mga ito sa mga pamilya at indibidwal bawat araw. Nakakaapekto sa lahat ang pagiging abot-kaya ng pabahay at malaking bahagi noon ang mga buwis sa ari-arian. Panahon na upang maghalal ng isang taong nakakaunawa sa mga isyu at gagawin ang lahat ng makakaya upang mabawasan ang pasaning kinakaharap ng lahat ng nakatira sa California. Mangyaring bumisita sa *www.burnsforboe2018.com* para sa higit pang impormasyon.


| | |
|---|---|
| 1601 So. De Anza Blvd., | Tel: (408) 777-9997 |
| Suite 150 | E-mail: mark@markburns.com |
| Cupertino, CA 95014 | www.burnsforBOE2018.com |


Ang pagkakasunud-sunod ng mga pahayag ay pinagpasyahan sa pamamagitan ng sapalarang pagbunot. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay galing sa mga kandidato at ang katumpakan ay hindi sinuri. Kusang-loob na isinumite ang bawat pahayag at binayaran ito ng kandidato. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay maaaring maging kuwalipikadong lumitaw sa balota.

# MGA PAHAYAG NG KANDIDATO

## LUPON NG PAGPAPANTAY

## DISTRITO 3

### **Tony Vazquez** | DEMOKRATIKO

Walang pahayag ng kandidato.

### **G. Rick Marshall** | REPUBLIKANO



Ako ang CFO ng Network ng Pagkilos ng Mga Nagbabayad ng Buwis ng California. Dahil sa aming mga pagsisikap, nailigtas ang mga hindi sinasabing dolyar ng nagbabayad ng buwis sa pamamagitan ng pagsisiyasat sa naaaksaya at katiwalian sa paggastos para sa publiko. Kapag nahalal sa Lupon ng Pagpapantay ng (Board of Equalization o BOE) ng Estado, masigasig akong magtatrabaho upang maprotektahan ang ating mga dolyar ng nagbabayad ng buwis mula sa katulad na pag-aaksaya at katiwalian. Isa akong Asawa, Ama, at Komisyonado ng Pagpaplano. Higit sa lahat, katulad ninyo, isa akong Nagbabayad ng Buwis. Napakahalagang protektahan ang integridad ng ating BOE. Bilang miyembro ng BOE, ang magiging batayan ng aking serbisyo ay "Serbisyo sa Publiko", hindi "Serbisyo sa Sarili". Ito ang gumagabay sa akin sa pangangalap ng mga pondo para sa Muscular Dystrophy, paghahatid ng mga regalo sa mga anak ng mga bilanggo kapag Pasko at pagtuturo sa mga kabataang lalaki at babae sa pamamagitan ng Nakakamit ng Kabataan. Sa lahat ng aking taon sa pagseserbisyo sa lokal na pamahalaan, una bilang Komisyonado ng Tubig at pagkatapos ay bilang Komisyonado ng Pagpaplano, *hindi ako kailanman* sumailalim sa maraming pagsisiyasat ng estado at/o pederal na pamahalaan. *Hindi ako kailanman* naging target ng isang Kriminal na Imbestigasyon. *Katapatan. Integridad. Pagiging Bukas. Serbisyo sa Publiko.* Ito ang pangakong Rick Marshall para sa inyo. Pumapayag ako sa pagpapawalang-bisa sa buwis sa gasolina at tumututol ako sa buwis sa parsela ng tubig ng bagyo. Poprotektahan at ipagtatanggol ko ang Prop 13. Kaya naman binigyan ako ng PAC ng Kapisanang Howard Jarvis ng Mga Nagbabayad ng Buwis ng kanilang rekomendasyon. Kayo ay binigo ng uring pampulitika. Kung sawa na kayo sa pulitika gaya ng karaniwang pag-aaksaya ng pamahalaan sa inyong mga dolyar ng buwis—napakalaki ng kinukuhang buwis at napakaliit ng nilulutas—Iboto si G. Rick Marshall para sa Lupon ng Pagpapantay ng Estado. Maaari ko bang matanggap ang inyong boto?


2390 Crenshaw Boulevard,
#409
Torrance, CA 90501

Tel: (310) 346-7425
E-mail: rick@grickmarshall.com
grickmarshall.com
www.facebook.com/grickmarshall


Ang pagkakasunud-sunod ng mga pahayag ay pinagpasyahan sa pamamagitan ng sapalarang pagbunot. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay galing sa mga kandidato at ang katumpakan ay hindi sinuri. Kusang-loob na isinumite ang bawat pahayag at binayaran ito ng kandidato. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay maaaring maging kuwalipikadong lumitaw sa balota.

# MGA PAHAYAG NG KANDIDATO

## LUPON NG PAGPAPANTAY

### DISTRITO 4



## Mike Schaefer | DEMOKRATIKO

Kilalanin si *Mike Schaefer* Pinaka-edukado, May pinakamaraming karanasan, Nag-aral sa UC Berkeley, Notre Dame, at USC, Opisyal sa Batas ng Estado ng San Diego at Georgetown sa lungsod, county, estado, at pederal na gobyerno, mula sa Taga-usig, Konsehal, hanggang sa imbestigador ng mahahalagang papel ng SEC at California, Miyembro ng Lupon ng Pampublikong Kalusugan, bihasa at matagumpay na tagahamon sa mga labis na pagtataya ng halaga sa tunay na ari-arian bago ang Mga Lupon ng Pagpapantay. Inirekomenda sa mga nagdaang halalan ng Asosasyon ng Mga Opisyal ng Pulisya, Mga Siyerip ng County. Tinatangkilik ang *Asosasyong Howard Jarvis ng Mga Nagbabayad ng Buwis* na nagpoprotekta sa ating lahat mula sa mga hindi makatarungang pagtataas sa alinman sa ating mga buwis. Mamamayan ng San Diego, kumpetitibong pangunahing negosyante, alam na dapat tayong maging mapagmatyag sa paggalang ng gobyerno sa lahat ng antas sa may-ari ng bahay at maliit na negosyante. Madalas na tagapagsalita sa mga sibikong grupo. Aktibong pinuno ng Katoliko. Matagumpay na pinapamahalaan ng anak na si Derek ang Coachella Music Festival (na nagtampok ng Beatle at Rolling Stones). Nakatrabaho na ni Mike ang mga pinunong mula kay Dr. Seuss hanggang kay Dr. Salk, Gobernador Brown & Brown hanggang kay Reagan; mga nagtatanghal mula kay Bob Hope hanggang sa icon ng boksing na si Archie Moore, LL Cool J, kaklaseng si Frank Zappa, at Debbie Reynolds. Kinilala sa buong bansa para sa pagkamakatarungan sa batas ng halalan, responsable para sa walang partikular na ayos at hindi nakaayon sa alpabetong paglilista ng mga pangalan ng mga kandidato sa lahat ng balota ng California, humihiling ng patas na laban. Tagasuporta, misyong Tagasagip ng Hayop ng San Diego.

4494 Mentone St. #12
San Diego, CA 92107

Tel: (213) 479-6006
E-mail: oz.blueman@yahoo.com
equalization4.org



## Joel Anderson | REPUBLIKANO

Bumisita sa *taxpayersforanderson.com* para sa higit pang impormasyon. Noong 1978, isinulat ni Howard Jarvis ang Prop 13, at pagkatapos na maipasa ito, itinatag niya ang Kapisanang Howard Jarvis ng Mga Nagbabayad ng Buwis upang protektahan ang Prop 13 at mga nagbabayad ng buwis mula sa mga mapang-abusong patakaran sa pagbubuwis. (hjta.org) *Si Joel Anderson* ay iniendorso ng nangungunang tagapagtanggol ng Prop. 13 sa California, ang Kapisanang Howard Jarvis ng Mga Nagbabayad ng Buwis. Ipagpapatuloy ni Anderson ang pagprotekta sa ating mga karapatan sa Prop. 13 at makikipagtulungan sa mga manggagawang pamilya laban sa mga pagtataas ng buwis dahil karapatan ng lahat ng tao na pakitunguhan nang patas. Tinawag siyang *"rock star ng mga nagbabayad ng buwis"* ng Presidente ng Kapisanang Howard Jarvis ng Mga Nagbabayad ng Buwis at binigyan siya ng pinakamataas na pambatasang antas ng grupo. *Pinangunahan niya ang pagtutol sa pagtataas ng buwis ng gasolina* dahil ito ang bagay na tamang gawin—manindigan para sa mga tao laban sa pagpopondo sa mga pagbibigay ng espesyal na interes. Pinarangalan siya ng pinakamatataas na antas mula sa *Kapisanan ng Mga Nagbabayad ng Buwis ng California*, *Pambansang Pederasyon ng Independiyenteng Negosyo*, at *Kamara de Komersiyo ng California* para sa kanyang pagtatrabaho upang makatulong sa pagpapalago ng mga trabaho at ekonomiya. Pinangalanan siyang *"Mambabatas ng Taon sa Senado ng Estado ng California"* ng *Kapisanan ng Maliit na Negosyo ng California* at *Roundtable sa Maliit na Negosyo ng California* para sa kanyang pamumuno sa pagsisikap na matulungan ang maliliit na negosyo at makagawa ng mga oportunidad sa trabaho. Nakatanggap siya ng pagkilala ng anim na prestihiyosong parangal na *"Mambabatas ng Taon"* mula sa *Mga Amerikanong Beterano*, *Hukbong Amerikano*, *Konseho ng Mga Beteranong Kumander ng Estado ng California*, *Kagawaran ng Mga Beterano ng Mga Digmaan sa Ibang Bansa ng California*, *Mga Beterano sa Vietnam ng Amerika*, at *Konseho ng Mga Sangay ng California sa* Kapisanan ng Mga Opisyal na Militar ng Amerika para sa pagprotekta ng mga benepisyo ng mga beterano at pagtatanggol sa kanila mula sa mga hindi makatarungang buwis. Nakamit niya ang kanyang digring batsilyer sa pananalapi mula sa Politeknikong Unibersidad ng Estado ng California, Pomona habang nagtatrabaho nang full-time bilang isang tagatantiya ng tunay na ari-arian para sa Unang Kapisanan ng Mga Pederal na Ipon at Pautang ng Pomona. Edukasyon at Karanasan—Ang pinakakuwalipikadong kandidato para sa Lupon ng Pagpapantay na may ilang dekadang karanasan sa negosyo at pampublikong rekord ng pagtatanggol sa mga nagbabayad ng buwis.

Tel: (619) 204-2200
E-mail: ande434@cox.net
taxpayersforanderson.com

Ang pagkakasunud-sunod ng mga pahayag ay pinagpasyahan sa pamamagitan ng sapalarang pagbunot. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay galing sa mga kandidato at ang katumpakan ay hindi sinuri. Kusang-loob na isinumite ang bawat pahayag at binayaran ito ng kandidato. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay maaaring maging kuwalipikadong lumitaw sa balota.

# MGA PAHAYAG NG KANDIDATO

## SUPERINTENDENTE NG PAMPUBLIKONG PAGTUTURO (DI-PARTIDISTANG KATUNGKULAN)

- Bilang puno ng mga pampublikong paaralan ng estado, nagbibigay ng tagubilin sa patakaran sa edukasyon sa mga lokal na distrito ng paaralan, at nakikipagtulungan sa komunidad ng edukasyon upang mapahusay ang pagganap sa akademiko.
- Pinamumunuan ang Kagawaran ng Edukasyon at nagpapatupad ng mga patakarang itinakda ng Lupon ng Edukasyon ng Estado.
- Naglilingkod bilang isang ex-officio na miyembro ng mga namamahalang lupon ng sistema ng mas mataas na edukasyon ng estado.

### Tony K. Thurmond



Tumatakbo ako para sa Superintendente ng Pampublikong Pagtuturo ng Estado dahil naniniwala akong susi ang mataas na kalidad na pampublikong paaralan sa hinaharap ng California. Sinagip ng edukasyon ang buhay ko, nagbigay-daan ito sa aking mapagtagumpayan ang mahihirap na simula. Pinalaki ako ng aking ina nang walang katuwang na umalis sa Panama upang maging isang guro. Natalo siya sa kanyang laban sa kanser noong 6 na taong gulang pa lang ako—kaya lumaki akong iniisip na hindi na ako makakapag-aral sa kolehiyo. Ngunit sa pamamagitan ng aking mga matulunging guro at matatag na pampublikong edukasyon, naging presidente ako ng samahan ng mga estudyante sa aking unibersidad, at nagpatuloy sa pagkamit ng dalawang digri ng pagkadalubhasa. Bilang habambuhay na tagapagtaguyod ng kabataan at mga pamilya, 12 taon ang inilaan ko sa pagtatrabaho sa mga paaralan, at sinimulan ko ang aking karera sa pagpapatakbo ng mga programa pagkatapos sa paaralan at pagpapayo sa mga kabataang nahaharap sa problema. Ipinagmamalaki kong naglingkod ako sa Lupon ng Pinag-isang Distrito ng Paaralan ng West Contra Costa, Konseho ng Lungsod ng Richmond, at ngayon sa Asembleya ng Estado ng California. Bilang Superintendente, magtatrabaho ako upang matiyak na ang lahat ng bata sa California ay mayroong akses sa mataas na kalidad na paaralan sa kapitbahayan. Upang makamit iyon, gagawin ko ang mga sumusunod: 1) *Isasamoderno ang ating kurikulum* upang ihanda ang mga estudyante para sa mga trabaho sa ating mabilis na lumalagong ekonomiya sa ika-21 Siglo—2) *Papahusayin ang edukasyon ng pagsasanay para sa trabahong* bokasyonal, at bibigyang-diin ang agham, teknolohiya, inhinyeriya, sining, at matematika—3) *Mamumuhunan sa ating mga guro* sa pamamagitan ng pagpapataas sa kanilang mga sahod, pag-aalok ng paglago sa propesyon, at pagbibigay sa mga guro ng abot-kayang pabahay upang magawa nilang tumira sa mga komunidad kung saan sila nagtuturo—4) *Isasapriyoridad ang kritikal na pag-iisip*, hindi pagtuturo sa pagsusulit, at—5) *Lalaban upang pigilan ang adyendang tutol sa edukasyon ni Betsy DeVos* sa pagdudulot ng pinsala sa mga bata ng California. Ako ay iniendorso ng *Senador ng U.S. na si Kamala Harris, Partidong Demokratiko ng California, kasalukuyang Superintendente na si Tom Torlakson, Mga Kaanib ng Planned Parenthood ng California, Klab Sierra, Pagkakapantay sa California, Los Angeles Times, Sacramento Bee, mga guro, mga nars, mga bumbero*, at marami pang iba.

P.O. Box 2145
Richmond, CA 94802

Tel: (510) 859-3241
E-mail: tony@tonythurmond.com
TonyThurmond.com
facebook.com/Tony.Thurmond

### Marshall Tuck



Bilang anak ng guro sa pampublikong paaralan, produkto ng mga pampublikong paaralan, at magulang sa pampublikong paaralan, lubos ang paniniwala ko sa kakayahan ng mga pampublikong paaralan. Ngunit *nangangailangan ng malalaking pagbabago ang mga pampublikong paaralan ng California* upang maibigay sa *lahat* ng estudyante ang edukasyong sila ay karapat-dapat. Tumatakbo ako para sa Superintendente ng Estado dahil namuno ako sa mga sistema ng pampublikong paaralan na naghatid ng mga tunay na resulta para sa mga bata. Sa pakikipagtulungan sa mga guro at magulang, naglaan kami ng higit pang pagpopondo sa mga silid-aralan, binawasan ang burukrasya, at inihanda ang mas maraming estudyante para sa kolehiyo at mga trabaho. Tumulong ako sa pagpagawa ng 10 bagong pampublikong mataas na paaralan sa mga kapitbahayan na maliit ang kita—at 8 sa mga ito ay nahanay sa mga nangungunang mataas na paaralan sa Amerika ng *U.S. News & World Report.* Noong pinangunahan ko ang pagsisikap na baguhin ang direksyon ng mga naghihirap na pampublikong paaralan sa Los Angeles, *nadagdagan namin ang mga bilang ng nagsipagtapos nang mahigit 60%, at nakamit namin ang pinakamalaking pagbabago sa akademiko ng alinmang malaking sistema ng paaralan sa California.* Ang aming "Kolehiyo ng Magulang" ay naging modelo sa buong estado para sa paghikayat ng mga magulang na higit pang makibahagi sa edukasyon ng kanilang mga anak. Bilang Superintendente ng Estado, maninindigan ako sa mga pulitiko sa Sacramento *at* Washington, DC at gagawin ko ang pinakamainam para sa mga estudyante. Ang mga magiging priyoridad ko ay: (1) Makakuha ng higit pang pagpopondo para sa mga lokal na silid-aralan at mabawasan ang burukrasya at pagsasayang ng pondo; (2) Pagbibigay ng kakayahan sa mga guro at magulang na gumawa ng higit pang desisyon sa edukasyon; (3) Palawakin ang pagsasanay para sa trabaho at paghahanda sa kolehiyo upang matiyak na nakahanda ang lahat ng estudyante na magtagumpay sa ika-21 siglo. Basahin ang aking buong plano sa *MarshallTuck.com.* Ibigay natin sa *lahat* ng bata sa California ang mga pampublikong paaralang nararapat sa kanila.

20 Galli Drive, Suite A
Novato, CA 94949

Tel: (657) 229-3579
E-mail: marshalltuck@marshalltuck.com
www.MarshallTuck.com
www.facebook.com/TuckforCalifornia/

Ang pagkakasunud-sunod ng mga pahayag ay pinagpasyahan sa pamamagitan ng sapalarang pagbunot. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay galing sa mga kandidato at ang katumpakan ay hindi sinuri. Kusang-loob na isinumite ang bawat pahayag at binayaran ito ng kandidato. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay maaaring maging kuwalipikadong lumitaw sa balota.

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa Mga Mahistrado ng Korte Suprema at Mga Mahistrado ng Hukuman ng Pag-apela, bumisita sa *www.voterguide.sos.ca.gov* o *www.courts.ca.gov* o tumawag sa walang bayad na Hotline para sa Botante sa (800) 339-2957.

# Ang Pamamaraang Elektoral

Sa ilalim ng Saligang-Batas ng California, ang mga mahistrado ng Korte Suprema at mga hukuman ng pag-apela ay napapasailalim sa kumpirmasyon ng mga botante. Bumuboto ang publiko ng "oo" o "hindi" kung papanatilihin ang bawat mahistrado.

Di-partidista ang mga katungkulang ito ng mahistrado.

Bago maging isang mahistrado sa paghahabol ang isang tao, dapat isumite ng Gobernador ang pangalan ng kandidato sa Komisyon ng Pagtatasa ng Mga Nominadong Panghukuman, na binubuo ng mga miyembro ng publiko at abugado. Nagsasagawa ang komisyon ng isang masusing pag-aaral sa pinagmulan at mga kuwalipikasyon ng kandidato, kasama ang mungkahi ng komunidad, at pagkatapos ay ipinapasa ang pagsusuri nito sa kandidato sa Gobernador.

Pagkatapos, pag-aaralan ng Gobernador ang pagsusuri ng komisyon at opisyal na bibigyan ng nominasyon ang kandidato, kung saan magbibigay ng komento ang publiko sa mga kuwalipikasyon bago suriin at pag-aralan ng Komisyon ng Mga Paghirang na Panghukuman. Ang komisyong iyon ay binubuo ng Punong Mahistrado ng California, Pangkalahatang Abugado ng California, at nakatataas na Namamatnugot na Mahistrado ng Hukuman ng Pag-apela. Pagkatapos, dapat kumpirmahin o tanggihan ng Komisyon ng Mga Paghirang na Panghukuman ang nominasyon. Magiging mahistrado lang ang nominado kapag nakumpirma.

Kasunod ng kumpirmasyon, papanumpain sa katungkulan ang mahistrado at sasailalim sa pag-apruba ng botante sa susunod na halalan para gobernador, at pagkatapos nito ay sa pagtatapos ng bawat termino. Ang terminong iminungkahi ng Saligang-Batas ng California para sa mga mahistrado ng Korte Suprema at hukuman ng pag-apela ay 12 taon. Ang mga mahistrado ay kukumpirmahin lang ng Komisyon ng Mga Paghirang na Panghukuman hanggang sa susunod na halalan para gobernador, kung kailan tatakbo sila para sa pagpapanatili ng natitirang bahagi ng termino, kung mayroon man, ng kanilang sinundan, na alinman sa apat o walong taon. (Seksiyon 9083 ng Kodigo ng Halalan.)

**Carol A. Corrigan,** Kasamang Mahistrado, Korte Suprema ng California

**Pagpasok sa Abugasiya:** 1975

**Edukasyon:** J.D. Unibersidad ng California, Kolehiyo ng Batas ng Hastings 1975; B.A., Kolehiyo ng Holy Names 1970.

**Propesyonal na Karanasang Pambatas:** Kinatawang Abugado ng Distrito ng County ng Alameda (1975–1985), Nakatataas na Kinatawan (1985–1987); Katulong na Propesora ng Batas: Unibersidad ng Notre Dame (2016–Kasalukuyan); Paaralan ng Batas ng U.C. Berkeley (1984–1987 & 1989–1994); Kolehiyo ng Batas ng U.C. Hastings (1981–1987 & 1989–1991); Paaralan ng Batas ng Unibersidad ng San Francisco (1987–1988); Paaralan ng Batas ng Unibersidad ng Puget Sound (1981).

**Karanasang Panghukuman:** Kasamang Mahistrado, Korte Suprema ng California, 2006–Kasalukuyan; Kasamang Mahistrado Hukuman ng Pag-apela ng California, 1994–2006; Hukom, Hukumang Superyor ng County ng Alameda, 1991–1994; Hukom, Hukumang Munisipal ng Oakland-Emeryville-Piedmont, 1987–1991; Guro, Kolehiyo ng Hukom ng California, 1989–Kasalukuyan.

**Leondra R. Kruger,** Kasamang Mahistrado, Korte Suprema ng California

**Pagpasok sa Abugasiya:** 2002

**Edukasyon:** Pambatasang Paaralan ng Yale, J.D., 2001; Unibersidad ng Harvard, A.B., 1997.

**Propesyonal na Karanasang Pambatas:** Katulong na Kinatawan ng Pangkalahatang Abugado, Opisina ng Legal na Tagapayo, Kagawaran ng Hustisya ng U.S., 2013–2014; Katulong ng Pangkalahatang Solisitor at Tumatayong Pangunahing Kinatawan ng Pangkalahatang Solisitor, Opisina ng Pangkalahatang Solisitor, Kagawaran ng Hustisya ng U.S., 2007–2013; Bumibisitang Katulong na Propesor, Pambatasang Paaralan ng Unibersidad ng Chicago, 2007; Kasama, Wilmer, Cutler, Pickering, Hale and Dorr LLP, 2004–2006; Klerk ng Batas sa Korte Suprema ng U.S. para kay Mahistrado John Paul Stevens, 2003–2004; Klerk ng Batas sa Hukuman ng Pag-apela ng U.S. para kay Hukom David S. Tatel, 2002–2003; Kasama, Jenner and Block LLP, 2001–2002.

**Karanasang Panghukuman:** Kasamang Mahistrado, Korte Suprema ng California, 2015–kasalukuyan (itinalaga ni Gobernador Jerry Brown at kinumpirma ng Komisyon ng Mga Paghirang na Panghukuman).

# Mga Halalan sa California

Iniaatas ng Batas sa Nangungunang Dalawang Kandidato sa Bukas na Primarya na ilista ang lahat ng kandidato para sa isang iminumungkahi-ng-botante na katungkulan sa parehong balota. Dating tinatawag na mga partidistang katungkulan, ang mga iminumungkahi-ng-botante na katungkulan ay mga pambatasang katungkulan sa estado, katungkulan sa kongreso ng U.S., at katungkulan sa estado na naaayon sa saligang-batas.

Sa parehong bukas na primarya at pangkalahatang halalan, maaari kayong bumoto para sa sinumang kandidato anuman ang kinakatigang partido na tinukoy ninyo sa inyong form ng pagpaparehistro ng botante. Sa primaryang halalan, ang dalawang kandidatong nakatanggap ng pinakamaraming boto—anuman ang kinakatigang partido—ay magpapatuloy sa pangkalahatang halalan. Kung ang isang kandidato ay nakatanggap ng mayorya ng boto (hindi bababa sa 50 porsyento + 1), ang isang pangkalahatang halalan ay dapat pa ring idaos.

Hindi nalalapat ang sistema ng bukas na primarya ng California sa mga kandidatong tumatakbo para maging Presidente ng U.S., sentral na komite ng county, o mga lokal na katungkulan.

Ang mga isinusulat-lamang na kandidato para sa mga iminumungkahi-ng-botante na katungkulan ay maaari pa ring tumakbo sa primaryang halalan. Gayunpaman, makakapagpatuloy lang sa pangkalahatang halalan ang isang isinusulat-lamang na kandidato kung ang kandidato ay isa sa nangungunang dalawa na may pinakamaraming nakuhang boto sa primaryang halalan. Dagdag dito, walang proseso ng independiyenteng nominasyon para sa isang pangkalahatang halalan.

Ang Superintendente ng Pampublikong Pagtuturo ay isang di-partidistang katungkulan. Kung ang isang kandidato para sa Superintendente ng Pampublikong Pagtuturo ay makakatanggap ng mayorya ng boto (hindi bababa sa 50 porsyento +1) sa primaryang halalan, mahahalal ang kandidatong iyon kung gayon, at wala nang idaraos na pangkalahatang halalan. May karagdagang impormasyon tungkol sa mga di-partidistang katungkulan sa ibaba.

Inaatas ng batas ng California na ilathala ang sumusunod na impormasyon sa patnubay na ito.

## Mga Iminumungkahi-ng-Botante na Katungkulan

Walang karapatan ang mga partidong pampulitika na pormal na magmungkahi ng mga kandidato para sa mga iminumungkahi-ng-botante na katungkulan sa primaryang halalan. Ang isang kandidatong iminungkahi para sa isang iminumungkahi-ng-botante na katungkulan sa primaryang halalan ay ang nominado ng mga tao at hindi ang opisyal na nominado ng anumang partido sa pangkalahatang halalan. Dapat ay ihayag sa balota ng isang kandidato para sa nominasyon sa isang iminumungkahi-ng-botante na katungkulan ang kanyang kinakatigang kwalipikadong partido, o kung wala siyang kinakatigang kwalipikadong partido, ngunit ang kandidato lang ang pipili sa itatalagang kinakatigang partido at ipapakita para lang magbigay ng impormasyon sa mga botante. Hindi ito nangangahulugan na ang kandidato ay iminumungkahi o inirerekomenda ng itinalagang partido, o na may ugnayan sa pagitan ng partido at kandidato, at hindi dapat ituring ang sinumang kandidatong iminungkahi ng mga botante bilang opisyal na iminungkahing kandidato ng anumang partidong pampulitika. Sa patnubay na impormasyon para sa botante ng county, ang mga partido maaaring maglista ng mga kandidato para sa mga iminumungkahi-ng-botante na katungkulan na nakatanggap ng opisyal na pagrekomenda ng partido.

Ang sinumang botante ay maaaring bumoto para sa sinumang kandidato para sa isang iminumungkahi-ng-botante na katungkulan, kung natutugunan ng mga ito ang iba pang kuwalipikasyong kinakailangan upang bumoto para sa katungkulang iyon. Ang nangungunang dalawa na nakatanggap ng pinakamaraming boto sa primaryang halalan ay magpapatuloy sa pangkalahatang halalan para sa iminumungkahi-ng-botante na katungkulan kahit na tumukoy ng parehong itinalagang kinakatigang partido ang mga kandidato. Walang karapatan ang anumang partido na patuluyin sa pangkalahatang halalan ang isang kandidato na nagtalaga ng kanilang partido bilang kinakatigang partido nito, maliban na lang kung ang kandidato ay isa sa dalawa sa mga may pinakamaraming boto sa primaryang halalan.

## Mga Di-partidistang Katungkulan

Walang karapatan ang mga partidong pampulitika na magmungkahi ng mga kandidato para sa mga di-partidistang katungkulan sa primaryang halalan, at ang isang kandidato sa primaryang halalan ay hindi opisyal na nominado ng anumang partido para sa partikular na katungkulan sa pangkalahatang halalan. Hindi maaaring italaga ng isang kandidato para sa nominasyon sa isang di-partidistang katungkulan ang kanyang kinakatigang partido, o ang kawalan niya ng kinakatigang partido, sa balota. Ang nangungunang dalawang may pinakamaraming boto sa primaryang halalan ay magpapatuloy sa pangkalahatang halalan para sa di-partidistang katungkulan.

# Mga Opisina ng mga Halalan sa County

**County ng Alameda**
(510) 272-6933
*www.acgov.org/rov/index.htm*

**County ng Alpine**
(530) 694-2281
*www.alpinecountyca.gov*

**County ng Amador**
(209) 223-6465
*http://www.co.amador.ca.us/government/recorder-clerk*

**County ng Butte**
(530) 538-7761 o (800) 894-7761
(sa loob ng county ng Butte)
*www.buttevotes.net*

**County ng Calaveras**
(209) 754-6376 o (209) 754-6375
*www.calaverasgov.us*

**County ng Colusa**
(530) 458-0500 o (877) 458-0501
*www.countyofcolusa.org/elections*

**County ng Contra Costa**
(925) 335-7800
*www.contracostacore.us*

**County ng Del Norte**
(707) 465-0383 o (707) 464-7216
*www.co.del-norte.ca.us*

**County ng El Dorado**
(530) 621-7480 o (800) 730-4322
*www.edcgov.us/Elections*

**County ng Fresno**
(559) 600-8683
*www.fresnovote.com*

**County ng Glenn**
(530) 934-6414
*www.countyofglenn.net/dept/elections/welcome*

**County ng Humboldt**
(707) 445-7481
*www.humboldtgov.org/elections*

**County ng Imperial**
(442) 265-1060 o (442) 265-1074
*www.co.imperial.ca.us*

**County ng Inyo**
(760) 878-0224
*http://elections.inyocounty.us/*

**County ng Kern**
(661) 868-3590
*www.kernvote.com*

**County ng Kings**
(559) 852-4401
*www.countyofkings.com*

**County ng Lake**
(707) 263-2372
*www.co.lake.ca.us/Government/Directory/ROV.htm*

**County ng Lassen**
(530) 251-8217
*www.lassencounty.org/dept/registrar-voters-elections*

**County ng Los Angeles**
(800) 815-2666
*www.lavote.net*

**County ng Madera**
(559) 675-7720 o (800) 435-0509
*www.votemadera.com*

**County ng Marin**
(415) 473-6456
*marinvotes.org*

**County ng Mariposa**
(209) 966-2007
*www.mariposacounty.org*

**County ng Mendocino**
(707) 234-6819
*www.mendocinocounty.org/government/assessor-county-clerk-recorder-elections/elections*

**County ng Merced**
(209) 385-7541 o (800) 561-0619
*www.mercedelections.org*

**County ng Modoc**
(530) 233-6205
*www.co.modoc.ca.us/departments/elections*

**County ng Mono**
(760) 932-5537 o (760) 932-5530
*monocounty.ca.gov/elections*

**County ng Monterey**
(831) 796-1499 o (866) 887-9274
*www.montereycountyelections.us/*

**County ng Napa**
(707) 253-4321
*www.countyofnapa.org*

**County ng Nevada**
(530) 265-1298
*http://www.mynevadacounty.com/1847/Elections-Voting*

**County ng Orange**
(714) 567-7600
*www.ocvote.com*

**County ng Placer**
(530) 886-5650
*www.placerelections.com*

**County ng Plumas**
(530) 283-6256 o (844) 676-VOTE
*www.countyofplumas.com*

**County ng Riverside**
(951) 486-7200
*www.voteinfo.net*

**County ng Sacramento**
(916) 875-6451
*www.elections.saccounty.net*

**County ng San Benito**
(831) 636-4016
*sbcvote.us*

**County ng San Bernardino**
(909) 387-8300
*www.sbcountyelections.com*

**County ng San Diego**
(858) 565-5800 o (800) 696-0136
*www.sdvote.com/*

**County ng San Francisco**
(415) 554-4375
*sfelections.org*

**County ng San Joaquin**
(209) 468-2890 o (209) 468-2885
*www.sjcrov.org*

**County ng San Luis Obispo**
(805) 781-5228 o (805) 781-5080
*www.slovote.com*

**County ng San Mateo**
(650) 312-5222
*www.smcare.org*

**County ng Santa Barbara**
(805) 568-2200
*www.sbcvote.com*

**County ng Santa Clara**
(408) 299-8683 o (866) 430-8683
*www.sccvote.org*

**County ng Santa Cruz**
(831) 454-2060
*www.votescount.com*

**County ng Shasta**
(530) 225-5730 o (888) 560-8683
*www.elections.co.shasta.ca.us*

**County ng Sierra**
(530) 289-3295
*www.sierracounty.ca.gov*

**County ng Siskiyou**
(530) 842-8084 o (888) 854-2000
ext. 8084
*www.sisqvotes.org*

**County ng Solano**
(707) 784-6675
*www.solanocounty.com/elections*

**County ng Sonoma**
(707) 565-6800
*vote.sonoma-county.org*

**County ng Stanislaus**
(209) 525-5200
*http://www.stanvote.com*

**County ng Sutter**
(530) 822-7122
*www.suttercounty.org/elections*

**County ng Tehama**
(530) 527-8190
*www.co.tehama.ca.us*

**County ng Trinity**
(530) 623-1220
*www.trinitycounty.org/index.aspx?page=58*

**County ng Tulare**
(559) 624-7300
*http://www.tularecoelections.org/elections/*

**County ng Tuolumne**
(209) 533-5570
*www.co.tuolumne.ca.us/elections*

**County ng Ventura**
(805) 654-2664
*www.venturavote.org*

**County ng Yolo**
(530) 666-8133
*yoloelections.org*

**County ng Yuba**
(530) 749-7855
*www.yubaelections.org*

# Pagpaparehistro ng Botante

Kung nakarehistro na kayo upang bumoto, hindi na ninyo kailangang magparehistrong muli ***maliban*** kung magpapalit kayo ng inyong pangalan, address ng tirahan, address na pangkoreo, o kung gusto ninyong magpalit o pumili ng partidong pampulitika.

Maaari kayong magparehistro upang bumoto online sa *RegisterToVote.ca.gov*, o tumawag sa walang bayad na Hotline ng Botante ng Kalihim ng Estado sa (800) 339-2957 upang mapadalhan kayo ng form.

Makakakuha ng mga form sa pagpaparehistro ng botante sa karamihan ng mga tanggapan ng koreo, aklatan, opisina ng pamahalaan ng lungsod at county, opisina ng halalan sa county, at sa Opisina ng Kalihim ng Estado ng California

## May-kondisyong Pagpaparehistro ng Botante

Nakalimutan ba ninyong magparehistro? Walang problema! Alam niyo ba na sa loob ng 14 na araw bago ang Araw ng Halalan hanggang sa at kabilang ang Araw ng Halalan, maaari kayong pumunta sa opisina ng inyong opisyal ng halalan o sentro ng pagboto sa county upang magparehistro nang may kondisyon para makaboto, at saka bumoto? Ang prosesong ito ay tinatawag na May-kondisyong Pagpaparehistro ng Botante (Conditional Voter Registration o CVR). Ganito ito ginagawa:

1. Bisitahin ang opisina ng halalan sa inyong county o sentro ng pagboto—makikita ang kumpletong listahan ng impormasyon sa pakikipag-ugnayan ng county dito: *http://www.sos.ca.gov/elections/voting-resources/county-elections-offices/*
2. Kumpletuhin ang kard sa pagpaparehistro ng botante o magparehistro online sa *RegisterToVote.ca.gov*
3. Ipatala ang inyong pansamantalang balota ng CVR sa opisina ng halalan sa inyong county o sa sentro ng pagboto

Kapag naproseso na ng opisyal ng halalan sa county ang apidabit ng pagpaparehistro, natukoy na kwalipikado kayong magparehistro, at napatunayan ang inyong impormasyon, magiging permanente ang pagpaparehistro at mabibilang ang inyong pansamantalang balota ng CVR.

Upang matuto pa, bumisita sa *http://www.sos.ca.gov/elections/voter-registration/conditional-voter-reg/*

Ang mga Sentro ng Pagboto ay magagamit ng mga botanteng nakatira sa mga county ng Madera, Napa, Nevada, Sacramento, at San Mateo. Bisitahin ang *VotersChoice.sos.ca.gov* o tingnan ang pahina 93 para sa higit pang impormasyon sa Batas sa Pagpili ng Botante at mga sentro ng pagboto.

## Impormasyon Ukol sa Pagiging Pribado ng Pagpaparehistro ng Botante

**Programang Ligtas sa Tahanan na Kumpidensyal na Pagpaparehistro ng Botante:** Ang ilang botante na nasa mga sitwasyong may banta sa kanilang buhay (ibig sabihin ay karahasan sa tahanan, mga biktima ng panunubaybay) ay maaaring maging kwalipikado na maging isang kumpidensyal na botante. Para sa higit pang impormasyon, makipag-ugnayan sa walang bayad na programang Ligtas na Tahanan ng Kalihim ng Estado sa (877) 322-5227 o bumisita sa *www.sos.ca.gov/registries/safe-home/*.

**Pagiging Pribado ng Impormasyon ng Botante:** Ang impormasyon sa inyong apidabit ng pagpaparehistro ng botante ay gagamitin ng mga opisyal ng halalan upang magpadala sa inyo ng opisyal na impormasyon tungkol sa proseso ng pagboto, gaya ng inyong lugar ng botohan, at ng mga isyu at kandidatong makikita sa balota. Ang pangkomersiyong paggamit ng impormasyon sa pagpaparehistro ng botante ay ipinagbabawal ng batas at itinuturing na maliit na pagkakasala. Maaaring ibigay ang impormasyon ng botante sa isang kumakandidato para sa katungkulan, isang komite sa panukalang-batas ukol sa balota, o ibang tao para sa mga layuning nauugnay sa halalan, pag-aaral, pamamahayag, pulitika, o pamahalaan, alinsunod sa mapagpapasyahan ng Kalihim ng Estado. Ang mga numero ng lisensiya sa pagmamaneho at seguridad sosyal, o ang inyong lagda sa kard ng pagpaparehistro ng botante, ay hindi maaaring ibigay para sa mga layuning ito. Kung mayroon kayong anumang tanong tungkol sa paggamit ng impormasyon ng botante o kung gusto ninyong mag-ulat ng pinaghihinalaang maling paggamit ng naturang impormasyon, pakitawagan ang Hotline ng Botante ng Kalihim ng Estado sa (800) 339-2957.

CALIFORNIA
VOTER'S CHOICE ACT

# Ang Pagboto sa California sa Hinaharap

Simula sa 2018, matatanggap ng lahat ng rehistradong botante sa mga county ng Madera, Napa, Nevada, Sacramento, at San Mateo ang kanilang balota sa koreo ilang linggo bago ang halalan. Ang mga botante sa mga kalahok na county ay magkakaroon ng 3 mapagpipilian sa paraan ng pagboto:

**Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo:** Maaari ninyong ipadala sa koreo ang inyong sinagutang balota sa sandaling matanggap ninyo ito.

**Drop Box:** Maaari ninyong ihulog ang inyong sinagutang balota sa anumang drop box ng county sa sandaling matanggap ninyo ito. Hindi kailangan ng selyo sa mga drop box.

**Sentro ng Pagboto:** Papalitan ng mga sentro ng pagboto ang mga lugar ng botohan. Maaari kayong personal na bumoto sa anumang sentro ng pagboto sa inyong county. Ang mga sentro ng pagboto ay magbubukas sa loob ng hindi bababa sa 11 araw, hanggang sa at kasama ang Araw ng Halalan.

Sa bawat sentro ng pagboto, magagawa ninyong:

- Personal na bumoto
- Magparehistro upang bumoto o isapanahon ang inyong pagpaparehistro
- Ihulog ang inyong nasagutang balota
- Kumuha ng pamalit na balota
- Bumoto gamit ang isang maa-access na makina sa pagboto
- Kumuha ng tulong at mga materyal sa pagboto sa maraming wika

## Bakit Nagkaroon ng Ganitong Pagbabago?

Ang Batas sa Pagpili ng Botante ng California ay naging batas noong 2016 upang gawing mas mabilis at madali ang pagboto. Mapipili ninyo kung paano, kailan, at saan kayo boboto.

## Kailan ako boboto?

Matatanggap ninyo ang inyong balota sa koreo ilang linggo bago ang halalan. Pagkatapos sagutan ang inyong balota, maaari ninyong ibalik ito sa pamamagitan ng koreo o sa anumang kahong hulugan ng balota o sentro ng pagboto ng county. Magbubukas ang mga sentro ng pagboto para sa personal na pagboto sa loob ng 11 araw, hanggang sa at kasama ang Araw ng Halalan.

## Saan ako makakahanap ng drop box ng balota o sentro ng pagboto?

*VotersChoice.sos.ca.gov*

## Paano kung hindi ko natanggap ang aking balota?

Bumisita sa anumang sentro ng pagboto sa inyong county o tumawag sa opisyal ng halalan ng inyong county upang humiling ng kapalit.

## Paano kung wala ako sa kalahok na county?

Kung kayo ay nakatira sa isang county na kasalukuyang hindi kalahok sa Batas sa Pagpili ng Botante, patuloy kayong boboto sa pamamagitan ng koreo o sa isang lugar ng botohan. Makipag-ugnayan sa walang bayad na hotline para sa botante ng Kalihim ng Estado sa (800) 339-2957 para sa higit pang impormasyon.




**Ang teksto ng mga iminumungkahing batas ay *hindi* nakalimbag sa patnubay na ito.**

**Gayunpaman, mababasa na ang teksto online sa *http://voterguide.sos.ca.gov*.**

**Kung gusto ninyo ng nakalimbag na kopya ng teksto:**

**Magpadala ng email sa Kalihim ng Estado sa *vigfeedback@sos.ca.gov***

**Makipag-ugnayan sa walang bayad na hotline para sa botante ng Kalihim ng Estado sa (800) 339-2957.**

# Tulong para sa Mga Botanteng May Mga Kapansanan

## Tingnan ang inyong Patnubay na Impormasyon Para sa Botante ng county

Sa inyong Patnubay na Impormasyon Para sa Botante ng county:

- Ilalarawan dito kung paano makakaboto ang mga taong may mga kapansanan nang pribado at hindi tinutulungan
- Magpapakita rito ng isang simbolo ng wheelchair kung madaling mapupuntahan ng mga botanteng may mga kapansanan ang inyong lugar ng botohan

## Audio at malaking print na Mga Patnubay na Impormasyon para sa Botante

Libreng makakakuha ng mga ganitong patnubay sa Ingles, Chinese, Hindi, Japanese, Khmer, Korean, Spanish, Tagalog, Thai, at Vietnamese. Upang humiling:

Tumawag sa walang bayad na hotline para sa botante ng Kalihim ng Estado sa (800) 339-2957

Mag-download ng audio na MP3 ang bersiyon sa *http://voterguide.sos.ca.gov/audio/tl*

Bumisita sa *http://voterguide.sos.gov*

# Website ng Mga Resulta ng Halalan ng Estado

Gusto ba ninyong makita ang mga resulta ng Nobyembre 6, 2018, Pangkalahatang Halalan pagkatapos magsara ng mga lugar ng botohan nang 8:00 p.m.? Bisitahin ang website ng Mga Resulta ng Halalan ng Kalihim ng Estado ng California sa ***https://vote.sos.ca.gov/***.

Isinasapanahon ang website ng Mga Resulta ng Halalan bawat limang minuto sa Gabi ng Halalan habang iniuulat ng mga county ang mga resulta sa Kalihim ng Estado. Magpapadala ang mga opisyal ng halalan sa county ng mga semi-official na resulta ng halalan sa website ng Kalihim ng Estado pagkatapos magsara ng mga lugar ng botohan nang 8:00 p.m. at patuloy na magpapadala ng mga update nang hindi bababa sa bawat dalawang oras hanggang sa mabilang ang lahat ng balota sa Araw ng Halalan.

Simula sa Nobyembre 8 hanggang Disyembre 6, 2018, isasapanahon ang website ng Mga Resulta ng Halalan bawat araw nang 5:00 p.m. habang binibilang ng mga county ang mga natitirang balota.

Ipapaskil ang mga opisyal na resulta ng halalan sa Disyembre 14, 2018, sa *www.sos.ca.gov/elections/*

# MGA PETSANG DAPAT TANDAAN!

★ ★ ★ ★ ★ ★ ★ ★ ★ ★ ★ ★ ★ ★ ★ ★ ★ ★ ★ ★ ★ ★ ★ ★ ★ ★ ★ ★ ★ ★ ★ ★ ★



## HUWAG KALIMUTANG BUMOTO!

Bukas ang mga lugar ng botohan mula 7:00 a.m. hanggang 8:00 p.m. sa Araw ng Halalan!

### OKTUBRE

| Linggo | Lunes | Martes | Miyerkules | Huwebes | Biyernes | Sabado |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 | 6 |
| 7 | 8 | 9 | 10 | 11 | 12 | 13 |
| 14 | 15 | 16 | 17 | 18 | 19 | 20 |
| 21 | 22 | 23 | 24 | 25 | 26 | 27 |
| 28 | 29 | 30 | 31 | | | |

**Oktubre 8, 2018**
Unang araw upang bumoto sa pamamagitan ng koreo.

**Oktubre 22, 2018**
Huling araw upang magparehistro upang makaboto. Maaari kayong magparehistro "Nang May Kondisyon" at bumoto sa opisina ng halalan sa inyong county makalipas ang 15 araw na huling araw sa pagpaparehistro ng botante.

**Oktubre 30, 2018**
Huling araw na tatanggapin ng mga opisyal ng halalan sa county ang anumang aplikasyon ng botante para sa pagboto sa pamamagitan ng koreo.

---

### NOBYEMBRE

| Linggo | Lunes | Martes | Miyerkules | Huwebes | Biyernes | Sabado |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | | 1 | 2 | 3 |
| 4 | 5 | 6 | 7 | 8 | 9 | 10 |
| 11 | 12 | 13 | 14 | 15 | 16 | 17 |
| 18 | 19 | 20 | 21 | 22 | 23 | 24 |
| 25 | 26 | 27 | 28 | 29 | 30 | |

**Nobyembre 6, 2018**
**Araw ng Halalan!**

**California Secretary of State**
**Elections Division**
1500 11th Street
Sacramento, CA 95814

NONPROFIT
U.S. POSTAGE
PAID
CALIFORNIA
SECRETARY
OF STATE

OFFICIAL ELECTION MAIL
Authorized by the U.S. Postal Service ®

CALIFORNIA

# PANGKALAHATANG HALALAN

**Tingnan ang inyong katayuan sa pagpaparehistro bilang botante online sa *voterstatus.sos.ca.gov***

**OPISYAL NA PATNUBAY NA IMPORMASYON PARA SA BOTANTE**

**Martes, Nobyembre 6, 2018**

Huwag Kalimutang Bumoto!
Bukas ang mga lugar ng botohan mula 7:00 a.m. hanggang 8:00 p.m.

**Oktubre 8**

Unang araw upang bumoto sa pamamagitan ng koreo.

**Oktubre 22***

Huling araw upang magparehisto upang makaboto.

**Oktubre 30**

Huling araw na tatanggapin ng mga opisyal ng halalan sa county ang anumang aplikasyon ng botante para sa pagboto sa pamamagitan ng koreo.

**Para sa mga karagdagang kopya ng Patnubay na Impormasyon Para sa Botante na nasa alinman sa sumusunod na wika, mangyaring tawagan ang:**

**English:** (800) 345-VOTE (8683)
**TTY/TDD:** (800) 833-8683
**Español/Spanish:** (800) 232-VOTA (8682)
**中文/Chinese:** (800) 339-2857
**हिन्दी/Hindi:** (888) 345-2692
**日本語/Japanese:** (800) 339-2865
**ខ្មែរ/Khmer:** (888) 345-4917
**한국어/Korean:** (866) 575-1558
**Tagalog:** (800) 339-2957
**ภาษาไทย/Thai:** (855) 345-3933
**Việt ngữ/Vietnamese:** (800) 339-8163

**I-text ang *Bumoto* sa GOVOTE (468683)** upang alamin ang lokasyon ng inyong lugar ng botohan.

* Maaari pa rin kayong magparehistro "nang may kondisyon" at bumoto sa opisina ng halalan sa inyong county makalipas ang 15 araw na huling araw sa pagpaparehistro ng botante.

Sa pagsisikap na mabawasan ang mga gastos sa halalan, pinahintulutan ng Lehislatura ng Estado ang Estado at mga county na magpadala lang ng isang patnubay sa pamamagitan ng koreo sa bawat sambahayan ng pagboto. Maaari kayong humingi ng mga karagdagang kopya sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa opisyal ng halalan sa inyong county o sa pamamagitan ng pagtawag sa (800) 339-2957.

OSP 18 145807

TAGALOG